# ANG EBANGHELYO AYON KAY JUAN

## Panimula

*“Ang pinakamakahulugang aklat sa buong mundo”*
— A.T. Robertson.

### I. Ang Natatanging Bahagi sa Kanon

Ayon kay Juan, ang kanyang aklat ay tungkol sa kaligtasan — “nang kayo ay sumampalataya” (20:31). Sumang-ayon ang iglesya sa sinabi ng apostol, kaya nga ilang milyong maliliit na aklat ng Ebanghelyo ni Juan ang naipamigay sa nakalipas na siglo.

Pero ang aklat ni Juan ang isa sa paboritong aklat sa Biblia — *pinakapaborito* pa nga — ng mga tunay at matatatag na Cristiano. Hindi lamang ang mga katotohanan tungkol sa buhay ng ating Panginoon ang ibinabahagi ni Juan. Kasama rin dito ang mahahabang usapan at mga tunay na karanasan ng isang apostol na nakasama si Cristo humigit-kumulang mula sa kanyang edad noong nasa Galilea pa siya hanggang sa pagtanda niya sa Probinsiya ng Asya. Ang kanyang ebanghelyo ay naglalaman ng pinakakilalang talata sa BT (Bagong Tipan), na pinatungkol ni Martin Luther na “ang buod ng kaligtasan,” Juan 3:16.

Kung ang ebanghelyo lamang ni Juan ang *tanging* aklat sa BT, ito ay magiging sapat na bilang karne (at gatas) ng Salita para sa habambuhay na pag-aaral at pagbubulay.

### II. Pagkaka-akda

Ang pagkaka-akda ng ika-apat na ebanghelyo ay patuloy na pinagtatalunan sa nakalipas na isandaan at limampung taon. Ito ay dahil sa nagbibigay ito ng malinaw na patotoo sa pagka-Diyos ng ating Panginoong Jesus. Ang atake rito ay naglalayon na patunayan na ang ebanghelyo ay hindi gawa ng apostol kundi isinulat ng isang hindi kilalang “*religious genius*” na nabuhay pagkatapos ng limampu hanggang isandaang taon. Kaya naman ipinapalagay na ang aklat na ito ay repleksyon lamang ng ideya ng mga tao sa iglesya tungkol kay Cristo. Hindi kung sino talaga Siya, kundi kung ano ang mga ginawa at sinabi Niya.


**© 2023 by W. MacDonald – duplication without permission is illegal !**

Wala talagang maituturing na may-akda ang ebanghelyong ito. Pero maraming magagandang dahilan para paniwalaan na ito ay isinulat ni Apostol Juan, isa sa labindalawang tagasunod ni Jesus.

Ikinuwento ni Clement ng Alexandria na sa huling panahon ng buhay ni Juan ay hinikayat siya ng kanyang malalapit na mga kaibigan sa Efeso na sumulat ng isang ebanghelyo na magdaragdag sa *Synoptic Gospels*. Sa ilalim ng impluwensiya ng Banal na Espiritu, naisulat ni Juan ang isang espirituwal na ebanghelyo. Hindi sa sinasabing ang ibang mga ebanghelyo ay maituturing na hindi espirituwal. Binibigyang-diin ni Juan ang mga pananalita ni Cristo at gumagamit siya ng malalalim na pagpapakahulugan sa mga tanda sa kanyang pagpapaliwanag. Ito ang mga dahilan kung bakit itinuturing na "espirituwal" ang ebanghelyong ito.

**Panlabas na Ebidensiya**

Si Theophilus na taga-Antioch (halos 170 A.D.) ang kauna-unahang manunulat na tumukoy na si Juan ang may-akda ng aklat na ito. Pero may mga naunang sumulat na nagbanggit mula sa ika-apat na ebanghelyong ito. Sila Ignatius, Justin Martyr (malamang), Tatian, ang Kanon ng Muratoria, at ang mga heretikong sina Basilides at Valentinus ay mga nagsabi rin na maaaring si Juan ang may-akda ng ebanghelyong ito.

Si Ireneo ay nakaranas ng diretsong pagtuturo na galing sa Panginoong Jesus, dahil naging disipulo ng Panginoon si Juan. Pagkatapos ay tinuruan naman ni Juan si Polycarp na guro ni Ireneo. Ito ang nagdala sa atin sa pasimula ng Cristianismo hanggang sa katapusan ng ikalawang siglo. Malawak ang paggamit ni Ireneo ng ebanghelyong ito sa mga iglesya. Mula sa kanya, ang ebanghelyo ay malawak na napatunayan gaya ng mga nagpapatotoong sina Clement ng Alexandria at Tertullian.

Noon lamang simula ng ikalabinsiyam na siglo nakuwestiyon ito. Ang di-kilalang kulto na kung tawagin ay Alogi ang nagsimulang magsabi na hindi si Juan ang may-akda.

Marahil, ang huling bahagi ng Juan 21 ay isinulat ng mga namumuno sa iglesya ng Efeso noong katapusan ng unang siglo. Humihikayat ito sa mga mananampalataya na tanggapin ang ebanghelyo ni Juan. Ang "disipulong mahal ni Jesus" na natukoy sa


© 2023 by W. MacDonald – duplication without permission is illegal !

mga talatang 24 at 20 pati na rin sa kabanatang 13 ay malawakang tinatanggap na si apostol Juan.

Karaniwang itinuturo ng mga liberal na ang ika-apat na ebanghelyong ito ay nasulat noong patapos na ang ikalawang siglo. Pero noong 1920, may isang kaputol na bahagi ng Juan 18 ang nadiskubre sa Egipto (Papyrus 52, ipinapalagay na nasulat noong 125 A.D.) Dahil ito ay nakita sa isang liblib na bayan (hindi sa siyudad ng Alexandria), nagpapatunay ito sa tradisyonal na paniwala tungkol sa kung kailan ito naisulat. Ito ay ang mga huling bahagi ng unang siglo, dahil matagal dapat ang panahong dumaan bago ito mailipat galing sa Efeso hanggang sa katimugang bahagi ng Egipto. Isa pang kapirasong bahagi ng Juan 5, ang Egerton Papyrus 2, ay natagpuan din at napatunayang galing sa mga unang bahagi ng ikalawang siglo. Sumasang-ayon ito sa panahong kasabay ng buhay ni Juan.

**Ebidensiyang Napapaloob**

Sa huling bahagi ng ika-siyam na siglo, ipinaglaban ng kilalang Anglican na iskolar na si Bishop Westcott ang pagkaka-akda ni Juan sa aklat na ito dahil lumiliit na ang bilang ng mga naniniwala rito. Mapapaikli natin ang paliwanag niya sa pamamagitan ng mga sumusunod: (1) Ang may-akda ay isang *Judio* — ang estilo ng pagsulat, ang bokabularyo, ang kaalaman sa kaugalian at katangian ng mga Judio, at ang mga karanasan sa LT (Lumang Tipan) na nakapaloob sa ebanghelyong ito ay sumusuporta rito. (2) Siya ay isang *Judio na nakatira sa Palestino* (1:28; 2:1, 11; 4:46; 11:18, 54; 21:1, 2). Alam na alam niya ang Jerusalem at ang templo (5:2; 9:7; 18:1; 19:13, 17, 20, 41; tingnan din ang 2:14–16; 8:20; 10:22). (3) *Siya ay saksi* ng kanyang ikinukuwento. Maraming detalye ng lugar, tao, panahon at paraan (4:46; 5:14; 6:59; 12:21; 13:1; 14:5, 8; 18:6; 19:31). (4) *Siya ay isang apostol* at nagpapakita ng lubos na kaalaman tungkol sa mga disipulo at sa Panginoon mismo (6:19, 60, 61; 12:16; 13:22, 28; 16:19). (5) Dahil ang may-akda ay tiyak sa pagbibigay ng pangalan ng ibang mga disipulo at *hindi* niya pinapangalanan ang kanyang sarili, ipinapalagay na ang walang pangalang tao sa 13:23; 19:26; 20:2; 21:7, 20 *ay si apostol Juan*. Ang tatlo pang mahahalagang pagkakabanggit na nagpapatunay na saksi ang may-akda ay matatagpuan sa 1:14; 19:35 at 21:24.


**© 2023 by W. MacDonald – duplication without permission is illegal !**

## III. Panahon ng Pagkasulat

Ayon kay Ireneo, si Juan ang sumulat ng ebanghelyong ito sa Efeso. Kung siya man ay tama, ang pinakaposibleng panahon ng pagkakasulat nito ay 69 o 70 A.D. nang dumating ang apostol doon. Dahil hindi binanggit ni Juan ang pagkasira ng Jerusalem, posible na hindi pa ito nagaganap kaya ang tamang panahon ay bago nangyari ang nakakakilabot na pagkasakop.

Ang ibang liberal na mga iskolar ay nagtaya na naisulat ito nang mas maaga pa bandang 45-66 A.D. dahil sa posibleng koneksyon nito sa *Dead Sea Scrolls*. Ito ay hindi pangkaraniwan dahil mas pinapanigan ng mga konserbatibo ang maaagang petsa. Ang mga liberal naman ay mas gusto ang mga huling petsa. Sa kasong ito, ang unang mga iglesya ay nasa panig ng huling petsa.

Ang argumento ng huling petsa sa unang siglo ay matibay. Maraming iskolar ang sang-ayon kay Ireneo, Clement ng Alexandria at Jerome na ang aklat ni Juan ang huli sa apat na ebanghelyo na naisulat. Ito ay dahil sa sinusuportahan at sinasang-ayunan nito ang *Synoptics*. Ang hindi pagbanggit sa pagkasira ng Jerusalem sa aklat ni Juan ay dahil marahil naisulat ang aklat na ito noong labinlima hanggang dalawampung taon bago ito nangyari. Isinulat din ni Ireneo na si Juan ay nabuhay hanggang sa paghahari ni Emperor Trajan (na nagsimula ang paghahari noong 98 A.D.) Ang pagtukoy sa mga Judio sa ebanghelyong ito ay nagpapatibay sa huling panahon nang tumindi ang pag-uusig ng mga Judio sa mga Cristiano.

Dahil walang tiyak na petsa ang posible, ang dekada sa pagitan ng 85 hanggang 95 A.D. ang tinatayang pinakamalapit na panahon ng pagkakasulat ng ebanghelyong ito.

## IV. Pinagmulan at Tema

Binuo ni Juan ang ebanghelyo sa pagbibigay diin sa pitong kilalang himala o “mga tanda”. Ang bawat isa ay nagpapakita na si Jesus ay Diyos: (1) Ang paggawa sa tubig na maging alak sa kasalan sa Cana sa Galilea (2:9). (2) Ang pagpapagaling sa anak na lalaki ng isang mataas na pinuno sa pamahalaan (4:46–54). (3) Ang pagpapagaling sa lalaking lumpo sa tubig ng Betesda (5:2–9). (4)


© 2023 by W. MacDonald – duplication without permission is illegal !

Ang pagpapakain sa limang libong tao (6:1–14). (5) Ang paglakad ni Jesus sa Dagat ng Galilea para iligtas ang kanyang mga alagad sa bagyo (6:16–21). (6) Ang pagpapagaling sa lalaking bulag mula nang siya ay isilang (9:1–7). (7) At ang pagbuhay na muli kay Lazaro mula sa mga patay (11:1–44). Bilang karagdagan sa pitong himalang ito na naganap sa harap ng maraming tao, may isa pang ikawalong tanda na ginawa si Jesus sa harap lamang ng Kanyang mga apostol pagkatapos ng pagkabuhay Niyang muli — ito ay ang kamangha-manghang paghuli ng isda (21:1–14).

Sinabi ni Charles R. Erdman na ang ika-apat na ebanghelyong ito ay "humikayat sa mas maraming tao para sundin si Cristo, nagbigay ng inspirasyon sa maraming mananampalataya na maglingkod ng tapat at nagbigay sa maraming iskolar ng mas mahihirap na mga problema kaysa sa ibang mga aklat."

Ang *pagkakasunud-sunod* ng gawain ng ating Panginoon dito sa lupa ay makikita sa ebanghelyong ito. Sa tatlong mga naunang ebanghelyo, ang gawain ni Cristo ay tila lumalabas lamang na nangyari sa loob ng isang taon. Ang pagkakabanggit ni Juan sa mga taunang pista ay nakatulong sa atin sa pagtuos ng wastong tagal ng gawain ni Jesus dito sa lupa na humigit-kumulang tatlong taon. Tingnan ang mga pagtutukoy na ito: Ang unang Pista ng Paskuwa (2:12, 13); "pista" (5:1), marahil ng Paskuwa o Purim; ikalawang (o ikatlong) na Pista ng Paskuwa (6:4); ang Pista ng Tabernakulo (7:2); Ang Pista ng Dedikasyon (10:22); at ang huling Pista ng Paskuwa (12:1).

Si Juan ay tiyak din sa kanyang pagtukoy sa panahon. Kung ihahambing sa naunang tatlong manunulat na kalimitan ay kontento na sa pagtantiya ng panahon, si Juan ay bumanggit ng mga tiyak na oras gaya ng ikapitong oras (4:52); ikatlong araw (2:1); dalawang araw (11:6); at anim na araw (12:1).

Ang *estilo* at *paraan ng pagkakagamit ng mga salita* sa Ebanghelyong ito ay naiiba tulad sa mga liham na isinulat ni Juan. Ang mga pangungusap ay maiiksi at simple lamang. Ang ideya ay pang-Hebreo kahit na Griyego ang ginamit na wika. Madalas na kung mas maiksi ang pangungusap ay mas mabigat ang katotohanan na binabanggit. Ang bokabularyo nito ay ang pinakalimitado sa lahat ng mga Ebanghelyo pero ito ang may pinakamalawak na kahulugan. Pansinin ang mahahalagang mga salitang ito at kung gaano kadalas


**© 2023 by W. MacDonald – duplication without permission is illegal !**

ginamit ang mga ito: Ama (118), maniwala (100), mundo (78), pag-ibig (45), sumaksi, magpatotoo atbp. (47), buhay (37), at ilaw (24).

Ang isa pang malinaw na katangian ng aklat na ito ay ang paggamit ng bilang na pito. Ang ideya ng pagiging perpekto at pagkakumpleto na nakakabit sa bilang na ito ay makikita sa buong Biblia (tingnan ang Genesis 2:1-3). Sa ebanghelyong ito ay kinukumpleto ng Espiritu ng Diyos ang kapahayagan ng Diyos sa katauhan ni Jesu-Cristo, kaya naman madalas ang paggamit ng bilang na pito.

Ang pitong "Ako ay" sa aklat na ito ay alam ng marami: "Ang Tinapay ng Buhay" (6:35, 41, 48, 51); "Ilaw ng Sanlibutan" (8:12; 9:5); "Ang Pintuan" (10:7, 9); "Ang Mabuting Pastol" (10:11, 14); "Ang Pagkabuhay na muli at ang Buhay" (11:25); "Ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay" (14:6); at ang "Tunay na Puno ng Ubas" (15:1, 5). Hindi masyadong pamilyar ang pitong pagkakagamit ng "Ako nga". Simpleng pahayag lamang ito: 4:26; 6:20; 8:24, 28, 58; 13:19; 18:5, 8. Inulit ang "Ako nga" sa huling talata.

Sa ika-anim na kabanata na tungkol sa Tinapay ng Buhay, ang salitang Griyego na isinaling "tinapay" ay binanggit ng dalawampu't isang beses na katumbas ng taltlong ulit na pito. Pitong ulit din na ginamit ang "tinapay mula sa langit" nang talakayin ni Jesus ang Tinapay ng Buhay. Makikita din natin ng pitong ulit ang "bumaba mula sa langit."

Ang layunin ni Juan sa kanyang ebanghelyo, gaya ng ating natunghayan, ay ang maniwala ang mga mambabasa na si "Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, at sa pagsampalataya ay magkaroon [sila] ng buhay sa Kanyang pangalan" (20:31).


**© 2023 by W. MacDonald – duplication without permission is illegal !**

## BALANGKAS

I. Paunang Salita: Ang Pagdating ng Anak ng Diyos (1:1–18)

II. Ang Unang Taon ng Ministeryo ng Anak ng Diyos (1:19–4:54)

III. Ang Ikalawang Taon ng Ministeryo ng Anak ng Diyos (Kabanata 5)

IV. Ang Ikatlong Taon ng Ministeryo ng Anak ng Diyos: Sa Galilea (Kab. 6)

V. Ang Ikatlong Taon ng Ministeryo ng Anak ng Diyos: Sa Jerusalem (7:1–10:39)

VI. Ang Ikatlong Taon ng Ministeryo ng Anak ng Diyos: Sa Perea (10:40–11:57)

VII. Ang Ministeryo ng Anak ng Diyos sa Kanyang mga Alagad (Mga Kab. 12-17)

VIII. Ang Paghihirap at Kamatayan ng Anak ng Diyos (Mga Kab. 18, 19)

IX. Ang Pagtatagumpay ng Anak ng Diyos (Kab. 20)

X. Kongklusyon: Ang Nabuhay na Muling Anak ng Diyos Kasama ang Kanyang mga Alagad (Kab. 21)


**© 2023 by W. MacDonald – duplication without permission is illegal !**

© 2023 by W. MacDonald – duplication without permission is illegal !

## Komentaryo

### I. PAUNANG SALITA: ANG PAGDATING NG ANAK NG DIYOS (1:1–18)

Sinimulan ni Juan ang kanyang ebanghelyo sa pagbanggit ng *Ang Salita* — pero hindi muna niya ipinaliwanag sa simula kung sino o ano ang Salita. Ang salita ay paraan ng wika kung saan ipinapahayag natin ang ating sarili sa iba. Pero hindi sumusulat si Juan tungkol sa isang wika, kundi tungkol sa isang Tao. Ang Taong iyon ay ang Panginoong Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos. Lubos na ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa sanlibutan sa katauhan ng Panginoong Jesus. Sa pagparito ni Cristo sa mundo, ganap Niyang ipinahayag sa atin kung sino ang Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay sa krus, ipinakita ni Cristo kung gaano tayo kamahal ng Diyos. Kaya naman si Cristo ang Buhay na Salita ng Diyos sa tao at kapahayagan ng Kanyang pag-iisip.

#### A. Ang Salita mula sa Walang Hanggang Panahon (1:1-5)

**1:1 Sa simula ay ang Salita.** Wala Siyang pinagmulan pero nananatili na Siya sa walang hanggan. Sa simula ay naroroon na ang Panginoong Jesus, lampas pa sa kayang isipin ng tao. Hindi Siya nilikha. Wala Siyang panimula. (Ang talaan ng lahi ay hindi mahalaga sa ebanghelyong ito ng Anak ng Diyos). **Ang Salita ay kasama ng Diyos.** Mayroon Siyang hiwalay at kakaibang personalidad. Hindi lamang Siya isang ideya, isang kathang isip o isang malabong halimbawa, kundi isang totoong Tao na nabuhay **kasama ng Diyos. Ang Salita ay Diyos.** Hindi lamang Siya tumahan **kasama ng Diyos** pero siya mismo **ay Diyos.**

Itinuturo ng Biblia na iisa ang Diyos at mayroong tatlong Persona ang Pagka-Diyos — Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu. Ang tatlong Personang ito ay Diyos. Sa talatang ito, dalawa sa Persona ng Pagka-Diyos ang nabanggit — Ang Diyos Ama at ang Diyos Anak. Ito ang una sa maraming malilinaw na pahayag sa ebanghelyong ito na si *Jesus ay Diyos.* Hindi sapat na sabihing Siya ay "isang diyos", o Siya ay mala-diyos o na Siya ay banal. Itinuturo ng Biblia na Siya *ay* **Diyos**.

**1:2** Kung ating papansinin, tila ang talatang 2 ay pag-uulit lamang kung ano ang nauna nang sinabi. Pero hindi ito ganito. Ang talatang ito ay nagtuturo na ang personalidad at pagka-Diyos ni

Cristo ay walang **simula**. Hindi Siya naging tao sa unang pagkakataon bilang isang sanggol sa Bethlehem. Hindi rin naman Siya naging diyos matapos ng Kanyang pagkabuhay na muli gaya ng itinuturo ng iba sa ngayon. Siya ay Diyos mula sa walang hanggan.

**1:3 Lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan Niya.** Siya mismo ay hindi isang nilikhang nilalang. Sa halip, Siya ang Manlilikha ng **lahat ng mga bagay**. Kasama na rito ang sangkatauhan, mga hayop, mga planeta, mga anghel — **lahat ng mga bagay**, nakikita man o hindi nakikita. **At kung wala Siya ay hindi nagawa ang anumang bagay na ginawa.** Walang ibang posibilidad. Siya ang lumikha ng bawat bagay. Bilang Manlilikha, Siya ay higit sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha. Ang tatlong Persona ng Pagka-Diyos ay kasali sa paglalang: "Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa" (Gen. 1:1). "Samantalang ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos sa ibabaw ng mga tubig" (Gen. 1:2). "Lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya (Cristo) at para sa Kanya" (Col. 1:16b).

**1:4 Nasa sa Kanya ang buhay**. Hindi lamang ito nangangahulugan na mayroon Siyang buhay kundi na Siya ay buhay at Siya ang *pinagmulan* ng buhay. Ang salitang makikita rito ay parehong tumutukoy sa pisikal at espirituwal na buhay. Noong tayo ay ipinanganak, natanggap natin ang pisikal na buhay. Noong tayo naman ay ipinanganak na muli, natanggap naman natin ang espirituwal na buhay. Pareho itong mula sa Kanya.

**At ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao**. Ang Taong nagkaloob sa atin ng buhay ay Siya ring **ilaw ng mga tao.** Siya ang nagkakaloob ng paggabay at direksiyon na kailangan ng tao. Mahalaga ang mabuhay. Pero mas mahalaga ang malaman kung paano mabuhay, malaman ang tunay na layunin ng buhay at malaman ang paraan ng pagpunta sa langit o kaligtasan. Ang Taong nagbigay sa atin ng **buhay** ay Siya ring nagkaloob sa atin ng **ilaw** sa daang ating tatahakin.

May pitong magagandang titulo ang ating Panginoong Jesu-Cristo sa unang kabanata ng Ebanghelyong ito. Siya ay tinawag na (1) ang Salita (t. 1, 14); (2) ang Ilaw (t. 5, 7); (3) ang Kordero ng Diyos (t. 29, 36); (4) ang Anak ng Diyos (t. 34, 49); (5) Ang Cristo (Ang Mesias) (t. 41); (6) ang Hari ng Israel (t. 49); at (7) ang Anak ng Tao. (t. 51). Ang unang apat na titulo na bawat isa ay dalawang beses na nabanggit ay tila para sa lahat. Ang huling tatlong titulo

naman na ang bawat isa ay nabanggit lamang ng isang beses ay unang ginamit sa Israel, ang bansang pinili ng Diyos.

**1:5 Ang ilaw ay lumiliwanag sa kadiliman**. Ang pagpasok ng kasalanan sa sanlibutan ay nagdala ng **kadiliman** sa isipan ng mga tao. Nilubog nito ang mundo sa **kadiliman**. Ang ibig sabihin nito ay ang lahat ng tao ay hindi nakakakilala sa Diyos at ayaw niyang gustuhin na kilalanin Siya. Sa **kadilimang** ito dumating ang Panginoong Jesus – ang **ilaw** na nagbibigay ng liwanag sa kadiliman.

**At ito'y hindi nagapi ng kadiliman.** Maaaring ang kahulugan nito ay hindi naunawaan ng kadiliman ang Panginoong Jesus nang Siya ay dumating dito sa mundo. Hindi naunawaan ng tao kung sino Siya o kung bakit Siya pumunta rito. Ang isa pang kahulugan ay makikita sa NKJV: **at ito'y hindi** *napag-unawa* **ng kadiliman**. Dahil dito, masasabi nating ang pagtanggi at galit ng tao ay hindi naging hadlang sa pagningning ng tunay na **ilaw**.

**B. Ang Ministeryo ni Juan Bautista (1:6-8)**

**1:6** Ang talatang 6 ay tungkol kay Juan Bautista at hindi si Juan na sumulat ng Ebanghelyo. Si **Juan** Bautista ay **isinugo mula sa Diyos** bilang tagapagbalita ng Panginoong Jesus. Ang kanyang misyon ay ipahayag ang pagdating ng Cristo at sabihin sa mga tao na maging handa sila para tanggapin Siya.

**1:7 Dumating si Juan Bautista** para maging saksi sa katotohanang si Jesus ang tunay na **Ilaw** ng mundo **upang** ang **lahat** ng tao ay sumampalataya sa Kanya.

**1:8** Kung ginawa ni Juan na angkinin ang atensiyon ng mga tao patungo sa kanyang sarili, hindi siya magiging tapat sa gawaing ibinigay sa kanya. Inilapit niya ang mga tao kay Jesus at hindi sa kanyang sarili.

**C. Ang Pagdating ng Anak ng Diyos (1:9-18)**

**1:9 Siya ang tunay na ilaw.** Sa pagdaan ng panahon, may mga taong nagpahayag na sila raw ay mga patnubay at tagapagligtas. Pero ang Taong pinapatungkulan ni Juan ay ang tunay na **Ilaw**, ang pinakamahusay at pinakatotoong **Ilaw**. Ang iba pang salin ng talatang ito ay, "Ang tunay na Ilaw, na dumarating sa sanlibutan, ay

nagbibigay liwanag sa lahat ng tao". Sa madaling salita, ang pahayag na **dumarating sa sanlibutan** ay tumutukoy sa **tunay na Ilaw** at hindi sa **bawat tao.** Sa pamamagitan ng pagdating ng **tunay na Ilaw… sa sanlibutan,** ang bawat tao ay nabigyan ng liwanag. Hindi
ito nangangahulugan na ang bawat tao ay nakatanggap ng panloob na kaalaman tungkol kay Cristo. Hindi rin naman ito nangangahulugan na ang lahat ng tao ay nakarinig tungkol sa Panginoong Jesus sa iba't ibang pagkakataon. Sa lalong mas maliwanag na kahulugan, ang ibig sabihin nito na ang **Ilaw** ay nagbibigay liwanag sa lahat ng tao anuman ang kanyang nasyonalidad, lahi o kulay. Ibig sabihin din nito na sa pagbibigay liwanag sa lahat ng tao, ipinapahayag ng Panginoong Jesus ang tunay na kalagayan ng tao. Sa Kanyang pagparito sa mundo bilang perpektong Tao, ipinapakita Niya kung gaano makasalanan at hindi perpekto ang mga tao. Kapag ang isang silid ay madilim, hindi mo makikita ang alikabok sa mga kagamitan dito. Pero kapag mayroon nang ilaw, makikita mo na ang kabuuan ng silid. Sa ganitong pananaw, ang pagliwanag ng **tunay na Ilaw** ay nagpapahayag kung ano ang kalagayan ng tao.

**1:10 Siya noon ay nasa sanlibutan** na bago pa man ang panahon ng kapanganakan Niya sa Bethlehem hanggang sa pagbalik Niyang muli sa langit. Nilikha Niya ang mundo at Siya ang nagmamay-ari nito. Sa halip na kilalanin Siya bilang Manlilikha, ipinalagay ng mga tao na Siya ay isa lamang karaniwang taong gaya nila. Itinuring Siyang estranghero at itinakwil Siya.

**1:11 Siya'y naparito sa Kanyang sariling tahanan** (mga bagay o lupain sa NKJV margin). Hindi Siya nanghihimasok sa pag-aari ng iba. Sa halip ay nananahan Siya sa planetang Siya mismo ang lumikha. **Siya'y hindi tinanggap ng Kanyang sariling bayan**. Sa karaniwang pag-unawa, ito ay maaaring tumukoy sa lahat ng sangkatauhan, at totoong halos lahat ng sangkatauhan ay hindi Siya tinanggap. Pero sa isang espesyal na layunin, ang bansang Israel ay ang Kanyang hinirang. Nang Siya ay pumarito sa mundo, ipinakilala Niya ang Kanyang sarili sa mga Judio bilang kanilang Tagapagligtas pero **hindi** nila Siya **tinanggap**.

**1:12** Kaya naman ngayon ay inihahandog muli Niya ang Kanyang sarili sa sangkatauhan at kung sinuman ang tatanggap sa **Kanya** ay **pagkakalooban** Niya **ng karapatan** o kapangyarihan na **maging Anak ng Diyos**.

Ang talatang ito ay malinaw na nagpapaliwanag kung paano tayo magiging **anak ng Diyos**. Hindi ito sa pamamagitan ng mabubuting gawa, hindi sa pagiging miyembro ng isang iglesya, at hindi rin sa ating pagiging mabuti − kundi sa pamamagitan ng pagtanggap sa **Kanya**, sa pagsampalataya sa **Kanyang Pangalan**.

**1:13** Kailangang **ipanganak** para maging pisikal na anak. Kaya naman para maging anak ng Diyos, ang isang tao ay dapat na ipanganak na muli. Ito ay tinatawag na muling kapanganakan, o pagbabalik-loob sa Diyos o pagiging ligtas. Ang talatang ito ay nagsasabi sa atin ng *tatlong maling paraan* kung paano ipinapanganak na muli, at ang *nag-iisang paraan* kung paano ito *nangyayari*. Una, ay ang tatlong paraan kung paano ito hindi nangyayari. **Hindi sa dugo.** Hindi nagiging Cristiano ang isang tao dahil ang mga magulang niya ay mga Cristiano. Ang kaligtasan ay hindi naipapasa mula sa magulang patungo sa kanyang anak sa pamamagitan ng pagdaloy ng **dugo**. Hindi **sa kalooban ng laman.** Ibig sabihin, ang isang tao ay walang kapangyarihan sa kanyang sariling **laman** para ipanganak na muli. Kahit dapat na gustuhin ng tao na siya ay maligtas, hindi pa rin sapat ang sariling **kalooban** para maligtas. Hindi **sa kalooban ng tao.** Walang tao ang makakapagligtas ng kanyang kapwa. Halimbawa, gustung-gusto ng isang mangangaral na maligtas ang isang tao, pero wala siyang kapangyarihan na gawin ang anuman para mangyari ang kamangha-manghang kapanganakang ito. Paano na ngayon nangyayari ang muling kapanganakan? Ang sagot ay makikita sa mga salitang **kundi ng Diyos.** Ibig sabihin, ang kapangyarihan para magkaroon ng bagong kapanganakan ay hindi nakasalalay sa anuman o sa kung sinuman kundi sa **Diyos** lamang**.**

**1:14** **Naging tao ang Salita** nang si Jesus ay isinilang bilang isang sanggol sa Bethlehem. Sa simula pa lamang ay nabubuhay na Siya bilang Anak ng Diyos kasama ang Ama sa langit. Pero pinili Niyang pumunta sa mundo sa anyong tao. **Tumahang kasama namin.** Hindi lamang ito ilang sandaling pananatili rito. Ang bagay na ito ay malimit na hindi naiintindihan at pinagmumulan ng maling akala. Ang totoo, ang Diyos ay talagang pumarito sa mundo at nanirahan dito bilang isang Tao sa piling ng mga tao. Ang salitang "**tumahan"** ay nangangahulugang "gumawa ng tabernakulo" o "nagtayo ng tolda." Ang Kanyang katawan ang tolda kung saan Siya namuhay sa piling ng mga tao sa loob ng tatlumpu't tatlong taon.

A**t nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian.** Sa Biblia, ang salitang "kaluwalhatian" ay kalimitang nangangahulugang maliwanag at maningning na ilaw na nakita sa presensiya ng Diyos. Ang isa pang kahulugan nito ay ang pagiging walang kapintasan at kahusayan ng Diyos. Nang ang Panginoong Jesus ay narito sa mundo, binalot Niya ang Kanyang kaluwalhatian ng Kanyang katawang-lupa. Pero may dalawang paraan kung paano *nahayag* ang Kanyang kaluwalhatian. Una, ay ang Kanyang **kaluwalhatiang** *moral*. Ang ibig sabihin nito ay ang liwanag ng Kanyang walang-kapintasang buhay at pagkatao. Walang makikitang kapintasan o dungis sa Kanya. Siya ay perpekto sa lahat ng Kanyang gawi. Ang kabutihan at kagandahang loob Niya ay ganap na nahayag. Bukod dito, naroon din ang liwanag ng Kanyang **kaluwalhatian** na namalas ng mga apostol sa bundok nang Siya ay nagbagong-anyo (Mateo 17:1,2). Sa pangyayaring iyon ay nakita nina Pedro, Santiago at Juan ang Kanyang mukha na nagniningning gaya ng araw, at pumuting parang busilak ang Kanyang damit. Nasilip ng tatlong alagad na ito ang kaluwalhatiang makakamtan ng Panginoong Jesus kapag Siya ay muling babalik sa mundo at maghahari sa loob ng isang libong taon.

Nang sabihin ni Juan ang "**Nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian**", walang dudang tinutukoy niya ang **kaluwalhatiang** *moral* ng Panginoong Jesus. Nakita niya at ng ibang mga alagad ang kagandahan ng Kanyang walang kapintasang buhay rito sa lupa. Pero maaaring isinasama rin ni Juan ang pangyayari doon sa bundok kung saan nagbagong-anyo si Jesus. Ang **kaluwalhatiang** nakita ng mga alagad ang nagpahiwatig sa kanila na si Jesus ang tunay na Anak ng Diyos. Si Jesus ang **tanging Anak ng Ama**, na ang ibig sabihin ay si Cristo ang walang katulad na Anak ng Diyos. Walang ibang Anak ang Diyos na katulad Niya. Sa isang banda, ang lahat ng tunay na mananampalataya ay mga anak ng Diyos. Pero si Jesus ang bukod tanging *Anak* ng Diyos. At bilang Anak ng Diyos, Siya ay kapareho ng Diyos.

Ang Tagapagligtas ay **puspos ng biyaya at katotohanan**. Siya ay punung-puno ng kagandahang-loob sa Kanyang pakikitungo. Siya rin ay matapat, matuwid at hindi Niya pinapalampas ang kasalanan o hindi Siya umaayon sa masama. Ang pagiging mahabagin kasabay ng pagiging matuwid ay isang katangiang Diyos lamang ang tanging mayroon.

**1:15 Nagpatotoo si Juan** Bautista na si Jesus ang Anak ng Diyos. Bago pa man sinimulan ng Panginoon ang Kanyang gawain dito sa lupa ay pinatutungkulan na Siya ni Juan sa mga tao. Nang dumating si Jesus, tila sinasabi ni Juan na, “Siya ang aking tinutukoy sa inyo”. **Naging una** si Juan kay Jesus kung ang pag-uusapan ay ang Kanyang kapanganakan at ministeryo sa lupa. Ipinanganak si Jesus anim na buwan matapos ipanganak si Juan. Ipinakilala Niya ang Kanyang sarili sa mga Israelita ilang panahon pa matapos magturo at magbautismo si Juan. Pero si Jesus ay **naging una** kaysa kay Juan. Siya ay mas dakila kaysa kay Juan; Siya ay mas karapat-dapat sa karangalan dahil mas **naging una** Siya kay Juan. Siya ay narito na simula’t simula pa − Siya ang Anak ng Diyos.

**1:16** Lahat ng naniniwala sa Panginoong Jesus ay tumatanggap ng espirituwal na kalakasan mula sa **Kanyang kapuspusan**. Tunay na nag-uumapaw ang Kanyang kapuspusan kaya naman kaya Niyang magkaloob sa lahat ng Cristiano sa lahat ng bansa at lahat ng panahon. Ang mga salitang **biyaya na sinundan pa ng ibang biyaya** ay maaaring mangahulugang “abut-abot na kaloob” o “masaganang kaloob”. Ang ibig sabihin ng salitang **biyaya** rito ay ang kagandahang-loob na ipinakita Niya sa Kanyang mga mahal na anak.

**1:17** Pinaghambing dito ni Juan ang mga panahon ng Lumang Tipan at Bagong Tipan. **Ang kautusan** na **ibinigay sa pamamagitan ni Moises** ay hindi pagpapakita ng biyaya. Inuutusan nito ang mga tao na sumunod at parurusahan sila ng kamatayan kung hindi nila ito magagawa. Sinasabi nito sa tao kung ano ang tama pero hindi nito binibigyan ang tao ng kapangyarihan na gawin ito. Ibinigay ito para ipakita sa tao na sila ay makasalanan pero hindi sila maliligtas nito sa kasalanan. **Ang biyaya at ang katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo**. Hindi Siya pumarito para hatulan ang mundo kundi iligtas ang mga hindi karapat-dapat, ang mga hindi kayang iligtas ang kanilang sarili at ang itinuturing Niyang kaaway. Ito ang **biyaya** − ang pinakamabuting handog ng kalangitan para sa pinakamasama ng sangkatauhan.

Hindi lamang **biyaya** ang nakamtan sa **pamamagitan ni Jesu-Cristo**, pati ang **katotohanan** ay galing din sa Kanya. Sinabi Niya tungkol sa Kanyang sarili, “Ako ang … katotohanan.” Tunay Siyang tapat at mapagkakatiwalaan sa lahat ng Kanyang mga salita at gawa. Hindi nasira ang **katotohanan** maibigay lamang Niya ang biyaya. Kahit na mahal Niya ang mga taong makasalanan, kinamuhian Niya

ang kanilang mga kasalanan. Alam Niya na ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Kaya naman Siya ang namatay para bayaran ang kasalanang tayo dapat ang magbayad. Ito ay para maipakita Niya sa atin ang Kanyang kagandahang-loob sa pamamagitan ng pagliligtas ng ating mga kaluluwa at pagbibigay sa atin ng tahanan sa langit.

**1:18 Walang sinumang nakakita kailanman sa Diyos.** Ang Diyos ay Espiritu kaya hindi Siya nakikita. Wala Siyang katawan. Kahit na nagpakita Siya sa mga tao sa Lumang Tipan sa pamamagitan ng isang Anghel o isang Tao, ang mga anyong ito ay hindi nagpapahayag kung ano talaga ang Diyos. Sila ay mga pansamantalang anyo lamang na pinili ng Diyos para makipag-usap sa Kanyang bayan. Ang Panginoong Jesus ay ang **tanging Anak ng Diyos**;[1] Siya ang natatanging Anak ng Diyos; walang ibang anak na katulad Niya. Lagi Siyang may malapit na relasyon sa Ama. Kahit na noong nandito pa Siya sa lupa, si Jesus ay **nasa kandungan ng Ama**. Kaisa Niya ang Diyos at Siya ay kapantay ng Diyos. Lubos na nahayag ang kalikasan ng Diyos sa banal na Taong ito. Nang makita ng mga tao si Jesus, nakita na rin nila ang Diyos. Narinig nila ang Diyos. Nadama nila ang pagmamahal at lambing ng Diyos. Ang kaisipan at damdamin ng Diyos sa sangkatauhan ay lubos na **naipakilala** kay Cristo.

## II. ANG UNANG TAON NG MINISTERYO NG ANAK NG DIYOS (1:19–4:54)

### A. Ang Patotoo ni Juan Bautista (1:19-34)

**1:19** Nang mabalitaan ng mga taga-**Jerusalem** na may isang taong nagngangalang **Juan** ang nagpapahayag na magsisi na sila sa kanilang mga kasalanan dahil parating na ang Mesias, **nagsugo** ang mga **Judio** ng **mga pari at mga Levita** para alamin kung sino siya. Ang **mga pari** ay ang mga taong nagsasagawa ng importanteng mga gawain sa templo. Samantalang ang **mga Levita** naman ay mga lingkod na nagsasagawa ng pangkaraniwang gawain doon. "**Sino ka ba**?" tanong nila. "Ikaw ba ang matagal nang hinihintay na Mesias?"

**1:20** Maaaring ang ibang tao ay sasamantalahin ang ganitong pagkakataon para sumikat sa pamamagitan ng pagpapahayag na sila ang Cristo. Pero si Juan ay isang matapat na saksi. Ang patotoo niya ay **hindi** siya **ang Cristo** (ang Mesias).

**1:21, 22** Hinihintay ng mga Judio ang pagdating ni propeta Elias bago dumating ang Cristo (Mal. 4:5). Kaya naman naisip nila na kung si Juan ay hindi ang Mesias, ay maaaring siya si **Elias**. Pero pinanatag ni Juan ang isip nila. Sinabi niya na hindi siya si Elias. Sa Deuteronomio 18:15, sinabi ni Moises, "Palilitawin ng Panginoon mong Diyos para sa iyo ang isang Propeta na gaya ko mula sa iyong sariling mga kapatid. Sa Kanya kayo makikinig." Naalala ng mga Judio ang hulang ito kaya naman naisip nilang maaaring si Juan na ang **Propetang** tinutukoy ni Moises. Pero sinabi ulit ni Juan na hindi siya ito. Ang sinugong mga tao ay mapapahiya kung babalik sila sa Jerusalem ng walang tiyak na **sagot**, kaya naman tinanong nila si Juan na magbigay ng pahayag kung sino siya.

**1:23 Sinabi niya, "Ako ang 'tinig ng isang sumisigaw sa ilang na lugar.'"** Bilang kasagutan sa kanilang katanungan, inulit ni Juan ang sinabi sa Isaias 40:3, kung saan hinulaan na ang isang tagapagbalita ay magpapakita para ipahayag ang pagdating ng Cristo. Ibig sabihin, sinasabi ni Juan na siya ang tagapagbalita na nasa propesiya. Siya **ang tinig**, at ang Israel ay **ang ilang**. Dahil sa kanilang mga kasalanan at paglayo sa Diyos, ang mga tao ay naging tuyo at walang bunga gaya ng isang disyerto. Sinasabi lamang ni Juan na siya ay isang **tinig**. Hindi siya nagkukunwaring isang dakilang tao na dapat purihin at hangaan, kundi isang **tinig** − hindi para tingnan, kundi para pakinggan. Si Juan **ang tinig** pero si Cristo ang Salita. Kailangan ng salita ng tinig para ito ay marinig at ang tinig ay walang halaga kung walang salita. Ang Salita ay lubusang mas dakila kaysa sa tinig. Pero maituturing na isang karangalan para sa atin kung tayo rin naman ay magiging tinig para sa Kanya.

Ang mensahe ni Juan ay, "**Tuwirin ninyo ang daan ng Panginoon**." Ang ibig nitong sabihin ay, "Ang Mesias ay paparito na. Alisin na ninyo sa inyong buhay ang lahat ng maaaring humadlang sa inyong pagtanggap sa Kanya. Magsisi kayo sa inyong mga kasalanan, para maaari Siyang pumarito at maghari bilang Hari ng Israel."

**1:24, 25** Ang **mga Fariseo** ay isang istriktong sekta ng mga Judio. May mataas silang pagtingin sa kanilang mga sarili dahil sa nakakahigit nilang kaalaman sa mga kautusan at sa pagsunod nila kahit sa pinakamaliit na detalye sa mga utos ng LT. Ang totoo, marami sa kanila ay mga ipokrito na nagkukunwaring sila ay relihiyoso pero namumuhay naman sa kasalanan. Nais nilang

malaman kung kaninong awtoridad nagmula ang pagbabautismo ni Juan kung hindi siya ang isa sa mga mahahalagang taong kanilang naunang nabanggit.

**1:26, 27** "**Ako'y nagbabautismo sa tubig**," sagot ni **Juan**. Ayaw niyang isipin ng iba na siya ay mahalaga. Ang tangi niyang gawain ay ang ihanda ang mga tao sa pagdating ng Cristo. Tuwing ang kanyang mga tagapakinig ay nagsisisi sa kanilang mga kasalanan, binabautismuhan niya sila sa tubig bilang panlabas na simbolo ng kanilang panloob na pagbabago. "**Sa gitna ninyo'y may Isang nakatayo na hindi ninyo kilala**," patuloy ni Juan. Siyempre ang tinutukoy niya ay si Jesus. Hindi Siya kinilala ng mga Fariseo bilang hinihintay na Mesias. Kumbaga, sinasabi ni Juan sa mga Fariseo na, "Huwag ninyong isipin na ako ay isang dakilang tao. Ang **Taong** nararapat ninyong bigyan ng pansin ay ang Panginoong Jesus; pero **hindi ninyo kilala** kung sino talaga Siya." Siya ang tunay na karapat-dapat. Nauna si Juan Bautista sa Kanya pero nararapat na sa Kanya ang lahat ng papuri at maging una sa lahat. Gawain ng isang alipin o lingkod na kalagin ang sandalyas ng kanyang panginoon. Pero **hindi** ibinibilang ni Juan na **karapat-dapat** niyang gawin kahit ang pinakamababang paglilingkod na iyon para kay Cristo.

**1:28** Ang tiyak na lokasyon ng **Bethabara** (o **Betania**, NKJV margin) ay hindi nalalaman. Pero alam natin na ito ay isang lugar sa bandang silangan ng Ilog **Jordan**. Kung *Betania* naman ang gagamitin natin sa teksto, hindi maaaring ang tinutukoy rito ay ang Betania na malapit sa Jerusalem.

**1:29** **Kinabukasan** matapos ang pagbisita ng mga Fariseo mula sa Jerusalem, nakita ni **Juan** na **si Jesus ay lumalapit sa kanya**. Dahil sa kanyang katuwaan sa sandaling iyon, kanyang isinigaw, "**Narito ang Kordero ng Diyos** na nag-aalis **ng kasalanan ng sanlibutan!**" Ang kordero ay isang hayop na inaalay ng mga Judio. Tinuruan ng Diyos ang Kanyang piniling bayan na pumatay ng batang tupa at iwisik ang dugo nito bilang handog. Ang kordero ay pinapatay bilang pamalit at ang dugo nito ay pinapadanak para mapatawad ang mga kasalanan.

Pero, ang dugo ng mga korderong pinatay noong panahon ng LT ay walang kakayahang pumawi ng kasalanan. Ang mga tupang iyon ay mga larawan lamang na nagtuturo sa katotohanang darating ang araw na ang Diyos ay magkakaloob ng **Kordero** na tuluyang

mag-aalis ng kasalanan. Ang pagdating ng **Korderong** ito ay matagal na panahong hinintay ng mga Judiong maka-Diyos. Dumating na Ito ngayon sa wakas at matagumpay na ipinahayag ni Juan Baustista ang pagdating ng tunay na **Kordero ng Diyos**.

Nang sabihin ni Juan na dinala ni Jesus ang **kasalanan ng sanlibutan**, hindi niya sinasabing ang lahat ng kasalanan ng bawat tao ay napatawad na. Tunay na sapat na ang kamatayan ni Cristo bilang kabayaran ng lahat ng kasalanan ng **sanlibutan**. Pero lahat lamang ng mga makasalanang tatanggap sa Panginoong Jesus bilang Tagapagligtas ang siyang mapapatawad.

Binigyang diin ni J.C. Jones na ang talatang ito ay nagpapakita ng kadakilaan ng pagtutubos sa ating mga kasalanan.

> 1. Dakila ito dahil naipakita nito ang KALIKASAN ng nagsakripisyo. Hindi malinaw ang halaga ng mga korderong sakripisyo ng Judaismo. Ang sakripisyo naman ng Cristianismo ay ang Kordero ng Diyos.
>
> 2. Mahusay ito sa BISA ng gawain. Ang sakripisyo ng Judaismo ay nagpapaalala lamang ng kasalanan taun-taon. Ang sakripisyo naman ng Cristianismo ang nag-alis ng kasalanan. “Pinawi Niya ang kasalanan sa pamamagitan ng pagsakripisyo ng Kanyang sarili.”
>
> 3. Mahusay ito sa SAKLAW ng pangyayari. Ang sakripisyo ng Judaismo ay para sa kapakanan ng isang bansa lamang. Samantala, ang sakripisyo naman ng Cristianismo ay para sa lahat ng bansa; “pinapawi nito ang kasalanan ng sanlibutan.”[2]

**1:30, 31** Hindi napagod si Juan sa pagpapaalala sa mga tao na inihahanda lamang niya ang daan ng Taong paparating na higit kaysa kanya. Si Jesus ay mas higit kaysa kay Juan tulad na ang Diyos ay mas higit sa tao. Si Juan ay ipinanganak ilang buwan bago si Jesus, pero si Jesus ay narito na mula pa sa walang-hanggan. Nang sabihin ni Juan, **“Hindi ko Siya nakilala,”** hindi niya sinasabing hindi pa niya nakikita si Jesus dati.

Dahil sila ay magpinsan, malaki ang posibilidad na kilala ni Juan at ni Jesus ang isa’t isa. Pero hindi niya nakilala ang kanyang Pinsan bilang Mesias hanggang sa panahon na Siya ay kanyang

bautismuhan. Ang misyon ni Juan ay ihanda ang daan ng Panginoon at ituro Siya **sa** mga **Israelita** kapag Siya ay nagpakita na. Ito ang dahilan kung bakit binabautismuhan ni Juan ang mga tao sa **tubig** − para ihanda sila sa pagdating ng Cristo. Hindi niya layunin ang humikayat ng mga alagad para sa kanyang sarili.

**1:32** Ang tinutukoy rito ay ang panahon nang bautismuhan ni Juan si Jesus sa Jordan. Nang si Jesus ay umahon mula sa tubig, **ang Espiritu** ng Diyos ay bumabang **tulad sa isang kalapati** at **dumapo sa Kanya** (tingnan din ang Mat. 3:16). Patuloy na ipinapaliwanag ng may-akda ang ibig sabihin nito.

**1:33** Ipinahayag ng Diyos kay Juan na ang Mesias ay darating at kapag Siya ay pumarito na, **ang Espiritu** ay bababa **sa** Kanya at mananatili **sa Kanya**. Kaya naman nang ito ay mangyari kay Jesus, nalaman ni Juan na Siya ang magbabaustismo **sa Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu** ay isang Persona. Isa Ito sa tatlong Persona ng Pagka-Diyos o *Trinity*. Kapantay Niya ang Diyos Ama at ang Diyos Anak.

Samantalang si Juan ay nagbautismo **sa tubig,** si Jesus naman ay magbabautismo **sa Banal na Espiritu**. Ang bautismo **sa Banal na Espiritu** ay nangyari noong araw ng Pentecostes (Gawa 1:5; 2:4, 38). Sa pagkakataong iyon, **ang Banal na Espiritu** ay bumaba mula sa langit para manahan sa katawan ng bawat mananampalataya upang gawin siyang kasapi ng iglesya, ang Katawan ni Cristo (1 Cor. 12:13).

**1:34** Dahil sa nakita ni Juan nang bautismuhan niya si Jesus, may katiyakan ang kanyang **pagpapatotoo** sa katotohanang si Jesus ng Nazaret ang **Anak ng Diyos** na paparito sa mundo ayon sa propesiya. Nang sabihin ni Juan na ang Cristo ay ang **Anak ng Diyos**, ang ibig niyang sabihin ay si Jesus ang Diyos Anak.

### B. Ang Pagtawag kina Andres, Juan, at Pedro (1:35−42)

**1:35, 36** **Ang kinabukasan** na tinutukoy rito ay ang ikatlong araw na nabanggit. **Kasama** ni **Juan** ang **dalawa sa kanyang** sariling **mga alagad**. Napakinggan ng mga ito ang mga itinuro ni Juan at naniwala sila sa kanyang mga sinabi. Pero sa panahong ito, hindi pa nila nakikilala ang Panginoong Jesus. Ngayon ay nagpapatotoo na sa publiko si Juan tungkol sa Panginoon. Sa mga nakaraang araw, nagsalita siya tungkol sa Kanyang Pagkatao

(Kordero ng Diyos) at Kanyang gawa (ang Siyang pumapawi ng kasalanan ng sanlibutan). Ngayon ay binibigyang pansin niya ang Kanyang Persona. Ang mensahe ni Juan ay maiksi lamang, simple, hindi makasarili, at tungkol lamang sa Tagapagligtas.

**1:37** Dahil sa matapat na pagtuturo ni Juan, nawalan siya ng **dalawang alagad**. Pero masaya siyang makita na ang kanilang sinunod ay si **Jesus**. Kaya naman dapat na hangarin natin na sumunod ang ating mga kaibigan sa Panginoon kaysa tayo ang pahalagahan.

**1:38** Laging interesado ang Tagapagligtas sa buhay ng mga sumusunod sa Kanya. Ipinakita Niya ang Kanyang pagbibigay pansin sa pamamagitan ng paglingon sa dalawang alagad at pagtanong, **"Ano ang inyong hinahanap?"** Alam Niya ang sagot sa Kanyang tanong. Alam Niya ang lahat ng bagay. Pero nais niyang ipahayag nila ang kanilang gusto sa pamamagitan ng pagsasabi. Ang sagot nilang, **"Rabi, saan ka nakatira?"** ay nagpapakita na gusto nilang makasama ang Panginoon at makilala Siya nang lubusan. Hindi sila naging kontento na makita lamang Siya. Nais nilang makasama Siya. Ang **Rabi** ay salitang Hebreo na ang ibig sabihin ay **Guro** (sa literal ay "ang dakila para sa akin")

**1:39 Sinabi Niya sa kanila, "Halikayo at tingnan ninyo."** Hindi itinataboy ang sinumang may tunay na pagnanais na makilala ang Tagapagligtas. Inimbitahan ni Jesus ang dalawang alagad sa lugar kung saan Siya tumitigil sa panahong iyon. Ito ay maaaring isang abang lugar kung ihahambing natin sa magaganda at makabagong tahanan sa ngayon.

**Pumunta nga sila at nakita kung saan Siya nakatira, at sila'y nanatiling kasama Niya nang araw na iyon. Noon ang oras ay mag-iikasampu.** Ngayon lang naparangalan ang dalawang alagad nang ganito. Nakasama nila sa isang tahanan noong gabing iyon ang Manlilikha ng daigdig. Sila ang una sa mga Israelita na nakakilala sa Mesias.

**Ang mag-iikasampung oras** ay maaaring ikasampu nang umaga o ika-apat nang hapon. Sa mga pagkakataong ganito, ang naunang oras (oras ng Romano) ang malimit tanggapin na pakahulugan.

**1:40 Ang isa sa dalawang** alagad **ay si Andres**. Si Andres ay hindi masyadong kilala ngayon, hindi katulad ng **kapatid** niyang **si Simon Pedro**. Pero mahalagang pansinin na si Andres ang una sa dalawang alagad na nakakilala kay Jesus.

Hindi binanggit sa atin kung sino ang isa pang alagad, pero halos lahat ng iskolar ng Biblia ay nagpapalagay na ito ay si Juan − ang sumulat ng Ebanghelyong ito. Nakikita nila na nais ni Juan na magpakumbaba kaya hindi niya binanggit ang kanyang pangalan.

**1:41** Kalimitan, kapag nakakilala ang isang tao kay Jesus, nais niya ring makakilala sa Panginoon ang kanyang mga kamag-anak. Masyadong mahalaga ang kaligtasan para ito ay sarilinin lamang. Kaya naman mabilis na pumunta si Andres **sa kanyang kapatid na si Simon** at sinabi ang nakakatuwang balita na **"Natagpuan na namin ang Mesias!"** Tunay na kamangha-mangha ang balitang ito! Halos apat na libong taong naghintay ang mga tao para sa ipinangakong Cristo, Ang Pinili ng Diyos. Ngayon ay napapakinggan ni **Simon** mula mismo sa kanyang sariling kapatid ang nakagugulat na balita na **ang Mesias** ay nasa di kalayuan lamang. Napakapalad nila at nabuhay sila sa isang makasaysayang panahon. Napakasimple ng mensahe ni Andres. Halos ilang salita lamang ang mga ito − **"Natagpuan na namin ang Mesias"** − pero ginamit ng Diyos ang mga pananalitang ito para makakilala si Pedro. Itinuturo sa atin nito na hindi natin kailangan na maging mahusay na mangangaral o matalinong mananalita. Kailangan lamang nating sabihin ang tungkol sa Panginoong Jesus sa simpleng pananalita. Ang Diyos na ang bahala sa lahat.

**1:42 Dinala** ni Andres ang kanyang kapatid sa tamang lugar at sa tamang Tao. Hindi niya dinala si Pedro sa simbahan, sa relihiyon, o sa mga ministro. **Dinala niya siya kay Jesus.** Napakahalaga ng ginawa niyang iyon! Dahil sa interes ni Andres, si Simon ay naging isang dakilang mangingisda ng tao. Isa siya sa mga nangunang apostol ng Panginoon. Mas nakilala si Simon kaysa sa kanyang kapatid. Pero walang dudang makikihati si Andres sa gantimpalang tatanggapin ni Pedro, dahil siya ang nagdala sa kanyang kapatid kay Jesus. Alam ng Panginoon ang pangalan ni Simon kahit walang nagsabi sa Kanya. Nalalaman din Niya ang marupok na pag-uugali ni Simon. At higit sa lahat, alam ni Jesus na mababago ang pagkatao ni Simon. Magiging kasing tatag niya ang isang bato. Paano nalaman ni Jesus ang lahat ng ito? Dahil Siya ang makapangyarihang Diyos.

Ang pangalan ni Simon ay pinalitan ng **Cefas. Bato** ang katumbas ng pangalang ito sa Aramaico. Tunay ngang nagkaroon siya ng matatag na pagkatao. Ipinakita niya ito nang matapos mangyari ang Pag-akyat ng Panginoon sa langit at ang Pagbaba ng Banal na Espiritu.

**C. Ang Pagtawag kina Felipe at Nathanael (1:43-51)**

**1:43** Ito ngayon ay ang ika-apat na **araw** na mababasa natin sa kabanatang ito. Tinukoy ni Bosch sa kanyang komentaryo na sa unang araw ang makikita *lamang* natin ay si *Juan Bautista* (t. 15−28); sa ikalawang araw ay makikita natin sina *Juan Bautista at Jesus* (t. 29−34); sa ikatlong araw naman ay makikita natin si *Jesus at si Juan* na sumulat ng Ebanghelyong ito (t. 35−42); at sa ika-apat na araw ay makikita natin si *Jesus lamang* (t. 43−51). Naglakad si Jesus papuntang norte sa lugar na kung tawagin ay **Galilea**. Doon ay **nakita Niya si Felipe** at inimbitahan Niyang maging tagasunod. **"Sumunod ka sa Akin!"** Dakila ang mga salitang ito dahil ang Taong nagsabi ay dakila at dahil sa pribilehiyong iniaalok nito. Hanggang ngayon ay inaanyayahan pa rin ng Tagapagligtas ang lahat ng tao sa simple pero dakilang imbitasyong ito.

**1:44** Ang **Bethsaida** ay isang **lunsod** sa baybayin ng Dagat ng Galilea. Bibihira ang lunsod sa mundo na tumanggap ng kadakilaang tulad ng lugar na ito. Ipinakita ng Panginoon ang Kanyang mga dakilang himala rito (Lucas 10:13). Dito rin nakatira sina **Felipe, Andres, at Pedro**. Pero hindi tinanggap ng mga taong naninirahan dito ang Tagapagligtas. Dahil dito, lubusang nawasak ang bayang ito kaya naman walang makakapagsabi ngayon kung nasaan ang eksaktong lokasyon nito.

**1:45** Nais ni **Felipe** na ibahagi sa iba ang katuwaang kanyang nasumpungan. Kaya naman hinanap at **natagpuan** niya si **Nathanael**. Ang mga bagong mananampalataya ang pinakamagaling na ebanghelista. Ang kanyang mensahe ay simple at diretso. Sinabi niya kay Nathanael na **natagpuan** niya ang Mesias na tinutukoy ni **Moises** at **ng mga propeta** − si **Jesus ng Nazaret**. Ang totoo, ang kanyang mensahe ay hindi gaanong tama. Inilarawan niya si Jesus bilang **anak ni Jose.** Si Jesus ay ipinanganak ni Maria at walang ama sa lupa. Inampon ni **Jose** si Jesus kaya naman siya ang naging legal nitong ama, pero hindi ang Kanyang tunay na ama. Ayon sa komentaryo ni James S. Stewart:

> Hindi paraan ni Cristo na piliting lubos na sumampalataya ang sinuman sa Kanya habang sila ay nagsisimula pa lamang. Hindi Niya gawi na pilitin na maging alagad Niya ang isang tao batay sa hindi kumpletong impormasyon. At hanggang ngayon ay tiyak na hindi Niya ito paraan. Kapit-bisig Niyang sinasamahan ang mga itinuturing Niyang kapatid. Inaanyayahan Niyang kumapit sila sa Kanya sa mga pagkakataong kaya nila. Tinatanggap Niya ang pananampalatayang kanilang kayang ihandog sa sandaling iyon. Sapat na sa Kanya iyon sa simula; at mula roon, gaya ng Kanyang pag-akay sa unang grupo, inaakay Niya nang paunti-unti ang Kanyang mga kaibigan sa pinakamalalim na lihim ng kung sino Siya at sa lubos na kaluwalhatian ng Kanyang pagdidisipulo.[3]

**1:46** **Si Nathanael** ay may mga problema. Ang **Nazaret** ay isang lunsod sa Galilea na kinamumuhian. Parang imposible para sa kanya na ang Mesias ay mangggaling sa isang abang lugar. Kaya naman sinabi niya ang tanong na nasa kanyang isipan. Hindi nakipagtalo si **Felipe**. Naisip niya na ang pinakamagandang paraan para harapin ang mga katanungan nila ay ang ipakilala ang mga tao sa Panginoong Jesus mismo. Isang mahalagang aral ito para sa mga nagnanais na maakit ang tao kay Cristo. Huwag makipagtalo. Huwag makipagsabayan sa mahahabang diskusyon. Anyayahan lamang ang mga tao na **lumapit at makita** kung sino si Jesus.

**1:47** Ipinapakita ng talatang 47 na alam ni **Jesus** ang lahat ng bagay. Kahit hindi pa naman nakikilala ni Jesus si **Nathanael**, ipinahayag Niya siyang **isang tunay na Israelita na sa kanya'y walang pandaraya.** Kilala si Jacob sa paggamit ng pandaraya sa kanyang mga hanapbuhay. Pero si Nathanael ay isang "Israel"-ita na kung saan walang matatagpuang "Jacob."

**1:48** Kitang-kita ang pagkagulat ni **Nathanael** na ang isang taong hindi pa niya lubos na kilala ay makakapagsabi sa kanya ng mga bagay na tila siya ay dati nang kilala. Maaari siya ay lubos na natatago **sa ilalim ng puno ng igos** kung saan siya nakaupo. Walang duda na ang mga mayayabong na mga sanga ng mga puno at ang mga nakapaligid na dahon ay lubos na nagtakip sa kanya. Pero **nakita** siya ni Jesus kahit na siya ay tagung-tago.

**1:49** Marahil ang humikayat kay **Nathanael** ay ang kapangyarihan ni Jesus na makita siya kahit na imposible. Marahil din na nalaman niya kung sino si Jesus sa pamamagitan ng isang mahimalang paraan. Kahit ano pa man ang dahilan,

ngayon ay alam na niya na si Jesus ay **ang Anak ng Diyos** at **ang Hari ng Israel**.

**1:50** Dalawang bagay ang ibinigay ng Panginoon kay Nathanael para patunayang Siya ang Mesias. Inilarawan ni Jesus ang kanyang pagkatao at nakita Niya si Nathanael kahit imposible ayon sa pangyayari. Ang dalawang patotoong ito ay sapat para kay Nathanael, at siya ay naniwala. Pero nangako ang Panginoong Jesus na **higit na dakilang** mga bagay ang **makikita** niya **kaysa rito**.

**1:51** Tuwing ginagamit ni Jesus ang mga salitang **Katotohanan**, **katotohanan** ("Amen, amen" sa literal[4]), may sasabihin Siyang lubos na mahalaga. Sa pagkakataong ito, binibigyan Niya si Nathanael ng larawan ng Kanyang muling pagbabalik at paghahari sa buong mundo. Kikilalanin ng mundo sa panahong iyon na ang Anak ng karpintero na nanirahan sa abang lugar ng Nazaret ay ang tunay na Anak ng Diyos at Hari ng Israel. Sa araw na iyon, **bubukas ang langit.** Ang pagtangi ng Diyos ay mananatili kay Jesus habang Siya ay naghahari sa Jerusalem na Kanyang kabisera.

Maaaring inaalala ni Nathanael ang kuwento noong nanaginip si Jacob ng isang hagdan (Gen. 28:12). Ang hagdan na iyon, na mayroong mga anghel na nagmamanhik-manaog, ay larawan na ang Panginoong Jesus mismo ang tanging daan sa langit. **Ang mga anghel ng Diyos** ay magmamanhik-manaog **sa Anak ng Tao. Ang mga anghel** ay mga lingkod **ng Diyos**. Sila ay sumusunod sa mga utos ng Diyos. Kapag maghahari na si Jesus, ang **mga anghel** na ito ay magmamanhik-manaog sa langit at lupa upang tupdin ang Kanyang kalooban.

Sinasabi ni Jesus kay Nathanael na napakaliit pa lamang ng kanyang nasaksihan sa pagiging Mesias ng Panginoon. Sa Paghahari ni Cristo sa hinaharap (Reign of Christ), makikita niya ang Panginoong Jesus na lubusang nahayag bilang piniling Anak ng Diyos. Kapag nangyari na ang mga ito, lahat ng tao sa mundo ay malalaman na may Isang mabuting Taong nagmula sa Nazaret.

### D. Ang Unang Tanda: Ang Tubig ay naging Alak (2:1-11)

**2:1 Ang ikatlong araw** ay walang dudang tumutukoy sa **ikatlong araw** ng pananatili ng Panginoon sa **Galilea**. Pumunta ang

Tagapagligtas sa lugar na iyon at makikita ito sa talatang 1:43. Hindi natin alam ang eksaktong lokasyon ng **Cana**. Pero maipapalagay natin, gaya ng nakasulat sa talatang 12 ng kabanatang ito, na ang Cana ay malapit sa Capernaum at nasa isang mataas na lugar.

**Mayroong kasalan sa Cana** sa araw na ito, **at ang ina ni Jesus ay naroroon.** Nakawiwiling mapansin na si Maria ay tinukoy **na ina ni Jesus**. Hindi naging tanyag ang Tagapagligtas dahil Anak Siya ng Birheng Maria. Pero si Maria ay sikat dahil siya ang ina ng ating Panginoon. Ang Banal na Kasulatan ay laging nagbibigay ng nakatataas na lugar at pagkilala kay Cristo at hindi kay Maria.

**2:2 At inanyayahan din si Jesus at ang Kanyang mga alagad sa kasalan.** Tama ang desisyon ng mga naghanda ng kasalan na anyayahan si Cristo. Kaya naman, tama ang desisyon kapag inanyayahan ang Panginoon ng mga taong ikakasal sa panahon natin ngayon. Para maisagawa ito, nararapat na ang lalaki at babaeng ikakasal ay mga tunay na mananampalataya sa Panginoong Jesus. Nararapat na ibigay nila ang kanilang buhay sa Tagapagligtas, at tiyakin na ang kanilang tahanan ay magiging isang lugar kung saan si Cristo ang sentro ng kanilang buhay at pagsasama.

**2:3** Nagkulang ang **alak.** Nang makita **ng ina ni Jesus** ang nangyari, agad niyang inilapit ang problema sa kanyang Anak. Nalalaman ni Maria na kaya ni Jesus na maghimala para may mapagkuhanan ng alak. Maaaring nais niyang ipahayag ng kanyang Anak sa mga natitipong panauhin na Siya ang Anak ng Diyos. Ang alak sa Banal na Kasulatan ay malimit na tumutukoy sa kagalakan. Nang sabihin ni Maria, **"Wala silang alak,"** nagbigay siya ng isang makatotohanang paglalarawan ng mga lalaki at babaeng hindi pa kailanman naliligtas. Walang tunay at nagtatagal na kagalakan ang hindi mananampalataya.

**2:4** Tila malayo ang sagot ng Panginoon sa Kanyang ina. Pero ang totoo ay hindi ito matinding galit. Ang salitang **babae** rito ay isang titulo ng paggalang, katulad ng ating salitang "ginang". Tinanong ni Jesus, **"Babae, anong kinalaman niyon sa Akin?"** Ipinapahiwatig ni Jesus dito na sa pagsasagawa Niya ng Kanyang banal na misyon ay hindi Siya nakapailalim sa mga utos mula sa Kanyang ina. Siya ay ganap na sumusunod sa kalooban ng Kanyang Amang nasa langit. Nais ni Maria na makita ang Kanyang Anak na naluluwalhati. Pero nararapat paalalahanan ni Jesus si Maria na ang oras para dito ay **hindi pa dumarating.** Bago siya magpakita sa

mundo bilang Cristong mananakop ng lahat, nararapat muna Siyang umakyat sa altar ng sakripisyo. Iyon ay ang ginawa Niya sa krus ng Kalbaryo.

Ipinakita ni Williams ang sumusunod:

> Ang pahayag na “anong kinalaman niyon sa akin” ay lumabas ng ilang ulit sa Biblia. Ang ibig sabihin nito ay, “Saan tayo nagkakapareho?” Ang sagot ay, “Wala.” Ginamit ito ni David ng dalawang ulit na may paggalang sa kanyang mga pinsan, ang mga anak ni Sarvia. Napaka-imposible para sa kanila na magkaroon ng pagkakatulad sa kanyang espirituwal na buhay! Ginamit ito ni Eliseo sa 2 Hari 3 para ipahayag ang laki ng agwat niya at ni Jehoram na anak ni Ahab. Tatlong ulit ding ginamit ng mga demonyo ang pahayag na ito para ipakita kung paanong walang pagkakatulad si Satanas kay Cristo, o si Cristo kay Satanas. At sa huli ay ginamit ito ng Panginoon kay Birheng Maria para ipakita ang hindi matatawid na agwat ng pagka-Diyos ni Jesus at ang pagiging makasalanan ni Maria. Isang Tinig lamang din ang pakikinggan ni Jesus at Tinig iyon ng Diyos Ama.[5]

**2:5** Naunawaan ni Maria ang mga sinabi ni Jesus. Kaya naman inutusan niya ang mga alipin na gawin ang **anumang Kanyang** iuutos sa kanila. Ang mga salita ni Maria ay importante para sa ating lahat. Pansinin na hindi niya sinabihan ang mga tao na sundin *siya*, o ang sino pa mang tao. Itinuro niya sila sa Panginoong Jesus at sinabi sa kanila na Siya ang Taong nararapat sundin. Ang mga turo ng Panginooong Jesus ay ibinigay sa atin sa mga pahina ng BT. Sa ating pagbasa ng mahalagang aklat na ito, nararapat nating maalala ang huling nakatalang mga salita ni Maria, **“Gawin ninyo ang anumang sabihin Niya sa inyo.”**

**2:6** Sa lugar kung saan nangyari ang kasalan ay may **anim** na malalaking tapayang **bato** na **naglalaman ng dalawa o tatlong banga** ng tubig **ang bawat isa.** Ginagamit ng Judio ang tubig na ito bilang panlinis ng kanilang sarili mula sa kanilang karumihan. Halimbawa, kapag ang isang Judio ay nakahawak sa isang bangkay, siya ay itinuturing na marumi hanggang siya ay dumaan sa isang partikular na seremonya ng paglilinis.

**2:7** Nagbigay ng utos si **Jesus** na **punuin ng tubig ang mga tapayan.** At sinunod naman agad ito ng mga alipin. Ginamit ng Panginoon ang mga bagay na naroroon nang gawin Niya ang himala.

Hinayaan Niyang ang mga tao ang magdala ng **mga tapayan** at **punuin** ito **ng tubig**. Pero ginawa Niya ang bagay na hindi kailanman kayang gawin ng tao − ang gawing alak ang tubig. Ang mga alipin at hindi ang mga alagad ang **nagpuno** ng tubig sa mga tapayan. Sa ganitong paraan, iniwasan ng Panginoon ang posibilidad ng pagpaparatang ng pandaraya. Isa pa, ang mga tapayan ay pinuno **hanggang sa labi**, para walang makakapagsabi na ang tubig ay dinagdagan ng alak.

**2:8** Nangyari na ngayon ang himala. Inutusan ng Panginoon ang mga alipin na **kumuha** mula sa mga tapayan **at dalhin** ang laman sa **pinuno ng handaan**. Malinaw na makikita rito na ang himala ay biglaan. Hindi naging alak ang tubig sa loob ng mahabang oras, kundi sa ilang saglit lamang. Gaya ng makatang pagkakasabi ng isang manunulat, "Nakita ng walang malay na tubig ang kanilang Diyos at sila ay namula."

**2:9** Ang namamahala sa pag-aayos ng mga mesa at pagkain ay **ang pinuno ng handaan**. Alam niyang may hindi karaniwang nangyari **nang matikman** niya ang alak. **Hindi** niya **alam kung saan nanggaling** ang alak, pero alam niya na ito ay may mataas na kalidad kaya dali-dali niyang **tinawag ang lalaking bagong kasal**.

Ano ang nararapat na tugon ng mga Cristiano sa alak sa ngayon? Minsang inirereseta ang alak para sa kalusugan, at ito ay ayon sa turo ng Bagong Tipan (1 Tim. 5:23). Tungkol sa paggamit ng alak tuwing may handaan, nararapat na buong pag-iingat na uminom nito ang mga Cristiano sa lahat ng sitwasyon, at sa lahat ng kultura. Sinisikap dapat niya na magbigay kaluguran sa Panginoon, at hindi sa makasariling pita ng laman. Hindi dapat tanggihan ng mananampalataya ang magagandang regalo mula sa Diyos. Dapat niyang alalahanin ang mga paalala ng Banal na Kasulatan partikular na ang tungkol sa pag-inom ng alak (Rom. 13:13; Gal. 5:21; Ef. 5:18; 1 Ped. 4:3), at sa kawalan ng pagpipigil (1 Cor. 6:12). At bilang panghuli, ang mga mananampalataya ay nararapat na umiwas sa mga gawaing maaaring katisuran ng ibang kapatid (Rom. 14:21).

**2:10** Itinuon ng namamahala sa handaan ang kanyang atensyon sa malaking pagkakaiba ng paraan ng pagkilos ng Panginoong Jesus at ng karaniwang pagkilos ng mga tao. Ang karaniwang sistema sa mga kasalan ay unang inihahain ang pinakamataas na uri ng **alak** para malasahan ito ng mga tao habang di pa sila nalalasing. Kapag busog at lasing na sila, hindi na nila

nalalaman ang klase ng kanilang inumin. Sa partikular na kasalang ito, huling inihain ang pinakamataas na uri ng alak. May espirituwal na kahulugan ito para sa atin. Karaniwang unang inaalok ng mundo ang pinakamaganda sa tao. Hinihikayat nito ang mga kabataan ng pinakamagagandang bagay. At kapag nagsawa na sila sa mga walang saysay na kasiyahan, wala nang maibibigay ang mundo sa kanilang pagtanda kundi latak. Lubhang kasalungat nito ang buhay Cristiano. Lalong gumaganda ito habang tumatagal. Itinatago ni Cristo ang pinakamataas na uri ng alak para sa huli. Ang pag-aayuno ay sinusundan ng pagdiriwang.

May direktang kahulugan ang bahaging ito ng Banal na Kasulatan sa bansang Israel. Walang tunay na kagalakan sa Judaismo sa panahong ito. Nararanasan nila ang nakakayamot na paulit-ulit na mga ritwal at seremonya pero ang buhay para sa kanila ay walang kabuluhan. Hindi nila alam ang banal na kagalakan. Nais ng Panginoong Jesus na turuan silang ilagay ang kanilang pananampalataya sa Kanya. Papalitan Niya ng ganap na kagalakan ang dating buhay na walang kuwenta. Mula sa ritwal at seremonya ng Judaismo, magkakaroon sila ng katotohanan at kagalakan kay Cristo.

**2:11** Ang pahayag na **ito** ang **una sa mga tanda** ay nagpapatunay na hindi totoo ang mga walang kuwentang himalang sinasabi ng iba na ginawa raw ng ating Panginoon noong Siya ay bata pa lamang. Ang mga ito ay matatagpuan sa *pseudo-gospels* gaya ng "Ebanghelyo ni Pedro." Sinasabi nilang may mga himalang ginawa raw ang ating Panginoon noong Siya ay bata pa. Ito ay kalapastanganan! Sa pamamagitan ng maiksing karagdagang impormasyong ito, binigyang linaw ng Banal na Espiritu ang kalikasan at buhay ng ating Panginoon sa pagkakataong iyon.

Ang pagbabago ng tubig sa pagiging alak ay isang tanda. Samakatuwid, ito ay isang himalang may kahulugan. Ito ay isang kahanga-hangang gawain na may espirituwal na kahulugan. Ang mga himalang ito ay itinalaga para ipakita na si Jesus nga ang tunay na Cristo ng Diyos. **Ipinahayag** Niya **ang Kanyang kaluwalhatian** nang isagawa Niya ang tandang ito. Ipinakita Niya sa tao na Siya ay tunay na Diyos − na nagkatawang-tao. **Sumampalataya sa Kanya ang Kanyang mga alagad**. Siyempre, sa isang banda, naniwala sila sa Kanya noon. Pero ngayon ang kanilang pananampalataya ay napagtibay, at sila ay naniwala nang higit pa. Sabi ni Cynddylan Jones:

> Ang unang himala ni Moises ay ang gawin niyang dugo ang tubig; may lubhang nakakapanirang sangkap ito. Pero ang unang himala ni Cristo ay ang gawing alak ang tubig; ito ay may sangkap na nakakaginhawa at nakakaaliw.[6]

### E. Nilinis ng Anak ng Diyos ang Tahanan ng Kanyang Ama (2:12−17)

**2:12** Umalis na ngayon sa Cana ang Tagapagligtas at **bumaba sa Capernaum** kasama ang **Kanyang ina, mga kapatid at ang Kanyang mga alagad.** Nanatili lamang sila sa Capernaum ng ilang **araw**. Pagkatapos noon, pumunta ang Panginoon sa Jerusalem.

**2:13** Simula sa puntong ito, makikita natin ang unang patotoo ng Panginoon sa lunsod ng **Jerusalem**. Nagpatuloy ang bahaging ito ng Kanyang ministeryo hanggang kabanatang 3, talatang 21. Parehas Niyang sinimulan at tinapos ang Kanyang pampublikong ministeryo (*public ministry* sa wikang Ingles) sa pamamagitan ng paglilinis sa templo sa panahon ng **Paskuwa**. (tingnan ang Mateo 21:12, 13; Marcos 11:15−18; Lucas 19:45−46). Ang Paskuwa ay isang taunang pista ng pag-alala. Ipinagdiriwang nito ang panahon noong iniligtas ng Diyos ang mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Egipto. Sila ay inakay papunta sa ilang sa pamamagitan ng paghati sa Dagat na Pula at patungo sa lupang pangako. Nakatala sa Exodo 12 ang unang pagdiriwang ng Paskuwa. Bilang isang tapat na Judio, **umahon** si Jesus **patungo sa Jerusalem** para sa mahalagang araw na ito sa kalendaryo ng Judaismo.

**2:14** Nang pumunta Siya **sa templo**, **natagpuan Niya** na ito ay nagmistulang palengke. Ipinagbibili roon ang mga **baka, tupa at mga kalapati**, at nagnenegosyo rin doon ang mga **nagpapalit ng salapi**. Ipinapagbili ang mga hayop at ibon sa mga sasamba para magamit nila bilang handog. Kinukuha naman ng mga **nagpapalit ng salapi** ang mga pera ng mga taong mula sa ibang bansa. Kanilang pinapalitan ito ng pera ng Jerusalem para makapagbayad sila ng buwis sa templo. Hindi sikreto na dinadaya ng mga mamamalit ng pera ang mga Judiong galing sa malalayong lugar.

**2:15** Maaaring ang **panghagupit** na ginawa ng Panginoon ay pamalo na gawa sa maliliit na **lubid**. Hindi nakatala kung ginamit Niya ito para hampasin ang sinuman. Sa halip, tinatayang ito ay isa lamang simbolo ng kapangyarihan na hawak Niya sa Kanyang

kamay. Habang hawak ang panghampas, **itinaboy** Niya ang mga negosyante **papalabas sa templo.** Itinaob Niya ang mga mesa ng mga mamamalit ng pera.

**2:16** Pinapayagan ng kautusan na ang mga mahihirap ay maghandog ng isang pares ng kalapati, dahil hindi nila kayang bumili ng mas mahal na mga hayop. Iniutos ng Panginoon **sa mga nagtitinda ng mga kalapati na alisin ang mga ito.** Hindi nababagay na **gawin** nilang isang **bahay-pamilihan** ang **bahay** ng Kanyang **Ama.** Sa lahat ng panahon, nagbigay ng babala ang Diyos na huwag gamitin ang mga gawaing panrelihiyon bilang paraan upang yumaman. Hindi naman kalupitan o paglabag sa katuwiran ang ginawa ni Jesus. Pero, ang mga ito ay simpleng tanda ng Kanyang kabanalan at pagiging matuwid.

**2:17** Nang makita ng **Kanyang mga alagad** kung ano ang nangyayari, napaalalahanan sila sa nakasulat sa Awit 69:9. Dito ay hinulaan na kapag dumating na ang Mesias, Siya ay lubos na magpapakita ng **sigasig para sa** bagay na maka-Diyos. Ngayon ay nakita nila si Jesus na nagpapakita ng matinding determinasyon na ang pagsamba sa Diyos ay nararapat na malinis. Kanilang naisip na Siya nga ang tinutukoy ng sumulat ng awit.

Dapat nating tandaan na ang katawan ng isang mananampalataya ay ang templo ng Banal na Espiritu. Gaya ng kagustuhan ng Panginoong Jesus na dapat panatilihing malinis ang templo sa Jerusalem, gayon din naman, dapat nating ialay ang ating mga katawan sa Panginoon para ito ay patuloy Niyang pakabanalin.

### F. Hinulaan ni Jesus ang Kanyang Kamatayan at Pagkabuhay na Muli (2:18-22)

**2:18** Tila ang mga Judio ay laging naghahanap ng mga tanda o himala. Tila sabi nila, “Kapag nakagawa Ka na ng dakila at makapangyarihang himala para sa amin ay tsaka pa lamang kami maniniwala.” Pero, nagpakita na ang Panginoong Jesus ng magkakasunod na himala, at nanatiling sarado pa rin ang kanilang mga puso sa Kanya. Sa talatang 18 ay tinanong nila kung saan galing ang Kanyang awtoridad na paalisin ang mga negosyante sa templo. Dapat daw ay magpakita Siya ng **tanda** para suportahan ang Kanyang pahayag na Siya ang Mesias.

**2:19** Bilang tugon, ang Panginoong Jesus ay nagsabi ng isang kamangha-manghang pahayag tungkol sa Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli. Sinabi Niya na **gigibain** nila ang Kanyang santuwaryo, pero **sa loob ng tatlong araw** ay **itatayo** Niyang muli ito. Ang pagka-Diyos ni Cristo ay nakitang muli sa talatang ito. Tanging ang Diyos ang makakapagsabi ng, **"Sa loob ng tatlong araw ay itatayo ko ito."**

**2:20** Hindi Siya naunawaan **ng mga Judio.** Mas interesado sila sa mga materyal na bagay kaysa sa mga katotohanang espirituwal. Ang tanging templo na kanilang naiisip ay ang templo ni Herodes na noon ay nakatayo sa Jerusalem. Inabot ng **apatnapu't anim na taon para maitayo ang templong ito**. Wala silang nakikitang paraan kung paanong makakaya ng isang tao na muling itayo ito sa **loob ng tatlong araw**.

**2:21** Gayon pa man, **nagsasalita** ang Panginoong Jesus tungkol sa **Kanyang** sariling **katawan**. Ito ang templo na kung saan ang buong kapuspusan ng Diyos ay nananahan. Kung paanong dinungisan ng mga Judio ang templo sa Jerusalem, gayon din naman, ay kanila Siyang papatayin sa nalalapit na panahon.

**2:22** Matapos ipako ang Panginoong Jesus at Siya ay **muling bumangon mula sa mga patay**, **naalala ng Kanyang mga alagad** na ipinangako Niyang mabubuhay Siyang muli pagkatapos ng tatlong araw. Dahil sa kamangha-manghang pagkatupad ng propesiya na nasaksihan ng kanilang mga mata, **naniwala sila sa Kasulatan, at sa salitang sinabi ni Jesus.**

Malimit tayong nakakabasa ng mga katotohanan na mahirap maunawaan. Pero natutunan natin dito na dapat pakaingat-ingatan nating manatili sa Salita ng Diyos ang ating mga puso. Darating ang panahon na ipapaliwanag sa atin ng Panginoon ang mga katotohanang ito kahit na hindi natin ito maunawaan sa ngayon. Nang sabihing **naniwala sila sa Kasulatan**, ibig sabihin nito ay naniwala sila sa mga hula sa LT patungkol sa pagkabuhay na muli ng Mesias.

### G. Marami ang Nagpahayag na Mananampalataya Sila ni Cristo (2:23−25)

**2:23** Bilang resulta **ng mga tanda** na ipinakita ni Jesus **sa Jerusalem noong kapistahan ng Paskuwa, marami ang**

**sumampalataya sa Kanyang pangalan.** Hindi ito nangangahulugang talagang ipinagkatiwala nila ang kanilang mga buhay sa Kanya sa simpleng pagtitiwala. Ipinahayag lang nila na tinanggap nila si Jesus, pero hindi totoo ang kanilang pahayag. Isa lamang itong panlabas na pagpapakita ng kanilang pagsunod kay Jesus. Katulad ito sa kalagayan ng maraming tao sa mundo ngayon kung saan ay sinasabi nilang sila ay Cristiano pero hindi naman talaga ipinanganak na muli sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo.

**2:24** Kahit marami ang nagsasabing naniniwala sila sa Kanya, **hindi** nagtiwala **si Jesus sa kanila** (pareho ang salitang naniwala at nagtiwala sa Griyego). Ang ibig sabihin, **hindi** Niya **ipinagkatiwala ang Kanyang sarili sa kanila.** Alam Niya na sila ay lumalapit sa Kanya dahil lamang sa pag-uusisa. Naghahanap sila ng mga bagay na nakakagulat at nakakamangha. **Kilala Niya ang lahat ng tao** – ang kanilang mga iniisip at kanilang mga motibo. Alam Niya kung bakit sila kumikilos sa paraang kanilang ginagawa. Alam Niya kung ang kanilang pananampalataya ay totoo o peke.

**2:25** Walang ibang higit na nakakaalam ng puso ng tao maliban sa Panginoon. **Hindi Niya kailangang** turuan pa Siya ng **sinuman** o paliwanagan tungkol sa mga bagay na ito. Alam Niya ang iniisip ng tao at kung bakit ganoon ang asal nito.

### H. Tinuruan ni Jesus si Nicodemo Tungkol sa Bagong Kapanganakan (3:1−21)

**3:1** Ipinapakita ng kuwentong tungkol kay **Nicodemo** ang pagkakaiba ng dating pag-iisip. Maraming mga Judio sa Jerusalem ang nagpahayag ng pananampalataya sa Panginoon. Pero alam ni Jesus na hindi ito totoo. Naiiba si Nicodemo. Nakita ng Panginoong gusto niya talagang malaman ang katotohanan. Ang talatang 1 ay nararapat magsimula sa pandugtong na: "*Pero*[7] **may isang lalaking kabilang sa mga Fariseo na ang pangalan ay Nicodemo, isang pinuno ng mga Judio.**"

Kilalang tagapagturo si Nicodemo sa kanyang bayan. Maaaring pumunta siya sa Panginoon para humingi ng aral, para maaari siyang bumalik sa mga Judio dala-dala ang mga karagdagan niyang natutunan.

**3:2** Hindi sinasabi ng Biblia kung *bakit* **gabi pumunta** si Nicodemo **kay Jesus**. Tila ang pinakatamang paliwanag ay maaaring nahihiya siyang makitang kausap niya si Jesus. Iyon ay dahil hindi pa lubusang natatanggap ng karamihan sa mga Judio ang Panginoon. Pero, pumunta pa rin siya kay Jesus. Kinilala ni Nicodemo ang Panginoon bilang **isang guro** na mula sa **Diyos,** dahil walang sinumang makakagawa ng mga himala na walang direktang tulong mula sa **Diyos**. Sa kabila ng kanyang nalalaman bilang guro, hindi pa rin nakita ni Nicodemo ang katotohanang ang Panginoon ay Diyos na nagkatawang-tao. Katulad siya ng marami sa ngayon na nagsasabi na si Jesus ay isang dakilang tao, isang magaling na guro at katangi-tanging halimbawa lamang. Ang lahat ng mga pahayag na ito ay malayong-malayo sa buong katotohanan. Si Jesus *ay* Diyos.

**3:3** Sa unang tingin ay parang ang sagot ng Panginoon ay walang anumang koneksyon sa sinabi ni Nicodemo. Sinasabi ng ating Panginoon, "Nicodemo, pumunta ka sa Akin para matuto, pero ang tunay na kailangan mo ay ang **ipanganak na muli**. Doon ka dapat magsimula. Dapat kang ipanganak mula sa itaas. Kung hindi ay hindi mo kailanman makikita ang **kaharian ng Diyos**."

Sinimulan ng Panginoon ang magagandang mga salitang ito sa pahayag na **"Katotohanan, katotohanan"** (*Amen, amen* sa literal) Inaalerto tayo ng mga salitang ito na may mahalagang katotohanang ibibigay.

Bilang isang Judio, hinihintay ni Nicodemo na dumating at palayain ng Mesias ang Israel mula sa pagkaalipin ng Roma. Ang emperyo ng Romano noon ang may kontrol sa mundo. Ang mga Judio ay napasailalim sa kanilang mga batas at pamahalaan. Hinihintay ni Nicodemo ang panahon kung kailan itatayo ng Mesias ang Kanyang kaharian sa mundo, kung kailan magiging pinuno ng mga bansa ang mga Judio, at kung kailan matatalo ang kanilang mga kaaway. Ngayon ay sinasabi ng Panginoon kay Nicodemo na para makapasok sa kahariang ito, ang isang tao ay dapat **ipanganak na muli**. Kung paanong ang unang pagsilang ay kailangan para sa pisikal na buhay, gayon din naman, ang pangalawang pagsilang ay kailangan sa espirituwal na buhay. (Ang pahayag na **ipanganak na muli** ay maaari ding mangahulugang "ipanganak mula sa itaas.") Ibig sabihin, makakapasok lamang sa kaharian ni Cristo ang mga taong nabago ang buhay. Dahil ayon sa katuwiran ang Kanyang paghahari, ang Kanyang mga paghaharian ay dapat ding maging

matuwid. Hindi Siya maaaring maghari sa mga taong patuloy na nananatili sa kanilang mga kasalanan.

**3:4** Nakikita muli natin dito kung gaano kahirap para sa tao ang unawain ang mga salita ng Panginoong Jesus. Pinipilit ni **Nicodemo** na unawain ang lahat sa literal na paraan. Hindi niya maintindihan kung paanong ang isang taong husto na sa gulang ay maaaring **ipanganak** na muli. Iniisip niya na imposibleng ang tao ay pisikal na muling pumasok sa **tiyan ng kanyang ina** para **ipanganak** muli.

Ipinapakita ni Nicodemo ang nakasulat sa 1 Corinto 2:14. Sinasabi sa talatang iyon na "ang taong hindi ayon sa espiritu ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos, sapagkat ang mga iyon ay kahangalan sa kanya at hindi niya nauunawaan, sapagkat ang mga iyon ay nauunawaan sa pamamagitan ng espiritu."

**3:5** Bilang karagdagang pagpapaliwanag, sinabi ni Jesus kay Nicodemo na dapat siyang **ipanganak ng tubig at ng Espiritu**. Kung hindi ay hindi siya **makakapasok sa kaharian ng Diyos**.

Ano ang ibig sabihin dito ni Jesus? Pinipilit ng marami na ang *literal* na tubig ay kailangan, at sinasabi raw ng Panginoong Jesus ang pangangailangan ng bautismo para sa kaligtasan. Pero, salungat ang katuruang ito sa ibang bahagi ng Biblia. Mababasa natin sa buong Biblia na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo lamang. Kailangan ang bautismo para sa mga taong ligtas, pero hindi ito kaparaanan sa kaligtasan

Sinasabi ng marami na ang **tubig** sa talatang ito ay tumutukoy sa Salita ng Diyos. Sa Efeso 5:25, 26, malapit na iniuugnay ang tubig sa Salita ng Diyos. Pati sa 1 Pedro 1:23 at Santiago 1:18, sinasabing ang bagong kapanganakan ay mangyayari sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Samakatuwid, tila posible na ang tubig sa talatang ito ay ang Biblia. Alam natin na walang kaligtasang hiwalay sa Banal na Kasulatan. Mensahe ito na nakapaloob sa Salita ng Diyos na dapat tanggapin ng isang makasalanan bago tuluyang magkaroon ng bagong kapanganakan.

Pero maaari ding tumukoy ang **tubig** sa Banal na Espiritu. Sa Juan 7:38, 39, nabanggit ng Panginoong Jesus ang mga ilog ng tubig ng buhay. Malinaw na sinasabi sa atin na nang gamitin Niya ang salitang *tubig* ay tinutukoy Niya ang Banal na Espiritu. Kung ang

ibig sabihin ng tubig sa kabanatang 7 ay Espiritu, bakit hindi ito maaaring magkaroon ng katulad na kahulugan sa kabanatang 3?

Pero, maaaring magkaroon ng problema kapag ang pagpapaliwanag na ito ay tinanggap. Sinabi ni Jesus na **"Malibang ang isang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos."** Kung **Espiritu** ang *ibig sabihin* ng **tubig**, lalabas ngayon na dalawang beses na binanggit ang Espiritu sa talatang ito. Pero ang salitang isinalin na "at" ay maaaring tamang isalin rin na "gayundin." Kung ganito man, maaaring mabasa ang talata na: **Malibang ang isang tao'y ipanganak ng tubig,** *gayundin* **ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos.** Naniniwala tayo na ito ang tamang kahulugan ng talata. Hindi sapat ang kapanganakang pisikal.[8] Dapat din ay may kapanganakang espirituwal kung ang isang tao ay **papasok sa kaharian ng Diyos.** Nangyayari ang kapanganakang espirituwal sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ng Diyos kapag ang tao ay naniwala sa Panginoong Jesu-Cristo. Sinusuportahan ang interpretasyong ito ng katotohanang ang pahayag na "ipinanganak ng Espiritu" ay makikita ng dalawang beses sa sumusunod na mga talata (tt. 6,8).

**3:6** Kahit pa may paraan para maaaring pumasok ulit si Nicodemo sa tiyan ng kanyang ina at ipanganak siyang muli, hindi niyon maitatama ang makasalanang kalikasang nasa kanya. Ang pahayag na **ang ipinanganak ng laman ay laman** ay nangangahulugang ang mga batang ipinanganak ng kanilang mga magulang ay ipinanganak sa kasalanan. Sila ay walang pag-asa at walang kakayahan kung ang pag-uusapan ay ang pagliligtas ng kanilang sarili. Sa kabilang banda, **ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.** Nangyayari ang kapanganakang espirituwal kapag ang tao ay naniwala sa Panginoong Jesus. Kapag ang tao ay ipinanganak muli sa pamamagitan ng Espiritu, tumatanggap siya ng bagong kalikasan, at siya ay nagiging marapat sa kaharian ng Diyos.

**3:7** **Hindi** dapat **magtaka** si Nicodemo sa mga turo ng ating Panginoong Jesus. Dapat niyang maisip na ang isang tao ay **kailangang ipanganak na muli**. Dapat unawain nang lubos na walang kakayahan ang kalikasan ng tao para solusyunan ang sarili nitong lugmok na kondisyon. Dapat niyang malaman na para maging alagad ng kaharian ng Diyos, ang isang tao ay dapat maging banal, malinis, at espirituwal.

**3:8** Gaya ng lagi Niyang ginagawa, ginamit ng Panginoong Jesus ang kalikasan para ipakita ang katotohanang espirituwal. Pinaalala Niya kay Nicodemo na **umiihip ang hangin kung saan nito ibig,** at **naririnig** ng tao **ang ugong nito, ngunit hindi nalalaman kung saan ito nanggagaling at kung saan tutungo.** Katulad na katulad ng bagong pagsilang ang pag-ihip ng **hangin.** Una sa lahat, nangyayari ito base sa kalooban ng Diyos. Hindi ito kapangyarihan na hawak ng tao. Pangalawa, hindi nakikita ang bagong kapanganakan. Hindi mo ito nakikita na nangyayari, pero nakikita mo ang mga resulta nito sa buhay ng isang tao. Kapag naligtas na ang isang tao, may pagbabagong dumarating sa kanya. Kinamumuhian na niya ngayon ang masasamang mga bagay na noon ay gusto niya. Ang mga tanging bagay na gusto niya ngayon ay ang mga bagay tungkol sa Diyos na dati ay kinasusuklaman niya. Ang bagong pagsilang ay himala ng Espiritu ng Diyos na hindi nauunawaang lubos ng tao gaya nang hindi niya lubos na maunawaan ang hangin. Bukod doon, gaya ng **hangin**, ang bagong pagsilang ay hindi mahuhulaan. Imposible na sabihan kung kailan at **saan** ito mangyayari.

**3:9** Muling ipinakita ni **Nicodemo** ang kawalan ng kakayahan ng isipang hindi espirituwal na unawain ang mga bagay na maka-Diyos. Halatang pilit pa rin niyang iniisip ang bagong pagsilang bilang isang natural o pisikal na pangyayari, sa halip na espirituwal. Kaya tinanong niya ang Panginoong Jesus, **"Paanong mangyayari ang mga bagay na ito?"**

**3:10** **Sumagot** si Jesus na dapat nauunawaan ni Nicodemo ang **mga bagay** na ito bilang **isang guro ng Israel**. Malinaw na itinuturo ng Kasulatan ng LT na kapag bumalik na ang Mesias sa mundo para itayo ang Kanyang kaharian ay una Niyang huhusgahan ang Kanyang mga kaaway at wawasakin ang mga bagay na masama. Tanging ang mga nagpahayag at tinalikuran ang kanilang mga kasalanan ang makakapasok sa kaharian.

**3:11** Binigyang diin ngayon ng Panginoong Jesus na ang Kanyang turo ay hindi nagkakamali, pero hindi pa rin ito pinaniniwalaan ng tao hanggang ngayon. Mula pa sa walang-hanggan ay alam na Niya ang katotohanang ito at itinuro lamang Niya kung ano Kanyang nalalaman at **nakita.** Pero hindi pa rin pinaniwalaan ito ni Nicodemo at ng maraming Judio noong kapanahunan niya.

**3:12** Ano ang **mga bagay na makalupa** na pinatutungkulan ng Panginoon sa talatang ito? Ito ay ang Kanyang kaharian sa **lupa.** Bilang estudyante ng LT, alam ni Nicodemo na isang araw ay darating at itatayo ng Mesias ang literal na kaharian dito sa lupa at Jerusalem ang kabisera nito. Ang hindi naunawaan ni Nicodemo ay paanong makakapasok sa kaharian ang isang taong dapat isilang muli. Ano naman ang **mga bagay na makalangit** na tinutukoy ng Panginoon dito? Ito ang mga katotohanan na ipinaliwanag sa sumusunod na mga talata − ang pinapahalagahan nating paraan kung paano tinatanggap ang bagong pagsilang.

**3:13** Tanging isang tao lamang ang puwedeng magsalita tungkol sa mga bagay na makalangit, dahil Siya lamang ang Tanging **galing sa langit**. Ang Panginoong Jesus ay hindi lamang isang guro na mula sa Diyos. Siya ang Tanging kasama ng Diyos Ama mula sa walang hanggan, at Siya ay **bumaba** sa mundo. Nang sabihin Niyang **wala pang umakyat sa langit,** hindi Niya sinasabing ang mga banal gaya nina Enoc at Elias sa LT ay hindi nakarating sa langit. Ang sinasabi Niya ay sila ay *kinuha lamang* samantalang Siya ay **umakyat sa langit** sa pamamagitan ng Kanyang sariling kapangyarihan. Ang isa pang paliwanag ay walang taong patuloy na direktang nakakalapit sa presensiya ng Diyos gaya ng paraang mayroon Siya. Kaya Niyang umakyat sa tahanan ng Diyos sa natatanging paraan dahil galing Siya sa langit nang bumaba Siya sa mundo. Kahit na nakatayo sa lupa ang Panginoong Jesus at nakikipag-usap kay Nicodemo, sinabi Niya na Siya ay **galing sa langit.** Paano ito nangyari? Narito ang kapahayagan ng katotohanan na bilang Diyos, ang Panginoon ay nasa lahat ng lugar sa anumang sandali. Ito ang ibig sabihin natin kapag sinabi nating Siya ay *omnipresent*. Kahit na inaalis ng ibang bagong salin ng Biblia ang mga salitang **galing sa langit,** ang mga ito ay malawak na pinatototohanan ng mga manuskrito at dapat na kasama sa teksto.

**3:14** Ngayon ay may ipapaliwanag na katotohanang panlangit si Jesus kay Nicodemo. Paano nangyayari ang bagong kapanganakan? Ang kabayaran ng kasalanan ay dapat na matugunan. Hindi makakapasok sa langit ang isang taong may kasalanan. At **kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang** tansong **ahas** sa poste nang ang mga Israelita ay kinagat ng mga ahas, **kailangan din namang itaas ang Anak ng Tao**. (Basahin ang Mga Bilang 21:4−9). Nang sila ay nagpalibut-libot sa ilang patungo sa lupang pangako, ang mga Israelita ay pinanghinaan ng loob at naging bugnutin. Nagreklamo sila sa Panginoon. Para parusahan

sila, nagpadala ang Panginoon ng makakamandag na mga ahas. Maraming tao ang namatay. Nang humingi sila ng tawad sa Panginoon. Inutusan ng Panginoon si Moises na gumawa ng **ahas** na yari sa tanso. Inilagay niya ito sa tuktok ng isang poste. Ang Israelitang natuklaw ay hindi mamamatay kung titingin siya sa ahas.

Binanggit ni Jesus ang pangyayaring ito sa LT para ipakita kung paano nagaganap ang bagong pagsilang. Natuklaw ng ahas ng kasalanan ang mga tao at isinumpa sa walang hanggang kamatayan. Ang ahas na yari sa tanso ay isang larawan ng Panginoong Jesus. Sa Biblia, ang tanso ay tumutukoy sa paghuhukom. Walang kasalanan at hindi kailanman dapat na maparusahan ang Panginoong Jesus. Pero inako Niya ang parusa na nararapat sa atin. Tinutukoy ng posteng pinaglagyan ng ahas na tanso ang krus ng Kalbaryo kung saan itinaas ang Panginoong Jesus. Naligtas tayo sa pamamagitan ng pagtingin sa Kanya sa pananampalataya.

**3:15** Hindi nagkasala si Cristo, pero para sa atin, itinuring Siya na makasalanan. Si Cristo na walang kasalanan ay nagsakripisyo para magkaroon tayo ng katuwiran sa harap ng Diyos. **Ang sinumang sumampalataya sa** Panginoong Jesu-Cristo ay magkakaroon ng **buhay na walang hanggan** at ito ay isang libreng regalo.

**3:16** Hindi maikakaila na isa ito sa pinakakilalang talata sa Biblia dahil ipinapahayag nito nang malinaw at simple ang ebanghelyo. Ibinubuod nito kung ano ang itinuturo ng Panginoong Jesus kay Nicodemo tungkol sa paraan kung paano matatanggap ang bagong pagsilang. Mababasa natin, **gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan.** Ang tinutukoy na **sanlibutan** dito ay ang sangkatauhan. Hindi mahal ng Diyos ang mga kasalanan ng mga tao o ang nakakasuklam na sistema ng mundo. Pero mahal Niya ang Kanyang mga nilikha at ayaw Niya na ang sinuman ay mapahamak.

Ipinakita ang lawak ng Kanyang pagmamahal sa katotohanang **ibinigay Niya ang Kanyang tanging Anak.** Wala Siyang ibang Anak na katulad ng Panginoong Jesus. Ito ay kapahayagan ng Kanyang walang hanggang pag-ibig. Maluwag sa kalooban ng Diyos na ibigay ang **Kanyang** natatanging **Anak** para sa makasalanang sangkatauhan. *Hindi* nito sinasabing ang lahat ay ligtas. Dapat tanggapin ng isang tao kung ano ang ginawa ni Cristo para sa kanya bago siya bigyan ng Diyos ng buhay na walang hanggan. Dahil doon, idinagdag ang mga salitang, **"upang ang sinumang sa**

**Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak."** Hindi kailangang mapahamak ang sinuman. Ibinigay ang paraan kung paano maaaring maligtas, pero dapat kilalanin muna ng isang tao ang Panginoong Jesu-Cristo bilang personal na Tagapagligtas at Panginoon. Kapag ginawa niya ito, magkakaroon siya ng **buhay** na walang hanggan na pag-aari na niya sa oras na iyon. Sinabi ni Boreham:

> Kapag naunawaan ng iglesya ang pag-ibig kung paanong inibig ng Diyos ang mundo, siya ay hindi makukuntento at hindi titigil, hanggang ang lahat ng mga magigiting na kaharian ay mabihag, hanggang pati ang mumunting mga isla ay ariin.[9]

**3:17** Ang Diyos ay hindi isang malupit at walang-awang pinuno na gustong ibuhos ang Kanyang galit sa sangkatauhan. Puspos ang Kanyang puso ng pagmamahal sa tao. Ang pagmamahal Niyang ito ay nagkaloob ng kabayaran sa kasalanan para mailigtas Niya lamang ang mga tao. Maaari Niyang **suguin ang Kanyang Anak sa sanlibutan upang hatulan ito**, pero **hindi** Niya ito ginawa. Sa halip, sinugo Niya si Cristo rito para magdusa, maghirap, at mamatay para **ang sanlibutan ay maligtas sa pamamagitan Niya**. Ang ginawa ng Panginoong Jesus sa krus ay may napakalaking halaga kaya naman ang lahat ng mga makasalanan sa lahat ng dako ay maaaring maligtas kung tatanggapin Siya.

**3:18** Nahahati ngayon ang sangkatauhan sa dalawang klase ng tao: mananampalataya o hindi mananampalataya. Matutukoy ang patutunguhan natin sa walang hanggan batay sa ating pagtingin sa Anak ng Diyos. Ang sinumang sumasampalataya sa Tagapagligtas **ay hindi hinahatulan, ngunit ang hindi** sumasampalataya ay **hinatulan na**. Tinapos na ng Panginoong Jesus ang gawain ng kaligtasan. Nasa bawat tao na ngayon ang pagdedesisyon kung tatanggapin ba niya o tatanggihan ang inaalok Niyang kaligtasan. Isang nakakatakot na bagay ang tumanggi sa regalo ng pag-ibig na ito. Kung hindi maniniwala ang isang tao sa Panginoong Jesus, wala nang magagawa ang Diyos kundi ang hatulan siya.

Ang pagsampalataya sa **pangalan** ni Jesus ay katulad din ng pagsampalataya sa *Kanya*. Sa Biblia, ang pangalan ay tumutukoy sa tao. Kapag sumasampalataya ka sa **pangalan** ni Jesus, sumasampalataya ka na rin sa Kanya.

**3:19** Si Jesus **ang ilaw** na naparito **sa sanlibutan.** Siya ang walang sala at walang dungis na Kordero ng Diyos. Namatay Siya para sa kasalanan ng sanlibutan. Pero minahal ba Siya ng tao dahil dito? Hindi. Sa halip, minasama pa nila si Cristo. Hindi nila tinanggap si Jesus dahil mas gusto nilang mamuhay sa kanilang mga kasalanan kaysa Siya ay maging Tagapagligtas nila. Kung paanong ang ilang mga hayop sa dilim ay takot sa ilaw, gayon din naman, ang mga makasalanang tao ay tumatakas sa presensiya ni Cristo.

**3:20** Ang mga taong umiibig sa kasalanan ay napopoot **sa ilaw**, dahil nilalantad ng ilaw ang kanilang pagiging makasalanan. Nang si Jesus ay narito sa mundo, hindi komportable ang mga makasalanan kapag Siya ay naroon dahil ipinapakita Niya ang kanilang hindi magandang katangian kapag nahahambing sa Kanyang kabanalan. Ang pinakamagandang paraan para makita ang pagiging baluktot ng isang patpat ay kapag itinabi ito sa isang tuwid na patpat. Dahil Perpektong Tao Siya nang pumunta rito sa mundo, ipinakita ng Panginoong Jesus ang kasamaan ng mga tao sa mga sandaling sila ay nahahambing sa Kanya.

**3:21** Kung ang isang tao ay tunay na tapat sa harapan ng Diyos, lalapit siya **sa ilaw**. Ang ilaw ay ang Panginoong Jesus. Uunawain ni Jesus ang pagiging walang halaga at pagiging makasalanan ng isang tao. Pagkatapos ay ipagkakatiwala ng taong ito ang kanyang sarili sa Tagapagligtas, at siya ay maipapanganak muli sa pamamagitan ng pananampalataya niya kay Cristo.

**I. Ang Ministeryo ni Juan Bautista sa Judea (3:22–36)**

**3:22** Inilarawan ng unang bahagi ng kabanatang ito ang patotoo ng Panginoong Jesus sa lunsod ng Jerusalem. Mula sa talatang ito hanggang sa katapusan ng kabanata, inilarawan ni Juan na sumulat ng Ebanghelyong ito ang ministeryo ni Cristo sa **Judea**. Walang dudang ipinagpatuloy ni Jesus ang pagpapahayag ng mabuting balita ng kaligtasan. Pagkatapos lumapit ng mga tao kay Jesus, sila ay **nagpabautismo**. Lumalabas sa talatang ito na parang si Jesus mismo ang nagbabautismo. Pero malalaman natin sa Juan 4:2 na ito ay ginawa ng Kanyang mga alagad.

**3:23** Ang **Juan** na tinutukoy sa talatang ito ay si Juan Bautista. Patuloy siyang nagpapahayag ng mensahe ng pagsisisi sa rehiyon ng Judea at binabautismuhan niya ang mga Judiong gustong magsisi bilang paghahanda sa pagdating ng Mesias. **Nagbabautismo rin si Juan sa Enon…sapagkat doo'y maraming**

**tubig**. Hindi nito napapatunayan na ang pagbabautismo niya ay sa pamamagitan ng paglulubog, pero tiyak na ito ang ipinapahiwatig nito. Kung nagbabaustismo siya sa pamamagitan ng pagwisik o pagbuhos, hindi kakailanganin ng **maraming tubig**.

**3:24** Ang talatang ito ay ibinigay bilang paliwanag sa patuloy na ministeryo ni Juan at ang patuloy na tugon ng mga relihiyosong Judio rito. Di magtatagal, **ipapasok** si **Juan sa bilangguan** at pupugutan ng ulo dahil sa kanyang matapat na patotoo.

**3:25** Malinaw sa talatang ito na ang **mga alagad ni Juan** ay **nakipagtalo** sa mga **Judio tungkol sa paglilinis**. Ano ang ibig sabihin nito? Marahil na ang **paglilinis** na tinutukoy rito ay ang bautismo. Ang pagtatalo ay tungkol sa kung ang bautismo ba ni Juan ay mas mabuti kaysa kay Jesus. Aling bautismo ang mas may dakilang kapangyarihan? Alin ang mas mahalaga? Siguro ang **mga alagad ni Juan** ay nagsabi na walang bautismo ang mas hihigit pa sa bautismo ng kanilang guro. Siguro ay sinusubukan ng mga Fariseo na pagselosin ang mga alagad ni Juan sa kasalukuyang kasikatan ni Jesus.

**3:26** **Sila'y lumapit kay Juan** para hingan ng desisyon. Tila sinasabi nila sa kanya, "Kung ang bautismo mo ay mas higit, bakit iniwan ka na ng maraming tao at pumupunta na kay Jesus?" (Ang pahayag na **"iyong kasama mo sa kabila ng Jordan"** ay tumutukoy kay Cristo). Nagpatotoo si Juan sa Panginoong Jesus. Bilang resulta ng patotoong ito, marami sa alagad ni Juan ang iniwan siya at nagsimula nang sumunod kay Jesus.

**3:27** Kung ang sagot ni Juan ay tumutukoy sa Panginoong Jesus, ang ibig sabihin nito ay ang anumang tagumpay na tinanggap ng Tagapagligtas ay isang indikasyon na sang-ayon ang Diyos sa Kanya. Kung tinutukoy ni Juan Bautista ang kanyang sarili, sinasabi niyang kailanman ay hindi siya nagkunwaring siya ay isang dakila o importanteng tao. Kailanman ay hindi niya ipinahayag na ang kanyang bautismo ay higit kaysa kay Jesus. Tuwirang sinasabi niya na wala siyang anumang ipinapangaral maliban sa kung ano ang kanyang tinanggap **mula sa langit**. Ito ay totoo sa ating lahat, at walang anumang dahilan para tayo ay magmataas o pataasin ang tingin sa atin ng tao.

**3:28** Ipinaalala ni Juan sa kanyang mga alagad ang kanyang paulit-ulit na itinuturo na **hindi** siya **ang Cristo**, **kundi** siya ay

**sinugo** lamang para ihanda ang daan para sa Mesias. Bakit sila magtatalo dahil sa kanya? Bakit kailangan nilang maghangad na bumuo ng hidwaan para sa kanya? Hindi si Juan ang importante. Dinadala lamang niya ang mga tao sa Panginoong Jesus.

**3:29** Ang Panginoong Jesu-Cristo **ang lalaking ikakasal**. **Kaibigan** lamang **ng lalaking ikakasal** si Juan Bautista. Kumbaga ay "abay". **Ang babaing ikakasal** ay hindi pag-aari ng kaibigan ng lalaking ikakasal, kundi sa **lalaking ikakasal** mismo. Kaya naman, mas akma na sundin ng mga tao si Jesus kaysa kay Juan. Ginamit ang **babaing ikakasal** dito na tumutukoy sa lahat ng mga magiging alagad ng Panginoong Jesus. Sa LT, tinukoy ang Israel na asawa ni Jehovah. Sa BT, ang mga miyembro ng iglesya ni Cristo ay inilarawan bilang babaing ikakasal. Pero dito sa Ebanghelyo ni Juan, ginamit ang salita sa malawak na paraan kung saan ang tinutukoy ay ang mga umiwan kay Juan Baustista nang dumating na ang Mesias. Hindi ito ang Israel o ang iglesya. Hindi ikinalungkot ni Juan nang mawalan siya ng mga alagad. Isang malaking kagalakan para sa kanya ang marinig ang **tinig ng lalaking ikakasal.** Nasisiyahan siya na natanggap ni Jesus ang lahat ng atensyon. Naging **ganap na** ang kanyang **kagalakan** nang purihin at parangalan ng mga tao si Jesus.

**3:30** Ang buong layunin ng ministeryo ni Juan ay nasaad sa talatang ito. Walang tigil siyang nagpagod para dalhin ang mga tao sa Panginoon, at ipaalam sa kanila ang Kanyang tunay na halaga. Sa ginawa niyang ito, naintindihan ni Juan na dapat siyang manatili sa likuran. Ang totoo, isang anyo ng hindi pagiging tapat ang maghangad ang isang lingkod ni Cristo na siya ang mapansin at mapahalagahan sa halip na si Cristo.

Pansinin natin ang tatlong "kailangan" sa kabanatang ito: para sa *Makasalanan* (3:7); para sa *Tagapagligtas* (3:14); at para sa *Banal* (3:30).

**3:31** Si Jesus ang Taong **nanggagaling sa itaas ay mataas sa lahat**. Ang layunin ng pahayag na ito ay ang ipakita na nagmula Siya sa langit at mayroon Siyang napakataas na posisyon. Para patunayan ang sarili niyang kababaan, sinabi ni Juan Bautista na siya ay **galing sa lupa** at **taga-lupa nga, at nagsasalita tungkol sa mga bagay sa lupa**. Ang ibig sabihin nito ay kung tungkol sa kanyang kapanganakan, ipinanganak siyang ordinaryong tao ng kanyang mga magulang. Wala siyang makalangit na ranggo. Wala rin siyang awtoridad na magsalita na gaya ng Anak ng Diyos. Mas mababa siya

sa Panginoong Jesus dahil **ang nanggaling sa langit ay mataas sa lahat**. Si Cristo ang pinakamakapangyarihan sa buong nilalang. Dapat lamang talaga na sundin si Jesus ng mga tao higit sa Kanyang mensahero.

**3:32** Nang nagsalita ang Panginoon, nagsalita Siya ng may awtoridad. Sinabi Niya sa mga tao ang Kanyang **nakita** at **narinig**. Hindi Siya puwedeng magkamali o mandaya. Pero ang nakakapagtaka, **walang taong tumatanggap ng Kanyang patotoo**. Ang pahayag na **walang tao** ay hindi dapat tanggapin na wala ngang kahit isang tao. May mga taong tumanggap ng mga salita ng Panginoong Jesus. Pero, tinutukoy ni Juan ang sangkatauhan sa pangkalahatan. Sinasabi niya na ang mga turo ng Tagapagligtas ay tinanggihan ng karamihan. Si Jesus ang Taong bumaba mula sa langit. Pero kung tutuusin, kaunti lamang ang gustong makinig sa Kanya.

**3:33** Ipinakita ng talatang 33 ang ilang taong tumanggap ng mga salita ng Panginoon bilang mga salita mismo ng Diyos. **Pinatunayan** nila **na ang Diyos ay totoo** sa pamamagitan ng kanilang pagtanggap. Kapag tinatanggap ng tao ang mensahe ng ebanghelyo, pumapanig sila sa Diyos. Kalaban na nila ang kanilang mga sarili at ang sangkatauhan. Naisip nila na kapag nagsalita ang **Diyos**, tiyak na **totoo** ito. Pansinin kung gaano kalinaw na itinuturo sa talatang 33 ang pagka-Diyos ni Cristo. Sinasabi nito na ang tumatanggap ng **patotoo** ni Cristo ay nagpapatunay **na ang Diyos ay totoo**. Isa itong paraan ng pagsasabing ang patotoo ni Cristo ay ang patotoo ng *Diyos*, at ang tumanggap kay Cristo ay tumatanggap din sa Diyos.

**3:34** Si Jesus ang **sinugo ng Diyos**. **Nagsasalita** Siya **ng mga salita ng Diyos**. Para suportahan ang pahayag na ito, sinabi ni Juan na **hindi sinusukat ng Diyos ang pagbibigay Niya ng Espiritu**. Hinirang si Cristo ng Banal na Espiritu ng Diyos sa paraang hindi katulad sa ibang tao. Namamalayan ng iba ang tulong ng Banal na Espiritu sa kanilang ministeryo. Pero kailanman ay walang ministeryong kasing puspos ng Espiritu na kagaya ng sa Anak ng Diyos. Nakakatanggap ang mga propeta ng bahagyang pahayag mula sa Diyos. Pero "ipinahayag ng Espiritu kay Cristo at sa pamamagitan Niya ang natatanging karunungan at walang hanggang pag-ibig ng Diyos."

**3:35** Ito ang isa sa pitong ulit na sinasabi sa atin ng Ebanghelyong ito na **minamahal ng Ama ang Anak**. Ang pag-ibig na ito ay ipinakita rito sa pamamagitan ng pagbigay sa Kanya ng kapamahalaan sa **lahat ng mga bagay**. Kasama sa kapamahalaang lubos na hawak ng Tagapagligtas ay ang kahahantungan ng mga tao, gaya ng ipinaliwanag sa talatang 36.

**3:36** Binigyan ng Diyos si Cristo ng kapangyarihan na magkaloob ng **buhay na walang hanggan** sa lahat ng sumampalataya sa Kanya. Isa ito sa pinakamalinaw na talata sa buong Biblia kung paano maliligtas ang isang tao. Ito ay *sa pamamagitan lamang ng pagsampalataya* **sa Anak**. Gaya ng nababasa natin sa talatang ito, dapat maintindihan natin na ang Diyos ang nagsasalita. Gumagawa Siya ng isang pangako na totoong matutupad. Sinasabi Niya nang malinaw at tiyak na **ang sinumang sumampalataya** sa Kanyang **Anak ay may buhay na walang hanggan**. Hindi paglukso sa dilim ang pagtanggap ng pangakong ito. Ito ay pananampalataya lamang sa isang bagay na tunay at totoo. Ang mga taong **hindi** sumusunod **sa Anak** ng Diyos **ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Diyos ay nananatili sa kanya**. Malalaman natin sa talatang ito na ang ating walang hanggang kalalagyan ay nakabatay sa kung ano ang gagawin natin sa **Anak** ng Diyos. Kung tatanggapin natin Siya, bibigyan tayo ng Diyos ng **buhay** na walang hanggan bilang libreng regalo. Kung tatanggihan natin Siya, hindi natin matatamasa ang **buhay** na walang hanggan. At hindi lamang ito, kundi ang **poot** ng Diyos ay mararanasan natin, at ang Kanyang galit ay handang bumagsak sa atin anumang sandali.

Mapapansin nating wala sa talatang ito ang tungkol sa pagsunod sa kautusan, pagsunod sa *Golden Rule*, pagsimba, paggawa ng mabuti sa abot ng ating makakaya, o paggawa ng sarili nating paraan para makapunta sa langit.

### J. Ang Pagsampalataya ng isang Babae Samaritana (4:1−30)

**4:1,2 Nabalitaan ng mga Fariseo na si Jesus** ay nagbabaustismo ng **mas maraming alagad kaysa kay Juan** at ang kasikatan ni Juan ay maliwanag na nababawasan. Siguro ay sinubukan nilang gamitin ang katotohanang ito para bumuo ng pagseselos at pagtatalo sa pagitan ng mga alagad ni Juan at ng Panginoong Jesus. Ang totoo, **hindi si Jesus** mismo ang nagbabautismo. Ito ay ginawa ng **Kanyang mga alagad**.

Gayunman, nabautismuhan ang mga tao bilang tagasunod o alagad ng Panginoon.

**4:3** Sa pag-alis Niya sa **Judea** patungong **Galilea**, napigilan ni Jesus ang tangka ng mga Fariseo na gumawa ng dibisyon. Pero may iba pang halaga ang talatang ito. Ang **Judea** ang punong himpilan ng relihiyon ng mga Judio, samantalang ang **Galilea** naman ay kilalang lugar kung saan mayroong mas maraming mga Hentil. Napansin ng Panginoong Jesus na inaayawan na Siya ng mga pinuno ng mga Judio pati na ang Kanyang mensahe, kaya dinala Niya ang mensahe ng kaligtasan sa mga Hentil.

**4:4** Madadaanan ang **Samaria** kung maglalakbay galing Judea patungong Galilea. Pero iilang Judio lamang ang dumadaan sa direktang rutang ito. Lubos na hinahamak ng mga Judio ang rehiyon ng Samaria kaya malimit na dumadaan sila sa paliguy-ligoy na ruta ng Perea para makarating sa hilaga patungong Galilea. Kaya naman, nang sabihing **kailangan** ni Jesus **na dumaan sa Samaria**, hindi Siya napilitang dumaan dito dahil hinihingi ng pagkakataon, kundi dahil sa katotohanang may isang nangangailangang kaluluwa sa **Samaria** na kaya Niyang tulungan.

**4:5** Sa paglalakbay Niya sa **Samaria**, nakarating ang Panginoong Jesus sa maliit na bayan na **tinatawag na Sicar**. Hindi malayo sa bayan na iyon ang **bahagi ng lupang** ibinigay **ni Jacob kay Jose na kanyang anak** (Gen. 48:22). Habang naglalakbay si Jesus sa teritoryong iyon, maaaring nasa isipan Niya ang lahat ng pangyayari sa kasaysayan ng lugar na ito.

**4:6** At naroon ang **balon ni Jacob**. Makikita pa rin hanggang sa ngayon ang balong ito, bilang isa sa ilang lugar sa Biblia na matutukoy pa rin hanggang ngayon.

**Noon ay malapit** nang magtanghaling tapat (sa oras ng mga Judio) o ika-6 ng hapon (sa oras ng mga Romano) nang makarating si **Jesus** sa balon. **Napagod** Siya sa mahabang paglalakbay kaya **naupo** Siya **sa tabi ng balon**. Kahit si Jesus ay ang Diyos Anak, tao din Siya. Bilang Diyos, hindi Siya kailanman mapapagod. Pero bilang tao ay nakaramdam Siya ng pagod. Mahirap unawain ang mga bagay na ito. Pero kailanman ay mahirap maunawaan ng mortal na tao ang Persona ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Ang katotohanang ang Diyos ay pumarito sa daigdig at namuhay bilang

Tao sa piling ng mga tao ay isang hiwaga na hindi kayang abutin ng pag-iisip.

**4:7** Habang si Jesus ay nakaupo sa may balon, **dumating ang isang babae** mula sa bayan para **umigib ng tubig**. Gaya ng sinasabi ng ilang mga iskolar, kung tanghali iyon, hindi karaniwan sa mga babae na pumunta sa balon para umigib. Ito ang pinakamainit na oras ng araw. Pero ang babaeng ito ay isang makasalanang imoral. Kaya siguro pinili niya ang oras na ito ay para hindi siya mapahiya dahil alam niyang walang ibang babae ang pupunta roon para makita siya. Siyempre, alam ng Panginoong Jesus sa simula pa lamang na pupunta siya sa balon sa ganoong oras. Alam ni Jesus na ang babae ay isang kaluluwang nangangailangan, kaya naman determinado Siyang tagpuin at iligtas ang babae sa kanyang makasalanang buhay.

Sa talatang ito, makikita natin ang pagkilos ng ekspertong Manliligtas ng Kaluluwa. Dapat nating pag-aralan ang paraang ginamit ni Jesus para iparamdam sa babaeng ito ang kanyang pangangailangan at ialok ang sagot sa kanyang problema. Nagsalita lamang ang Panginoon sa babae ng pitong ulit. Nagsalita rin naman ang babae ng pitong ulit − anim na beses sa Panginoon at isa sa mga tao sa lunsod. Siguro kung tayo ang nakipag-usap sa Panginoon gaya ng ginawa ng babae, maaaring magtatagumpay din tayo sa ating patotoo gaya ng kausapin niya ang mga tao sa lunsod. Sinimulan ni Jesus ang pag-uusap nila sa pamamagitan ng paghingi ng isang pabor. Dahil pagod Siya sa Kanyang paglalakbay, **sinabi** Niya **sa kanya, "Bigyan mo ako ng inumin."**

**4:8** Ipinapaliwanag ng talatang 8 kung bakit, sa pananaw ng tao, ay kailangang humingi ang Panginoon sa kanya ng maiinom. **Pumunta sa lunsod** ng Sicar ang kanyang mga alagad para **bumili** ng **pagkain**. Karaniwang nagdadala sila ng timba para panalok ng tubig, pero dinala nila ang mga ito papunta sa bayan. Kaya naman walang magagamit ang Panginoon para makakuha Siya ng tubig mula sa balon.

**4:9** Nakilala ng babae na si Jesus ay **isang Judio.** Namangha ang babaeng **Samaritana** na makikipag-usap si Jesus sa kanya. Itinuturing ng mga Samaritano na sila ay mula sa angkan ni Jacob, at kinikilala nila ang kanilang mga sarili bilang tunay na mga Israelita. Ang totoo, sila ay mula sa pinaghalong angkan ng Judio at pagano. Ang Bundok ng Gerizim ang ginawa nilang opisyal na lugar ng kanilang pananambahan. Ang bundok na ito ay nasa Samaria, at ito

ay malinaw na nakikita ng Panginoon at ng babae habang sila ay nag-uusap. May malalim na pagkamuhi ang mga Judio sa mga Samaritano. Sila ay itinuturing nilang mestiso. Kaya naman sinabi ng babaeng ito sa Panginoong Jesus**, "Paanong nangyari na ikaw na isang Judio, ay humihingi ng maiinom sa akin na isang babaeng Samaritana?"** Hindi niya naisip na ang kausap niya ay ang kanyang sariling Manlilikha, at ang pag-ibig Niya ay mas higit kaysa sa anumang pagtatangi ng tao.

**4: 10, 11** Pinukaw ng Panginoon ang interes at pagkamausisa ng babae sa pamamagitan ng paghingi ng isang pabor. Lalo Niyang pinukaw ito sa pamamagitan ng pagtukoy sa Kanyang sarili bilang Diyos at Tao. Una sa lahat, Siya ang **kaloob ng Diyos** − ang Taong ipinagkaloob ng **Diyos** para maging Tagapagligtas ng sanlibutan, ang Kanyang bugtong na Anak. Pero Siya rin ay Tao − Siya ay humingi ng **inumin** dahil sa pagod sa paglalakbay. Sa ibang salita, kung nalalalaman lamang ng babae na ang Taong kinakausap niya ay ang Diyos na nagkatawang-tao, **hihingi** siya kay Jesus ng biyaya, **at bibigyan Niya** siya ng **tubig na buhay**. Ang naiisip lamang ng babae ay ang *literal* na tubig at ang imposibilidad na maka-igib si Jesus dahil wala Siyang panalok ng tubig. Lubos na hindi niya nakilala ang Panginoon, at hindi niya naunawaan ang Kanyang mga salita.

**4:12** Lalo siyang naguluhan nang maisip niya ang kanilang amang si **Jacob**, **na** nagbigay sa kanila ng **balong** ito. Ginamit ito ni Jacob at uminom **siya** rito**, pati ang kanyang mga anak, at ang kanyang mga hayop**. Narito ngayon ang isang pagod na manlalakbay, pagkalipas ng maraming siglo, na humihingi ng tubig mula sa balon ni Jacob at nagsasabi pa na kaya Niyang magbigay ng mas mabuting tubig kaysa sa ibinigay ni Jacob. Kung mayroon Siyang mas mabuting tubig, bakit humihingi pa Siya ng tubig mula sa balon ni Jacob?

**4:13** Kaya sinimulang ipaliwanag ng Panginoon ang pagkakaiba ng literal na tubig ng balon ni Jacob at ang tubig na Kanyang inaalok. **Ang bawat** uminom **ng tubig na ito** ay **muling mauuhaw**. Siyempre naiintindihan ito ng babaeng Samaritana. Araw-araw siyang umiigib sa balong ito. Ang kanyang pagangailangan ay hindi lubusang natutugunan kahit kailan. Gayon din naman sa mga balon ng mundong ito. Hinahanap ng mga tao ang kasiyahan at kaluguran sa makamundong mga bagay. Pero ang mga bagay na ito ay hindi makakapawi ng uhaw ng puso ng tao. Gaya ng

sinabi ni Augustine sa kanyang *Confessions*, "O Panginoon, nilikha Mo kami para sa Iyo, at ang aming mga puso ay balisa hanggang ang mga ito ay mamahinga sa Iyo."

**4:14** Tunay na nakakapawi ng uhaw **ang tubig** na ibinibigay ni Jesus. **Sinumang umiinom** ng mga biyaya at habag ni Cristo ay **hindi na mauuhaw magpakailanman**. Hindi lamang napupuno ang kanilang mga puso, kundi umaapaw pa. Katulad sila ng nag-uumapaw na **bukal ng tubig** na hindi lamang sa buhay na ito ang pag-uumapaw kundi pati na rin sa kabilang buhay. Ang ibig sabihin ng pahayag na magiging isang bukal ng tubig **tungo sa buhay na walang hanggan** ay ang mga benepisyo **ng tubig** na ibinibigay ni Cristo. Ang kaloob na ito ay hindi hanggang sa mundong ito lamang, kundi magpapatuloy sa walang hanggan. Malinaw ang pagkakaiba. Ang lahat ng kayang ibigay ng mundo ay hindi sapat para mapuno ang puso ng tao. Pero ang mga biyaya na ibinibigay ni Cristo ay hindi lamang pumupuno sa puso, kundi sobra-sobra pa para isilid sa puso nang sinuman.

> Buong mundo man ay di sapat
> Tatlong sulok ng puso'y punuing sukat,
> At nananabik pa rin;
> Tanging ang nagkaloob ay ang Diyos na tapat
> Tatsulok na puso'y masisidlang lahat.
>
> − *George Herbert*

Ang ligaya sa daigdig na ito ay ilang maiikling taon lamang. Pero ang kaligayahang ibinibigay ni Cristo ay nagtutuloy **tungo sa buhay na walang hanggan**.

**4:15** Nang marinig **ng babae** ang nakakamanghang tubig na ito, gusto niya agad na magkaroon siya nito. Pero ang iniisip pa rin niya ay ang *literal* na tubig. Ayaw na niyang **pumarito** araw-araw sa balon **upang umigib** ng tubig, ipatong ang mabigat na pitsel sa kanyang ulo, at dalhin ito pauwi sa bahay. Hindi niya naisip na ang tubig na sinasabi ng Panginoong Jesus ay kapuspusang espirituwal. Ang tinutukoy Niya ay ang mga biyaya na nararanasan ng kaluluwa ng tao sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanya.

**4:16** Mayroong biglang pagbabago sa pag-uusap na ito. Humingi lamang siya ng tubig, at sinabi sa kanya ng Panginoong Jesus dito na **umalis** siya at **tawagin** ang kanyang **asawa**. Bakit?

Bago maligtas ang babaeng ito, dapat ay tanggapin niya na siya mismo ay makasalanan. Dapat siyang lumapit kay Cristo nang may totoong pagsisisi, pagpapahayag ng kanyang pagkakasala at kahihiyan. Alam ng Panginoong Jesus ang lahat tungkol sa makasalanang buhay na ipinapamuhay niya, at aakayin Niya siya, nang paunti-unti, para makita niya ito.

Tanging ang mga nakakabatid sa kanilang pagkakaligaw ang puwedeng maligtas. Lahat ng tao ay naligaw, pero hindi lahat ay umaamin nito. Sa ating pagbabahagi ng mensahe ng kaligtasan, huwag nating iwasan ang katotohanan tungkol sa kasalanan. Dapat ay iharap natin sila sa katotohanang patay sila sa kanilang mga kasalanan. Kailangan nila ng Tagapagligtas. Hindi nila kayang iligtas ang kanilang sarili. Si Jesus ang kailangan nilang Tagapagligtas. Ililigtas sila ni Jesus kung pagsisisihan nila ang kanilang mga kasalanan at mananampalataya sa Kanya.

**4:17** Noong una ay sinubukan **ng babae** na itago ang katotohanan nang hindi nagsisinungaling. **Sumagot** siya, "**Wala akong asawa.**" Siguro sa pananaw ng batas ay totoo ang pahayag niya. Pero ang gusto niyang gawin ay itago ang pangit na katotohanan na siya ay namumuhay sa kasalanan kasama ang lalaking hindi niya asawa:

> Nagsasalita ang babae tungkol sa relihiyon, nagtatalakay ng teolohiya, minsa'y nambabaliktad pa, at nagkukunwaring nagulat. Lahat ay gagawin para huwag makita ni Cristo ang makasalanang kaluluwa na tinatakasan ang sarili. (Daily Notes of the Scripture Union)

Bilang Diyos, alam ng Panginoong Jesus ang lahat ng ito. Kaya naman **sinabi** Niya **sa kanya, "Tama ang sabi mo, 'Wala akong asawa.'"** Kahit na puwede niyang lokohin ang ibang tao, hindi niya maloloko si Jesus dahil Siya ay Diyos. Alam Niya ang lahat tungkol sa kanya.

**4:18** Hindi ginamit ng Panginoon ang buo Niyang kaalaman ng lahat ng bagay para ibunyag o ipahiya ang isang tao. Pero ginamit Niya ito rito para palayain ang isang tao sa pagkaalipin ng kasalanan. Siguro ay gulat na gulat ang babae nang sabihin ni Jesus ang kanyang nakaraan! **Nagkaroon** siya ng **limang asawa** at ang lalaking kinakasama niya ngayon ay **hindi** niya **asawa**.

May pagkakaiba-iba ng opinyon sa talatang ito. May ilang nagtuturo na nagsasabi na ang limang nakaraang asawa niya ay maaaring namatay o iniwan siya, at walang pagkakamali sa kanyang naging relasyon sa kanila. Totoo man o hindi ito, maliwanag sa bandang huli ng talatang ito na ang babae ay isang mangangalunya. **"At ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa."** Ito ang mahalagang punto. Isa siyang makasalanang babae. Hangga't hindi niya ito tinatanggap, hindi siya mabibiyayaan ng Panginoon ng tubig na buhay.

**4:19** Nang malantad sa kanyang harapan ang buhay niya, nalaman **ng babae** na hindi ordinaryong Tao ang kanyang kausap. Pero, hindi pa rin niya nakikita na si Jesus ay Diyos. Ang pinakamataas na tingin niya kay Jesus ay **isang propeta** o Tagapagsalita ng Diyos.

**4:20** Tila ngayon ay namulat na ang babae sa kanyang mga kasalanan, kaya naman sinubukan niyang baguhin ang pinag-uusapan nila sa pamamagitan ng pagtatanong tungkol sa tamang lugar ng pagsamba. Walang pagdududang sinabi niya, **"Sumamba ang aming mga ninuno sa bundok na ito,"** at itinuro ng babae ang Bundok ng Gerizim na nasa malapit. Tapos ay pinaalalahanan niya ang Panginoon (kahit hindi na kailangan) na sinasabi ng **mga Judio** na **Jerusalem ang lugar na dapat pagsambahan ng mga tao.**

**4:21** Hindi binalewala ni **Jesus** ang komento ng babae. Sa halip ay ginamit Niya ito para magbahagi ng karagdagang katotohanang espirituwal. Sinabi Niya na **darating** ang oras na **hindi** na magiging lugar ng **pagsamba** ang Bundok ng Gerizim **o sa Jerusalem**. Sa LT, itinakda ng Diyos ang Jerusalem bilang *lunsod* kung saan dapat maghandog ang tao sa Kanya ng pagsamba. Ang templo ng Jerusalem ay ang tahanang lugar ng Diyos. Pumupunta ang mga relihiyosong Judio sa Jerusalem dala-dala ang kanilang mga sakripisyo at handog. Siyempre, sa panahon ng ebanghelyo, hindi na ganito. Wala nang partikular na lugar sa mundo ang Diyos kung saan dapat sumamba ang tao. Mas lalo itong ipinaliwanag ng Panginoon sa sumusunod na mga talata.

**4:22** Nang sabihin ng Panginoon, **"Sinasamba ninyo ang hindi ninyo nakikilala,"** isinumpa Niya ang paraan ng pagsamba ng mga Samaritano. Ito ay ibang-iba sa mga nagtuturo ng relihiyon ngayon na nagsasabi na ang lahat ng relihiyon ay mabuti at lahat ay hahantong sa langit sa katapusan ng lahat. Sinabi ng Panginoong

Jesus sa babae na ang pagsamba ng mga Samaritano ay hindi ipinahintulot ng Diyos, at hindi Niya ito inaprubahan. Inimbento ito ng tao at nagpatuloy nang walang pagpapatibay ng Salita ng Diyos. Hindi ganito ang pagsamba ng mga Judio. Inihiwalay ng Diyos ang mga Judio bilang Kanyang lahing pinili. Binigyan Niya sila ng kumpletong tagubilin sa paraan ng pagsamba sa Kanya.

Sa pagsasabi na **"ang kaligtasan ay mula sa mga Judio,"** itinuturo ng Panginoon na hinirang ng Diyos ang mga Judio na maging mga mensahero Niya, at sa kanila ibinigay ang Banal na Kasulatan. Isa pa, ang Mesias ay ibinigay sa pamamagitan ng lahi ng Judio. Ipinanganak Siya na ang Kanyang ina ay Judio.

**4:23** Sumunod ay ipinaalam ni Jesus sa babae, na sa pagdating ng Mesias, wala nang itinalagang lugar ang Diyos sa mundo na kung saan Siya ay dapat sambahin. Maaari nang sambahin ang Diyos ng mga sumasampalataya sa Panginoong Jesus sa anumang oras at sa anumang lugar. Ang ibig sabihin ng tunay na pagsamba ay ang mananampalataya ay nananahan sa presensiya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya at *doon* ay pinupuri at sinasamba Siya. Maaaring ang katawan ng taong sumasamba ay nasa kuweba, kulungan, o bukid. Pero ang espiritu niya ay puwedeng lumapit sa Diyos sa maluwalhating santuwaryo sa pamamagitan ng pananampalataya. Ipinahayag ni Jesus sa babae na simula ngayon ang pagsamba sa Ama ay magiging **sa espiritu at katotohanan**. Pinababa ng mga Judio ang pagsamba sa panlabas na mga paraan at mga seremonya. Akala nila na sa pamamagitan ng maingat na pagsunod sa bawat titik sa kautusan, at sa paggawa ng mga ritwal, ay sinasamba na nila ang Ama. Pero ang kanilang pagsamba ay hindi pagsamba sa espiritu. Ito ay panlabas, hindi panloob. Maaaring ang kanilang mga katawan ay nakayuko sa lupa pero ang kanilang mga puso ay hindi tama sa harapan ng Diyos. Siguro ay pinagmamalupitan nila ang mga mahihirap, o gumagamit sila ng madadayang mga paraan sa negosyo.

Sa kabilang banda, ang mga Samaritano ay may paraan ng pagsamba, pero ito ay hindi totoong pagsamba. Wala itong awtoridad ng kasulatan. Sinimulan nila ang kanilang relihiyon at sumusunod sa mga kautusang inimbento nila. Kaya naman, nang sabihin ng Panginoon na ang pagsamba ay dapat **sa espiritu at katotohanan**, parehas Niyang sinasaway ang mga Judio at mga Samaritano. Sinabi rin ni Jesus sa kanila, na ngayong dumating na Siya, posible nang lumapit ang tao sa Diyos sa pamamagitan Niya sa

isang totoo at matapat na pagsamba. Pag-isipan natin ito! **Hinahanap ng Ama ang gayong mga sumasamba sa Kanya**. Interesado ang Diyos sa pagsamba ng mga taong Kanyang pinili. Nakakatanggap ba Siya nito mula sa akin?

**4:24** **Ang Diyos ay Espiritu** ay isang kahulugan ng kalikasan ng Diyos. Hindi Siya isang tao lamang, na sakop ng lahat ng pagkakamali at limitasyon ng sangkatauhan. Hindi rin Siya limitado ng anumang lugar sa anumang oras. Ang Diyos ay Personang hindi nakikita at naroroon sa lahat ng lugar sa lahat ng oras. Alam Niya ang lahat ng bagay, at Siya ay makapangyarihan sa lahat. Perpekto Siya sa lahat ng Kanyang paraan. Kaya naman, **ang mga sumasamba sa Kanya ay kailangang sumamba sa espiritu at katotohanan**. Hindi puwedeng may kasinungalingan o pagpapaimbabaw. Hindi puwedeng magkukunwaring relihiyoso, pero ang tunay na buhay naman ay masama. Hindi puwedeng may paniniwala na kapag gumagawa ng mga ritwal ay nalulugod ang Diyos. Kahit na Diyos mismo ang nagtatag ng mga ritwal na ito, iginigiit pa rin Niya na dapat lumapit sa Kanya ang tao na may bagbag at nagsisising puso. Dalawa pang mga "kinakailangan" ang makikita sa kabanatang ito − "kinakailangan" para sa mangangaral ng ebanghelyo (4:4) at "kinakailangan" para sa mananamba (4:24).

**4:25** Habang nakikinig ang babaeng Samaritana sa Panginoon, naisip niya ang paparating na **Mesias**. Kumilos ang Banal na Espiritu sa kanya ng pagnanais sa pagdating ng **Mesias**. Ipinahayag niya ang kanyang pagtitiwala na kapag dumating na ang Mesias, ituturo niya ang **lahat ng bagay**. Sa pahayag na ito ng babae, malinaw na naiintindihan niya ang isa sa mga dakilang dahilan ng pagparito ni Cristo.

Ang mga salitang **"Mesias … ang tinatawag na Cristo"** ay simpleng pagpapaliwanag ng katotohanan na magkatulad ang kahulugan ng dalawang salitang ito. Ang **Mesias** ay salitang Hebreo na ang ibig sabihin ay Pinili ng Diyos. Ang salitang Cristo naman ang katumbas nito sa wikang Griyego.

**4:26** Ang literal na **sinabi sa kanya ni Jesus** ay, **"Ako nga iyon na kumakausap sa iyo."** Hindi bahagi ng orihinal na teksto ang salitang **nga.** Kahit na ang pangungusap ay mas malinaw kapag kasali ang salitang **nga**, may mas malalim na kabuluhan ang tunay na mga salita ng Panginoong Jesus. Sa paggamit ng mga salitang **"Ako nga"**, ginamit Niya ang isa sa mga pangalang ginamit ng

Diyos para sa Kanyang sarili sa LT. Sinabi Niya, “Ang Ako nga ay nakikipag-usap sa iyo.” Sa ibang mga salita, “Si Jehovah ay ang siyang nakikipag-usap sa iyo.” Ipinapahayag Niya sa babae ang nakakagulat na katotohanan. Ang Taong nakikipag-usap sa kanya ay ang Mesias na kanyang hinahanap, at Siya ay ang Diyos din. Ang Jehovah ng LT ay ang Jesus ng BT.

**4:27** Nang bumalik ang **mga alagad** mula sa Sicar, natagpuan nila si Jesus na nakikipag-usap sa **babaeng** ito. Nagulat sila na si Jesus ay makikipag-usap sa kanya, dahil siya ay isang Samaritana. Isa pa, posibleng nalaman nila na siya ay isang makasalanang babae. **Subalit, walang nagsabi** sa Panginoon kung ano ang kailangan Niya sa babae o kung **bakit** Siya **nakikipag-usap sa kanya**. Tamang sinabi na, “Nagtaka ang mga alagad na nakikipag-usap Siya sa babae; mas may pakinabang sana kung babalikan nila ang kataka-takang katotohanan na sila man ay kinausap ng Panginoon!”

**4: 28** **Iniwan ng babae ang kanyang banga!** Sinisimbolo nito ang maraming bagay sa kanyang buhay na ginamit niya para matugunan ang pinakamalalim niyang mga inaasam. Lahat ng ito ay nabigo. Ngayong natagpuan na niya ang Panginoong Jesus, hindi na niya kailangan ang mga bagay na dating mahalaga sa kanyang buhay.

> Sinubukan ko ang mga balong sira, Panginoon,
> Pero aba! Ang mga tubig ay bigo!
> Lumisan sila nang ako’y yumuko at uminom,
> At nanlibak habang ako’y nanlumo.
> Wala kundi si Cristo, magbibigay kasiyahan,
> Para sa akin walang ibang pangalan;
> Pag-ibig, buhay, galak na walang hanggan,
> Panginoong Jesus, sa Iyo lang matatagpuan. − B.E.

Hindi lamang niya **iniwan ang kanyang banga** kundi **siya ay pumunta sa lunsod**. Kapag ang isang tao ay naliligtas, agad niyang iniisip ang iba na nangangailangan ng tubig ng buhay. Sinabi ni J. Hudson Taylor, “Ang iba ay nagnanasa na maging kapalit ng mga Apostol; mas gugustuhin ko pang maging kapalit ng babaeng Samaritana, na habang sila ay naghanap ng pagkain, iniwan niya ang kanyang banga dahil sa sigasig para sa mga kaluluwang ligaw.”

**4:29, 30** Simple pero mabisa ang kanyang patotoo. Inimbitahan niya ang mga tao sa bayan na **pumunta** at **tingnan** ang

**isang tao na nagsabi** sa kanya **ng lahat ng bagay** na kanyang **ginawa**. Isa pa, pinukaw niya ang kanilang mga puso sa posibilidad na ang Taong ito na nga ang tunay na Mesias. Wala nang duda sa isipan ng babae dahil ipinahayag na sa kanya ni Jesus na Siya **ang Cristo**. Pero pinag-isip ng babae ang mga tao para puntahan at alamin mismo nila para sa kanilang sarili. Walang dudang ang babaeng ito ay kilalang-kilala sa kanilang bayan dahil sa kanyang kasalanan at kahihiyan. Nakakagulat siguro para sa mga tao ang makita siyang nakatayo ngayon sa mga pampublikong lugar, at nagpapatotoo sa publiko para sa Panginoong Jesu-Cristo. Mabisa ang patotoo ng babae. Iniwan ng mga tao sa bayan ang kani-kanilang mga tahanan at mga gawain at nagsimulang magsilabas para hanapin si Jesus.

**K. Ang Kagalakan ng Anak sa Paggawa ng Kalooban ng Ama (4:31−38)**

**4:31** Ngayong bumalik na ang **mga alagad** na may dalang pagkain, hinikayat nila ang Panginoon na **kumain**. Mukhang wala silang malay sa napakadakilang mga pangyayaring nagaganap. Sa makasaysayang sandaling ito na ang isang bayan ng mga Samaritano ay ipinakikilala sa Panginoon ng Kaluwalhatian, hindi nila makita ang mga bagay na higit pa kaysa pagkain para sa kanilang mga katawan.

**4:32** Nakatagpo ang Panginoong Jesus ng **pagkain** at lakas sa matagumpay na paghikayat ng mga sasamba sa Kanyang Ama. Ang pisikal na pangangailangan ay may mas maliit na halaga sa Kanya kumpara sa kagalakang ito. Nakukuha natin ang mga ninanais natin sa buhay na ito. Interesado ang mga alagad sa pagkain. Pumunta sila sa bayan para makakuha ng pagkain. Bumalik sila na may dala na nito. Interesado ang Panginoon sa mga kaluluwa. Interesedo Siya sa pagliligtas sa mga tao mula sa kanilang kasalanan, at pagbibigay sa kanila ng tubig ng buhay na walang hanggan. Natagpuan din ni Jesus kung ano ang hinahanap Niya. Tayo naman, saan kaya tayo interesado?

**4:33** Nabigo ang **mga alagad** na maunawaan ang kahulugan ng mga pananalita ng Panginoon dahil sa kanilang makamundong pananaw. Hindi nila pinahalagahan ang katotohanang “ang kagalakan at kaligayahang dulot ng espirituwal na tagumpay ay kayang iangat ang mga tao sa panandaling pahahon na higit sa kanilang pangangailangang pisikal.” Kaya naman, ipinalagay nila na

siguro ay may taong dumating at **nagdala** ng pagkain sa Panginoong Jesus.

**4:34** Sinubukan muli ni **Jesus** na ibaling ang kanilang atensyon mula sa materyal patungo sa espirituwal. Ang **pagkain** Niya ay ang **gawin ang kalooban ng** Diyos, **at tapusin** ang **gawain** na ibinigay sa Kanya ng Diyos. Hindi ito nangangahulugan na umiwas ang Panginoong Jesus na kumain ng mismong pagkain. Pero ang ibig sabihin nito ay ang pinakadakilang pakay at layunin ng Kanyang buhay ay hindi ang tugunan ang katawan, kundi ang gawin ang kalooban ng Diyos.

**4:35** Siguro ay pinag-uusapan ng mga alagad ang nalalapit na pag-aani. Maaari din na ang pahayag na"May **apat na buwan** pa, at saka darating ang **pag-aani,"** ay isang karaniwang kasabihan ng mga Judio. Kung titingnan, muling gumamit ang Panginoong Jesus ng pisikal na katotohanan ng **pag-aani** para magturo ng isang espirituwal na aral. Hindi dapat isipin ng mga alagad na malayo pa ang panahon ng pag-aani. Hindi nila kakayanin na gugulin ang kanilang buhay sa paghahanap ng pagkain at pananamit, na may kaisipan na ang gawain ng Diyos ay puwedeng ipagpaliban. Dapat nilang mapansin na **ang mga bukid** ay **mapuputi na upang anihin. Ang mga bukid** dito, siyempre, ay tumutukoy sa mundo. Sa pagkakataong sinabi ng Panginoon ang mga salitang ito, Siya ay nasa kalagitnaan ng aanihing bukid na kinalalagyan ng mga kaluluwa ng mga tao sa Samaria. Sinasabi Niya sa mga alagad na ang isang dakilang gawain ng pagtitipon ay nasa kanilang harapan, at dapat nilang ibigay kaagad at ng may pagsisigasig ang kanilang buhay para dito.

Kaya naman ngayon, sinasabi ng Panginoon sa atin na mga mananampalataya, **"Masdan ninyo ang inyong paligid, at inyong tingnan ang mga bukid."** Habang pinag-iisipan natin ang mga dakilang pangangailangan ng mundo, ilalatag ng Panginoon sa ating mga puso ang pasanin para sa mga nawawalang kaluluwa sa paligid natin. At nasasaatin na kung gusto nating humayo para sa Kanya, at naising maligtas din sila.

**4:36** Ngayon ay itinuturo na ng Panginoong Jesus sa mga alagad ang tungkol sa gawaing nakatalaga para sa kanilang pagkatawag. Pinili ni Jesus ang mga alagad para maging mga taga-ani. Hindi lamang sila tatanggap ng **upa** sa buhay na ito, pero magtitipon din sila ng **bunga** sa buhay na walang hanggan. May

mga gantimpala ang paglilingkod kay Cristo sa kasalukuyang panahon. Pero sa darating na panahon, magkakaroon ng karagdagang kagalakan ang mga umaani kapag nakita na ang mga kaluluwa sa langit dahil sa kanilang katapatan sa pangangaral ng mensahe ng ebanghelyo.

*Hindi* itinuturo ng talatang 36 na ang isang tao ay makakatanggap ng buhay na walang hanggan dahil sa matapat na paglilingkod, kundi na ang bunga ng gawaing iyon ay magtutuloy hanggang sa buhay na walang hanggan.

Sa langit, **magkasamang magagalak** ang naghahasik at ang umaani. Sa tunay na buhay, dapat na ihanda ang bukid para sa punla, at pagkatapos ito ay itatanim doon. Hindi magtatagal, aanihin ang trigo. Ganun din sa espirituwal na buhay. Una sa lahat, kailangang magtanim sa pamamagitan ng pangangaral ng mensahe. Pagkatapos ay dapat itong diligan ng panalangin. Pero kapag dumating na ang panahon ng pag-aani, lahat ng nagkaroon ng bahagi sa gawain ay **magkasamang magagalak**.

**4:37** Nakita ng Panginoon **dito** ang kaganapan ng **kasabihan** na karaniwan sa panahong iyon, **"Isa ang naghahasik, at iba ang umaani."** Ilang mga Cristiano ang tinawag para ipangaral ang ebanghelyo sa loob ng maraming taon na hindi nakakakita ng maraming bunga ng kanilang pinaghirapan. May ibang darating sa pagtatapos ng mga panahong iyon, at maraming kaluluwa ang mananampalataya sa Panginoon.

**4:38** Sinusugo ni Jesus ang Kanyang mga alagad sa mga lugar na inihanda na ng ibang mga tao. Sa kabuuan ng panahon ng LT, hinulaan ng mga propeta ang pagdating ng Mesias at ang panahon ng ebanghelyo. Dumating din si Juan Bautista bilang tagapagpauna ng Panginoon, at ang layunin niya ay ihanda ang puso ng mga tao para tanggapin Siya. Ang Panginoon mismo ang Siyang naghasik ng binhi sa Samaria, at inihanda ang pag-aani para sa mga mang-aani. Ngayon ay tatapak na ang mga alagad sa bukid. Nais ng Panginoon na malaman nila, na kahit na kagalakan ang makita ang maraming lumalapit kay Cristo, dapat nilang maintindihan na sila ay pumapasok **sa pinagpaguran** ng ibang tao.

Kakaunti lamang na mga kaluluwa ang naliligtas sa pamamagitan ng pagpapagal ng isang tao. Kalimitan, maraming beses munang naririnig ang ebanghelyo bago tanggapin ang

Tagapagligtas. Kaya naman, ang taong umakay sa isang tao kay Cristo ay hindi dapat magmataas na parang siya lamang ang ginamit ng Diyos sa kamangha-manghang gawaing ito.

**L. Maraming Samaritano ang Sumampalataya kay Jesus (4:39-42)**

**4:39** Bilang resulta ng simple at tuwirang patotoo ng babaeng Samaritano, **marami** sa kanyang mga kababayan ang **sumampalataya** sa Panginoong Jesus. Ang sinabi lamang niya ay, **"Sinabi Niya sa akin ang lahat ng mga bagay na aking ginawa,"** at sapat na iyon para dalhin ang iba sa Tagapagligtas. Dapat itong magsilbing lakas at pag-asa sa bawat isa sa atin na maging simple, matapang, at tuwiran sa ating pagpapahayag at pagpapatotoo kay Cristo.

**4:40** Malaking-malaki ang pagkakaiba ng pagtanggap na ibinigay ng mga Samaritano sa Panginoong Jesus, kumpara sa mga Judio. Tila may totoong pagpapahalaga **ang mga Samaritano** sa kahanga-hangang Taong ito, kaya **nakiusap sila** kay Jesus **na manatili sa kanila.** Bilang resulta ng kanilang imbitasyon, **nanatili roon** ang Panginoon ng **dalawang araw**. Isipin mo kung gaano **kalaking** pagpapala ang natanggap ng bayan ng Sicar, na dapat nitong makapiling ang Panginoon ng buhay at kaluwalhatian sa panahong ito!

**4:41, 42** Walang magkatulad na pagbabagong-loob. Ang ilan ay sumampalataya dahil sa patotoo ng babae. **At marami pang sumampalataya dahil sa** mga salita ng Panginoong Jesus mismo. Gumagamit ang Diyos ng iba't ibang paraan sa pagdadala ng mga makasalanan sa Kanya. Ang pinakakailangan ay dapat mayroong pananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo. Nakakatuwang pakingggan ang mga Samaritanong ito na nagpapakita ng malinaw na patotoo sa Tagapagligtas. Wala man lamang pagdududa sa kanilang mga isipan. Mayroon silang buong katiyakan ng kaligtasan na hindi batay sa sinabi ng babae, kundi sa mga salita mismo ng Panginoong Jesus. Dahil **nakarinig** sila at nanampalataya sa **Kanyang** mga salita, nalaman ng mga Samaritano na **Siya nga** ang **Cristo,**[10] **ang Tagapagligtas ng sanlibutan**. Tanging ang Banal na Espiritu ang makakapagbigay sa kanila ng kaalamang ito. Tila inisip ng mga Judio na ang Mesias ay para lamang sa kanila. Pero napatunayan ng mga Samaritano na aabot sa buong **sanlibutan** ang pakinabang ng misyon ni Cristo.

### M. Ang Ikalawang Tanda: Ang Pagpapagaling sa Anak ng Isang Pinuno (4:43−54)

**4:43, 44 Pagkaraan ng dalawang araw** na nanatili si Jesus kasama ng mga Samaritano, nagtungo Siya **sa Galilea**. Tila may problema sa pahayag sa talatang 44. Sinasabi nito na ang dahilan ng pag-alis ng Tagapagligtas mula Samaria patungo sa Galilea ay dahil **ang isang propeta ay walang karangalan sa kanyang sariling lupain**. Ang Galilea nga *ay* sarili Niyang lugar, dahil ang Nazaret ay isang bayan na makikita sa rehiyon na iyon. Siguro ang ibig sabihin ng talata ay pumunta si Jesus sa ilang bahagi ng Galilea bukod sa Nazaret. Gayun pa man, totoo pa rin ang mga salitang ang isang tao ay kalimitang hindi pinapahalagahan nang lubos sa kanyang sariling bayan kaysa sa ibang lugar. Iniisip ng kanyang mga kamag-anak at mga kaibigan na siya ay bata pa at katulad lamang nila. Tunay na hindi pinahalagahan ang Panginoong Jesus ng Kanyang mga kababayan gaya ng dapat nilang gawin.

**4:45** Nang bumalik ang Panginoon **sa Galilea**, tinanggap Siya ng mga tao nang **makita** nila **ang lahat ng mga bagay na Kanyang** ginawa **sa Jerusalem sa kapistahan**. Walang pag-aalinlangan na ang tinutukoy rito na mga **taga-Galilea** ay ang mga Judio. Pumunta sila sa **Jerusalem** para sumamba. Nakita nila roon at napatotohanan ang ilan sa makapangyarihan Niyang mga gawa. Ngayon ay gusto na nilang makita si Jesus sa Galilea. Hindi dahil kinikilala nila Siyang Anak ng Diyos, kundi dahil interesado sila sa Taong pumupukaw ng maraming mga usapan saan man Siya magpunta.

**4:46** Ang bayan ng **Cana** ay muling naparangalan ng isang pagbisita mula sa Panginoon mismo. Sa unang pagbisita dito ni Jesus, nakita Siya ng ilang mga tao na ginawang alak ang tubig. Ngayon ay muli nilang masasaksihan ang isa pang makapangyarihang himala mula sa Kanya, na ang epekto ay aabot hanggang sa **Capernaum**. Ang **anak na lalaki ng isang pinuno** … **ay maysakit sa Capernaum**. Walang pagdududang ang lalaking ito ay isang Judio na nagtatrabaho kay Haring Herodes.

**4:47 Nabalitaan niya na si Jesus ay dumating sa Galilea mula sa Judea**. Siguradong mayroon siyang pananampalataya sa kakayahan ni Cristo na magpagaling dahil diretso siyang pumunta kay Jesus. **Nakiusap** siya kay Jesus **na Siya ay pumunta** sa kanilang tahanan **at pagalingin ang kanyang anak na lalaki** na

malapit nang mamatay. Sa pagkakataong ito, tila mayroon siyang mas dakilang pagtitiwala sa Panginoon kaysa sa ilan niyang mga kababayan.

**4:48** Sa puntong ito ay kinakausap ng Panginoon hindi lamang ang pinuno, kundi ang lahat ng mga **Judio**.[11] Pinaalalahanan sila ng Panginoon ng katangian ng mga Judio − gusto nilang makakita ng himala bago sila **mananampalataya**. Kalimitan, makikita natin na hindi nalulugod ang Panginoong Jesus sa pananampalataya na batay sa mga himala, kumpara sa pananampalatayang batay sa Kanyang Salita lamang. Mas kapuri-puri para sa Kanya ang manampalataya sa isang bagay dahil sinabi Niya ito, kaysa sa nakikitang katunayan. Likas sa tao na gusto muna niyang makita ang isang bagay bago siya maniwala. Pero itinuturo sa atin ng Panginoong Jesus na dapat muna tayong manampalataya, at pagkatapos ay makikita natin ang kapahayagan nito.

Parehas na tumutukoy sa himala ang **mga tanda** at **mga kababalaghan**. **Ang mga tanda** ay mga himala na mayroong malalim na kahulugan o halaga. **Ang mga kababalaghan** ay mga himala na nagiging dahilan para sa mga tao na mamangha dahil sa taglay nitong kahima-himalang mga katangian.

**4:49** Ang **pinuno**, kalakip ang tunay na pananampalataya, ay naniwala na kaya ng Panginoong Jesus na pagalingin ang kanyang anak. Nais din niyang pumunta ang Panginoon sa kanilang tahanan. Sa isang banda, may mali sa kanyang pananampalataya. Akala niya na dapat nasa tabi ng bata si Jesus at kailangan ang presensiya Niya para mapagaling ito. Pero, hindi siya pinagsabihan ng Tagapagligtas, kundi pinarangalan siya dahil sa pananampalatayang kanyang *ipinakita*.

**4:50** Dito ay makikita natin ang lumalagong pananampalataya ng lalaki. Pinagana niya ang taglay niyang pananampalataya, at binigyan naman siya ng Panginoon ng higit pa. Pinauwi siya ni Jesus na may pangako, **"Ang anak mo ay mabubuhay."** Gumaling na ang anak na lalaki! Kahit walang himala o nakikitang katunayan, **pinaniwalaan ng lalaki ang salitang** sinabi sa kanya ng Panginoong **Jesus**. Humayo siya pauwi sa kanyang bahay. Iyon ang pananampalatayang may gawa!

**4:51, 52** **Habang siya** ay palapit na sa bahay, sinalubong siya ng **kanyang mga alipin** na dala-dala ang masayang balita na

gumaling na ang kanyang anak na lalaki. Hindi man lamang nagulat ang lalaki sa balitang ito. Sinampalatayanan niya ang pangako ng Panginoong Jesus. Dahil sumampalataya siya, nakita na niya ngayon ang ebidensiya. **Tinanong** ng ama ang kanyang mga alipin kung anong oras **nagsimulang gumaling** ang kanyang anak. Malalaman sa kanilang sagot na ang pagpapagaling ay hindi unti-unti. Ito ay nangyari kaagad.

**4:53** Ngayon ay wala nang kaduda-duda sa nakakamanghang himalang ito. Noong ika-pitong oras nang nakaraang araw, **sinabi ni Jesus** sa pinuno sa Cana, **"Ang anak mo ay mabubuhay." Sa oras** ding **iyon** sa Capernaum, gumaling ang anak na lalaki, at nawala ang kanyang lagnat. Natutunan ng pinuno sa pagkakataong ito na hindi kinakailangang pisikal na naroroon ang Panginoong Jesus para gumawa ng isang himala o sumagot ng panalangin. Dapat itong magpalakas ng loob sa ating pananalangin bilang mga Cristiano. Mayroon tayong makapangyarihang Diyos na dumidinig sa ating mga kahilingan. Kayang gawin ng Diyos ang Kanyang kalooban para sa atin saan mang parte ng mundo tayo naroroon at kahit anong oras pa man.

**Sumampalataya** ang pinuno, **at ang kanyang buong sambahayan**. Malinaw rito at sa mga talatang katulad nito sa BT na nais ng Diyos na makita ang mga pamilya na nagkakaisa kay Cristo. Hindi Niya kalooban na magkaroon ng mga hati-hating pamilya sa langit. Iningatan Niyang masulat ang katotohanang ang **buong sambahayan** ay naniwala sa Kanyang Anak.

**4:54** Ang pagpapagaling sa anak ng pinuno ay hindi ang ikalawang himala ng Panginoon sa buong ministeryo Niya sa puntong ito. Ito ay ang **ikalawang tanda** na ipinakita **ni Jesus** pagkatapos **na Siya'y pumunta sa Galilea** mula sa **Judea**.

## III. ANG IKALAWANG TAON NG MINISTERYO NG ANAK NG DIYOS (Kab. 5)

### A. Ang Ikatlong Tanda: Pagpapagaling sa Taong Lumpo (5:1-9)

**5:1** Sa pagsisimula ng ikalimang kabanata, dumating ang panahon ng isa sa mga kapistahan ng mga Judio. Marami ang naniniwala na ito ay ang Paskuwa, pero hindi natin puwedeng

malaman ito nang tiyak. Bilang isang Judio, at masunurin sa mga kautusang itinalaga ng Diyos para sa mga Judio, **umahon si Jesus patungo sa Jerusalem** para sa pista. Bilang Jehovah ng LT, ang Panginoong Jesus mismo ang nagtalaga ng Paskuwa noong una pa man. Ngayon bilang Tao, at masunuring Anak sa Kanyang Ama, sinunod Niya ang mga kautusang Siya mismo ang gumawa.

**5:2 Sa Jerusalem** ay may **tipunan ng tubig** na ang tawag ay **Bet-zatha**.[12] Ang ibig sabihin nito ay "tahanan ng kagandahang-loob" o "tahanan ng awa." Ito ay makikita malapit sa pintuang bayan na kung tawagin ay **Pintuan ng mga Tupa**. Nakita at nahukay na ang tunay na lugar kung saan ito matatagpuan sa panahon natin ngayon (malapit sa Crusader Church of St. Anne). Sa palibot ng tubig ay may **limang portiko** o maluluwang na mga lugar na puwedeng pagtipunan ng maraming tao. Sabi ng ilang tagapangaral ng Biblia, ang limang berandang ito ay naglalarawan sa mga Kautusan ni Moises at nagpapakita ng kawalan ng kakayahan ng tao na iahon ang sarili sa malalim na pagkakalugmok.

**5:3** Maliwanag na ang tubig ng Bet-zatha ay kilala bilang isang lugar na kung saan ang mga himala ay nangyayari. Hindi natin alam kung ang mga himalang ito ay nangyayari sa buong taon, o minsan lang, katulad ng araw ng kapistahan. Nakapalibot sa tubig na ito ang napakaraming taong **may sakit** na pumupunta roon sa pag-asang sila ay gagaling. Ang iba ay **bulag**, ang iba naman ay **pilay**, at mayroon ding mga **lumpo**. Ang mga karamdamang ito ay naglalarawan ng kawalang kakayahan at pag-asa, pagkabulag, pagkalumpo at pagkawalang-halaga ng isang taong makasalanan.

Ang mga taong ito na nagdudusa dahil sa epekto ng kasalanan sa kanilang katawan ay **naghihintay ng pagkalawkaw ng tubig**. Ang mga puso nila ay nananabik na makalaya mula sa kanilang karamdaman, at matindi ang kanilang paghahangad na mapagaling. Sabi ni J. G. Bellet:

> Nanatili sila sa palibot ng bigong tubig ng walang katiyakan kahit na ang Anak ng Diyos ay abot kamay na. ...Hindi ba't may matututunan tayo sa tagpong ito? Maraming tao sa palibot ng tubig at si Jesus ay hindi lamang pansin! O anong larawan ng relihiyon ng tao! Mga patakaran, kasama na ang masalimuot nitong mga paraan at ritwal, 'yan ang hinahanap ng mga tao, at ang biyaya ng Diyos ay hindi pinapahalagahan.[13]

**5:4** Hindi lubusang nasasagot ang ating mga katanungan sa salaysay na ito. Ang tangi nating nababasa ay **lumulusong ang isang anghel ng Panginoon sa mga tanging panahon sa tipunan ng tubig** at **kinakalawkaw ang tubig**. Ang **unang** makakalusong sa tubig sa sandaling iyon ay gagaling. Nakikita natin ang nakakaawang tagpo na ang napakaraming nangangailangan ng tulong ay nag-aagawan sa tubig, pero isa lang ang puwedeng makinabang sa kapangyarihang ito.

May mga salin ang Biblia na ang huling bahagi ng talatang 3 (simula sa mga salitang “na naghihintay ng pagkalawkaw ng tubig”) at ang buong talatang 4 ay hindi isinama (sa Ang Biblia 2001, ang huling bahagi ng t.3 ay hindi nabanggit pero ang t.4 ay inilagay sa panaklong). Ang mga salitang ito ay kasama sa mas nakakaraming manuskrito. Pangalawa, parang walang saysay kung walang paliwanag kung bakit ang mga may sakit ay nandoon.

**5:5,6** Ang isa sa mga taong naghihintay sa gilid ng tipunan ng tubig ay **tatlumpu’t walong taon** nang lumpo. Ibig sabihin ay ganito na ang kanyang kondisyon bago pa man ipinanganak ang Tagapagligtas. Ang lahat ng mga bagay na ito ay nalalaman na ng Panginoong Jesus. Ngayon Niya lamang nakita ang taong ito pero alam na Niya na ito ay **matagal** nang lumpo.

Buong pag-ibig Niyang **tinanong** ang lumpo, **“Ibig mo bang gumaling?”** Alam ni Jesus na ito ang pinakamalaking hiling ng puso ng taong ito. Pero gusto Niyang lumabas sa sariling labi ng lumpo ang pag-amin na wala siyang kakayahan at labis ang kanyang pangangailangang gumaling. Ganito rin ang sa kaligtasan. Alam ng Panginoon ang ating labis na pangangailangang maligtas. Pero hinihintay Niya ang pag-amin ng ating mga labi na tayo ay napahamak. Hinihintay Niya na sabihin natin na kailangan natin Siya at tanggapin natin Siya bilang Tagapagligtas. Hindi tayo naliligtas dahil sa ating sariling kalooban. Pero ang kalooban ng tao ay dapat maging bagbag bago siya iligtas ng Diyos.

**5:7** Kaawa-awa ang sagot ng **lalaking may sakit**. Taon-taon siyang naghihintay sa gilid ng tubig. **Kapag kinakalawkaw ang tubig** ay walang tumutulong sa kanya para lumusong. Tuwing siya ay magpipilit lumusong, laging may mas nauuna sa kanya. Pinapaalala nito sa atin ang kabiguang nararanasan natin tuwing tayo ay umaasa sa kakayahan ng ibang tao para maligtas sa ating mga kasalanan.

**5:8** Ang **higaan** ng lumpo ay isang sapin o manipis na kutson. Inutusan siya ni Jesus na **bumangon**, buhatin ang higaan, **at lumakad.** Ang aral nito ay kapag tayo ay naliligtas, hindi lang tayo pinapabangon kundi pinapalakad din tayo. Pinapagaling tayo ng Panginoong Jesus sa salot ng kasalanan, at inaasahan Niyang lumakad din tayo sa paraang karapat-dapat sa Kanya.

**5:9** Hindi nag-uutos ang Diyos sa sinuman na hindi Siya nagbibigay ng kapangyarihang gawin ito. Kahit habang nagsasalita pa lamang si Jesus, ang kapangyarihan ay dumaloy na sa katawan ng lumpo. Gumaling siya kaagad. Hindi ito unti-unting paggaling. Ang mga binting mahina o walang silbi nang mahabang panahon ay napuno ng lakas. Pagkatapos ay nagkaroon ng mabilis na pagsunod sa salita ng Panginoon. **Binuhat** niya **ang kanyang higaan at lumakad**. Kay saya siguro ng lumpo nang magawa niya ito matapos ang tatlumpu't walong taong karamdaman!

Ang himalang ito ay nangyari sa **Sabbath**, ang ikapitong araw ng sanlinggo – Sabado sa panahon natin. Ang mga Judio ay bawal gumawa ng anumang trabaho sa araw ng Sabbath. Ang taong ito ay Judio. Pero dahil ang Panginoon ang nag-utos, hindi siya nag-atubiling bitbitin ang kanyang higaan kahit na ipinagbabawal ito ng kanilang tradisyon kapag araw ng Sabado.

**B. Ang Pagtutol ng mga Judio (5:10-18)**

**5:10** Nang makita ng **mga Judio** na bitbit niya ang kanyang higaan sa araw ng **Sabbath** ay sinaway nila siya. Ang mga taong ito ay lubhang istrikto, at minsan ay malupit sa pagsunod sa hinihingi ng kanilang relihiyon. Sila ay masugid na sumusunod sa bawat letra ng kanilang Kautusan. Pero hindi rin naman sila nagpapakita ng awa at kagandahang-loob sa iba.

**5:11** Simple lang ang sagot ng pinagaling. Sinabi niya na ang Taong nagpagaling sa kanya ay inutusan siyang **buhatin** ang kanyang **higaan at lumakad**. Ang sinumang may kapangyarihang magpagaling ng may sakit nang tatlumpu't walong taon ay dapat na sundin, kahit na ang utos ay buhatin niya ang higaan sa araw ng Sabbath! Hindi pa kilala ng pinagaling kung sino ang Panginoong Jesus sa mga sandaling iyon. Hindi tiyak ang pagtukoy niya sa kung sino Siya pero labis ang kanyang pasasalamat.

**5:12** Sabik na malaman ng mga Judio kung sino ang nangahas na utusan ang lalaking ito na suwayin ang kanilang tradisyon ng Sabbath. Tinanong nila ang lalaking lumpo kung sino ang salarin. Inutos sa Kautusan ni Moises na batuhin hanggang mamatay ang sinumang sumuway sa Sabbath. Hindi mahalaga para sa mga Judiong ito na may lumpong gumaling.

**5:13** Hindi kilala ng lumpong **pinagaling** kung sino ang nagpagaling sa kanya. Imposibleng maituro niya kung Sino iyon dahil si **Jesus** ay umalis na sa maraming taong natipon doon.

Ang pangyayaring ito ay tumatak bilang isang mahalagang kabanata sa pampublikong ministeryo (*public ministry* sa wikang Ingles) ng Panginoong Jesus. Ito ay dahil naghimala Siya sa araw ng Sabbath. Nagalit at nasuklam sa Kanya ang mga pinunong Judio. Simula noon ay pinagtangkaan na Siyang mahuli at patayin ng mga ito.

**5:14** Makalipas ang ilang panahon, **natagpuan** muli ni **Jesus** ang lalaking pinagaling Niya **sa templo.** Walang dudang nagpapasalamat ang lalaki sa Diyos dahil sa kamangha-manghang himala na nangyari sa buhay niya. Pinaalala sa kanya ng Paginoon na dahil siya ay lubos na pinagpala, siya ay may taimtim na obligasyon. Ang pagpapala ay laging may kasamang responsibilidad. **"Tingnan mo, ikaw ay gumaling na; huwag ka nang magkasala, baka may mangyari pa sa iyo na lalong masama."** Maliwanag na ang karamdamang kanyang naranasan ay bunga ng kasalanan sa kanyang buhay. Hindi lahat ng karamdaman ay ganito. Maraming beses na ang karamdaman ay walang kinalaman sa anumang kasalanan. Halimbawa, ang mga sanggol ay puwedeng magkasakit kahit na hindi pa nila kayang magkasala nang sinasadya.

**"Huwag ka nang magkasala,"** sinabi ni Jesus. Ipinakita Niya ang pamantayan ng kabanalan ng Diyos. Kung sinabi Niya na, "kung puwede ay magkasala ka lang ng kaunti," hindi Siya nagsasalita bilang Diyos. Hindi puwedeng palampasin ng Diyos ang kasalanan sa anumang sukat. Pagkatapos ay nagbabala Siya, "**baka may mangyari pa sa iyo na lalong masama."** Hindi sinabi kung ano ang ibig sabihin ni Jesus sa pahayag na "lalong masama". Pero tiyak na ipinapaintindi Niya sa taong iyon na may mas malala pang idudulot ang kasalanan bukod sa karamdaman. Ang mga namamatay

sa kasalanan ay pinaparusahan ng walang hanggang galit at pagdurusa.

Mas masama ang magkasala laban sa biyaya kaysa sa kautusan. Ipinakita ni Jesus ang dakilang pag-ibig at kagandahang-loob sa taong ito. Maling-mali kung ang magiging tugon niya ay ang magpatuloy pa rin siya sa dati niyang buhay sa kasalanan na nagdulot sa kanya ng kapansanan noong una.

**5:15** Katulad ng babaeng Samaritana, ang **lalaking** ito ay nagpapatotoo rin tungkol sa kanyang Tagapagligtas. **Ibinalita** niya **sa mga Judio na si Jesus ang nagpagaling sa kanya.** Nais niyang parangalan si Jesus. Pero hindi interesado ang mga Judio sa parangal niyang ito. Ang gusto talaga nila ay ang hulihin si Jesus at parusahan.

**5:16** Dito nakikita ang napakasamang puso ng tao. Dumating ang Tagapagligtas at gumawa ng dakilang pagpapagaling at ang **mga Judio** ay nagalit. Hindi nila nagustuhan na ang himala ay nangyari **sa araw ng Sabbath.** Sila ay mga relihiyosong manhid na. Sila ay mas interesado pa sa seremonyal na pagsunod sa kautusan kaysa sa pagpapala at pakinabang ng kanilang mga kababayan. Hindi nila naiintindihan na ang nagtalaga ng araw ng Sabbath noong una ay Siya ring nagpakita ng dakilang awa ng pagpapagaling sa araw na iyon. Hindi nilabag ng Panginoong Jesus ang batas ng Sabbath. Ang ipinagbabawal sa araw na iyon ay ang mga ordinaryong gawain, hindi nito ipinagbabawal ang paggawa ng kabutihan o pagpapala.

**5:17** Pagkatapos likhain ng Diyos ang lahat sa loob ng anim na araw, nagpahinga Siya sa ikapitong araw. Ito ang Sabbath. Pero nang dumating ang kasalanan sa daigdig, naistorbo ang pagpapahinga ng Diyos. Walang pagod Siyang gumagawa ngayon para dalhin pabalik sa pakikipag-isa ang tao sa Kanyang sarili. Nagbigay ang Diyos ng paraan ng kaligtasan. Nagsugo Siya ng mensahe ng kaligtasan sa bawat henerasyon. Kaya nga mula nang magkasala si Adan hanggang sa ngayon, ang Diyos ay **patuloy sa paggawa**. Ganito rin ang Panginoong Jesus. Tinatrabaho Niya ang gawa ng Kanyang Ama, at ang pag-ibig at biyaya Niya ay hindi magkakasya sa anim na araw ng linggo lamang.

**5:18** Mahalaga ang talatang ito. Sinasabi rito na lalong pinagsikapan ng **mga Judio na patayin** ang Panginoong Jesus

**sapagkat hindi lamang Niya** nilabag ang **araw ng Sabbath, kundi** sinasabi rin Niyang Siya ay kapantay **ng Ama**! Sa kanilang makikitid na pag-iisip ay nilabag ng Panginoon ang Sabbath pero hindi ito totoo. Hindi nila naiintindihan na hindi ninais ng Diyos na pahirapan sila sa pamamagitan ng Sabbath. Kung mapapagaling ang isang tao sa Sabbath, hindi hahayaan ng Diyos na maghirap siya ng isa pang araw.

Nang tinawag ni Jesus ang **Diyos** na **Kanyang sariling Ama**, naiintindihan nila na ginagawa Niya ang sarili Niya na **kapantay ng Diyos**. Para sa kanila, ito ay isang karumal-dumal na gawain at kalapastanganan. Siyempre, ang totoo ay tunay Siyang kapantay ng Diyos.

Totoo bang sinabi ni Jesus na kapantay Niya ang Diyos? Kung hindi Niya ito gustong gawin, hindi ba dapat na nagpaliwanag Siya sa mga Judio? Pero sa halip na magpaliwanag, mas pinalinaw pa Niya ito sa sumusunod na mga talata, na Siya nga at ang Ama ay iisa lang. Ganito ang pahayag ni J. Sidlow Baxter:

> Ipinakita ni Jesus ang Kanyang pagkapantay sa Diyos Ama sa pitong pagkakataon: (1) Pantay sa gawain: "Ang lahat ng bagay na Kanyang (ng Ama) ginagawa, ay Siya ring ginagawa ng Anak" (t.19). (2) Pantay sa kaalaman: "Sapagkat minamahal ng Ama ang Anak, at sa Kanya'y ipinapakita ang lahat ng mga bagay na Kanyang ginagawa" (t.20). (3) Pantay sa pagbubuhay ng mga patay: "Sapagkat kung paanong ibinabangon ng Ama ang mga patay … binubuhay ng Anak ang sinumang nais Niya" (t.21 kasama ang tt. 28,29). (4) Pantay sa paghatol: "Ang Ama'y hindi humahatol sa kanino mang tao; kundi ipinagkaloob Niya sa Anak ang buong paghatol" (t.22 at t.27). (5) Pantay sa karangalan: "Upang parangalan ng lahat ang Anak, na gaya rin ng kanilang pagpaparangal sa Ama" (t.23). (6) Pantay sa pagbibigay buhay: "Ang nakikinig sa Aking salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin … ay lumipat na sa buhay mula sa kamatayan" (tt. 24,35). (7) Pantay sa buhay sa Kanyang sarili: "Sapagkat kung paanong ang Ama ay may buhay sa Kanyang sarili, ay pinagkalooban din Niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa Kanyang sarili" (t. 26).[14]

### C. Ipinagtanggol ni Jesus ang Kanyang Pag-angkin sa Pagiging Pantay sa Diyos (5:19−29)

**5:19** Lubhang may pagkakaugnayan ang Tagapagligtas sa Diyos Ama kaya naman hindi Niya kayang kumilos sa Kanyang sarili lamang. Hindi naman nito ibig sabihin na wala nang kapangyarihan si Jesus na kumilos sa sarili Niyang kakayahan. Pero ganoon na lamang ang pagkakaisa Niya sa Diyos na ang kaya lamang Niyang gawin ay ang nakikita Niyang ginagawa ng **Ama**. Kahit na sinasabi ng Panginoon na magkapantay sila ng Ama, hindi Niya sinasabing hiwalay Siya sa Ama. Hindi Siya hiwalay kahit na lubos Siyang pantay sa Kanya.

Totoong nais ni Jesus na maintindihan ng mga Judio na Siya ay kapantay ng Diyos. Hindi tama na ipahayag ng isang tao lamang na kaya niyang gawin ang mga bagay na **ginagawa** ng Diyos. Sinasabi ni Jesus na nakikita Niya ang ginagawa ng Ama. Para may karapatan Siyang sabihin ito, dapat ay may walang putol Siyang ugnayan sa Ama at buong kaalaman sa kung ano ang nangyayari sa langit. Hindi lang ito, sinasabi rin ni Jesus na ginagawa Niya ang mga bagay na **nakikita Niyang ginagawa ng Ama**. Ito ay maliwanag na pagpapatunay ng Kanyang pagkapantay sa Ama. Siya ay *omnipotent* (makapangyarihan sa lahat).

**5:20** Isang espesyal na tanda ng pag-ibig ng Ama sa Anak na **ipinapakita** Niya **ang lahat ng bagay na Kanyang ginagawa**. Hindi lang ito nakikita ni Jesus. May kakayahan din Siyang gawin ang mga ito. Pagkatapos ay sinabi rin ng Tagapagligtas na **ipapakita** sa Kanya ng Ama ang **lalong dakilang mga gawa kaysa mga ito**, para **mamangha** ang tao. Nakita na nila ang Panginoong Jesus na gumawa ng mga himala. Kakatapos pa lamang nilang makita na pagalingin ni Jesus ang isang lumpo na maysakit sa loob ng tatlumpu't walang taon. Pero **lalong dakila** at mas kamangha-mangha pang mga bagay ang makikita nila. Isa sa mga ito ay ang pagbuhay ng patay (t. 21). Ang ikalawa ay ang paghatol sa sangkatauhan (t. 22).

**5:21** Narito ang isa pang malinaw na pagpapahayag ng pagiging pantay ng Anak sa Ama. Pinaparatangan ng mga Judio si Jesus ng pag-aangking pantay Siya sa Diyos. Hindi Niya tinanggihan ang paratang. Ang ginawa Niya ay lalo Niyang inilatag ang mga matitibay na katunayang Siya at ang Ama ay iisa. **Kung paanong ibinabangon ng Ama ang mga patay at sila'y**

**binubuhay, gayundin naman binubuhay ng Anak ang sinumang nais Niya.** Masasabi kaya ito tungkol sa Kanya kung Siya ay tao lamang? Kung itatanong natin ang katanungang ito, naroon na rin ang sagot.

**5:22** Itinuturo ng BT na **ipinagkaloob** ng Diyos **Ama** … **sa Anak ang buong paghahatol**. Para maisagawa ito ng Panginoong Jesus, dapat lamang na mayroon Siyang lubos na kaalaman at ganap na katuwiran. Dapat ay batid Niya ang bawat isipan at motibo ng puso ng tao. Nakakapagtaka talaga na kaharap na ng mga Judio ang Hukom ng sangnilikha at ipinapahiwatig ang Kanyang kapangyarihan, pero hindi pa rin nila Siya nakikilala!

**5:23** Narito ang dahilan kung bakit ipinagkaloob ng Diyos ang pagbubuhay ng patay at ang paghahatol sa mundo sa Kanyang Anak. Ito ay **upang parangalan ng lahat ang Anak, na gaya rin ng kanilang pagpaparangal sa Ama**. Ito ang pinakamahalagang pahayag, at isa sa pinakamaliwanag na katibayan sa Biblia tungkol sa pagka-Diyos ng Panginoong Jesu-Cristo. Sa Biblia, tinuturuan tayong ang Diyos lamang ang dapat sambahin. Sa Sampung Utos, ang tao ay pinagbabawalang magkaroon ng ibang diyos bukod sa nag-iisa at tunay na Diyos. Ngayon ay tinuturuan naman tayo na dapat **parangalan ng lahat ang Anak, na gaya rin ng kanilang pagpaparangal sa Ama.** Iisa lang ang puwedeng maging aral ng talatang ito, si Jesu-Cristo ay Diyos.

Marami ang nagsasabing sumasamba sila sa Diyos, pero itinatanggi nilang Diyos si Jesu-Cristo. Siya daw ay isa lamang mabuting tao at Siya ay maka-Diyos na higit sa kanino mang taong nabuhay. Pero itinataas Siya ng talatang ito sa ganap na pagkapantay sa Diyos, at hinihingi na ang bawat tao ay magbigay sa Kanya ng *parangal na katulad* ng kanilang ibinibigay sa *Diyos Ama*. **Ang hindi nagpaparangal sa Anak ay hindi** rin **nagpaparangal sa Ama**. Walang silbi ang magsabing siya ay umiibig sa Diyos kung wala siyang katulad ding pag-ibig sa Panginoong Jesu-Cristo. Kung hindi pa natin naiintindihan kung sino si Jesu-Cristo, dapat ay pagbulayan natin ang talataang ito nang mabuti. Tandaan natin na ito ay ang Salita ng Diyos, at dapat nating tanggapin ang maluwalhating katotohanan na si Jesu-Cristo ay Diyos na nagkatawang tao.

**5:24** Sa naunang mga talata, nakita natin na ang Panginoong Jesus ay may kapangyarihang magbigay ng buhay at ang paghahatol ay ipinagkaloob sa Kanya. Ngayon naman ay matututunan natin

kung paano matatanggap ang buhay espirituwal at matatakasan ang **kahatulan**.

Ito ay isa sa pinakapaboritong talata sa Biblia tungkol sa ebanghelyo. Marami ang nagkamit ng buhay na walang hanggan sa mensahe nito. Walang duda na ang dahilan kung bakit ito napamahal sa marami ay ang linaw ng kung paano nito napahayag ang daan ng kaligtasan. Sinimulan ng Panginoong Jesus ang pagpapahayag sa mga salitang **"Katotohanan,"** para madala ang ating atensyon sa kahalagahan ng Kanyang susunod na sasabihin. Pagkatapos ay sinabi Niya sa napakapersonal na paraan, **"Sinasabi Ko sa inyo."** Nakikipag-usap sa atin ang Anak ng Diyos sa napakapersonal at matalik na paraan.

**"Ang nakikinig ng Aking salita."** Ang marinig ang mga salita ni Jesus ay hindi lamang nangangahulugang makinig tayo rito, kundi tanggapin din, paniwalaan, at sundin. Maraming nakarinig sa pagpapahayag ng ebanghelyo pero walang ginawa. Ang sinasabi ng Panginoon dito ay dapat tanggapin ng tao ang Kanyang mensahe bilang galing sa Diyos, at maniwala na Siya nga ang Tagapagligtas ng daigdig.

**"At sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin."** Ito ay tungkol sa pagsampalataya sa Diyos. Pero hindi ibig sabihin nito na ang isang tao ay maliligtas kapag siya ay naniwala lamang sa Diyos. Marami ang nagsasabing naniniwala sila sa Diyos pero hindi naman nagbubunga ng pagbabago sa kanilang buhay. Hindi ito ganito. Ang diwa nito ay dapat maniwala ang tao sa Diyos na nagsugo sa Panginoong Jesu-Cristo sa daigdig. Ano ang dapat niyang paniwalaan? Dapat maniwala siya na **sinugo** ng Diyos ang Panginoong Jesus para maging Tagapagligtas natin. Dapat niyang paniwalaan ang sinasabi ng Diyos tungkol sa Panginoong Jesus na Siya ang tanging Tagapagligtas at ang kasalanan ay napatawad sa pamamagitan ng Kanyang ginawang sakripisyo sa Kalbaryo.

"**Ay may buhay na walang hanggan**." Pansinin natin na hindi sinasabing magkakaroon ng buhay na walang hanggan, kundi **may** buhay na walang hanggan na siya ngayon. Ang **Buhay na walang hanggan** ay ang buhay ng Panginoong Jesu-Cristo. Hindi lang ito buhay na tatagal hanggang sa walang hanggan, kundi isa itong mataas na uri ng buhay. Ito ang buhay ng Tagapagligtas na ipinagkaloob sa ating mga nananampalataya sa Kanya. Ito ay buhay espirituwal na natatanggap kapag ang tao ay ipinapanganak na muli.

Hindi ito katulad ng natural na buhay na natatanggap sa kanyang pisikal na pagkakapanganak.

**“At hindi darating sa kahatulan.”** Ang sinasabi rito ay hindi siya mahahatulan ngayon at hindi rin siya mahahatulan kailanman. Ang naniniwala sa Panginoong Jesus ay malaya na sa **kahatulan** dahil binayaran na ni Cristo ang parusa ng kanyang mga kasalanan sa Kalbaryo. Hindi sisingil ang Diyos ng bayad ng dalawang ulit. Binayaran na ito ni Cristo bilang isang Kapalit, at iyon ay sapat na. Tinapos na Niya ang gawain, at wala nang kailangan pang idagdag sa gawaing natapos na. Ang Cristiano ay hindi na paparusahan dahil sa kanyang mga kasalanan.[15]

“**Kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan.**” Ang taong nagtiwala kay Cristo ay **lumipat na** galing sa espirituwal na **kamatayan** patungo sa espirituwal na **buhay**. Bago nangyari ang pagbabagong ito, siya ay patay sa pagsasalangsang at sa mga kasalanan. Patay siya sa pag-ibig ng Diyos at sa pakikipag-isa sa Panginoon. Nang sumampalataya siya kay Jesu-Cristo, nanahan ang Espiritu ng Diyos sa kanya at nakamtan niya ang espirituwal na buhay.

**5:25** Ito na ang pangatlong ulit na ginamit ng Panginoon ang **“katotohanan”** sa ikalimang kabanata, at ikalima naman sa ebanghelyong ito. Nang sinabi ng Panginoon na **dumarating ang oras at ngayon na nga**, hindi Siya tumutukoy sa oras na may animnapung minuto, kundi sa panahong darating, at dumating na nga. Ang panahong ito ay ang Kanyang pagdating sa entablado ng kasaysayan.

Sino ang **patay** na tinutukoy sa talatang ito? Sino sila na **maririnig ang tinig ng Anak ng Diyos** at **mabubuhay?** Maaaring ang tinutukoy Niya ay ang mga binuhay ng Panginoon sa loob ng Kanyang lantad na ministeryo. Pero may mas malawak na kahulugan ang talatang ito. **Ang patay** na tinutukoy rito ay ang mga patay sa mga pagsalangsang at mga kasalanan. **Maririnig** nila **ang tinig ng Anak ng Diyos** kapag ang ebanghelyo ay ipinapangaral. Kapag sinang-ayunan nila ang mensahe at tinanggap ang Tagapagligtas, sila ay lilipat galing sa kamatayan patungo sa buhay.

Bilang suporta sa ideyang tumutukoy ang talatang 25 sa bagay na espirituwal at hindi sa pisikal, ilista natin ang paghahambing at kaibahan sa pagitan nito at ng mga talatang 28, 29:

| | |
|---|---|
| t. 25—Buhay mula sa Kamatayan | tt. 28, 29—Buhay pagkatapos ng kamatayan |
| “Dumarating ang oras at ngayon na nga” | “Dumarating ang oras” |
| “patay” | “lahat ng nasa libingan” |
| “maririnig ang tinig” | “makakarinig ng Kanyang tinig” |
| “ang makarinig ay mabubuhay” | “at magsisilabas” |

**5:26** Ipinapaliwanag ng talatang ito kung paano matatanggap ng isang tao ang buhay na galing sa Panginoong Jesus. Tulad ng **Ama** na pinagmumulan at nagbibigay ng **buhay**, pinagkalooban din Niya na ang Anak ay **magkaroon ng buhay sa Kanyang sarili** at magkaroon ng kakayahang ibigay ito sa iba. Nagkaroon muli ng tiyak na pahayag tungkol sa pagka-Diyos ni Cristo at tungkol sa pagkapantay Niya sa Ama. Hindi puwedeng sabihin tungkol sa kanino mang tao na mayroon siyang buhay sa kanyang sarili. Ang buhay ay ibinigay lamang sa ating lahat, pero ito ay hindi ibinigay sa Ama o sa Panginoong Jesus. Magmula pa sa walang hanggan, mayroon na Silang buhay na nananahan sa Kanilang sarili. Walang pinagmulan ang buhay na iyon. Wala itong pinanggalingan bukod sa Kanilang sarili.

**5:27** Hindi lang ipinasya ng Diyos na ang Anak ay magkaroon ng buhay sa Kanyang sarili, **binigyan** din Siya **ng kapangyarihang humatol** sa daigdig. Ang kapangyarihang humatol ay ibinigay kay Jesus **sapagkat Siya’y Anak ng Tao.** Ang Panginoon ay parehong tinawag na Anak ng Diyos at **Anak ng Tao**. Ang titulong Anak ng Diyos ay isang pagpapaalala sa atin na ang Panginoong Jesus ay miyembro ng Banal na Trinidad, isa sa mga Persona ng Diyos. Bilang Anak ng Diyos, kapantay Siya ng Ama at ng Banal na Espiritu, at bilang Anak ng Diyos, Siya ay nagbibigay ng buhay. Pero Siya rin ay **Anak ng Tao**. Pumasok Siya sa mundo bilang Tao, namuhay na kasama ng tao, at namatay sa krus bilang kahalili ng tao. Siya ay itinakwil at ipinako sa krus nang Siya ay pumarito sa daigdig bilang isang Tao. Sa Kanyang pagbabalik, hahatulan Niya ang Kanyang mga kaaway at Siya ay paparangalan ng daigdig na

naging malupit sa Kanya. Dahil Siya ay parehong Diyos at Tao, Karapat-dapat Siyang humatol.

**5:28** Walang duda na nang ipinapahayag ni Cristo ang Kanyang pagkapantay sa Diyos Ama, ang mga Judiong nakakarinig sa Kanya ay namamangha. Nalalaman ni Jesus ang mga bagay na umiikot sa kanilang mga isip, kaya sinabi Niyang **huwag** nila dapat **ipagtaka** ang mga bagay na ito. Pagkatapos ay nagbunyag pa Siya ng mas nakakagulat na mga katotohanan. Sa pagdating ng panahon, lahat ng mga bangkay na **nasa libingan ay makakarinig ng Kanyang tinig.** Kahangalan para sa isang tao ang magsabing, pagdating ng panahon, ang mga bangkay na nasa mga libingan ay makakarinig ng kanyang tinig! Diyos lamang ang makakapagsabi ng mga salitang ganito.

**5:29** Lahat ng mga patay ay muling bubuhayin. Ang iba ay ibabangon tungo sa **buhay**, ang iba ay sa **kahatulan**. Isang taimtim na katotohanan ang pangyayaring lahat ng taong nabuhay o mabubuhay ay malalagay sa isa sa dalawang kahihinatnang ito![16]

Hindi itinuturo ng talatang 29 na ang mga gumagawa ng mabuti ay maliligtas dahil sa kanilang mga mabubuting gawa, at ang mga gumagawa ng kasamaan ay paparusahan dahil sa kanilang masasamang buhay. Hindi maliligtas ang tao sa paggawa ng mabuti, kundi, gumagawa siya ng mabuti bilang bunga ng kanyang kaligtasan. Hindi ugat ng kaligtasan ang mabubuting gawa, kundi ito ang bunga o resulta nito. Hindi ito ang sanhi, kundi ito ang epekto. Ang mga salitang **ang mga gumawa ng masama** ay tumutukoy sa mga hindi nanampalataya at nagtiwala sa Panginoong Jesus. Dahil dito ay naging **masama** sila sa mata ng Diyos. Bubuhayin silang muli para tumayo sa harapan ng Diyos at tanggapin ang hatol na kamatayang walang hanggan.

### D. Ang Apat na Saksi kay Jesus bilang Anak ng Diyos (5:30−47)

**5:30** Sa biglang tingin, ang "**Hindi ako makakagawa ng anuman mula sa Aking sarili**" ay tila nagsasabing walang sariling kapangyarihan ang Panginoong Jesus. Pero, hindi ito ang sinasabi ng talata. Siya ay lubos na kaisa ng Diyos Ama kaya hindi Niya kayang kumilos sa Kanyang sarili. Hindi Siya makakagawa ng anuman sa sarili Niyang kapangyarihan. Walang kahit anong sariling paghahangad sa Tagapagligtas. Kumikilos Siya ng buong pagsunod sa Kanyang Ama at palaging sa lubos na pagkakaisa lamang.

Ginagamit ng mga bulaan na nagtuturo ang talatang ito para gawing katunayan na si Jesu-Cristo ay hindi Diyos. Hindi raw Siya Diyos dahil hindi Niya kayang gumawa ng anuman sa pamamagitan ng Kanyang sarili. Sa katunayan, lalo nitong napapatibay ang kabaliktaran. Kayang gawin ng tao ang anumang nais niya kahit na sila ay nagpapasakop sa Diyos o hindi. Pero hindi ito kayang gawin ng Panginoong Jesus. Kaya Niya itong gawin sa *pisikal* na kakayahan pero hindi Niya ito magagawa dahil sa *moral* na kadahilanan. Hindi Siya puwedeng gumawa ng mali: mali ang gumawa Siya ng anumang hindi niloloob ng Diyos Ama para sa Kanya. Dahil dito, maliwanag na walang katulad ang Panginoong Jesus sa sinumang taong nabuhay sa daigdig.

Nag-iisip, nagtuturo, at kumikilos ang Panginoong Jesus ayon sa naririnig at natatanggap Niyang tagubilin araw-araw galing sa Kanyang Ama. Ang salitang **paghatol** dito ay hindi tumutukoy sa mga desisyong legal kundi tungkol sa mga dapat Niyang gawin o sabihin.

Dahil wala Siyang makasariling motibo, kaya Niyang magdesisyon ng patas at walang kinikilingan. Iisa lamang ang Kanyang ambisyon. Ito ay ang bigyang kasiyahan ang Kanyang Ama at gawin ang Kanyang nais. Walang makakapigil dito. Kaya ang Kanyang mga paghahatol ay hindi naiimpluwensiyahan ng kung anumang makakabuti sa Kanya. Ang ating mga opinyon at pasya ay kalimitang nadadala ng ating mga nais at kung ano ang ating gustong paniwalaan. Hindi ito ang karanasan ng Anak ng Diyos. Ang Kanyang mga opinyon at kapasyahan ay hindi kumikiling sa kung ano ang pabor sa Kanya. Wala Siyang kinikilingan.

**5:31** Sa natitirang mga talata ng kabanatang ito, ipinapakita ng Panginoong Jesus ang mga pagpapatunay sa Kanyang pagka-Diyos. Narito ang patotoo ni Juan Bautista (tt. 32−35); ang patotoo ng Kanyang mga gawa (t. 36); ang patotoo ng Ama (tt. 37, 38); at ang patotoo ng Lumang Tipan (tt. 39−47).

Una, nagsalita si Jesus ng isang karaniwang pahayag tungkol sa paksa ng pagpapatotoo. Sinabi Niya, **"Kung Ako'y nagpapatotoo para sa Aking sarili, ang patotoo Ko ay hindi totoo."** Kahit sa isang sandali ay hindi sinabi ng Panginoong Jesus na nagsasabi Siya ng hindi totoo. Kundi, ipinapahayag lang Niya na ang patotoo ng isang tao sa husgado (ng mga Judio) ay hindi tinatanggap. Sa

Kautusan ng Diyos, hinihingi na dapat mayroong dalawa o tatlong testigo ang kailangan bago magkakaroon ng mabisang paghatol. Kaya sa sumusunod na mga paghahayag ay ibibigay Niya hindi lamang dalawa o tatlo, kundi apat na pagpapatotoo sa Kanyang pagka-Diyos.

**5:32** May pagtatalo sa kung sino ang tinutukoy ng talatang ito. Si Juan Bautista ba, ang Diyos Ama, o ang Banal na Espiritu? Sinasabi ng iba na ang pagsabing **iba ang nagpapatotoo para sa akin** ay tumutukoy kay Juan Bautista at karugtong nito ang tatlo pang mga sumusunod. Ang iba naman ay naniniwalang ang tinutukoy ng Panginoon dito ay ang **patotoo** ng Banal na Espiritu tungkol sa Kanya. Naniniwala tayo na ang sinasabi Niya ay tungkol sa **patotoo** ng Ama (sa Ingles na salin na NKJV, ang He o **Niya** sa Tagalog ay malaking titik ang ‘H’, pahiwatig na Diyos ang tinutukoy).

**5:33** Dahil nasabi na ng Panginoon na ang Kanyang Ama ang pinakadakila sa lahat ng nagpapatotoo, tinukoy naman Niya ang patotoo ni **Juan**. Pinaalala Niya sa mga Judiong hindi naniwala na nagpadala sila ng mga **sugo kay Juan** para marinig ang kanyang sinasabi, at ang lahat ng patotoo ni Juan ay tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo. Sa halip na dalhin ni Juan Bautista ang mga tao sa kanyang sarili, itinuro niya sila sa Tagapagligtas. Si Juan Bautista ay **nagpatotoo** tungkol kay Jesus na Siyang **katotohanan**.

**5:34** Ipinaalala ng Panginoong Jesus sa mga nakakarinig sa Kanya na ang pahayag na kapantay Siya ng Diyos ay hindi lamang batay sa **patotoong** mula sa tao. Kung iyon lamang ang katibayang hawak Niya ay totoo ngang mahina ang Kanyang kaso. Pero ibinigay Niya ang patotoo ni Juan Bautista na sugo mismo ng Diyos. Siya ang nagpapatotoo na ang Panginoong Jesus nga ang Mesias at ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.

Pagkatapos ay idinagdag Niya, “**Subalit sinasabi ko ang mga bagay na ito upang kayo’y maligtas.**” Bakit gayon na lamang ang lawak ng sinasabi ng Panginoong Jesus sa mga Judio? Hindi ba ipinapakita Niya lamang na Siya ay tama at sila ay mali? Ang totoo, sila ay dinadala ni Jesus sa mga dakilang katotohanang ito para makilala nila kung sino talaga Siya at tanggapin nila Siya bilang ipinangakong Tagapagligtas. Malinaw na makikita sa talatang ito ang mapagmahal at magiliw na puso ng Panginoong Jesus. Ang mga kausap Niya ay ang mga taong namumuhi sa Kanya at hindi

magtatagal ay gagawin ang lahat para Siya ay patayin. Pero walang bahid ng galit ang ipinakita ni Jesus sa kanila. Ang kaya lang Niyang gawin ay ang ibigin sila.

**5:35** Pinarangalan dito ng Panginoon si Juan Bautista bilang isang **ilawang nagniningas at lumiliwanag**. Ibig sabihin nito ay isa siyang masigasig na tao. Ang gawain ni Juan Bautista ay nagdadala ng **liwanag** sa mga tao. Ang kanyang sigla ang tumupok sa kanyang sarili habang itinuturo niya ang mga tao patungo kay Jesus. Noong una, dumagsa ang mga Judio kay Juan Bautista. Isa siyang sikat na tao at may katangi-tanging katangian. Nagsilabas at nakinig sila sa kanya. Sa **sumandaling** panahon ay tinanggap nila si Juan Bautista bilang isang sikat na guro ng relihiyon.

Pero bakit matapos nilang tanggapin ng bukal sa loob si Juan ay itinakwil naman nila ang itinuturo ni Juan? Nagalak sila nang panandalian, pagkatapos ay wala rin naman silang pagsisisi. Pabagu-bago sila. Tinanggap nila ang tagapagbalita pero ayaw nilang tanggapin ang Hari! Mataas ang parangal na ibinigay ni Jesus kay Juan. Isang totoong papuri sa kahit kanino mang lingkod ni Cristo ang matawag ng Anak ng Diyos na **ilawang nagniningas at lumiliwanag**. Sana tayo man na umiibig din sa Panginoong Jesus ay maghangad na maging apoy para sa Kanya. Tinutupok natin ang ating mga sarili para makapagbigay ng liwanag sa daigdig.

**5:36** Hindi ang patotoo ni **Juan Bautista** ang pinakamalaking katunayan ng pagka-Diyos ni Cristo. Ang mga himalang ipinagawa sa Kanya ng Ama ang **nagpapatotoo** na tunay Siyang **sinugo ng Ama**. Hindi katunayan ng pagka-Diyos ang mga himala. Makakabasa tayo ng mga taong binigyan ng kapangyarihang maghimala. Mayroon ding mga taong masasama na may kapangyarihang gumawa ng kababalaghan. Pero naiiba ang mga himala ng Panginoong Jesus sa kanilang lahat. Unang-una, ang kapangyarihang maghimala ay *nasa Kanyang sarili*, samantalang ang iba ay *binigyan* lamang ng kapangyarihan. Hindi lamang naghimala ang Panginoong Jesus sa sarili Niyang kapangyarihan. Binigyan din Niya ng kakayahan ang Kanyang mga apostol na gumawa ng himala. Isa pa, **ang mga gawain** na ipinamalas ng Panginoon ay iyon mismong mga nasulat sa LT tungkol sa Mesias. Higit sa lahat, ang mga himalang ginawa ng Panginoong Jesus ay kakaiba sa katangian, saklaw, at dami.

**5:37, 38** Nagsalita muli ang Panginoon tungkol sa patotoong ibinigay ng **Ama** tungkol sa Kanya. Ito siguro ay tumutukoy sa

pagbabautismo sa Panginoong Jesus. Narinig dito ang tinig ng Diyos Ama galing sa langit na nagsasabing si Jesus ang Kanyang minamahal na Anak, na lubos Niyang kinalulugdan. Pero dapat din nating idagdag na sa buhay, paglilingkod, at mga himala ng Panginoong Jesus, ang Ama ay nagpatotoo rin sa katotohanang Siya nga ang natatanging Anak ng Diyos.

**Hindi kailanman narinig** ng mga hindi nanampalatayang Judio **ang tinig** ng Diyos, **o nakita ang Kanyang anyo**. Ito ay dahil **walang salita** ng Diyos **na nananatili** sa kanila. Nagsasalita ang Diyos sa tao sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang Biblia. Ang mga Judiong ito ay mayroong Lumang Tipan. Pero hindi nila pinayagang magsalita ang Diyos sa pamamagitan ng mga Kasulatan. Tumigas na ang kanilang mga puso, at ang kanilang mga tainga ay nagsipurol na sa pakikinig.

Hindi nila nakita ang Anyo o Persona ng Diyos dahil **hindi** sila **sumampalataya** sa **sinugo** ng Diyos. Walang anyo o hugis ang Diyos Ama na nakikita ng mata ng tao. Siya ay Espiritu, at dahil dito, hindi Siya nakikita. Pero ipinakita ng Diyos ang Kanyang sarili sa tao sa Persona ng Panginoong Jesu-Cristo. Sa isang tunay na paraan, ang sinumang naniwala kay Cristo ay nakita na ang Anyo ng Diyos. Tao lamang katulad nila ang tingin ng mga di-mananampalataya sa Panginoong Jesus.

**5:39** Ang unang bahagi ng talatang ito ay puwedeng maintindihan[17] sa dalawang paraan. Ang una ay inuutusan ng Panginoong Jesus ang mga Judio na **saliksikin** nila **ang mga Kasulatan**. Puwede ring sinasabi Niyang nasaliksik na nila ang mga Kasulatan dahil akala nila ay may **buhay na walang hanggan** na sila dahil nasa kanila **ang mga Kasulatan**. Alin man sa dalawang pakahulugang ito ay posible. Siguro ay sinasabi lamang ng Panginoong Jesus na sinaliksik na ng mga Judio ang Kasulatan ng LT at dahil dito ay inakala nilang nakakatanggap na sila ng **buhay na walang hanggan**. Hindi nila naintindihan na ang Kasulatan ng LT na nagsasabing darating ang Mesias ay tumutukoy kay Jesus. Nakakalungkot isipin na ang mga taong nasa kanila na ang mga Kasulatan ay lubhang bulag. Pero lalong hindi mapapatawad na matapos silang kausapin ng Panginoong Jesus sa ganitong paraan ay ganoon pa rin ang kanilang pagtanggi. Pansining mabuti ang huling bahagi ng talatang ito. **“Iyon ang nagpapatotoo tungkol sa Akin.”** Ang simpleng kahulugan nito ay ang pagdating ng Cristo ang

pangunahing paksa ng LT. Kapag hindi ito nakita ng nag-aaral ng LT, hindi niya nalaman ang pinakamahalagang bahagi nito.

**5:40** **Ayaw lumapit** ng mga Judio kay Cristo **upang** sila ay **magkaroon ng buhay**. Ang tunay na dahilan kung bakit ayaw nilang tanggapin ang Tagapagligtas ay dahil hindi nila naiintindihan ang ebanghelyo, o nahihirapan silang maniwala kay Jesus. Wala namang bagay tungkol sa Panginoong Jesus ang dapat na pumigil sa kanila sa pagtitiwala sa Kanya. Ang tunay na pagkukulang ay nasa kalooban ng tao. Mas mahal niya ang kanyang mga kasalanan higit sa kanyang pag-ibig sa Tagapagligtas. Ayaw niyang bitawan ang kanyang mga maling gawi.

**5:41** Ayaw ng Panginoon na isipin ng mga Judio na Siya ay nasaktan dahil hindi nila Siya binigyan ng **kaluwalhatian**. Hindi Siya pumarito sa daigdig para purihin ng **mga tao** rito sa mundo. Hindi Niya hinahanap ang kanilang pagpupuri. Ang hinahanap Niya ay ang pagpupuri ng Kanyang Ama. Hindi nababawasan ang kaluwalhatian Niya kung hindi Siya tatanggapin ng tao.

**5:42** Makikita natin dito ang dahilan kung bakit hindi tinanggap ng mga taong ito ang Anak ng Diyos. **Ang pag-ibig ng Diyos ay wala** sa kanila. Iniibig nila ang kanilang sarili at hindi ang Diyos. Kung iniibig nila ang Diyos, dapat ay tinanggap nila ang sinugo ng Diyos. Dahil itinakwil nila ang Panginoong Jesus, naging maliwanag na wala silang **pag-ibig** sa Kanyang Ama.

**5:43** Naparito ang Panginoong Jesus **sa pangalan ng** Kanyang **Ama**. Ang ibig sabihin nito ay pumarito Siya para gawin ang kalooban ng Kanyang Ama, luwalhatiin, at sundin ang Kanyang Ama sa lahat ng pagkakataon. Kung talagang umiibig ang mga tao sa Diyos, dapat ay inibig din sana nila ang Taong naghahangad na malugod ang Ama sa lahat ng Kanyang sinabi at ginawa.

Nagbigay ngayon ng propesiya si Jesus na **iba** ang paparito **sa kanyang sariling pangalan** at **tatanggapin iyon** ng mga Judio. Maaaring sa isang banda ay tinutukoy Niya ang mga maling tagapagturo na lumabas pagkatapos Niya. Nagnasa ang mga ito na parangalan ng mga bansa. Puwede ring tinutukoy Niya ang mga bulaang kulto nitong mga nakaraang siglo na nagsasabing sila ang Cristo. Pero mas puwedeng ang tinutukoy Niya ay ang Anti-Cristo. Darating ang panahon na may isang mamumuno na maghihirang sa kanyang sarili at siya ay babangon sa gitna ng mga Judio at ipipilit

na siya ay sambahin bilang diyos (2 Tes 2: 8-10). Tatanggapin siya ng karamihan sa bayan ng mga Judio bilang kanilang pinuno. Dahil dito ay tatanggap sila ng matinding parusa galing sa Diyos (1 Juan 2:18).

**5:44** Nagbigay muli rito ang Panginoon ng isa pang dahilan kung bakit hindi Siya tinanggap ng mga Judio. Mas hinahanap nila ang parangal ng kapwa nilang tao kaysa parangal na mula sa Diyos. Natakot sila sa sasabihin ng mga kaibigan nila kung iiwanan nila ang Judaismo. Ayaw nilang maranasan ang pangungutya at paghihirap na ipapataw sa kanila kung sila ay susunod sa Panginoong Jesus. Hangga't ang isang tao ay natatakot sa sasabihin ng iba, hindi siya maliligtas. Kung gusto nilang maniwala sa Panginoong Jesus, kailangang hangarin nila ang parangal ng Diyos higit sa parangal ng sinuman. Kailangang **hinahanap** niya **ang kaluwalhatiang mula sa tanging Diyos.**

**5:45** **Hindi** na kailangang **paratangan** ng Panginoong Jesus ang mga Judio sa Kanyang **Ama.** Totoong marami silang kasalanan na puwede Niyang ilatag laban sa kanila. Pero hindi na Niya ito kailangang gawin dahil ang mga isinulat ni M**oises** ay sapat para sila ay akusahan. Ipinagmamalaki ng mga Judio ang LT lalong-lalo na ang unang limang aklat na isinulat ni **Moises**, ang Torah. Malaking karangalan para sa kanila na ang mga Kasulatan ay ibinigay sa Israel. Ang problema ay hindi nila sinunod ang mga sinabi ni Moises gaya ng sinasabi sa talatang 46.

**5:46** Itinuring ng Panginoong Jesus ang mga isinulat ni Moises na kapantay ng awtoridad ng Kanyang mga salita. Naaalala natin dito ang talatang "ang lahat ng mga Kasulatan ay kinasihan ng Diyos." LT man o BT ang ating binabasa, tanging Salita ng Diyos ang ating nababasa at matutunghayan. Kung ang mga Judio ay **sumasampalataya** sa mga salita ni **Moises**, dapat ay sumampalataya din sila sa Panginoong Jesus dahil **sumulat** si Moises **tungkol** sa pagdating ng Cristo. Ang halimbawa nito ay makikita sa Deuteronomio 18: 15, 18:

> Palilitawin ng PANGINOON mong Diyos para sa iyo ang isang Propeta na gaya ko mula sa iyong sariling mga kapatid. Sa Kanya kayo makikinig … Ako'y hihirang para sa kanila ng isang Propeta na gaya mo mula sa kanilang mga kapatid at aking ilalagay ang Aking mga salita sa bibig Niya at Kanyang sasabihin sa kanila ang lahat ng Aking iuutos sa Kanya.

Sa mga talatang ito ay nagpropesiya si Moises na darating ang Cristo, at sinabihan ang mga Judio na makinig, at sumunod sa Kanya kapag Siya ay dumating. Ngayong dumating na ang Panginoong Jesus, hindi pa rin Siya tinanggap ng mga Judio. Kaya sinabi Niya na pararatangan sila ni Moises sa Ama dahil nagkunwari silang mananampalataya ni Moises pero hindi naman nila sinunod ang utos ni Moises. Ang mga salitang **siya'y sumulat tungkol sa Akin** ay maliwanag na pahayag ng ating Panginoon na ang LT ay naglalaman ng mga propesiya tungkol sa Kanya. Maliwanag itong isinalarawan ni Agustin: "Ang Bagong Tipan ay sa Lumang Tipan nakatago; ang Lumang Tipan ay sa Bagong Tipan nahayag."

**5:47** **Kung hindi naniwala** ang mga Judio sa **mga sinulat** ni Moises, tiyak na hindi rin sila maniniwala sa **mga salita** ni Jesus. Mayroong mahigpit na koneksiyon ang LT at ang BT. Kung magdududa ang isang tao na ang LT ay kinasihan, hindi malayo na hindi rin niya tatanggapin na kinasihan ang mga salita ng Panginoong Jesus. Kapag inatake ng sinuman ang anumang bahagi ng Biblia, hindi magtatagal ay pagdududahan din nila ang buong Aklat. Sinabi ni King:

> Ang tinutukoy ng Panginoon ay ang Pentateuch, ang Limang Aklat ni Moises – ang bahagi ng Biblia na malupit na inaatake higit sa alinmang bahagi ng Biblia; at nakakagulat na ang bahaging ito, na ayon sa ating mga talaan ay ang pinakamalimit kunan ng ating Panginoon ng mga pahayag. Animo'y bago pa man nagsimula ang mga pag-atake, ang Panginoong Jesus mismo ang nagtatak ng Kanyang pagpayag sa mga ito.[18]

## IV. ANG IKATLONG TAON NG MINISTERYO NG ANAK NG DIYOS: GALILEA (Kab. 6)

### A. Ang Ikaapat na Tanda: Pinakain ang Limang Libo (6:1−15)

**6:1** Ang pahayag na **pagkatapos ng mga bagay na ito** ay nangangahulugan na ilang panahon ang lumipas matapos ang mga pangyayari sa kabantang 5. Hindi natin alam kung gaano katagal, pero alam natin na naglakbay si **Jesus** mula sa mga lugar sa palibot ng Jerusalem patungo sa Dagat ng Galilea. Nang sinabing tumawid Siya sa dagat, marahil ang ibig sabihin nito ay pumunta Siya mula sa dakong hilagang kanluran ng pampang patungo sa hilagang

silangang bahagi nito. Ang **Dagat ng Galilea** ay kilala rin sa tawag na **Dagat ng Tiberias**, dahil ang bayan ng Tiberias ay matatagpuan sa kanlurang bahagi ng pampang nito. Ang bayang ito na kabisera ng lalawigan ng Galilea ay ipinangalan sa emperador ng Roma na si Tiberius.

**6:2, 3** **Napakaraming** tao ang **sumusunod sa Kanya**, hindi dahil sumasampalataya sila sa Kanya bilang Anak ng Diyos, kundi **sapagkat nakita nila** ang mga himala na ginawa Niya **sa mga maysakit**. Ang pananampalatayang nakatatag sa mga himala ay hindi kalugud-lugod sa Diyos kumpara sa nakatatag sa Kanyang Salita lamang. Hindi nangangailangan ng mga himala para mapatunayan ang Salita ng Diyos. Ano man ang sabihin ng Diyos ay totoo. Hindi ito puwedeng magkamali. Ito ay sapat na para sa lahat. Ang literal na pagkakasalin ng talatang 3 ay **"Umakyat si Jesus** *sa* **bundok"**, pero ang puwedeng ibig sabihin lamang nito ay ang mabundok (o maburol) na rehiyon sa palibot ng Dagat.

**6:4** Hindi malinaw kung bakit binanggit ni Juan na **malapit na noon ang Paskuwa**. Marami ang nagpapahiwatig na siguro ay iniisip ng Panginoong Jesus ang Paskuwa nang ibigay Niya ang Kanyang kahanga-hangang mensahe sa kabanatang ito tungkol sa tunay na Tinapay ng Buhay. Hindi Siya pumunta sa Jerusalem para sa Paskuwa. Sinabi ni Juan na **ang Paskuwa** ay **pista ng mga Judio**. Totoo namang ito ay itinatag ng Diyos sa LT. Ibinigay Niya ito sa mga Judio, at sa ganoong pananaw, ito ay **pista ng mga Judio**. Pero ang pagtawag na **pista ng mga Judio** ay puwede ring mangahulugan na hindi na kinikilala ito ng Diyos bilang isa sa Kanyang mga sariling pista dahil ipinagdiwang ito ng mga Judio bilang isa na lamang ritwal, at walang anumang tunay na interes sa kanilang mga puso. Iniwan na nito ang tunay na kahulugan, at hindi na ito pista ni Jehovah.

**6:5** Hindi kinainisan ni **Jesus** ang **napakaraming tao**. Hindi Niya inisip na iistorbohin lamang nila ang Kanyang pamamahinga o ang panahon Niya na kasama ang Kanyang mga alagad. Ang una Niyang inisip ay ang bigyan sila ng **makakain**. Kaya naman lumapit siya kay **Felipe** at itinanong kung saan makakabili ng **tinapay** para pakainin ang maraming tao. Kapag nagtatanong si Jesus, hindi ito para dagdagan ang Kanyang sariling kaalaman. Ito ay para turuan ang iba. Alam Niya ang sagot, pero hindi alam ni Felipe.

**6:6** Nais na turuan ng Panginoon si Felipe ng isang mahalagang aral at **subukin** ang kanyang pananampalataya. **Nalalaman** ni Jesus **sa Kanyang sarili** na magpapakita Siya ng himala para pakainin ang napakaraming taong ito. Pero naiisip ba ni Felipe na kayang gawin ito ni Jesus? Malaki o maliit ba ang pananampalataya ni Felipe?

**6:7** Halatang ang pananampalataya ni Felipe ay hindi masyadong malaki. Mabilis siyang nagbilang at nagdesisyon na kahit ang **dalawang daang denariong tinapay** ay hindi magiging sapat para mabigyan ng kahit **kaunti** man lamang na pagkain ang bawat isa. Hindi natin alam ang eksaktong dami ng tinapay na puwedeng bilhin para sa **dalawang daang denario** sa panahong iyon. Pero tila ito ay napakalaking halaga. Ang isang denario ay isang araw na suweldo ng isang manggagawa.

**6:8, 9** Si **Andres** ay **kapatid ni Simon Pedro**. Nakatira sila sa lugar ng Bethsaida, sa tabi ng pampang ng Dagat ng Galilea. Naisip din ni Andres na magiging mahirap pakainin ang napakaraming tao. Napansin niya ang isang batang lalaki na may **limang tinapay na sebada at dalawang isda**. Pero naramdaman niya na kulang ang mga ito para matugunan ang kagutuman ng **napakaraming** tao. Kakaunti ang dala ng **batang lalaking** ito. Pero nakahanda siyang ibigay ito at gamitin ng Panginoong Jesus. Bilang resulta ng kanyang kabaitan, ang kuwentong ito ay naitala sa apat na Ebanghelyo. Wala siyang ginawang malaking bagay. Pero “ang maliit ay malaking bagay kung naroroon ang Diyos,” at siya ay nakilala ng buong mundo.

**6:10** Nang **paupuin** (literal, sumandal) ng Panginoong Jesus ang mga tao, inisip Niya ang kanilang ginhawa. Pansinin natin na pinili Niya ang **madamong** lugar. Mahirap makahanap ng isang lugar na ganoon sa dakong iyon. Pero sinikap ng Panginoon na makakain sila sa isang malinis at kaaya-ayang lugar.

Nakatala na mayroon noong libo-libong **tao** (Griyego: “kalalakihan”). Kaya ang ibig sabihin nito ay mayroong mga karagdagang babae at mga bata. Ang pagbanggit ng bilang na **limang libo** ay nagpapahiwatig na isang makapangyarihang himala ang mangyayari.

**6:11** **Kinuha ni Jesus ang mga tinapay** at **nagpasalamat** para dito. Kung ginawa Niya ito noon bago ipamahagi ang pagkain o

ihain ito, gaano pa kaya na kailangan din nating tumigil sandali at magpasalamat sa Diyos bago tayo kumain para sa mga biyayang mula sa Kanya. Pagkatapos ay **ipinamahagi Niya** ang pagkain **sa mga alagad**. Mayroong tunay na aral para sa atin dito. Hindi ito ginawa ng Panginoong Jesus nang mag-isa. Nagpatulong Siya sa iba. Tama ang pagkakasabi na, "Gawin mo ang kaya mong gawin; Gagawin ko ang kaya kong gawin; at gagawin ng Panginoon ang hindi natin kayang gawin."

Sa pagkakataong **ipinamahagi** ng Panginoon ang mga tinapay **sa mga alagad**, kamangha-manghang dumami ang mga ito. Ang eksaktong sandali na nangyari ang himalang ito ay hindi nakatala. Pero alam natin na sa isang mahimalang paraan, ang limang tinapay at dalawang maliliit na isda ay naging sapat sa mga kamay ng Panginoon para pakainin ang napakaraming tao. Ipinamahagi ng mga alagad ang mga tinapay at **mga isda sa mga nakaupo**. Hindi nagkulang dahil tiyak na nakalahad na binigyan nila sila ng isda **hanggang gusto nila**.

Ipinaalala sa atin ni Griffith Thomas na ang kuwentong ito ay may magandang larawan ng:

> (a) mundong napapahamak; (b) mga alagad na walang kapangyarihan; (c) perpektong Tagapagligtas. Ang himalang ito ay isang tunay na paglikha. Walang karaniwang tao ang makakapagparami ng limang tinapay at dalawang maliliit na isda at makakapagpakain nito sa ganitong karaming tao. Tama ang pagkakasabi na, "'Panahon ng tagsibol nang pagpalain Niya ang tinapay, panahon ng pag-aani nang hatiin Niya ito." At totoo rin, "Ang mga tinapay na hindi pinanalangin ay mga tinapay na hindi pinarami."[19]

**6:12** Napakagandang pansinin ito. Kung si Jesus ay karaniwang tao lamang hindi siya maaabala na isipin pa ang mga **pinagputol-putol** na lumabis. Ang sinumang tao na kayang pakainin ang limang libo ay hindi na mag-aalala tungkol sa ilang natirang mumo! Pero si Jesus ay Diyos. At sa Diyos ay walang pagsasayang ng Kanyang kagandahang-loob. Ayaw Niyang sayangin natin ang mga mahahalagang bagay na Kanyang ibinigay sa atin. Kaya naman maingat Niyang itinuro na ang mga pinagputol-putol na lumabis ay dapat tipunin **upang walang anumang masayang**.

Maraming tao ang sumubok na patunayang hindi himala ang nangyari. Sinasabi nila na nakita ng mga tao ang munting bata na nagbigay ng kanyang limang tinapay at dalawang isda kay Jesus. Nakita nila ang kanilang pagdadamot. Kaya naman nagpasiya sila na ilabas nila ang kanilang mga pananghalian at ibahagi ito sa bawat isa. Sa ganitong paraan, nagkaroon ng pagkain ang lahat. Pero hindi tugma ang paliwanag na ito sa makikita nating mga katotohanan sa susunod na talata.

**6:13** **Labindalawang kaing** ng tinapay ang natipon matapos kumain ang mga tao. Tunay na imposible ang makatipon ng ganitong karaming tinapay kung ang bawat tao ay may dalang pananghaliang para sa kanya lamang. Ang paliwanag ng tao ay nagpapatunay na wala itong katotohanan. Iisa lamang ang tamang paliwanag. Ang naganap ay isang makapangyarihang himala.

**6:14** Mismong ang mga tao ang nakakilala na ito nga ay isang himala. Hindi nila ito mapapatunayan kung kinain lamang nila ang kanilang mga baon. Ang totoo, kumbinsidong-kumbinsido sila na isa nga itong himala. Kaya naman pumayag silang kilalanin na si Jesus ay ang **Propeta na darating sa sanlibutan**. Alam nila mula sa LT na isang propeta ang darating, at inaasahan nilang hahanguin sila nito mula sa pamamahala ng emperyo ng Roma. Ang hinihintay nila ay isang makamundong pinuno. Pero hindi tunay ang kanilang pananampalataya. Hindi sila nakahandang tanggapin na si Jesus ang Anak ng Diyos. Hindi sila nakahandang ihayag ang kanilang mga kasalanan, at tanggapin si Jesus bilang Tagapagligtas.

**6:15** Dahil sa himala ni Jesus, gusto ng mga tao **na gawin Siyang hari**. Muli, kung si Jesus ay isang tao lamang, walang dudang papayag Siya kaagad sa kanilang kahilingan. Masyadong sabik ang mga tao na maitaas at mabigyan ng lugar ng katanyagan. Pero si Jesus ay hindi nagpaapekto sa ganoong panawagan para sa pagmamayabang at pagmamalaki. Naunawaan Niya na pumunta Siya sa mundo para mamatay sa krus bilang kabayaran ng kasalanan ng mga tao. Wala Siyang gagawin para mahadlangan ang layuning iyon. Hindi Siya aakyat sa trono hangga't hindi pa Siya nakakaakyat sa altar ng sakripisyo. Kailangan muna Niyang magdusa, maghirap, at mamatay bago Siya tuluyang maitaas.

Isinulat ni F. B. Meyer:

Gaya ng sinabi ni St. Bernard, laging tumatakas si Jesus sa tuwing gusto nila Siyang gawing hari. Ibinigay Niya ang Kanyang sarili nang gusto na nilang Siya ay ipako. Habang malinaw na nakatatak ito sa ating isipan, huwag tayong mag-atubiling gamitin ang mararangal na mga pananalitang sinabi ni Itai na isang Geteo kay Haring David: "Habang buhay ang Panginoon at buhay ang aking panginoong hari, saanman naroroon ang aking panginoong hari, maging sa kamatayan man o sa buhay, ay doroon din ang iyong lingkod" (II Samuel 15:21). At tiyak na sasagot si Jesus, katulad ng ginawa ni David sa isang pugante na nais sumama sa kanyang laban: "Sumama ka sa akin, huwag kang matakot; sapagkat siya na tumutugis sa aking buhay ay tumutugis din sa iyong buhay; ligtas ka sa piling ko."[20]

## B. Ang Ikalimang Tanda: Lumakad si Jesus sa Ibabaw ng Tubig at Iniligtas Niya ang Kanyang mga Alagad (6:16–21)

**6:16, 17** **Gabi** noon. Pumunta mag-isa si Jesus sa bundok. Ang mga tao ay walang dudang nagsibalik na sa kani-kanilang mga tahanan, at iniwan ang mga alagad. Kaya naman nagpasiya ang mga alagad na **lumusong sa dagat** at maghanda sa kanilang paglalakbay sa ibayo ng Dagat ng Galilea.

**Pagsapit ng gabi**, **pinasimulan nilang tawirin ang dagat hanggang sa Capernaum. Madilim na noon**. **Hindi** pa **nila** kasama si **Jesus**. Nasaan Siya? Nandoon Siya sa bundok at nananalangin. Isa itong larawan ng mga tagasunod ni Cristo sa ngayon. Sila ay nasa mabagyong dagat ng buhay. **Madilim** dito. Hindi makikita at masumpungan ang Panginoong Jesus kahit saanman. Pero hindi ibig sabihin nito na hindi Niya alam ang nangyayari. Siya ay nasa langit at ipinapanalangin ang Kanyang mga minamahal.

**6:18** Ang Dagat ng Galilea ay palaging mayroong biglaan at malalakas na mga bagyo. Lubhang mabilis ang malalakas na hangin na humihihip pababa galing sa bundok patungo sa Ilog ng Jordan. Kapag tumama ang mga ito sa Dagat ng Galilea, nagiging dahilan ito para tumaas ang mga alon. Hindi ligtas para sa mga maliliit na bangka ang maglayag **sa dagat** sa ganitong panahon.

**6:19** Nagsagwan ang mga alagad **ng may lima hanggang anim na kilometro.** Sa paningin ng tao, sila ay nasa malaking panganib. Sa tamang pagkakataon, tumingin sila at **nakita** nila **si Jesus na lumalakad sa ibabaw ng dagat at papalapit sa bangka**.

Narito ang isa pang kamangha-manghang himala. Naglalakad ang Anak ng Diyos sa ibabaw ng tubig ng Dagat ng Galilea. **Natakot** ang mga alagad dahil hindi nila lubos na nakilala kung sino ang kamangha-manghang Taong ito.

Pansinin kung gaano kasimple ang pagkakasalaysay ng kuwento. Ang pinakakamangha-manghang mga katotohanan ay sinasabi sa atin. Pero hindi gumamit si Juan ng mga magagandang pananalita para pahangain tayo sa kadakilaan ng pangyayari. Iningatan niyang maging simple lamang ang pagkakalahad ng mga katotohanan.

**6:20** Pagkatapos ay pinalakas ng Panginoong Jesus ang kanilang mga kalooban sa pamamagitan ng kahanga-hangang mga salitang ito, **"Ako ito; huwag kayong matakot."** Kung Siya ay tao lamang, dapat ay matakot sila. Pero Siya ang makapangyarihang Manlilikha at Tagapagpanatili ng sansinukob. Walang dahilan para matakot ang mga alagad dahil malapit sa kanila ang Taong ito. Siya na lumikha ng Dagat ng Galilea ay kayang patahimikin ang mga tubig dito. Kayang iligtas ni Jesus ang Kanyang natatakot na mga alagad patungo sa pampang. Ang mga salitang **"Ako ito"** ay ang literal na "AKO NGA." Ito ang ikalawang ulit sa ebanghelyo ni Juan na ginamit ni Jesus ang pangalan ni Jehovah para tukuyin ang Kanyang sarili.

**6:21** Nang napatunayan nila na iyon ay ang Panginoong Jesus, tinanggap nila **Siya sa bangka**. **Kaagad** nilang nakita na sila ay nasa lupang kanilang patutunguhan na. Sa pagkakataong ito, isa na namang himala ang ipinahayag pero hindi ipinaliwanag. Hindi na nila kailangan pang sumagwan. Kaagad silang dinala ng Panginoong Jesus sa tuyong **lupa**. Tunay na kahanga-hanga Siyang Tao!

### C. Humanap ng Tanda ang mga Tao (6:22–34)

**6:22** Ngayon ay ang **araw** matapos pakainin ang limang libong tao. Ang napakaraming **tao** ay nandoon pa rin sa lugar na dakong hilagang silangan ng Dagat ng Galilea. Nakita nila ang mga alagad na sumakay sa maliit na **bangka** noong nakaraang gabi. Alam nila na si **Jesus** ay **hindi sumama** sa kanila. Isang bangka lamang ang puwedeng gamitin noong panahong iyon, at ginamit ito ng mga **alagad**.

**6:23** Nang sumunod na araw, may **mga bangkang** dumating **mula sa Tiberias**, **malapit sa pook** kung saan pinakain ni Jesus ang napakaraming tao. Pero hindi maaaring sumakay si Jesus gamit ang isa sa mga bangkang ito dahil kakarating lamang nila. Pero siguro ay sa maliliit na mga bangkang ito sumasakay ang mga tao para makatawid sila sa Capernaum, gaya ng nakatala sa sumusunod na mga talata.

**6:24** Maingat na sinusubaybayan ng **mga tao** si Jesus. Alam nila na pumunta Siya sa bundok para manalangin. Alam nila na hindi Siya sumakay sa bangka kasama ang Kanyang mga alagad para tumawid sa lawa. Gayon pa man, sa sumunod na araw ay hindi Siya matagpuan. Nagpasiya sila na tumawid sa dagat papunta **sa Capernaum**, kung saan maaaring nandoon ang mga alagad. Hindi nila maintindihan kung paanong si **Jesus** ay naroroon, pero nagpasiya silang pumunta at hanapin pa rin Siya.

**6:25, 26** **Nakita nila** si Jesus sa Capernaum. Hindi nila maitago ang kanilang pagtataka. Kaya tinanong nila si Jesus kung kailan Siya dumating.

Hindi tuwirang **sinagot ni Jesus** ang kanilang tanong. Alam ni Jesus na Siya ay hinahanap nila dahil sa ibinigay Niyang pagkain at hindi dahil sa kung sino Siya. Nakita nila ang makapangyarihang himala noong nakaraang araw. Dapat sana ay nakumbinsi na sila na Siya ang tunay na Manlilikha at Mesias. Pero pagkain lang ang gusto nila. Nakain na nila **ang tinapay** ng himala, at ang gutom nila ay napawi na.

**6:27** Kaya naman pinayuhan sila ni Jesus **na huwag** silang **magsumikap nang dahil sa pagkaing nasisira**. Hindi ibig sabihin ng Panginoon na huwag na silang magtrabaho para sa kanilang ikabubuhay. Kundi ang ibig Niyang sabihin ay dapat hindi ito ang pangunahing layunin ng kanilang mga buhay. Ang pagtugon sa pisikal na pangangailangan ng isang tao ay hindi ang pinakamahalagang bagay sa buhay. Ang tao ay binubuo hindi lamang ng katawan, kundi pati rin ng espiritu at kaluluwa. Dapat tayong magsumikap **sa pagkaing tumatagal para sa buhay na walang hanggan**. Hindi dapat mabuhay ang tao na parang ang katawan ang pinakamahalaga sa lahat. Hindi niya dapat ilaan ang lahat ng kanyang lakas at talento sa pagpapakain ng kanyang katawan. Ang katawan ay lilipas din, mabubulok, at kakainin ng mga uod. Sa halip, dapat ay siguraduhin niyang ang kanyang

kaluluwa ay araw-araw na napapakain ng Salita ng Diyos. "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos." Dapat tayong magsikap para makakuha ng mas mahusay na kaalaman sa Salita ng Diyos.

Nang sabihin ng Panginoong Jesus na **inilagay ng Diyos Ama ang Kanyang tatak sa Kanya**, ibig Niyang sabihin na sinugo Siya ng **Diyos** at pinagtibay Siya. Kapag inilalagay natin ang ating tatak sa isang bagay, ibig sabihin nito na nangangako tayo na ito ay totoo. Tinatakan ng Diyos ang Anak ng Tao sa pananaw na pinagtibay Niya si Jesus bilang Taong nagsasabi ng katotohanan.

**6:28** Tinanong ngayon ng mga tao ang Panginoon kung ano ang kailangan nilang gawin para kanilang **magawa ang mga gawa ng Diyos**. Laging gumagawa ng paraan ang tao para makapunta sa langit, at mapalapit sa Diyos. Gusto niyang isipin na mayroon siyang puwedeng gawin para makamit ang kaligtasan. Kung kaya niyang makatulong para maligtas ang kanyang kaluluwa, mayroon siyang dahilan para magyabang. At kung ganito man, siya ang mabibigyan ng papuri at kaluguran.

**6:29** Nakita ni Jesus ang kanilang pagpapaimbabaw. Nagkunwari silang gusto nilang gawin ang mga gawain ng Diyos. Pero ayaw nilang pahalagahan ang anumang may kinalaman sa Anak ng Diyos. Sinabi ni **Jesus** sa kanila na ang unang dapat nilang gawin ay ang tanggapin ang Taong **sinugo** ng Diyos. Ganoon din naman sa panahon natin. Marami ang naghahangad na makamit ang landas papuntang langit sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Pero bago sila makagawa ng mabubuting gawain para sa Diyos, dapat muna silang **sumampalataya** sa Panginoong Jesu-Cristo. Hindi nauuna ang mabubuting gawa sa kaligtasan. Sumusunod ito rito. Ang tanging mabuting **gawa** na magagawa ng isang makasalanan ay ang ihayag niya ang kanyang mga kasalanan, at tanggapin si Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas.

**6:30** Ang talatang ito ay karagdagang katunayan ng kasamaan ng puso ng mga tao. Isang araw pa lang ang nakalipas nang nakita nila ang Panginoong Jesus na pinakain ang limang libong tao sa pamamagitan ng limang tinapay at dalawang isda. Sa sumunod na araw, pumunta sila sa Kanya at humingi ng **tanda** na magpapatibay ng Kanyang pagpapahayag na Siya ang Anak ng Diyos. Gaya ng mga hindi mananampalataya, gusto nilang makita muna, at pagkatapos nito ay tsaka pa lamang sila maniniwala. **"Na aming**

**makikita upang sumampalataya kami sa Iyo.”** Pero hindi ito ang utos ng Diyos. Sinasabi ng Diyos sa mga makasalanan, “Kung sumasampalataya ka, makikita mo.” Dapat laging nauuna ang pananampalataya.

**6:31** Pinaalalahanan ng mga Judio si Jesus ng himala ng manna[21] sa ilang na nangyari noong LT. Tila sinasabi nila na wala pang nagagawang tanda ang Panginoong Jesus na katulad nito. Binanggit nila ang Awit 78:24, 25, kung saan nakasulat: **“Kanyang binigyan sila ng tinapay na galing sa langit upang kanilang makain.”** Ipinahiwatig nila na nagpadala si Moises ng pagkain mula sa langit. Para sa kanila, ang Panginoon ay hindi mas dakila kay Moises. Ayon sa kanila, pinadami lamang Niya ang pagkain na *naroroon* na!

**6:32** Ang sagot ng Panginoon ay nagsasabi ng dalawang bagay. Una sa lahat, *hindi* si **Moises** ang nagbigay sa kanila ng manna, kundi ang Diyos. Bukod doon, hindi totoong espirituwal na **tinapay na galing sa langit** ang manna. Ang manna ay literal na pagkain, na sadyang para sa pisikal na katawan, pero wala itong halaga sa kabilang buhay. Nagpapahayag dito ang Panginoong Jesus tungkol sa **tunay**, tama, at totoong **tinapay** na ibinibigay ng Diyos mula sa langit. Ito ay ang tinapay para sa kaluluwa, at hindi para sa katawan. Ang mga salitang **Aking Ama** ay sinabi ni Cristo bilang katunayan na Siya man ay Diyos.

**6:33** Ipinahayag ng Panginoong Jesus na Siya **ang tinapay ng Diyos** na **bumababang mula sa langit** at nagbibigay ng **buhay**. Ipinapakita Niya na ang **tinapay ng Diyos** ay higit sa manna sa ilang. Ang manna ay hindi nagbigay buhay, pero tumulong ito sa pisikal na buhay. Hindi *ito* para sa buong mundo, kundi para sa Israel lamang. **Ang tunay na tinapay ay bumababang mula sa langit at nagbibigay ng buhay** sa mga tao − hindi lamang sa isang bansa kundi sa **sanlibutan**.

**6:34** Hindi pa rin nauunawaan ng mga Judio na ang tinapay na tinutukoy ng Panginoong Jesus ay ang Kanyang sarili, kaya hinihingan nila Siya ng **tinapay**. Literal na tinapay pa rin ang iniisip nila. Sa kasamaang palad, walang tunay na pananampalataya sa kanilang mga puso.

**D. Si Jesus, ang Tinapay ng Buhay (6:35−65)**

**6:35** Ngayon ay simple at malinaw na ipinahayag ni **Jesus** ang katotohanan. Siya ang **tinapay ng buhay**. Sapat na Siya para sa mga lumalapit sa Kanya para matugunan ang kanilang pangangailangang espirituwal magpakailanman. Ang mga mananampalataya sa Kanya ay hindi na kailanman mauuhaw. Tingnan ang mga salitang **Ako ang** sa talatang ito at mapapansin na ang Panginoon ay nagpapahayag ng pagkakapantay kay Jehovah. Isang kahangalan para sa isang makasalanang tao na ipahayag ang mga salita sa talatang 35. Walang sinumang tao ang makakapawi ng sarili niyang gutom o uhaw, lalo na ng espirituwal na gutom ng buong daigdig.

**6:36** Sa talatang 30, humingi ang mga hindi sumasampalatayang Judio ng isang tanda para makita nila at sampalatayanan. Dito ay sinasabi ni Jesus sa kanila na **nakita** na nila Siya na pinakadakilang tanda sa lahat **subalit** hindi sila **sumampalataya**. Kung kaharap na nila ang Anak ng Diyos sa anyong lubos na tao at hindi nila Siya kinilala, wala ng anumang tanda na Kanyang ipapakita para makumbinsi at maniwala sila.

**6:37** Hindi pinanghinaan ng loob ang Panginoon sa kawalan ng pananampalataya ng mga Judio. Alam Niya na ang lahat ng layunin at plano ng Ama ay matutupad. Kahit na hindi Siya tinatanggap ng mga kausap Niyang Judio, alam Niya na ang lahat ng pinili ng Diyos ay lalapit sa Kanya. Gaya ng sinabi ni Pink, "Kapag nagtitiwala tayo na nalalaman ng Diyos ang lahat ng mga bagay ay magkakaroon tayo ng kapayapaan, katatagan, tapang, at tiyaga na hindi maibibigay ng ano pa mang iba."

Mahalaga ang talatang ito dahil ipinapahayag nito ang dalawa sa mahahalagang turo sa Biblia gamit ang iilang salita. Ang una ay mayroong mga ibinigay ang Diyos kay Cristo at ang **lahat** ng ibinigay Niya ay maliligtas. Ang pangalawa ay ang pagtuturo ng responsibilidad ng tao. Para maligtas, ang isang tao ay dapat lumapit sa Panginoong Jesus, at tanggapin Siya sa pamamagitan ng pananampalataya. Pumipili ang Diyos ng Kanyang ililigtas pero hindi itinuturo ng Biblia na pinipili Niya kung sino ang mapapahamak sa impiyerno. Kung maligtas man ang sinuman, ito ay dahil sa regalong biyaya ng Diyos. Pero kung mapahamak man sa walang hanggan ang sinuman, ito ay kagagawan niya. Lahat ng tao ay paparusahan dahil sa kanilang kasalanan at kasamaan. Kung lahat ng tao ay pupunta sa impiyerno, tatanggapin lamang nila kung ano man ang marapat sa kanila. Sa pamamagitan ng biyaya ay inaabot ng Diyos at inililigtas ang tao mula sa sangkatauhan. Mayroon ba

Siyang karapatan na gawin ito? Oo mayroon. Puwedeng gawin ng Diyos ang gusto Niya, at walang tao ang makakapigil sa karapatan Niyang ito. Alam nating hindi kailanman gagawa ang Diyos ng anumang bagay na mali o hindi makatarungan.

Pero gaya ng itinuturo ng Biblia na pinili ng Diyos ang ilang tao para sa kaligtasan, itinuturo rin nito na ang tao ay responsable na tanggapin ang ebanghelyo. Ang handog ng Diyos ay para sa lahat. Kapag ang isang tao ay sumampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo, maliligtas siya. Hindi inililigtas ng Diyos ang mga tao na laban sa kanilang kalooban. Dapat na lumapit sa Kanya ang isang tao ng may pagsisisi at pananampalataya. At pagkatapos ay ililigtas siya ng Diyos. Ang sinumang lumalapit sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo ay hindi **itataboy**.

Hindi natin lubos na mauunawaan ang dalawang katuruang ito. Pero dapat nating paniwalaan ang mga ito kahit hindi natin ito lubos na maunawaan. Ang mga ito ay mga katuruan ng Biblia at malinaw na nakasaad dito.

**6:38** Sinabi ng Panginoong Jesus sa talatang 37 na matutupad ang buong plano ng Diyos sa kaligtasan ng mga taong ipinagkaloob sa Kanya. Dahil ito ang kalooban ng Ama, isasakatuparan ito ng Panginoon dahil ang misyon Niya ay ang gawin ang kalooban ng Diyos. Malinaw na itinuturo ni Cristo nang sabihin Niyang **"Ako'y bumaba mula sa langit"** na hindi nagsimula ang buhay Niya sa sabsaban sa Bethlehem. Siya ay kasama na ng Diyos Ama sa langit simula pa noong hindi pa nalilikha ang daigdig. Siya ang masunuring Anak ng Diyos na pumunta rito sa mundo. Kusang loob Siyang naglingkod para maisagawa ang **kalooban** ng Ama. Hindi nito ibig sabihin na mayroon Siyang **sariling kalooban**. Kundi ang kalooban Niya ay sang-ayon sa kalooban ng Diyos.

**6:39** **Ang kalooban ng Ama** ay ang maligtas at manatili ang mga ibinigay Niya kay Cristo hanggang sa sila ay muling buhayin at dalhin sa langit. Ang mga salitang **iwala** at **anuman** ay tumutukoy sa mga mananampalataya. Hindi ang indibiduwal na mananampalataya ang tinutukoy Niya rito, kundi ang lahat ng mga mananampalataya na maliligtas sa lahat ng panahon. Tungkulin ng Panginoong Jesus na walang mawala sa bawat miyembro ng katawan at muling buhayin ang buong katawan **sa huling araw**.

Sa mga *Cristiano*, ang **huling araw** ay tumutukoy sa **araw** kung kailan ang Panginoong Jesus ay muling babalik. Ang mga patay kay Cristo ay unang bubuhayin. Ang lahat ng mga mananampalataya ay mababago, at ang lahat ay kukunin ng Panginoon sa alapaap at isasama Niya sa walang hanggan. Ang ibig sabihin nito para sa mga *Judio* ay ang pagparito ng Mesias sa kaluwalhatian.

**6:40** Ngayon ay ipinapaliwanag ng Panginoon kung paano magiging miyembro sa pamilya ng mga iniligtas. Ang **kalooban** ng Diyos ay ang **bawat nakakakita sa Anak at sa Kanya'y sumampalataya ay magkaroon ng buhay na walang hangan**. Ang *makita* ang **Anak** dito ay hindi nangangahulugan na makita Siya ng ating mga pisikal na mata, kundi ang tumingin sa Kanya ng may pananampalataya. Dapat makita ng isang tao na si Jesu-Cristo ay ang Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas ng mundo. Dapat siyang sumampalataya kay Jesus. Ibig sabihin nito ay sa pamamagitan ng isang tiyak na pagsampalataya, dapat niyang tanggapin ang Panginoong Jesus bilang kanyang personal na Tagapagligtas. Ang mga sasampalataya sa Kanya ay agad na tumatanggap ng **buhay na walang hanggan** at tatanggap din ng katiyakan na sila ay muling bubuhayin **sa huling araw**.

**6:41** Hindi pa handa ang mga tao na tanggapin ang Panginoong Jesus. Ipinakita nila ito sa pamamagitan ng pagbubulungan **tungkol sa Kanya**. Sinabi ni Jesus na Siya **ang tinapay na bumabang galing sa langit**. Nakita nila na ang pahayag na ito ay lubhang mahalaga. Hindi puwedeng maging karaniwang tao o isang dakilang propeta lamang ang taong **bumabang galing sa langit**. **Kaya naman nagbulung-bulungan sila** tungkol kay Jesus dahil ayaw nilang maniwala sa Kanyang mga sinabi.

**6:42** Ipinalagay nila na si **Jesus** ay **ang anak ni Jose**. Siyempre, mali sila rito. Si Jesus ay ipinanganak ng Birheng Maria. Hindi si Jose ang Kanyang ama. Ang totoo, naglihi ang ina ng Panginoon sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ang hindi nila pagsampalataya sa pagkakapanganak ni Jesus mula sa isang birhen ay nagbunga ng kadiliman at kawalan nila ng pananampalataya. Ganoon din naman sa ngayon. Ang mga taong tumatangging tanggapin na ang Panginoong Jesus ay ang Anak ng Diyos na pumarito sa mundo sa pamamagitan ng pagkakapanganak ng isang birhen ay napipilitang itanggi ang lahat ng dakilang katotohanan tungkol sa Persona at ginawa ni Cristo.

**6:43** Alam ni Jesus kung ano ang kanilang sinasabi kahit na hindi sila direktang nakikipag-usap sa Kanya, kaya sinabihan sila ni **Jesus** na **huwag** silang **magbulung-bulungan**. Ipapaliwanag ng sumusunod na mga talata kung bakit walang kabuluhan ang kanilang pagbubulung-bulungan. Lalong humihirap ang mga katuruan ng Panginoong Jesus kapag lalo nilang tinatanggihan ang Kanyang mensahe. “Ang liwanag na tinatanggihan ay liwanag na di mararanasan.” Sa tuwing tinatanggihan nila ang ebanghelyo, lalong nagiging mahirap para sa kanila na ito ay kanilang tanggapin. Kung hindi nila sinasampalatayanan ang mga simpleng bagay na sinasabi sa kanila ng Panginoon, lalo pa Siyang nagpapahayag ng mga mahihirap na bagay, at lalo nilang hindi nauunawaan ang Kanyang sinasabi.

**6:44** Ang tao ay walang pag-asa at mahina. Wala man lamang siyang sariling kakayahang lumapit kay Jesus. Hangga’t hindi kumikilos ang Ama sa puso at buhay ng isang tao, hindi niya makikita ang kanyang pagkakasala at pangangailangan ng Tagapagligtas. Maraming tao ang nahihirapan maunawaan ang talatang ito. Akala ng marami ay itinuturo nito na ang tao ay may kakayahang magnais na maligtas pero imposible ito para sa kanila. Hindi ganito ang ibig sabihin ng talata. Madiing ipinapaliwanag dito na ang Diyos ang unang kumilos sa ating mga buhay at ninais na ilapit tayo sa Kanya. Nasasaatin ang desisyon kung tatanggapin natin ang Panginoong Jesus o tatanggihan Siya. Pero hindi tayo magkakaroon ng ganitong pagnanais kung hindi nangusap ang Diyos sa ating mga puso. Muling idinagdag ng Panginoon ang pangako na muli Niyang **bubuhayin** ang mga tunay na mananampalataya **sa huling araw**. Katulad ng mga nauna na nating nakita, ito ay tumutukoy sa pagdating ni Cristo para sa Kanyang mga banal, kapag ang mga patay ay ibabangon at ang mga buhay ay babaguhin. Ito ay muling pagbubuhay ng mga mananampalataya lamang.

**6:45** Matapos na mariing sinabi ng Panginoon na walang makakalapit sa Kanya malibang ang tao ay dalhin ng Ama palapit, ipinaliwanag naman Niya kung paano ito ginagawa ng Ama. Una sa lahat, binanggit Niya ang nakatala sa Isaias 54:13, **“At tuturuan silang lahat ng Diyos.”** Hindi lamang pinipili ng Diyos ang mga maliligtas. May ginagawa Siya para dito. Nangungusap Siya sa kanilang mga puso sa pamamagitan ng mga itinuturo ng Kanyang Salita.

Pagkatapos, ang kalooban ng tao naman ang kikilos. Ang mga lumalapit kay Cristo ay ang mga tumugon sa katuruan ng Salita ng Diyos at natuto **sa Ama**. Muli nating matutunghayan na magkasamang tinalakay sa Banal na Kasulatan ang dalawang dakilang katotohanan tungkol sa soberanya ng Diyos at ang kalooban ng tao. Ipinapakita rito na ang kaligtasan ay may panig na galing sa Diyos, at may panig na responsibilidad din ng tao.

Nang sabihin ni Jesus, **"Nasusulat sa mga propeta,"** ang ibig Niyang sabihin ay ang mga aklat ng mga propeta. Partikular na binanggit Niya si Isaias. Pero ang kaisipang nakahayag dito ay matatagpuan sa lahat ng sulat ng mga propeta. Ang tao ay lalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagtuturo ng Salita ng Diyos at ng Espiritu ng Diyos.

**6:46** Ang katotohanang ang mga tao ay tinuruan ng Diyos ay **hindi** nangangahulugan na **nakita** na nila Siya. Ang tanging Taong **nakakita sa Ama** ay Siya na mula sa Diyos. Siya ay walang iba kundi ang Panginoong Jesus mismo.

Ang mga naturuan ng Ama ay naturuan tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo dahil ang dakilang Paksa ng katuruan ng Ama ay si Cristo mismo.

**6:47** Ang talatang 47 ay isa sa pinakamalinaw at pinakasimpleng pahayag sa buong Kasulatan tungkol sa paraan ng kaligtasan. Ipinahayag ito ng Panginoong Jesus sa mga pananalitang madaling maunawaan. Ang sinumang **sumasampalataya sa** Kanya ay may **buhay na walang hanggan**. Pansinin na ipinahayag Niya ang mga salitang ito nang may diin gamit ang salitang **"Katotohanan"**. Isa ito sa mga talata sa BT na nagtuturo na ang kaligtasan ay hindi sa gawa, hindi sa pagsunod ng kautusan, hindi sa pagiging kaanib sa isang iglesya, at hindi sa pagsunod sa "Golden Rule". Ito ay sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo.

**6:48, 49** Ngayon ay ipinahayag ng Panginoong Jesus na *Siya* ang **tinapay ng buhay** na Kanyang nauna nang sinabi. Siyempre, ang **tinapay ng buhay** ay **ang tinapay** na nagbibigay **buhay** sa mga kumakain nito. Tinalakay na noong una ng mga Judio ang paksa tungkol sa **manna sa ilang** at sinubok nila si Jesus na gumawa ng pagkain na kamangha-mangha na tulad niyon. Ipinaalala ng Panginoon sa kanila na ang kanilang **mga ninuno** ay kumain ng **manna sa ilang** at sila ay **namatay**. Ibig sabihin, ang **manna** ay

para sa pisikal na buhay na ito lamang. Wala itong kapangyarihang magkaloob ng buhay na walang hanggan sa mga kakain nito. Sa pahayag na **“inyong mga ninuno,”** inihiwalay ng Panginoon ang Kanyang sarili sa sangkatauhang nagkasala at ipinahiwatig ang Kanyang natatanging pagka-Diyos.

**6:50** Sinabi ng Panginoong Jesus na **Siya ang tinapay na bumababang galing sa langit** hindi katulad ng manna. Ang sinumang kumain ng tinapay na ito ay **hindi mamamatay**. Hindi nito ibig sabihin na ang taong mananampalataya ay hindi na pisikal na mamamatay. Siya ay magkakaroon na ng buhay na walang hanggan sa langit. Kahit na pisikal siyang mamamatay, muling bubuhayin ang kanyang katawan sa huling araw, at makakapiling niya ang Panginoon sa walang hanggan.

Dito at sa susunod na mga talata, paulit-ulit na sinasabi ng Panginoong Jesus na *kakainin Siya* ng mga tao. Ano ang ibig Niyang sabihin dito? Ibig ba Niyang sabihin na dapat Siyang kainin sa pisikal at literal na paraan? Siyempre ang ideyang iyon ay imposible at nakakapandiri. Iniisip ng iba na ang nais Niyang ituro dito ay dapat natin Siyang kainin sa komunyon; na sa kahima-himalang paraan, ang tinapay at alak ay nagiging katawan at dugo ni Cristo at para maligtas tayo ay dapat tayong makibahagi sa mga elementong ito. Pero hindi ito ang sinasabi ni Jesus. Malinaw na ipinapakita ng konteksto na ang ibig sabihin ng **kainin** Siya ay ang sumampalataya sa Kanya. Kapag sumampalataya tayo sa Panginoong Jesu-Cristo bilang ating Tagapagligtas, tinatanggap natin Siya ng may pananampalataya. Nakikibahagi tayo sa mga benepisyo ng Kanyang Persona at Kanyang ginawa. Sinabi ni Agustine, “Sumampalataya ka at nakakain ka na.”

**6:51** Si Jesus ang **tinapay na buhay**. Hindi lamang Siya buhay para sa Kanyang sarili, kundi nagbibigay din Siya ng buhay. Ang sinumang kumain ng **tinapay na ito…ay mabubuhay magpakailanman**. Pero paano ito mangyayari? Paano bibigyan ng Panginoon ng buhay na walang hanggan ang mga makasalanan? Ang sagot ay matatagpuan sa huling bahagi ng talatang ito: “**Ang tinapay na Aking ibibigay sa ikabubuhay ng sanlibutan ay ang Aking laman.**” Tinutukoy dito ng Panginoong Jesus ang Kanyang kamatayan sa krus. Ibibigay Niya ang Kanyang **buhay** bilang katubusan sa mga makasalanan. Ang Kanyang katawan ay mawawasak, at ang Kanyang dugo ay mabububo bilang sakripisyo sa mga kasalanan. Siya ay mamamatay bilang kapalit ng ating mga

sarili na dapat ay nakapako sa krus. Siya ang magbabayad ng parusa para sa ating mga kasalanan. At bakit Niya ito gagawin? Ginawa Niya ito para **sa ikabubuhay ng sanlibutan**. Hindi lamang Siya mamamatay para sa mga Judio, o maging sa mga pinili. Pero ang Kanyang kamatayan ay magiging sapat para sa buong sanlibutan. Siyempre, hindi ito nangangahulugan na maliligtas ang buong sanlibutan. Pero ang sakripisyo ng Panginoong Jesus sa Kalbaryo ay sapat para iligtas ang buong sanlibutan, kung ang lahat ng tao ay lalapit kay Jesus.

**6:52** Iniisip pa rin ng **mga Judio** ang literal at pisikal na tinapay at **laman**. Nananatili ang kanilang pag-iisip sa mga bagay sa buhay na ito. Hindi nila maunawaan na ginagamit ng Panginoong Jesus ang mga pisikal na bagay para ituro ang mga espirituwal na katotohanan. Kaya't sila ay nagtalu-talo kung paanong ang **Taong ito** ay maibibigay ang **Kanyang laman** para kainin ng iba. Bubukas lamang ang isang *parachute* kapag tumalon ka na palabas ng eroplano. Nauuna ang pananampalataya at inihahanda nito ang iyong kaluluwa sa pag-unawa, ang iyong puso sa pagtitiwala, at ang iyong kalooban sa pagsunod. Ang lahat ng iyong katanungan na "Paano?" ay masasagot sa pagpapasakop sa kapangyarihan ni Cristo, gaya ng ginawa ni Pablo nang kanyang sabihin, "Anong gagawin ko, Panginoon?"

**6:53** Alam ni **Jesus** kung ano ang kanilang iniisip at sinasabi dahil alam Niya ang lahat ng bagay. Kaya naman sila ay binalaan Niya na malibang kanilang **kainin** ang Kanyang **laman** at **inumin ang Kanyang dugo**, ay **wala** silang **buhay sa kanilang sarili**. Hindi ito tumutukoy sa tinapay at alak na ginamit sa Huling Hapunan. Nang ganapin ng Panginoon ang Kanyang Hapunan, sa gabi na Siya ay ipinagkanulo, hindi pa nawawasak ang Kanyang katawan at ang Kanyang dugo ay hindi pa naibububo. Nakibahagi ang mga alagad sa tinapay at alak. Pero hindi literal na kinain nila ang Kanyang laman at ininom ang Kanyang dugo. Sinasabi ng Panginoong Jesus na malibang tanggapin natin sa pamamagitan ng pananampalataya ang halaga ng Kanyang kamatayan para sa atin sa Kalbaryo, ay hindi tayo maliligtas. Dapat tayong sumampalataya sa Kanya. Dapat tanggapin at pagtiwalaan natin si Jesus. Gawin natin Siyang totoo sa ating mga buhay.

**6:54** Kung ikukumpara ang talatang ito sa talatang 47, makikita na ang ibig sabihin ng kumain ng Kanyang laman at uminom ng Kanyang dugo ay ang sumampalataya kay Jesus.

Mababasa natin sa talatang 47 na “Ang sinumang sumasampalataya ay may buhay na walang hanggan.” Sa talatang 54 naman ay nalaman natin na **ang kumakain ng** Kanyang **laman** at **umiinom ng** Kanyang **dugo ay may buhay na walang hanggan**. Ang mga bagay na magkatulad ay iisa lamang. Ang kumain ng Kanyang **laman** at uminom ng Kanyang **dugo** ay ang sumampalataya sa Kanya. Ang lahat ng sumampalataya sa Kanya ay muling bubuhayin **sa huling araw**. Siyempre, ito ay tumutukoy sa mga taong namatay na may totoong pananalig sa Panginoong Jesus.

**6:55** Ang **laman** ng Panginoong Jesus ay **tunay na pagkain**,[22] at ang Kanyang **dugo ay tunay na inumin**. Ito ay may kaibahan sa pagkain at inumin na ibinibigay ng mundo na pansamantala lamang. Ang halaga ng kamatayan ng Panginoong Jesus ay walang katapusan. Ang makikibahagi sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya ay pagkakalooban ng buhay na walang hanggan.

**6:56** May pagkakaisa ang Panginoon at ang mga nananampalataya sa Kanya. Ang **kumakain** ng Kanyang **laman at umiinom ng** Kanyang **dugo ay nananatili sa** Kanya, **at** nanatili si Jesus sa taong iyon. Wala nang mas hihigit pa sa pagkakaisang ito. Kapag kumain tayo ng literal na pagkain, tinatanggap natin ito at nagiging bahagi natin ito. Kapag tinanggap natin ang Panginoong Jesus bilang ating Tagapagligtas, dumarating Siya sa ating mga buhay para manatili. Tayo rin naman ay dapat manatili (patuloy na tumatahan) sa Kanya.

**6:57** Nagbigay ngayon ang Panginoon ng isa pang paglalarawan ng malapit na ugnayan Niya sa mga taong Kanyang pinili. Ang larawang ito ay ang Kanyang sariling kaugnayan sa Diyos Ama. **Isinugo** ng **buhay na Ama** ang Panginoong Jesus sa mundo. (Ang ibig sabihin ng **buhay na Ama** ay ang Ama ang Pinagmulan ng buhay). Bilang isang Taong nasa mundo, nabubuhay si Jesus **dahil sa Ama** o sa pamamagitan ng Ama. Nabuhay Siyang lubhang malapit at may pagkakaisa sa Diyos Ama. Ang Diyos ang sentro at sa Kanya umiikot ang buhay ni Jesus. Ang Kanyang layunin ay ang magawa ang pinapagawa ng Diyos Ama. Siya ay naparito sa mundo bilang Tao, at hindi naunawaan ng mundo na Siya ay ang Diyos na nagkatawang-tao. Kahit na hindi Siya naunawaan ng mundo, Siya at ang Ama ay iisa pa rin. Nabubuhay sila ng may dakilang pagkakaisa. Ganoon dapat ang paraan sa mga sumampalataya sa Panginoong Jesus. Nandito sila sa mundo, hindi

sila maunawaan ng mundo, kinamumuhian at madalas na pinag-uusig. Pero dahil inilagak nila ang kanilang pananampalataya at pananalig sa Panginoong Jesus, **nabubuhay** sila **dahil** sa Kanya. Ang kanilang mga buhay ay mahigpit na nakakabit sa buhay ni Jesus. Ang buhay na ito ay magtatagal hanggang sa walang hanggan.

**6:58** Tila ibinuod ng talatang ito ang lahat ng ipinahayag ng Panginoon sa naunang mga talata. Siya ang **tinapay na bumabang galing sa langit**. Siya ay mas higit kaysa sa **tinapay** na **kinain ng kanilang mga ninuno** sa ilang. Pansamantala lamang ang halaga ng tinapay na iyon. Para lamang iyon sa buhay rito sa lupa. Pero si Cristo ang Tinapay ng Diyos na nagkakaloob ng buhay na walang hanggan sa sinumang nananampalataya sa Kanya.

**6:59** Sinundan ng mga tao si Jesus at ang Kanyang mga alagad sa **Capernaum** mula sa hilagang-silangang bahagi ng Dagat ng Galilea. Tila natagpuan ng mga tao si Jesus **sa sinagoga**[23] at doon Niya inihatid sa kanila ang mensahe ng Tinapay ng Buhay.

**6:60** Sa panahong ito, mas **marami** ng **mga alagad** ang Panginoong Jesus kaysa sa orihinal na labindalawa. Ang sinumang sumunod sa Kanya at nagpahayag ng pagtanggap sa Kanyang mga katuruan ay kinilalang mga alagad Niya. Pero, hindi lahat ng kinilalang alagad ay mga tunay na mananampalataya. **Marami** sa nagpahayag na sila ay **Kanyang mga alagad** ay nagsabi, **"Mahirap ang pananalitang ito."** Ang ibig nilang sabihin ay mabigat ang katuruan ni Jesus. Hindi sa nahihirapan silang unawain ito, kundi ito ay mahirap tanggapin at sundin. Nang sabihin nilang, **"Sino ang may kayang makinig nito"** (literal na "makinig"), ang ibig sabihin nila ay, "Sino ang kayang manindigan at makinig sa isang nakakatisod na doktrina?"

**6:61** Makikita muli rito ang katibayan na alam ng Panginoon ang lahat. **Nalalaman ni Jesus** kung ano ang sinasabi ng Kanyang **mga alagad**. Nalalaman Niya na sila ay nagbubulungan tungkol sa Kanyang pahayag na Siya ay bumaba mula sa langit. Hindi rin nila nagustuhan nang sabihin ni Jesus na dapat kainin ng tao ang Kanyang laman at inumin ang Kanyang dugo para magkaroon ng buhay na walang hanggan. Kaya naman tinanong sila ni Jesus, **"Ito ba ay nakakatisod sa inyo?"**

**6:62** Nagalit sila dahil sinabi ni Jesus na bumaba Siya mula sa langit. Ngayon ay tinanong sila ni Jesus kung **ano** ang kanilang

iisipin kung **makita** nilang **umaakyat** ang Anak ng Tao sa langit, na alam ni Jesus na Kanyang gagawin pagkatapos ng muling pagkabuhay. Nagalit din sila ng sabihin ni Jesus na dapat kainin ng mga tao ang Kanyang laman. Ano naman kaya ang kanilang iisipin kung makita nilang ang katawang iyon ay **umaakyat sa kinarorooonan Niya nang una**? Paano kaya kakainin ng mga tao ang Kanyang literal na laman at iinumin ang Kanyang literal na dugo matapos Niyang bumalik sa Kanyang Ama?

**6:63** Iniisip pa rin ng mga taong ito ang literal na laman ni Cristo. Pero dito ay sinabi ni Jesus sa kanila na ang buhay na walang hanggan ay hindi makakamit sa pamamagitan ng pagkain ng laman kundi sa pamamagitan ng gawa ng Banal na Espiritu ng Diyos. Hindi makakapagbigay ng buhay ang laman. Tanging **ang Espiritu** ang makakagawa nito. Literal nilang tinatanggap ang Kanyang mga pananalita at hindi nila naiisip na ang mga ito ay dapat unawain sa espirituwal na paraan. Kaya naman dito ay ipinaliwanag ng Panginoong Jesus na **ang mga salitang** sinabi Niya ay **espiritu** at **buhay**. Kung uunawain sa espirituwal na paraan ang Kanyang mga pananalita tungkol sa pagkain ng Kanyang laman at pag-inom ng Kanyang dugo, ang ibig sabihin nito ay *paniniwala* sa Kanya. Ang sinumang tatanggap sa mensahe ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

**6:64** Habang sinasabi Niya ang mga bagay na ito, napansin ng Panginoon na hindi Siya nauunawaan ng ilan sa mga nakikinig sa Kanya dahil **hindi** sila **sumasampalataya**. Ang problema ay hindi dahil sa wala silang kakayahang umunawa, kundi dahil ayaw nilang maniwala. **Nalalaman na ni Jesus buhat pa nang una** na ang ilan sa mga nagsasabing tagasunod Niya ay **hindi sumasampalataya** sa Kanya, at ang isa sa Kanyang mga alagad ay **magkakanulo sa Kanya**. Siyempre, **nalalaman** na ni **Jesus** ang lahat ng ito mula pa sa walang hanggan. Pero dito ay maaaring ang ibig sabihin ay nalalaman na Niya ito mula pa sa simula ng Kanyang gawain sa mundo.

**6:65** Ipinaliwanag ngayon ni Jesus na dahil hindi sila nanampalataya, sinabi Niyang **walang taong makakalapit sa** Kanya **malibang ipagkaloob sa kanya** ng **Ama**. Ang mga pananalitang ito ay laban sa yabang ng tao. Iniisip ng mga tao na kaya nilang paghirapan o makamit ang kaligtasan sa pamamagitan ng kanilang pagsisikap. Sinabi rin ng Panginoong Jesus sa mga tao

na kahit ang kapangyarihan para **makalapit** sa Kanya ay matatanggap lamang mula sa Diyos **Ama**.

**E. Iba-ibang Reaksyon sa mga Pananalita ng Tagapagligtas (6:66−71)**

**6:66** Ang mga pananalitang ito ng Panginoong Jesus ay hindi matanggap ng **marami** sa mga sumunod sa Kanya kaya naman tumalikod sila at ayaw na nilang magkaroon ng kaugnayan sa Kanya. Ang mga alagad na ito ay hindi mga tunay na mananampalataya. Sumunod sila sa Panginoon sa iba't ibang kadahilanan. Pero hindi mula sa tunay na pag-ibig sa Kanya at pagkalugod sa kung sino Siya.

**6:67** Sa puntong ito ay bumaling si **Jesus** sa **labindalawang** alagad at hinamon sila ng katanungan kung gusto rin ba nilang iwanan Siya.

**6:68** Karapat-dapat pansinin ang sagot ni Pedro. Parang ganito ang sinabi niya, "**Panginoon**, paano Ka namin iiwan? **Ikaw** ang nagtuturo ng mga doktrinang humahantong sa **buhay na walang hanggan**. Kung iiwan Ka namin, wala na kaming sinumang mapupuntahan pa. Tiyak na ang aming wakas kung iiwan Ka namin."

**6:69** Sinabi ni Pedro, na nagsasalita para sa labindalawa, na sila ay **sumasampalataya at nalalaman** na ang Panginoong Jesus ang *Mesias*, **ang Banal ng Diyos**.[24] Pansinin ang pagkakasunud-sunod ng mga salitang **"sumasampalataya at nalalaman."** Una sa lahat ay inilagak nila ang kanilang pananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo, at **nalaman** nila na Siya nga ang lahat na Kanyang ipinapahayag.

**6:70** Sa mga talatang 68 at 69 ay ginamit ni Pedro ang salitang "kami" na ang ibig sabihin ay ang labindalawang alagad. Dito sa talatang 70 ay itinama siya ng Panginoong Jesus. Hindi dapat niyang sabihin ng may katiyakan na ang lahat sa kanilang labindalawa ay tunay na mga mananampalataya. Totoo na **pinili** ng Panginoon ang **labindalawang** alagad. Pero ang **isa** sa kanila ay **diyablo**. May isa sa kanila na hindi katulad ng paniniwala ni Pedro tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo.

**6:71** Nalalaman ng Panginooong Jesus na si **Judas Iscariote** ang **magkakanulo sa Kanya**. Nalalaman Niya na hindi talaga Siya tinanggap ni Judas bilang Panginoon at Tagapagligtas. Dito ay muli nating makikita na nalalaman ng Panginoon ang lahat ng bagay. Isa pa, mayroon tayong katibayan na si Pedro ay hindi laging tama kapag nagsasalita siya para sa mga alagad.

Sa pagtalakay sa tinapay ng buhay, sinimulan ito ng Panginoon sa simpleng katuruan. Pero sa Kanyang pagpapatuloy, maliwanag na hindi tinatanggap ng mga Judio ang Kanyang mga sinasabi. Sa tuwing isinasara nila ang kanilang mga puso at isipan sa katotohanan, lalo namang nagiging mahirap ang mga katuruan ni Jesus. Sa katapusan ay nagpahayag Siya tungkol sa pagkain ng Kanyang laman at pag-inom ng Kanyang dugo. Sobra na ito! Sabi nila, "Mahirap ang pananalitang ito. Sino ang may kayang makinig nito?" at hindi na sila sumama sa Kanya. Ang hindi pagtanggap sa katotohanan ay nagbubunga ng kahatulan sa pagkabulag. Dahil *ayaw* nilang makita, pumunta sila sa lugar na *hindi na* sila makakakita.

## V. ANG IKATLONG TAON NG MINISTERYO NG ANAK NG DIYOS: JERUSALEM (7:1−10:39)

### A. Pinagwikaan ni Jesus ang Kanyang mga Kapatid (7:1−9)

**7:1** Ilang buwan ang lumipas sa pagitan ng kabanatang 6 at 7. Nanatili si **Jesus sa Galilea**. **Ayaw Niyang** manatili **sa Judea**, na himpilan ng **mga Judio**, dahil **pinagsisikapan nilang patayin Siya**. Sinasang-ayunan ng marami na ang **mga Judio**[25] na tinutukoy sa talatang ito ay mga pinuno. Sila ang mga pinakanamumuhi sa Panginoong Jesus, at naghahanap ng pagkakataon **na patayin Siya**.

**7:2** Ang **Pista ng mga Tabernakulo** ay isa sa mga mahahalagang pagdiriwang sa kalendaryo ng mga Judio. Ito ay tuwing panahon ng pag-aani. Ipinagdiriwang nila ang katotohanang tumira ang mga Judio sa pansamantalang mga tirahan o kubol nang makalaya sila sa Egipto. Ito ay isang maligayang pagdiriwang, at *inaasam* nila na darating ang araw na maghahari ang Mesias at ang

maliligtas na bansang Israel ay mananahan sa lupa ng may kapayapaan at kasaganaan.

7:3 Ang **mga kapatid** ng Panginoon na nabanggit sa talatang 3 ay tila mga anak ni Maria pagkatapos na maipanganak si Jesus, (may ilang nagsasabi na mga pinsan o ibang malalayong mga kamag-anak). Pero gaano man kalapit ang kanilang relasyon sa Panginoong Jesus, hindi sila ligtas sa ganoong paraan. Hindi sila tunay na sumampalataya sa Panginoong Jesus. Sinabihan Siya ng Kanyang mga kapatid na dapat Siyang pumunta sa Pista ng mga Tabernakulo sa Jerusalem, at gumawa roon ng ilan sa Kanyang mga himala para **makita** ng Kanyang **mga alagad** ang ginagawa Niya. Ang **mga alagad** na binanggit dito ay hindi ang labindalawa kundi ang mga nagpahayag na tagasunod sila ng Panginoong Jesus sa Judea.

Kahit na hindi sila sumampalataya kay Jesus, nais nilang ipakita Niya kung sino talaga Siya. Siguro ay gusto nila ang atensyon na mapapasakanila bilang kamag-anak ng isang sikat na tao. O kaya naman, naiinggit sila sa Kanyang kasikatan kaya naman hinihikayat nila si Jesus na pumunta sa Judea sa pag-asa na Siya ay mapatay.

**7:4** Marahil ang mga salitang ito ay sinabi na may panunuya. Parang sinasabi ng Kanyang mga kamag-anak na humahanap ang Panginoon ng katanyagan. Bakit kaya Niya ginagawa ang mga himalang ito sa Galilea kung ayaw Niyang maging sikat? Tila sinasabi nila, “Ito na ang Iyong pinakamagandang pagkakataon.” “Nais Mong maging sikat. Dapat Kang pumunta sa Jerusalem para sa pista. Daan-daang tao ang nandoon, at magkakaroon Ka ng pagkakataon na gumawa ng himala para sa kanila. Ang Galilea ay tahimik na lugar, at palihim Mong ginagawa ang Iyong mga himala rito. Bakit Mo ito ginagawa gayong alam naman namin na gusto Mong sumikat?” At idinagdag pa nila, **“Kung ginagawa Mo ang mga bagay na ito ay ipakilala Mo ang iyong sarili sa sanlibutan.”** Tila ang ibig sabihin nito ay, “Kung Ikaw talaga ang Mesias, at ginagawa Mo ang mga himalang ito bilang patunay, bakit ayaw Mong ipakita ang mga katibayang ito kung saan sila tunay na mapapansin, gaya sa Judea?”

**7:5** Walang tunay na pagnanais **ang mga kapatid** ni Jesus na makita Siyang maluwalhati. **Hindi** sila tunay na **sumampalataya** sa Kanya bilang Mesias. Ayaw din nilang ipagkatiwala ang kanilang

sarili sa Kanya. Ang kanilang sinabi ay may panunuya. Ang kanilang mga puso ay hindi tama sa harapan ng Panginoon. Masakit para sa Panginoong Jesus na pagdudahan ang Kanyang mga sinasabi at ginagawa ng mismong Kanyang mga kapatid. At malimit din naman na ang mga tapat sa Diyos ay nakakaranas ng masaklap na pagsalungat mula sa mga taong malalapit at minamahal nila.

**7:6** Ang buhay ng Panginoon ay nakaayos na mula sa simula hanggang wakas. Ang bawat araw at sandali ay naaayon sa nakatakda nang plano. Ang tamang **oras** para ipahayag ang Kanyang sarili sa mundo ay **hindi pa dumating.** Alam Niya ang tiyak na mangyayari sa Kanya, at hindi kalooban ng Diyos na pumunta Siya sa Jerusalem sa oras na iyon para ipakilala ang Kanyang sarili sa publiko. Pero pinaalalahanan ni Jesus ang Kanyang mga kapatid na ang kanilang **oras** ay **laging naririyan** o napapanahon. Nabubuhay sila ayon sa kanilang sariling kagustuhan at hindi sa pagsunod sa kalooban ng Diyos. Puwede silang gumawa ng sarili nilang mga plano at pumunta saan man nila nais, dahil gusto lamang nilang gawin ang kanilang kalooban.

**7:7** **Hindi** maaaring **kapootan** ng **sanlibutan** ang mga kapatid ng Panginoon dahil nabibilang sila sa sanlibutan. Kumampi sila sa sanlibutan laban kay Jesus. Ang buong buhay nila ay naaayon sa mundo. **Ang sanlibutan** dito ay tumutukoy sa sistemang ginawa ng tao kung saan walang lugar para sa Diyos o para sa Kanyang Cristo: ang mundo ng kultura, sining, edukasyon o relihiyon ay taliwas sa nais ng Diyos. Ang totoo, naroroon sa Judea ang isang mundo ng relihiyon, dahil ang mga pinuno ng mga Judio ang pinakanapopoot kay Cristo.

Kinapopootan ng sanlibutan si Cristo **sapagkat** nagpapatotoo Siya na **masasama** ang kanilang **gawa.** Isa itong malungkot na paglalahad tungkol sa napakasamang kalikasan ng tao. Nang dumating sa sanlibutan ang isang Tao na walang kasalanan at walang dungis, hinangad ng sanlibutan na patayin Siya. Naging maliwanag ang kalikuan ng lahat ng tao nang makita nila ang sakdal at matuwid na buhay ni Cristo. Kung paanong ipinapakita ng tuwid na linya ang pagiging baluktot ng isang paliku-likong linya kapag sila ay pinagtabi, ganoon din naman, ang pagparito ng Panginoon sa sanlibutan ay nagpapakita naman ng tunay na pagiging makasalanan ng tao. Nagalit ang tao sa pagbubunyag na ito. Sa halip na magsisi at lumapit sa Diyos para humingi ng awa, sinikap niyang wasakin ang Taong naghayag ng kanyang kasalanan.

Kinomento ni F.B. Meyer:

> Ah, ito nga ay isa sa pinakanakakatakot na pagtutuwid na puwedeng sabihin ng Pag-ibig na Nagkatawang-Tao, kapag tayo ay masabihan ngayon, gaya ng ginawa Niya noong nasa laman pa Siya: "Hindi ka maaaring kapootan ng sanlibutan." Kakila-kilabot para sa isang Cristiano ang posisyong matagpuan kang hindi kinapopootan ng sanlibutan; ang mahalin ka, purihin at yakapin ng mundo. "Anong masamang bagay ang aking ginawa," tanong ng sinaunang pantas, "na dapat siyang magsalita ng mabuti sa akin?" Ang mahalin ng sanlibutan ay katunayan na hindi tayo nagsasalita laban sa mga kasamaang ginagawa nito. Ang init ng pag-ibig ng mundo ay nagpapatunay na tayo ay sa kanya. Ang pakikipagkaibigan sa sanlibutan ay pakikipag-away sa Diyos. Kaya't sinumang nagnanais na maging kaibigan ng sanlibutan ay nagiging kaaway ng Diyos (Juan vii. 7; xv. 19; Santiago iv. 4).[26]

**7:8** Sinabihan ng Panginoon ang Kanyang mga kapatid na **pumunta** sila **sa pista.** Nakakalungkot ang pangyayaring ito. Nagkukunwari silang relihiyoso. Pupunta sila para sumama sa Kapistahan ng mga Kubol. Nakakalungkot na ang Cristo ng Diyos ay nasa kanilang kalagitnaan pero wala silang tunay na pag-ibig sa Kanya. Gusto ng tao ang relihiyosong ritwal dahil puwede niyang gawin ang mga ito nang hindi bukal sa puso. Pero iharap mo siya kay Cristo at siya ay naiilang. Sinabi ni Jesus na **hindi pa**[27] Siya **pupunta sa pistang ito** dahil **hindi pa dumating** ang Kanyang **oras**. Hindi ibig sabihin ni Jesus na hindi na Siya pupunta kahit kailan sa pista, dahil malalaman natin sa talatang 10 na pumunta rin Siya. Hindi pa panahon para dito. Kung pupunta man Siya, tahimik Siyang pupunta at kaunti lamang ang nakakaalam.

**7:9** Kaya naman **nanatili** ang Panginoon **sa Galilea** matapos pumunta ng Kanyang mga kapatid sa pista. Iniwan nila ang Taong makakapagbahagi sa kanila ng kagalakang tintutukoy ng Kapistahan ng mga Tabernakulo.

### B. Nagturo si Jesus sa Templo (7:10‒31)

**7:10** Pagkatapos **makaahon** ng **Kanyang mga kapatid** papunta sa Jerusalem, nagtungo naman doon ang Panginoong Jesus nang palihim. Bilang isang relihiyosong Judio, ninais Niyang

makadalo sa **pista**. Pero bilang masunuring Anak ng Diyos, **hindi** Niya ito magawa ng **hayagan, kundi palihim**.

**7:11** Ang **mga Judiong humahanap sa Kanya sa pista** ay walang dudang mga pinunong gusto Siyang patayin. Nang kanilang tanungin, **"Saan Siya naroroon?"** hindi sila interesado na sambahin si Jesus. Ang gusto nila ay ang patayin Siya.

**7:12** Malinaw na ang presensiya ng Panginoon ay lumikha ng kaguluhan sa **mga tao**. Higit pa rito, tinutulak ng mga himalang Kanyang ginawa na magpasya ang mga tao kung sino ba talaga Siya. May bulung-bulungan sa pista kung Siya ba ay isang tunay na propeta o hindi. **Sinasabi ng ilan, "Siya'y mabuting tao." Sinasabi naman ng iba, "Hindi, inililigaw Niya ang mga tao."**

**7:13** Naging matindi ang pagtutol ng mga pinuno na Judio kay Jesus kaya naman walang taong nagsalita nang **hayag** pabor **sa Kanya**. Walang duda na marami sa mga karaniwang tao ang nakakakilala na Siya ay ang tunay na Mesias ng Israel. Pero hindi sila nagtangkang lumabas at sabihin ito dahil sa takot na usigin sila ng mga pinuno.

**7:14** **Ang Pista** ng Tabernakulo ay nagtagal ng ilang araw. Nang ito ay nasa kalagitnaan na ay **pumunta si Jesus** sa labas ng **templo** (kilala bilang portiko kung saan ang mga tao ay pinapayagang magtipon) **at nagturo**.

**7:15** **Namangha** ang mga nakarinig sa Tagapagligtas. Walang dudang ang kaalaman Niya sa LT ang pinakahinangaan nila. Pero ang lalim ng Kanyang kaalaman at Kanyang kakayahan na magturo ang umakit sa kanilang atensyon. Alam nila na si Jesus ay hindi nakapag-aral sa mga dakilang paaralan ng relihiyon ng mga panahong iyon. Hindi nila maunawaan kung paano Siya nagkaroon ng ganoong uri ng edukasyon. Ang mundo ay nanatiling namamangha at malimit na nagrereklamo kapag nakatagpo ito ng mga mananampalataya na wala namang pormal na pag-aaral tungkol sa relihiyon pero marunong magturo ng Salita ng Diyos.

**7:16** Magandang muli nating makita kung paanong tumanggi ang Panginoon na tumanggap ng anumang kapurihan para sa Kanyang sarili, kundi sinubukan Niyang luwalhatiin ang Ama. Pasimpleng **sinagot ni Jesus** na ang Kanyang katuruan ay **hindi** sa Kanya, **kundi** ito ay mula sa **nagsugo** sa Kanya. Ang lahat nang

sinabi ng Panginoong Jesus at anumang Kanyang itinuro ay mga bagay na sinabi lamang ng Kanyang Ama na sabihin at ituro Niya. Hindi Siya kumilos na hiwalay sa Ama.

**7:17** Kung gusto talaga ng mga Judio na malaman kung ang Kanyang mensahe ay totoo o hindi, madali lamang nila itong malalaman. Kung ang **sinuman** ay tunay na **nagnanais gumawa ng kalooban** ng Diyos, ipapakita ng Diyos sa kanya kung ang mga turo ni Cristo ay banal o kung ang Panginoon ay nagtuturo lamang ng gusto Niyang ituro. May kahanga-hangang pangako rito ang sinumang naghahangad ng katotohanan. Kung ang isang tao ay tapat, at tunay na nais na malaman ang katotohanan, ipapakita ito sa kanya ng Diyos. "Ang pagsunod ay nagpapakilos sa kaalamang espirituwal."

**7:18** Ang sinumang **nagsasalita nang mula sa kanyang sarili** o ayon sa kanyang sariling kalooban, **ay humahanap ng kanyang sariling kaluwalhatian.** Pero hindi ganito sa Panginoong Jesus. Hinahangad Niya ang **kaluwalhatian** ng Ama **na nagsugo sa Kanya.** Ang mensahe ni Jesus ay tunay na **totoo** dahil ang Kanyang mga motibo ay tunay na totoo. **Sa Kanya'y walang kasinungalingan.**

Tanging kay Jesus lamang masasabing totoo ang mga salitang ito. Bawat tagapagturo ay mayroong makasariling motibo sa kanyang paglilingkod. Dapat na maging hangarin ng bawat lingkod ng Panginoon na maluwalhati ang Diyos kaysa ang sarili.

**7:19** Nagparatang ngayon ang Panginoon laban sa mga Judio. Ipinaalala Niya na ibinigay ni **Moises** sa kanila **ang kautusan.** Ipinagmamalaki nila ang katotohanang nasa kanila ang kautusan. Nakalimutan nila na walang saysay ang pag-aari lamang ng kautusan. Hinihingi ng kautusan ang pagsunod sa mga tuntunin at utos nito. Kahit na ipinagmamalaki nila ang kautusan, maliwanag naman na hindi sila nakakasunod dito. Sa mga panahon ding iyon ay pinaplano nilang patayin ang Panginoong Jesus. Ipinagbabawal sa kautusan ang pagpatay. Balak nilang sumuway sa kautusan sa kanilang gagawin sa Panginoong Jesu-Cristo.

**7:20** Naramdaman ng **maraming tao** ang matalas na paratang ni Jesus. Pero sa halip na aminin na tama Siya, inabuso pa nila si Jesus. Sinabi nila na mayroon Siyang demonyo. Itinanggi nila ang pahayag ni Jesus na sila ay **nagsisikap na** Siya ay **patayin.**

**7:21** Binalikan ni **Jesus** ang Kanyang pagpapagaling sa lumpong lalaki sa tipunan ng tubig sa Betesda. Ang himalang ito ang bumuhay sa galit ng mga pinunong Judio laban sa Kanya. Sa puntong ito nagsimula ang kanilang masamang plano na patayin Siya. Ipinaalala ng Panginoon sa kanila na ang **ginawa** Niya ay **isang bagay**, at namangha silang **lahat** dito. Nagulat sila hindi dahil sa kanilang paghanga, kundi dahil gumawa Siya ng ganoong bagay sa Sabbath.

**7:22** Iniutos ng Kautusan ni **Moises** na ang sanggol na lalaki ay dapat tuliin walong araw matapos siyang ipanganak. (Ang totoo, ang pagtutuli ay **hindi** nagmula kay **Moises**, pero ito ay ginawa ng mga **'patriyarka'**, iyon ay sina Abaraham, Isaac, Jacob atbp.) Kahit na pumatak ng **Sabbath** ang ikawalong araw, hindi itinuturing ng mga Judio na mali na **tuliin** ang sanggol na lalaki.

**7:23** Kung tinutuli nila ang sanggol **sa Sabbath** para masunod ang **Kautusan ni Moises** tungkol sa pagtutuli, bakit hinahanapan nila ng mali ang Panginoong Jesus nang Kanyang **pinagaling ang buong katawan ng isang tao sa Sabbath**? Kung pinayagan ng batas ang gawain ukol sa pangangailangan, hindi ba rin nito papayagan ang gawain ukol sa awa?

Ang pagtutuli ay isang simpleng operasyon na isinasagawa sa sanggol na lalaki. Gayunpaman, nagdudulot ito ng kirot, at hindi masyadong mahalaga ang nakukuhang benepisyo rito. Sa kabilang banda, pinagaling ng Panginoong Jesus ang lalaki sa Sabbath. At itinuring itong mali ng mga Judio.

**7:24** Ang pagkakamali ng mga Judio ay humatol sila **batay** sa panlabas na **anyo** at hindi ayon sa katotohanang espirituwal. Ang kanilang paghatol ay hindi matuwid. Ang mga gawaing tila matuwid kapag sila ang gumawa ay itinuturing nilang maling-mali kapag ang Panginoon ang gumawa. Likas sa tao ang humatol sa kung ano ang kanilang nakikita sa halip na ayon sa katotohanan. Hindi nilabag ng Panginoon ang Kautusan ni Moises. Sila ang lumalabag nito dahil sa kanilang pagkamuhi sa Kanya.

**7:25** Sa panahong ito, lumaganap na sa **Jerusalem** ang kaalamang nagpaplano ang mga pinuno ng mga Judio laban sa Tagapagligtas. Dito ay nagtanong ang mga karaniwang tao kung Siya nga ba ang pinagpaplanuhan ng mga pinuno.

**7:26** Hindi nila maintindihan na pinapayagan si Jesus na magsalita ng **hayag.** Kung kinamumuhian Siya ng mga pinuno tulad ng tindi ng pananampalataya ng mga tao sa Kanya, bakit pinayagan nila si Jesus na magpatuloy? Posible kayang nalaman na rin ng mga pinunong Judio na si Jesus ang tunay na Mesias gaya ng sinasabi Niya?

**7:27** Ang mga taong hindi sumampalataya na si Jesus ang Mesias ay nag-akala na alam nila kung saan Siya galing. Naniwala sila na mula Siya sa Nazaret. Alam nila na si Maria ang Kanyang ina, at ipinalagay na si Jose ang Kanyang ama. Karaniwang paniniwala ng mga Judio noong panahong iyon na kapag dumating ang Mesias, ito ay biglaan at mahiwaga. Wala silang ideya na Siya ay isisilang bilang Sanggol at lalaki bilang Tao. Dapat na alam nila mula sa LT na Siya ay ipapanganak sa Bethlehem. Pero tila mangmang sila sa mga detalye tungkol sa pagdating ng Mesias. Kaya naman sinabi nila, **"Ang Cristo, pagdating Niya ay walang makakaalam kung saan Siya magmumula."**

**7:28** Sa puntong ito ay **sumigaw si Jesus** sa mga taong natitipon at nakikinig sa usapan. Sinabi Niya na tunay na **nakikilala** nila Siya, at nalalalaman kung **taga-saan** Siya. Siyempre, dito ay sinasabi ni Jesus na kilala lamang nila Siya bilang Tao. Kilala nila Siya bilang si Jesus ng Nazaret. Pero hindi nila alam na Siya ay Diyos din. Ito ang ipinapaliwanag Niya sa kabuuan ng talata.

Bilang tao, nanirahan Siya sa Nazaret. Pero dapat din nilang maintindihan na hindi Siya **pumarito** sa Kanyang Sarili, kundi Siya ay isinugo ng Diyos Ama, na **hindi nakikilala** ng mga taong ito. Sa mga pananalitang ito, direktang ipinahayag ng Panginoong Jesus ang Kanyang pagkakapantay sa Diyos. **Hindi** Siya **pumarito** sa Kanyang sarili o sa Kanyang sariling awtoridad at gawin ang Kanyang sariling kalooban. Kundi, isinugo Siya sa sanlibutan ng **totoong** Diyos, at ang Diyos na ito ay **hindi** nila **nakikilala**.

**7:29** Pero kilala ni Jesus ang Diyos. Kasama Niya ang Diyos mula sa walang hanggan at kapantay Niya sa lahat ang Diyos Ama. Nang sabihin ng Panginoon na Siya ay **mula** sa Diyos, hindi lamang Niya sinasabing Siya ay **isinugo** ng Diyos. Kundi, na Siya ay palaging kasama ng Diyos at kapantay Niya sa lahat. Sa pahayag na **"Siya ang nagsugo sa Akin,"** ipinahayag ng Panginoon sa pinakamalinaw na paraan na Siya ang Cristo ng Diyos, ang Pinili, na

isinugo ng Diyos sa mundo para maisakatuparan ang gawain ng kaligtasan.

**7:30** Nauunawaan ng mga Judio ang kahulugan ng mga salita ni Jesus at naiintindihan na ipinapahayag Niya na Siya ang Mesias. Itinuturing nila itong tunay na kalapastanganan sa Diyos, at tinangka nilang arestuhin Siya. Pero walang taong **sumunggab sa Kanya, sapagkat hindi pa dumating ang Kanyang oras.** Pinangalagaan ng kapangyarihan ng Diyos ang Panginoong Jesus mula sa masasamang plano ng mga tao hanggang sa dumating ang oras na Siya ay ihahandog bilang sakripisyo para sa kasalanan.

**7:31** Ang totoo, **marami sa mga tao ang sumampalataya sa** Panginoong Jesus. Gusto nating isipin na ang kanilang paniniwala ay totoo. Ito ang kanilang pagdadahilan. Ano pa ang kayang gawin ni Jesus para magpatunay na Siya ang Mesias? Kung hindi si Jesus ang Mesias, at kapag dumating **ang Cristo,** kaya ba Niyang **gumawa ng mas marami** o mas kamangha-manghang mga **tanda** kaysa sa ginawa ni Jesus? Ang kanilang pagtatanong at pagsampalataya sa mga himala ni Jesus ay nagpapatunay na Siya ang tunay na Mesias.

### C. Ang Pagkapoot ng mga Fariseo (7:32−36)

**7:32** Habang nakikihalubilo ang mga **Fariseo** sa mga tao, **narinig** nila ang mga usap-usapan. **Nagbulung-bulungan ang mga tao** tungkol sa Tagapagligtas, hindi dahil nagrereklamo sila laban sa Kanya, kundi lihim nilang ipinapahayag ang kanilang paghanga sa Kanya. Natakot ang mga Fariseo na ito ay maging malaking kilusan para tanggapin si Jesus, kaya naman **nagsugo** sila **ng mga kawal upang** arestuhin **Siya.**

**7:33** Walang pagdududang ang mga salita sa talatang 33 ay sinabi sa mga opisyal na dumating para arestuhin Siya, pati na rin sa mga Fariseo at sa mga tao.

Hindi nagbago ang paninindigan ng Panginoong Jesus sa dati Niyang pahayag. Lalo lamang Niyang pinagtibay ang mga ito. Pinaalalahanan ni Jesus ang mga tao na makakasama pa nila Siya ng **kaunting panahon,** at Siya ay muling babalik sa Diyos Ama na **nagsugo** sa Kanya. Walang pagdududang lalong nagalit ang mga Fariseo dahil dito.

**7:34** Darating ang araw na **hahanapin** ng mga Fariseo si Jesus at **hindi** nila Siya **matatagpuan**. Darating ang oras sa kanilang mga buhay na mangangailangan sila ng Tagapagligtas. Pero huli na ang lahat. Babalik na si Jesus sa langit. Dahil sa kanilang hindi pagsampalataya at kasamaan, hindi sila makakarating doon. Tunay na mataimtim ang mga salita sa talatang ito. Pinapaalala nito sa atin na minsan ay mayroon talagang pagpapalagpas ng pagkakataon. Puwedeng ang mga tao ay may pagkakataong maligtas ngayon. Kapag tinanggihan nila ito, maaaring mawalan na sila muli ng pagkakataon.

**7:35** Hindi naintindihan ng **mga Judio** ang mga sinabi ng Panginoon. Hindi nila naintindihan na Siya ay babalik muli sa langit. Ang akala nila ay pupunta Siya sa iba't ibang lugar para mangaral sa mga Judio na nagkalat **sa lupain ng mga Griyego,** o kaya naman ay magtuturo Siya sa mga Griyego mismo.

**7:36** Muli ay nagpahayag sila ng pagkamangha sa mga sinabi ni Jesus. **Ano ang** ibig iparating ni Jesus nang **Kanyang sinabi** na Siya ay **hahanapin** nila **at hindi** Siya **matatagpuan**? Saan Siya puwedeng pumunta na Siya ay hindi nila masusundan? Ipinapakita ng mga Judio rito ang pagiging bulag kapag hindi sumampalataya. Walang puso na kasing dilim ng pusong ayaw tanggapin ang Panginoong Jesus. Sa panahon natin ngayon, may kasabihan tayong, "higit pa sa bulag ang mga hindi makakakita." Ganitong-ganito ang kaso rito. *Ayaw* nilang tanggapin ang Panginoong Jesus. Kaya naman hindi nila *kayang* sumampalataya.

### D. Ang Pangako ng Banal ng Espiritu (7:37–39)

**7:37** Kahit na hindi nabanggit sa LT, mayroong seremonya ang mga Judio ng pagdala ng tubig mula sa Imbakan ng Tubig ng Siloam at paglagay nito sa palangganang pilak sa altar ng sinunog na handog. Ito ay ginagawa sa bawat araw ng unang pitong araw ng Pista ng mga Tabernakulo. Sa ikawalong araw, hindi ito ginagawa. Kaya naman mas naging nakakamangha ang handog ni Cristo na tubig ng buhay na walang hanggan. Ginagawa ng mga Judio ang mga relihiyosong gawaing ito. Pero ang kanilang mga puso ay hindi nasisiyahan dahil hindi nila lubos na naunawaan ang malalim na kahulugan ng pista. Bago sila umuwi sa kanilang mga tahanan, sa **huling araw ng dakilang araw ng pista, si Jesus ay tumayo at sumigaw** sa kanila. Sila ay inanyayahan Niya na **lumapit** sa Kanya para magkaroon ng kasiyahang espirituwal. Pagmasdang mabuti ang

mga salita. Ang Kanyang imbitasyon ay para sa **sinuman**. Ang Kanyang ebanghelyo ay ebanghelyo para sa lahat (*universal gospel*). Maliligtas ang sinumang lalapit kay Cristo.

Pero pansinin ang kondisyon. Ang sinasabi ng Banal na Kasulatan ay, **“Kung ang sinuman ay nauuhaw.”** Ang “uhaw” rito ay tumutukoy sa pangangailangang espirituwal. Malibang malaman ng isang tao na siya ay makasalanan, hindi niya gugustuhing maligtas. Malibang maintindihan niyang siya ay naliligaw, hindi niya nanaising matagpuan. Malibang malinaw sa isang tao na siya ay may malaking pagkukulang na espirituwal sa kanyang buhay, hinding-hindi niya gugustuhing lumapit sa Panginoon para matugunan ang pangangailangang iyon. Inaanyayahan ng Tagapagligtas ang nauuhaw na kaluluwa na lumapit sa Kanya — hindi sa iglesya, hindi sa tagapagturo, hindi sa tubig ng bautismo, o sa Hapag ng Panginoon (*Lord’s Supper*). Sinabi ni Jesus, **“Lumapit siya sa Akin.”** Walang sinuman o walang anuman ang puwedeng lapitan kundi Siya. **“Lumapit siya sa Akin at uminom.”** Ang **“uminom”** dito ay nangangahulugang tanggapin si Cristo para sa sarili. Ibig sabihin ay sampalatayanan Siya bilang Panginoon at Tagapagligtas. Ibig sabihin ay tanggapin Siya sa ating mga buhay gaya ng pagtanggap natin sa isang baso ng tubig para sa ating mga katawan.

**7:38** Pinapatunayan ng talatang 38 na ang paglapit kay Cristo at ang pag-inom ay katulad ng *pagsampalataya* sa Kanya. Lahat ng sasampalataya sa Kanya ay matutugunan ang kanilang mga pangangailangan at makakatanggap ng **mga ilog** ng pagpapalang espirituwal na **dadaloy** mula sa kanila patungo sa iba. Itinuro sa buong LT na ang mga tatanggap sa Mesias ay matutulungan at magiging daluyan ng pagpapala sa iba (hal. Isa. 55:1). Ang ibig sabihin ng pahayag na **“mula sa kanyang puso ay dadaloy ang mga ilog ng tubig na buhay”** ay mula sa kaloob-looban ng isang tao ay dadaloy ang kagustuhang tumulong sa iba. Binigyang diin ni Stott na umiinom tayo ng maliliit na lagok, pero dumarami ito sa makapangyarihang daloy na umaagos mula sa bukal. Nagbababala si Temple na: “Walang taong pinananahanan ng Espiritu ng Diyos ang mag-iisip na itago niya ang Espiritu sa kanyang sarili. Kung nasaan man ang Espiritu, Siya ay dadaloy; kung walang pagdaloy, wala roon ang Espiritu.”

**7:39** Malinaw na sinabi na ang pahayag na “tubig na buhay” ay tumutukoy **sa** Banal na **Espiritu**. Napakahalaga ng talatang 39

dahil itinuturo nito na ang lahat ng tatanggap sa Panginoong Jesus ay tatanggap din ng Espiritu ng Diyos. Sa ibang salita, hindi totoo ang sinasabi ng iba na ang Banal na Espiritu ay pumapasok para manahan sa mga tao ilang panahon pa pagkatapos na sila ay maligtas. Malinaw at tiyak na sinasabi ng talatang ito na ang lahat ng sasampalataya kay Cristo ay tatanggap ng Espiritu. Sa panahong sinabi ni Jesus ang mga salitang ito, **hindi pa ipinagkakaloob ang Banal na Espiritu**. Ang Banal na Espiritu ay bumaba sa araw ng Pentekostes. Ito ay pagkatapos bumalik sa langit ang Panginoong **Jesus** at nang Siya ay **niluwalhati** na. Mula sa sandaling iyon, ang bawat tunay na mananampalataya ng Panginoong Jesus ay pinananahanan ng Banal na Espiritu.

## E. Magkakahating Opinyon Tungkol kay Jesus (7:40–53)

**7:40, 41** **Marami** sa mga nakinig ang nahikayat na ngayon. Kumbinsido na sila na ang Panginoong Jesus ay **ang Propeta** na tinutukoy ni Moises sa Deuteronomio 18:15, 18. Ang **ilan** ay nakahanda pang kilalanin na si Jesus **ang Cristo**, ang Mesias. Pero sa isip ng iba ay imposible ito. Naniniwala sila na si Jesus ay mula sa Nazaret ng Galilea. Walang propesiya sa LT na **ang Cristo** ay **manggagaling sa Galilea**.

**7:42** Tama ang mga Judiong ito sa paniniwalang **ang Cristo** ay **magmumula sa Bethlehem** at manggagaling sa binhi ni **David**. Kung nagtanong lamang sila, malalaman nila na si Jesus *ay* ipinanganak sa Bethlehem, at Siya *ay tiyak na inapo* ni David sa pamamagitan ni Maria.

**7:43** Dahil sa magkakaibang mga opinyong ito at dahil sa kanilang kamangmangan, **nagkaroon ng pagkakahati-hati sa maraming tao dahil sa** Cristo. Ganoon pa rin sa ngayon. Ang mga tao ay nahahati tungkol kay Jesu-Cristo. Ang iba ay nagsasabi na Siya ay isa lamang Tao na kagaya nating lahat. Ang iba naman ay inaamin na siya ang pinakadakilang Tao na nabuhay. Pero ang mga naniniwala sa Salita ng Diyos ay nalalaman na si “Cristo … ay ang Diyos na maluwalhati magpakailanman” (Rom. 9:5).

**7:44** May mga pagtatangka pa rin na arestuhin ang Panginoong Jesus. Pero walang nagtagumpay sa paghuli sa Kanya. Hangga’t ang isang tao ay sumusunod sa kalooban ng Diyos, walang kapangyarihan sa mundo ang makakahadlang sa kanya. “Tayo ay imortal hangga’t hindi pa tapos ang ating gawain o paglilingkod.”

Hindi pa dumarating ang oras ng Panginoon. Kaya naman ang mga tao ay walang kakayahang gawan Siya ng masama sa anumang paraan.

**7:45** Nagpadala ngayon ang mga **Fariseo** at mga **punong pari** ng **mga kawal** para hulihin si Jesus. Bumalik **ang mga kawal**, pero hindi nila kasama ang Panginoon. Nainis **ang mga punong pari at mga Fariseo** at tinanong ang mga kawal kung **bakit hindi** nila **dinakip** si Jesus.

**7:46** Narito ang isang pagkakataon kung saan ang mga taong makasalanan ay napilitang magsalita tungkol sa Tagapagligtas, kahit na hindi nila mismo Siya tinatanggap. Hindi makakalimutan ang sagot ng mga kawal na, **"Kailanma'y walang taong nagsalita nang gayon."** Walang dudang marami nang narinig na mabubuting tao ang mga kawal na ito. Pero kahit kailan ay wala pa silang napakinggang tao na may ganoong awtoridad, dangal, at karunungan na kagaya ng kay Jesus.

**7:47, 48** Para takutin ang mga kawal, inakusahan sila ng **mga Fariseo** na **nailigaw** sila ni Jesus. Ang mga kawal ay pinaalalahanan ng mga Fariseo na walang **sumasampalataya** kay Jesus sa **mga pinuno** ng bayan ng mga Judio**.** Anong kakila-kilabot na pangangatwiran ito! Isang kahihiyan sa kanila na ang mga namumuno sa mga Judio ay hindi nakilala ang Mesias nang Siya ay dumating.

Ayaw maniwala ng mga Fariseo sa Panginoong Jesus. Hindi lamang ito ang kanilang gusto. Malinaw na ayaw rin nilang maniwala ang iba sa Kanya. Ganoon din ngayon. Marami sa mga ayaw maligtas ang gumagawa ng paraan para hadlangan ang pagkakaligtas ng kanilang mga kamag-anak at mga kaibigan.

**7:49** Dito ay sinabi ng mga Fariseo na ang mga Judio ay ignorante **at sinumpa.** Ang kanilang pangangatwiran ay kung may nalalaman ang mga karaniwang tao tungkol sa Banal na Kasulatan, malalaman nila na si Jesus ay hindi ang Mesias. Maling-mali ang mga Fariseo!

**7:50** Sa puntong ito ay nagsalita si **Nicodemo sa kanila**. **Siya** iyong **pumunta kay Jesus noon** at nalaman na dapat siyang ipanganak na muli. Lumalabas na tunay na nagtiwala si Nicodemo sa Panginoong Jesu-Cristo at naligtas. Dito ay pumunta siya sa

harapan, sa gitna ng mga pinuno ng mga Judio, para magsalita para sa kanyang Panginoon.

**7:51** Ang punto ni Nicodemo ay hindi binigyan ng mga Judio si Jesus ng patas na pagkakataon. Hindi **hinahatulan** ng **kautusan** ng mga Judio **ang isang tao malibang** siya ay bigyan ng pagkakataong marinig muna. At ito ang ginagawa ng mga pinuno ng mga Judio sa puntong ito. Takot ba sila sa mga katotohanan? Oo, ang malinaw na sagot.

**7:52** Bumaling ngayon ang mga pinuno sa kanilang kasamahan na si Nicodemo. Siya ay tinanong nila nang may pangungutya kung siya ba ay isa na **rin** sa mga tagasunod ni Jesus na **taga-Galilea.** Hindi ba niya alam na sinasabi ng LT na **walang propeta** na manggagaling **sa Galilea**. Siyempre dito ay ipinapakita ng mga pinuno ang kanilang kamangmangan. Hindi ba nila nabasa ang tungkol kay propeta Jonas? Siya ay nagmula sa Galilea.

**7:53** Tapos na ngayon ang Pista ng mga Tabernakulo. Ang mga tao ay umuwi na sa kani-kanilang sariling mga bahay. Ang ilan ay nakilala ng harapan ang Tagapaglitas at sumampalataya sa Kanya. Pero marami ang hindi tinanggap si Jesus, at mas determinado ang mga pinuno ng mga Judio na Siya ay pigilin. Siya ay itinuturing nilang banta sa kanilang relihiyon at paraan ng pamumuhay.

## F. Ang Babaing Nahuli sa Pangangalunya (8:1−11)

**8:1** Ang talatang ito ay may mahalagang kaugnayan sa huling talata ng kabanatang 7. Mas makikita ang kaugnayan kung pagsasamahin ang dalawang talatang ito gaya ng sumusunod: “At ang bawat isa sa kanila ay umuwi sa kanya-kanyang sariling bahay, **samantala si Jesus ay pumunta sa bundok ng mga Olibo.”** Totoong sinabi ni Jesus na, “May mga lungga ang mga asong-gubat, at ang mga ibon sa himpapawid ay may mga pugad; ngunit ang Anak ng Tao ay walang mapagpahingahan ng Kanyang ulo.”

**8:2** Hindi malayo mula sa templo ang Bundok ng mga Olibo. **Kinaumagahan**, lumakad pababa ang Panginoong Jesus sa gilid ng Olibo at dumaan sa lambak ng Kidron. Bumalik Siya paakyat sa lungsod kung saan naroroon ang **templo. At ang buong bayan ay lumapit sa Kanya. Siya’y naupo at sila’y tinuruan.**

**8:3** Sabik ang **mga eskriba** (grupo ng mga taong gumagawa ng kopya at nagtuturo ng Banal na Kasulatan) **at** ang **mga Fariseo** na hulihin ang Panginoong Jesus na magsabi ng mali para mayroon silang kasong ibibintang laban sa Kanya. Kaya naman **dinala** na lamang nila… **ang isang babaing nahuli** sa akto ng **pangangalunya**. Pinatayo ang babae sa gitna ng mga tao, at maaaring nakaharap siya kay Jesus.

**8:4** Inaakusahan ang **babaing ito** ng pangangalunya, at walang dudang totoo ito. **Nahuli** siya habang ginagawa ang kasuklam-suklam na kasalanang ito. Pero nasaan ang lalaki? Kadalasan ang mga babae ang napaparusuhan habang ang mga lalaki na nagkasala rin naman ay nakakatakas.

**8:5** Malinaw na ngayon ang plano. Gusto nilang salungatin ng Panginoon **ang Kautusan ni Moises.** Kung magtatagumpay sila, mahihikayat nila ang mga karaniwang tao laban kay Jesus. Pinaalalahanan nila ang Panginoon na **ipinag-utos sa kautusan ni Moises** na ang taong nahuli sa akto ng pangangalunya ay **batuhin** hanggang mamatay. Para magtagumpay ang kanilang masamang layunin, inasahan ng mga Fariseo na hindi sasang-ayon ang Panginoon. Kaya naman Siya ay tinanong nila kung ano ang Kanyang masasabi tungkol dito. Dapat ay maging halimbawa ang babae ayon sa hinihingi ng hustisya at ng Kautusan ni Moises. Gaya ng sabi ni Darby

> Nakakaranas ng ginhawa at kapayapaan ang isang masamang puso kapag nakakakita siya ng taong mas masahol kaysa kanya; iniisip niya na ang mas malaking kasalanan ng iba ay magpapalaya sa kanya; at habang inaakusahan at mariing sinisisi ang iba, nakakalimutan niya ang sarili niyang kasamaan. Kaya nagsasaya siya sa kasalanan.[28]

**8:6** Wala silang totoong paratang laban sa Panginoon at sinusubukan nilang lumikha ng isa. Alam nila na kapag pinalaya ni Jesus ang babae, sasalungatin Niya ang Kautusan ni Moises, at **Siya** ay puwede nang **paratangan** ng pagiging hindi makatarungan. Sa kabilang banda, kapag hinatulan ni Jesus ang babae ng kamatayan, puwede nila itong gamitin para ipakita na kaaway Siya ng pamahalaan ng Roma, at puwede rin nilang sabihin na hindi Siya maawain. **Subalit yumuko si Jesus, at isinulat ang Kanyang daliri sa lupa.** Walang anumang paraan para malaman kung ano ang Kanyang isinulat. Maraming tao ang lubos na naniniwala na alam ng mga nakakita kung ano ito. Pero ang simpleng katotohanan ng pangyayari ay hindi sinabi sa atin ng Biblia.

**8:7** Dahil sa pagkayamot, patuloy na nagpumilit ang mga Judio na magbigay Siya ng sagot. Kaya naman simpleng sinabi ni Jesus na ang kaparusahan ng kautusan ay dapat isagawa. Pero dapat itong gawin ng sinumang walang nagawang kasalanan. Itinaguyod ng Panginoon ang Kautusan ni Moises. Hindi Niya sinabi na ang babae ay dapat mapalaya mula sa kaparusahan ng kautusan. Pero ang ginawa Niya ay akusahan ang bawat isa sa mga taong ito na sila man ay nagkasala rin. Tanging ang mga malinis ang puwedeng humusga. Malimit na ginagamit ang talatang ito para mapalusot ang paggawa ng kasalanan. Ang palagay ng iba ay malaya tayo sa pananagutan dahil lahat ay nakagawa ng mali. Pero hindi pinapalampas ng talatang ito ang kasalanan. Kundi, pinaparusahan nito ang mga may sala kahit na hindi sila nahuhuling nagkakasala.

**8:8 Muling yumuko** ang Tagapagligtas, **at isinulat ang Kanyang daliri sa lupa.** Ito lamang ang tanging naitalang pagkakataon na nagsulat ang Panginoong Jesus ng anumang bagay. Ang Kanyang isinulat ay matagal nang nabura sa lupa.

**8:9 Ang mga humatol** sa babae ay inusig ng kanilang konsiyensiya **nang ito'y kanilang marinig.** Wala silang masasabi. **Isa-isa** silang umalis. May kasalanan silang lahat, simula sa **mga matatanda** hanggang sa mga bata. **Naiwang nag-iisa si Jesus,** kalapit **ang babaing nakatayo**.

**8:10** Sa pamamagitan ng kahanga-hangang biyaya, ipinakita ng Panginoong Jesus sa babae na wala na **ang mga humatol** sa kanya. Nagsi-alisan na sila. Wala ni isa mang tao sa buong madla ang nangahas na hatulan siya.

**8:11** Ang salitang **Panginoon** dito ay maaaring nangangahulugang "Ginoo." Nang **sinabi** ng babae, **"Walang sinuman,** Panginoon," saka binigkas ng Panginoon ang magagandang mga salitang, **"Hindi rin Kita hinahatulan; humayo ka na at mula ngayo'y huwag ka nang magkasala."** Hindi inangkin ng Panginoon ang pagkakaroon ng kapangyarihang sibil sa ganoong mga bagay. Nasa ilalim ng pamahalaan ng Roma ang kapangyarihang ito, at hinayaan Niya itong manatili roon. Hindi Niya pinarusahan ni pinatawad ang babae. Hindi iyon ang tungkulin Niya sa panahong ito. Pero binalaan Niya ang babae na hindi na dapat siya muling magkasala.

Sa unang kabanata ng Juan, nalaman natin na "ang biyaya at ang katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo." Narito ang halimbawa niyon. Sa mga salitang **"hindi rin Kita hinahatulan,"** mayroon tayong halimbawa ng biyaya. Ang mga salitang **"humayo ka na at mula ngayo'y huwag ka nang magkasala"** ay mga salita ng katotohanan. Hindi sinabi ng Panginoon, "Humayo ka na, at hangga't maaari ay magkasala nang kaunti lamang." Si Jesu-Cristo ay Diyos, at ang Kanyang pamantayan ay ang pagiging ganap na matuwid. Hindi Niya puwedeng aprubahan ang kasalanan anuman ang laki nito. Kaya naman itinakda Niya sa harapan ng babae ang ganap na pamantayan mismo ng Diyos.[29]

## G. Si Jesus na Ilaw ng Sanlibutan (8:12−20)

**8:12** Lumipat ngayon ang senaryo sa kabang-yaman ng templo (tingnan ang t. 20). Maraming tao pa rin ang sumusunod kay Jesus. Humarap Siya sa kanila at sinabi ang isa sa maraming dakilang pahayag tungkol sa Kanyang pagiging Mesias. Sinabi Niya,

**"Ako ang ilaw ng sanlibutan."** Ang totoo, nasa kadiliman ng kasalanan, kamangmangan, at kabalisahan **ang sanlibutan**. Si Jesus **ang ilaw ng sanlibutan**. Maliban sa Kanya, walang makakatakas mula sa kadiliman ng kasalanan. Bukod sa Kanya, wala nang ibang gabay sa daan ng buhay, wala nang makakapagbigay ng tunay na kahulugan ng buhay at mga katotohanan ukol sa buhay na walang hanggan. Ipinangako ni Jesus na ang sinumang sumunod sa Kanya ay **hindi kailanman lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng buhay.**

Ang ibig sabihin ng pagsunod kay Jesus ay ang pagsampalataya sa Kanya. Maraming tao ang may maling kaisipan na kaya nilang gayahin ang buhay ni Jesus kahit hindi sila naipapanganak na muli. Ang ibig sabihin ng pagsunod kay Jesus ay ang paglapit sa Kanya ng may pagsisisi, ang pagsampalataya sa Kanya bilang Panginoon at Tagapagligtas, at ang paglagak ng buong buhay sa Kanya. Ang mga gagawa nito ay mayroong pamamatnubay sa buhay, at malinaw at maliwanag na pag-asa sa kabilang-buhay.

**8:13** Hinamon ngayon ng **mga Fariseo** si Jesus sa puntong legal. Pinaalalahanan ng mga Fariseo si Jesus na nagpapatotoo Siya tungkol sa Kanyang sarili. Ang patotoo ng isang tao sa kanyang sarili ay hindi itinuturing na sapat dahil may kiling ang pahayag ng isang ordinaryong tao. Ayos lang para sa mga Fariseo ang pagdudahan ang mga salita ni Jesus. Sa katunayan, hindi talaga sila naniniwala na **totoo** nga ang mga ito.

**8:14** Alam ng Panginoon na kadalasan ay kinakailangan na mayroong dalawa o tatlong saksi. Pero sa kaso ni Jesus, ang **patotoo** Niya ay tunay na **totoo** dahil Siya ay Diyos. Nalalaman ni Jesus na nanggaling Siya sa langit at babalik sa langit. Pero **hindi** nila **nalalaman kung saan** Siya **nanggaling at kung saan** Siya **pupunta**. Akala nila ay isang ordinaryong tao lamang si Jesus gaya nila at hindi sila naniwala na Siya ang walang hanggang Anak, kapantay ng Ama.

**8:15** Hinuhusgahan ng mga Fariseo ang iba batay sa panlabas na anyo at ayon lamang sa mga pamantayan ng tao. Kinilala nila si Jesus bilang Karpintero ng Nazaret at hindi nila inisip na naiiba Siya sa iba pang mga taong nabuhay sa daigdig. Sinabi ng Panginoong Jesus na hindi Siya humahatol sa **kaninuman**. Maaaring ang ibig sabihin nito ay hindi Siya humahatol sa tao batay sa pamantayan ng

mundo, gaya ng ginawa ng mga Fariseo. O higit marahil ang ibig sabihin nito na ang Kanyang layunin sa pagparito sa sanlibutan ay hindi para *hatulan* ang mga tao kundi ang *iligtas* sila.

**8:16 Kung** ang Panginoon ang **humatol,** ang **hatol** Niya ay matuwid at **totoo**. Siya ay Diyos at lahat ng Kanyang ginagawa ay may pakikipag-isa sa **Ama na nagsugo** sa Kanya. Paulit-ulit na binigyang diin ng Panginoong Jesus sa mga Fariseo na Siya at ang Diyos **Ama** ay magkaisa. Ito ang pumukaw sa kanilang mga puso ng pinakamatinding galit laban sa Kanya.

**8:17, 18** Sumang-ayon ang Panginoon na sa **Kautusan** ni Moises ay kailangan ang **patotoo ng dalawang** saksi. Wala Siyang sinabi para pabulaanan ang katotohanang iyon.

Kung ipipilit nila na kailangan ng dalawang saksi, hindi mahirap para kay Jesus na magharap ng mga ito. Una sa lahat, **nagpatotoo** Siya sa pamamagitan ng Kanyang walang salang buhay at sa mga salitang lumabas sa Kanyang bibig. Pangalawa, **ang Ama** ay **nagpatotoo** ukol sa Panginoong Jesus sa pamamagitan ng Kanyang mga hayagang paglalahad mula sa langit at sa mga himalang ipinagawa Niya sa Panginoon. Tinupad ni Cristo ang mga propesiya ng LT patungkol sa Mesias, at sa kabila ng matibay na ebidensyang ito, hindi pa rin sumampalataya ang mga pinunong Judio sa Kanya.

**8:19** Ang sumunod na tanong ng mga Fariseo ay maliwanag na panlilibak. Siguro ay lumilingon-lingon sila sa mga tao nang kanilang sabihing, **"Nasaan ang Iyong Ama?" Sumagot si Jesus** at nagsabing **hindi** nila nakikilala kung sino Siya talaga at hindi rin nila nakikilala ang Kanyang **Ama**. Siyempre, hindi nila aaminin na hindi nila kilala ang Diyos. Pero totoong hindi nga nila kilala ang Diyos. Kung tinanggap nila ang Panginoong Jesus, **kilala rin sana** nila ang Kanyang **Ama**. Pero walang makakakilala sa Diyos Ama maliban sa pamamagitan ng pagkakakilala kay Jesu-Cristo. Kaya, ang hindi nila pagtanggap sa Tagapagligtas ang naging dahilan para maging imposible para sa kanila ang matapat na ipahayag na kilala at mahal nila ang Diyos.

**8:20** Nalaman natin dito na ang tagpo sa nakaraang mga talata ay **sa kabang-yaman** ng **templo**. Muling napaligiran ang Panginoon ng banal na proteksyon, **at walang tao** ang maaaring **humuli sa**

**Kanya** para arestuhin o patayin. **Hindi pa dumating ang Kanyang oras.** Tumutukoy **ang Kanyang oras** sa panahon na Siya ay ipapako sa krus ng Kalbaryo para mamatay sa mga kasalanan ng sangkatauhan.

### H. Nakipagdebate ang mga Judio kay Jesus (8:21−59)

**8:21** Muling ipinakita ni **Jesus** ang lubos na kaalaman sa mga bagay na mangyayari sa hinaharap. Sinabi Niya sa Kanyang mga kritiko na Siya ay **aalis.** Tumutukoy ito hindi lamang sa Kanyang kamatayan at libing. Tumutukoy din ito sa Kanyang pagkabuhay muli at pag-akyat pabalik sa langit. Magpapatuloy ang mga Judio na **hanapin** ang Mesias, na hindi naiisip na sila ay Kanya nang binisita at Siya ay hindi nila tinanggap. Dahil hindi nila tinanggap si Jesus, sila ay **mamamatay sa** kanilang **kasalanan** (ang salitang "kasalanan" ay isahan o "*singular*" sa Griyego at sa NKJV). Ang ibig sabihin nito ay habang buhay na silang hindi puwedeng pumasok sa langit, kung saan pupunta ang Panginoon. Ito ay isang dakilang katotohanan. Ang mga tumatangging tanggapin ang Panginoong Jesus ay walang pag-asa na binibigay ng langit. Kakila-kilabot para sa isang tao ang mamatay sa kanyang mga kasalanan, walang Diyos, walang Cristo, walang pag-asa magpakailanman!

**8:22** Hindi naintindihan ng **mga Judio** na ang pagbalik sa langit ang tinutukoy ng Panginoon. Ano ang ibig sabihin Niya sa "aalis"? Ang ibig bang sabihin ni Jesus ay tatakas Siya sa plano nilang pagpatay sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapatiwakal? Kakaibang pag-iisip ito. Kung **magpapakamatay Siya,** walang makakapigil sa kanila upang sumunod sa Kanya sa kamatayan. Pero ito ay isa na namang halimbawa ng kadiliman ng isip ng hindi pagsampalataya. Tila nakakapagtaka ang kanilang kamangmangan at ang purol ng kanilang pag-iisip sa mga sinasabi ng Tagapagligtas!

**8:23** Tungkol sa kanilang pagtukoy sa pagpapatiwakal, sinabi sa kanila ng Panginoon na sila ay mga **taga-ibaba.** Ibig sabihin nito ay mayroon silang napakababang pananaw sa mga bagay. Hindi nila maunawaan ang mga bagay na ito. Wala silang espirituwal na pagkaunawa. Sa kabilang banda, si Cristo ay **taga-itaas.** Makalangit ang Kanyang mga pag-iisip, pananalita, at gawain. Lahat ng gawa nila ay sakop lamang ng **sanlibutang ito**, samantala ang buong buhay ni Jesus ay nagpapatunay na mula Siya sa mas dalisay na lugar na higit sa mundong ito.

**8:24** Malimit na ginagamit ni Jesus ang pag-uulit para sa pagbibigay diin. Dito ay mataimtim Niyang binalaan muli sila na **mamamatay** sila sa kanilang mga **kasalanan.** Kung patuloy nila Siyang tatanggihan, wala nang ibang paraan. Bukod sa Panginoong Jesus, walang paraan para makamit ang kapatawaran ng mga kasalanan, at ang mga **mamamatay** sa **mga kasalanan** na hindi napapatawad ay imposibleng makapasok sa langit. Ang salitang **“*He*”** sa “I Am He” na nasa Ingles tulad ng NKJV ay hindi makikita sa talatang ito sa orihinal, kahit na ito ang ipinapahiwatig. Ang literal na basa dito ay: **“Sapagkat malibang kayo’y sumampalataya na Ako Nga, ay mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan.”** Makikita natin sa mga salitang ***Ako Nga*** ang isa pang pahayag ng Panginoong Jesus na Siya ay Diyos.

**8:25** Lubos na naguguluhan ang mga Judio sa mga itinuturo ng Panginoong Jesus. Direkta nilang tinanong kung **sino** Siya. Siguro ay sinabi nila ito ng may panunuya na tila sinasabi na, “Sino Ka ba sa tingin Mo, at ganito Ka magsalita sa amin?” O baka naman ay tunay silang interesado na marinig kung ano ang sasabihin ni Jesus tungkol sa Kanyang sarili. Ang sagot Niya ay karapat-dapat tandaan: **“Siya rin na sinalita Ko sa inyo mula pa nang una.”** Siya ang ipinangakong Mesias. Madalas na itong naririnig ng mga Judio mula sa Kanya, pero ayaw tanggapin ng kanilang matigas na mga puso ang katotohanan. Pero ang sagot ni Jesus ay puwede ring may ibang kahulugan – maaaring ang sarili Niya ang Kanyang tinutukoy. Hindi Siya nagsasabi ng isang bagay pagkatapos ay iba naman ang ginagawa. Si Jesus ang buhay na diwa ng lahat ng Kanyang itinuro. Umaayon ang Kanyang buhay sa Kanyang mga katuruan at mga sinasabi.

**8:26** Hindi malinaw ang kahulugan ng talatang 26. Tila sinasabi ng Panginoon na mayroong **maraming** karagdagang **bagay** ang puwede Niyang **sabihin** at **ihatol tungkol** sa mga hindi sumasampalatayang mga Judiong ito. Puwede Niyang ilantad ang masasamang mga saloobin at motibo ng kanilang mga puso. Pero, dahil masunurin Siya sa Ama, tanging ang mga bagay na ibinigay ng Ama na Kanyang sabihin ang Kanyang ipinahayag. At dahil **totoo** ang Ama, karapat-dapat Siyang sampalatayanan at pakinggan.

**8:27** Sa puntong ito ay **hindi naunawaan** ng mga Judio **na Siya** ay nagsasalita **sa kanila tungkol** sa Diyos **Ama**. Tila ang

kanilang mga isipan ay mas lalong dumidilim. Nang nakaraang ipahayag ng Panginoong Jesus na Siya ang Anak ng Diyos, naunawaan nila na ipinapahayag Niya ang pagkakapantay Niya sa Diyos Ama. Pero ngayon ay hindi nila ito naunawaan.

**8:28** Muling nagpropesiya si **Jesus** kung ano ang mangyayari. Una sa lahat, itataas ng mga Judio **ang Anak ng Tao.** Tumutukoy ito sa Kanyang kamatayan sa pamamagitan ng pagpapako sa krus. Matapos nilang gawin iyon, **makikilala** nila **na** Siya ang Mesias. Malalaman nila ito sa pamamagitan ng lindol at ng kadiliman. Pero higit sa lahat, makikilala nila na si Jesus ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng Kanyang muling pagkabuhay mula sa mga patay. Pansining mabuti ang mga salita ng Panginoon, **"Saka ninyo makikilala na *Ako nga* Siya."** Dito muli, ang salitang "**Siya**" ay wala sa orihinal. Ang mas malalim na kahulugan ay, "Saka **ninyo makikilala na Ako nga** ay Diyos." Pagkatapos ay maiintindihan nila na wala Siyang ginawa mula sa Kanyang sarili o sa pamamagitan ng Kanyang sariling awtoridad. Sa halip, pumarito Siya sa sanlibutan bilang Taong umaasa sa Ama, at nagsasabi lamang ng mga bagay na **itinuro** ng **Ama** na Kanyang sabihin.

**8:29, 30** Napakalapit ng relasyon ng Panginoong Jesus sa Diyos Ama. Ang bawat pagpapahayag na mga ito ay pag-aari ng pagkakapantay sa Diyos. Sa kabuuan ng Kanyang ministeryo sa lupa, **kasama** Niya ang Ama. Walang panahon na si Jesus ay naiwang **nag-iisa**. Sa lahat ng mga pagkakataon, ginawa Niya ang mga bagay na nakakalugod sa Diyos. Ang mga salitang ito ay masasabi lamang ng isang Taong walang kasalanan. Walang taong ipinanganak ng kanyang magulang ang tunay na makakapagsabi ng mga salitang, **"Lagi Kong ginagawa ang mga bagay na nakakalugod sa Kanya."** Malimit nating ginagawa ang mga bagay na nakakalugod sa ating mga sarili. Natutukso tayo minsan na bigyang kaluguran ang ibang tao. Tanging ang Panginoong Jesus ang tunay na nagkaroon ng pagnanais na gawin ang mga bagay na nakakalugod sa Kanyang Amang Diyos.

**Samantalang sinasabi Niya** ang magagandang **mga bagay na ito**, nakita ni Jesus na **marami** ang nagpahayag ng pagsampalataya sa Kanya. Walang dudang totoo ang pananampalataya ng iba rito. Puwedeng ang iba ay sinasabi lamang na sumasampalataya sila, pero hindi naman totoo.

**8:31** Pagkatapos ay ipinakita ni **Jesus** ang pagkakaiba sa pagitan ng mga alagad at ng mga **tunay na mga alagad.** Ang isang alagad ay sinuman na nagpapahayag na siya ay natututo. Pero ang **tunay na alagad** ay ang taong talagang inilagak ang kanyang sarili sa pagsunod sa Panginoong Jesu-Cristo. Ang tunay na mga mananampalataya ay may ganitong katangian − **nananatili** sila **sa** Kanyang **Salita.** Ibig sabihin nito ay nagpapatuloy sila sa mga katuruan ni Cristo. Hindi sila tumatalikod sa Kanya. Palaging may katangian ng pananatili ang tunay na pananampalataya. Hindi sila naliligtas sa pamamagitan ng pananatili sa Kanyang Salita. Sa halip, sila ay nananatili sa Kanyang Salita dahil ligtas sila.

**8:32** Ang pangako ay ibinigay sa bawat tunay na alagad **na malalaman** niya **ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya** sa kanya. Hindi nalaman ng mga Judio ang katotohanan, at sila ay nasa isang kakila-kilabot na anyo ng pagkaalipin. Alipin sila ng kamangmangan, kamalian, kasalanan, kautusan, at pamahiin. Ang mga tunay na nakakakilala sa Panginoong Jesus ay nahango na mula sa kasalanan, naglalakad sila sa liwanag, at pinangungunahan ng Banal na Espiritu ng Diyos.

**8:33** Narinig ng ilang mga Judiong nakatayo sa tabi ang sinabi ng Panginoon tungkol sa pagiging malaya. Agad nilang ikinagalit ito. Ipinagmamalaki nila na sila ay galing kay Abraham at sinabi na **kailanma'y hindi pa** sila **naging alipin**. Pero hindi ito totoo. Naging alipin ang Israel ng Egipto, Asiria, Babylonia, Persia, Gresya, at ngayon ng Roma. Pero higit pa rito, kahit na habang nakikipag-usap sila sa Panginoong Jesus, alipin sila ng kasalanan at ni Satanas.

**8:34** Maliwanag na tungkol sa pagkaalipin **sa kasalanan** ang tinutukoy ng Panginoon. Pinaalalahanan Niya ang Kanyang mga tagapakinig na Judio na **ang bawat nagkakasala ay alipin ng kasalanan.** Ang mga Judiong ito ay nagkukunwaring napakarelihiyoso. Pero ang katotohanan ay hindi sila tapat, wala silang galang, at malapit na silang maging mamamatay-tao − dahil hanggang ngayon ay pinaplano pa rin nila ang pagpatay sa Anak ng Diyos.

**8:35** Sunod na ikinumpara ni Jesus ang magkaugnay na kalagayan **sa sambahayan** ng **alipin** at ng **anak.** Walang katiyakan ang **alipin** na siya ay titira doon magpakailanman; samantala ang

**anak** ay panatag sa bahay. Kung ang salitang “Anak” man ay tumutukoy sa Anak ng Diyos o kung ito ay tumutukoy sa mga naging anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, malinaw pa rin na sinasabi ng Panginoong Jesus sa mga Judiong ito na hindi sila mga anak, kundi mga alipin na puwedeng palayasin anumang oras.

**8:36** Walang duda na ang salitang **Anak** sa talatang ito ay tumutukoy kay Cristo mismo. Ang mga taong nagawa Niyang **palayain** ay **tunay na malaya.** Ibig sabihin nito na kapag ang isang tao ay lumapit sa Tagapagligtas at tumanggap ng buhay na walang hanggan mula sa Kanya, ang taong iyon ay napalaya mula sa pagkaalipin ng kasalanan, kapangyarihan ng kautusan, pamahiin, at kapangyarihan ng demonyo.

**8:37** Kinilala ng Panginoon na kung pisikal na angkan ang isasaalang-alang, **binhi ni Abraham** ang mga Judiong ito. Pero malinaw na hindi sila *espirituwal* na binhi ni Abraham. Hindi sila banal na mga tao gaya ni Abraham. Pinagsisikapan nilang **patayin** ang Panginoong Jesus dahil **walang paglagyan** sa kanila ang Kanyang mga katuruan. Ibig sabihin nito ay ayaw nilang payagan ang mga salita ni Cristo na kumilos sa kanilang mga buhay. Nilalabanan nila ang Kanyang mga doktrina, at ayaw nilang isuko ang kanilang mga buhay sa Kanya.

**8:38** Ang mga bagay na itinuturo sa kanila ni Jesus ay mga bagay na iniutos ng Kanyang **Ama** na sabihin Niya. Siya at ang Kanyang Ama ay tunay na ganap na isa kaya ang mga salitang Kanyang sinasabi ay mga salita ng Diyos Ama. Perpektong kinatawan ang Panginoong Jesus ng Kanyang Ama habang narito Siya sa lupa. Sa kabaligtaran naman, ginagawa ng mga Judio ang mga bagay na natutunan nila mula sa *kanilang* **ama**. Hindi ang literal na ama nila sa lupa ang tinutukoy ng Panginoong Jesus, kundi *ang diyablo*.

**8:39** Muling ipinahayag ng mga Judio ang kanilang relasyon kay **Abraham**. Ipinagyabang nila ang katotohanang si **Abraham** ang kanilang **ama.** Gayunman, binigyang diin ng Panginoong Jesus na kahit na sila ay inapo [binhi] ni Abraham (v.37), sila ay hindi niya **mga anak.** Karaniwang ang mga anak ay katulad ng kanilang mga magulang sa hitsura, pagkilos, at pagsasalita. Pero hindi sa mga Judiong ito. Kabaligtaran ng kay Abraham ang kanilang mga buhay.

Kahit na mga inapo sila ni Abraham ayon sa laman, pero sila ay maituturing na anak ng diyablo dahil sa kanilang mga asal.

**8:40** Nagpatuloy ang Panginoon sa pagbibigay ng napakalinaw na halimbawa ng pagkakaiba sa pagitan nila at ni Abraham. Dumating sa mundo si Jesus na sinasabi sa kanila **ang katotohanan**. Nasaktan sila at natisod sa Kanyang katuruan. Dahil dito ay sinubukan nilang Siya ay **patayin. Ito'y hindi ginawa ni Abraham.** Nasa panig si Abraham ng katotohanan at kabanalan.

**8:41** Napakalinaw kung sino ang kanilang ama dahil kumikilos sila gaya niya. Ginagawa nila **ang mga gawa** ng kanilang **ama**, ang diyablo. Maaaring inaakusahan ng mga Judio ang Panginoon ng pagiging **ipinanganak sa pakikiapid.** Pero maraming mag-aaral ng Biblia na tinitingnan ang salitang **pakikiapid** bilang pagtukoy sa pagsamba sa diyus-diyusan. Sinasabi ng mga Judio na kailanma'y hindi sila gumawa ng espirituwal na pakikiapid. Nananatili silang totoo sa **Diyos.** Tanging Siya lamang ang kinikilala nilang **Ama.**

**8:42** Ipinakita ng Panginoon na mali ang kanilang pahayag sa pamamagitan ng pagpapaalala sa kanila na kung iniibig nila ang Diyos, Siya na **sinugo** ng Diyos ay **inibig sana** nila. Isang kahangalan para sa sinuman na ipahayag na mahal ang Diyos, at sa pagkakataon ding iyon ay mapoot sa Panginoong Jesu-Cristo. Sinabi ni Jesus na Siya ay **nagmula sa Diyos.** Ibig sabihin nito na Siya ang walang hanggang tanging Anak ng Diyos. Walang tiyak na panahon kung kailan ipinanganak Siyang Anak ng Diyos. Pero ang relasyon na ito ng Anak sa Ama ay umiral na mula pa sa walang hanggan. Pinaalala rin ni Jesus na Siya ay **nagmula sa Diyos.** Walang duda, ipinapahayag Niya dito ang Kanyang pagiging buhay mula pa sa walang hanggan. Nanahan Siya sa langit kasama ang Ama bago pa man Siya nagpakita sa mundong ito. Pero **sinugo** Siya ng Ama sa mundo para maging Tagapagligtas ng sanlibutan, kaya naman dumating Siya na kinilalang ang Taong masunurin.

**8:43** Sa talatang 43 ay may pagkakaiba ang mga salitang **sinasabi** at **salita.** Tumutukoy ang **salita** ni Cristo sa mga bagay na Kanyang itinuro. Tumutukoy naman ang Kanyang **sinasabi** sa mga salitang ginagamit Niya upang ipaliwanag ang Kanyang mga katotohanan. **Hindi** nila **maunawaan** ang Kanyang **sinasabi.** Nang banggitin ni Jesus ang tinapay, inisip lang nila ang literal na tinapay.

Nang sabihin Niya ang tubig, hindi nila ito ikinabit sa espirituwal na tubig. Bakit hindi nila maintindihan ang Kanyang sinasabi? Ito ay dahil ayaw nilang tanggapin ang Kanyang mga katuruan.

**8:44** Ngayon ay harapan nang sinabi ng Panginoong Jesus na **ang diyablo** ang kanilang **ama.** Hindi nito ibig sabihin na ipinanganak sila ng diyablo sa paraang ipinanganak ng Diyos ang mga mananampalataya. Sa halip, ibig nitong sabihin, gaya ng sinabi ni Agustin, na anak sila ng diyablo *sa pamamagitan ng panggagaya*. Ipinakita nila ang kanilang relasyon sa diyablo sa pamamagitan ng pamumuhay na gaya niya. Ang talatang **"Ang nais ninyong gawin ay ang kagustuhan ng inyong ama"** ay nagpapahayag ng intensyon o ugali ng kanilang mga puso.

**Mamamatay-tao buhat pa sa simula** ang diyablo. Nagdulot siya ng kamatayan kay Adan at sa buong sangkatauhan. Hindi lamang siya **mamamatay-tao,** kundi **sinungaling** din siya. **Hindi** siya **naninindigan sa katotohanan, sapagkat walang katotohanan sa kanya. Kapag siya** ay nagsasalita **ng kasinungalingan,** nagsasalita lamang **siya ayon sa kanyang sariling likas.** Ang kasinungalingan ay bahagi ng kung bakit siya nabubuhay. **Siya'y isang sinungaling, at ama** ng kasinungalingan. Ginaya ng mga Judio ang diyablo sa dalawang paraang ito. Mamamatay-tao sila dahil ang intensyon ng kanilang mga puso ay ang patayin ang Anak ng Diyos. Sinungaling sila dahil sinabi nila na ang Diyos ang kanilang Ama. Nagkukunwari silang banal, espirituwal na mga tao, pero ang kanilang mga buhay ay masama at laban sa Diyos.

**8:45** Ang mga taong pinabayaan na ang kanilang sarili sa pagsisinungaling ay tila nawawalan ng kakayahan na makita ang katotohanan. Ngayon ay nakatayo ang Panginoong Jesus sa harapan ng mga taong ito, at palagi Niyang sinasabi **ang katotohanan.** Pero **hindi** sila **nananampalataya** sa Kanya. Ipinapakita nito na ang kanilang tunay na pagkatao ay masama. Malinaw na ipinaliwanag ito ni Lenski:

> Kapag nakatagpo ang isang masamang isip ng katotohanan, ang nais niya lamang gawin ay tumutol; kapag nakakakita siya ng salungat sa katotohanang ito, tanging ang pagkakaiba na ito lamang ang kanyang nakikita at hahanap pa siya ng dahilan upang maging katanggap-tanggap ang pagkakaibang ito.[30]

**8:46** Tanging si Cristo na walang salang Anak ng Diyos ang puwedeng magsabi ng mga salitang ito. Walang sinumang tao sa buong mundo ang puwedeng magbintang kay Jesus ng kahit isang **kasalanan.** Walang anumang pagkukulang sa Kanyang pagkatao. Perpekto Siya sa lahat ng Kanyang gawi. Sinasabi lamang ni Jesus ang katotohanan, pero **hindi** sila **sumasampalataya** sa Kanya.

**8:47** Kung tunay na mahal ng isang tao ang Diyos, papakinggan niya at susundin ang **mga salita ng Diyos.** Ipinakita ng mga Judio sa kanilang pagtanggi sa mensahe ng Tagapagligtas na hindi talaga sila mula sa **Diyos.** Malinaw sa talatang 47 na ipinapahayag ng Panginoong Jesus ang tunay na mga salita ng Diyos. Walang puwedeng magkamali sa pag-intindi nito.

**8:48** Muling bumaling **ang mga Judio** sa mapang-abusong pananalita dahil hindi nila masagot ang mga salita ng Panginoong Jesus sa anumang paraan. Sa pagtawag sa Kanya na **isang Samaritano,** walang pakundangang ininsulto nila si Jesus. Tila sinabi nila na hindi Siya isang tunay na Judio, kundi isang kaaway ng Israel. Isa pa, Siya ay inakusahan nila na mayroong **demonyo.** Walang dudang ang ibig nilang sabihin ay baliw Siya. Para sa kanila, tanging isang taong wala sa kanyang tamang pag-iisip ang makakapagsabi ng mga pahayag na sinabi ni Jesus.

**8:49** Pansinin ang mapagpakumbabang paraan kung paanong **sumagot si Jesus** sa Kanyang mga kaaway. Hindi mga salita ng isang taong mayroong **demonyo** ang Kanyang mga katuruan, kundi isang Taong **pinararangalan** ang Diyos **Ama.** Ito ang dahilan kung bakit hindi nila pinapahalagahan si Jesus. Hindi dahil sa ipinapalagay nila na isa Siyang baliw, kundi dahil ganap na nagpapasakop si Jesus sa kalooban ng Kanyang Amang nasa langit.

**8:50** Dapat nilang malaman na kahit kailan ay hindi **hinahanap** ni Jesus ang Kanyang **sariling kaluwalhatian.** Ang tangi Niyang ginawa ay naising magbigay kaluwalhatian sa Kanyang Ama. Kahit na inakusahan sila ni Jesus na hindi sila nagbibigay galang sa Ama, hindi ito dahil sa hinahanap Niya ang Kanyang **sariling kaluwalhatian.** Pagkatapos ay idinagdag ng Panginoon ang mga salitang, **"Mayroong Isa na humahanap nito at Siya ang hukom."** Siyempre, ang Isa rito ay tumutukoy sa Diyos Ama. Hahanapin ng Diyos Ama ang kaluwalhatian para sa Kanyang

minamahal na Anak, at hahatulan ang mga taong hindi magbibigay sa Anak ng kaluwalhatian.

**8:51** Muli ay nakita natin ang isa sa mga dakilang kasabihan ng Panginoong Jesus, mga salitang tanging Diyos lamang ang puwedeng magsabi. Sinimulan ang mga salitang ito sa pamilyar na mariing pagpapahayag na **"Katotohanang sinasabi Ko sa inyo."** Ipinangako ni Jesus na **kung ang sinuman ay tutupad** ng Kanyang **Salita,** ang taong iyon ay **hindi makakakita ng kamatayan kailanman.** Hindi ito puwedeng tumukoy sa *kamatayang pisikal* dahil maraming mananampalataya sa Panginoong Jesus ang namamatay araw-araw. Ang tinutukoy nito ay **kamatayang** *espirituwal*. Sinasabi ng Panginoon na mahahango mula sa walang hanggang **kamatayan** at hindi na kailanman magdurusa sa hirap ng impiyerno ang mga sasampalataya sa Kanya.

**8:52** Lalong nakumbinsi ang **mga Judio** sa inaakala nila na "baliw" si Jesus. Pinaalala nila na **namatay** na si **Abraham** at **ang mga propeta.** Pero sinabi ni Jesus na **ang sinumang** tutupad ng Kanyang **Salita** ay **hindi matitikman magpakailanman ang kamatayan.** Paano mapapagkasundo ang mga bagay na ito?

**8:53** Naintindihan nila na ipinapahayag ng Panginoon na **mas dakila** Siya **kaysa** sa **Ama** nilang si **Abraham** at **mga propeta.** Kahit kailan ay hindi nakapagligtas si Abraham ng sinuman mula sa kamatayan. Hindi rin niya kayang iligtas ang sarili niya mula sa kamatayan. Hindi rin ito magagawa ng mga propeta. Pero narito ang Taong nagpapahayag na kaya Niyang magligtas ng Kanyang kapwa mula sa kamatayan. Dapat Niyang ibilang na mas dakila ang Kanyang sarili kaysa sa mga patriyarka.

**8:54** Iniisip ng mga Judio na si Jesus ay humahanap ng atensyon para sa Kanyang sarili. Pinaalalahanan sila ni **Jesus** na hindi ito ganito. Ang **Ama** ang nagpaparangal sa Kanya, ang mismong **Diyos** na ipinapahayag nilang kanilang minamahal at pinaglilingkuran.

**8:55** Sinasabi ng mga Judio na ang Diyos ang kanilang Ama. Pero ang totoo ay hindi nila Siya kilala. Sa tagpong ito ay nakikipag-usap sila sa Isang Taong **kilala** ang Diyos Ama, Isang kapantay Niya. Gusto nilang itanggi ni Jesus ang Kanyang pagkakapantay sa Ama, pero sinabi ni Jesus na kapag ginawa Niya ito, magiging

**sinungaling** Siya. Kilala Niya ang Diyos Ama at sumusunod Siya sa **Kanyang Salita.**

**8:56** Dahil iginiit ng mga Judio na ipasok si Abraham sa talakayan, pinaalalahanan sila ng Panginoon na hinintay ni **Abraham** ang **araw** ng Mesias, at tunay na **nakita** niya **ito** sa pamamagitan ng pananampalataya, **at siya'y nagalak.** Sinasabi ng Panginoong Jesus na *Siya* ang Taong hinihintay ni Abraham. Nakatuon ang pananampalataya ni Abraham sa pagdating ng Cristo.

Kailan nakita ni Abraham ang araw ni Cristo? Siguro ito ay noong dinala niya si Isaac sa Bundok Moria para ialay siya bilang handog sa Diyos. Ang buong pangyayari ng kamatayan at muling pagkabuhay ng Mesias ay naganap noong panahong iyon, at posibleng nakita ito ni Abraham sa pamamagitan ng pananampalataya. Kaya naman ipinapahayag ng Panginoong Jesus ang pagiging katuparan ng lahat ng propesiya ng LT patungkol sa Mesias.

**8:57** Muling ipinakita ng **mga Judio** ang kanilang kawalan ng kakayahang maintindihan ang banal na katotohanan. Sinabi ng Panginoong Jesus na, "Nagalak si Abraham na makita ang Aking araw," pero sumagot sila na tila sinabi Niya na Siya ang nakakita kay Abraham. Mayroong malaking pagkakaiba rito. Inaangkin ng Panginoong Jesus ang posisyon na mas dakila kaysa kay Abraham. Siya ang Kaganapan ng mga saloobin at pag-asa ni Abraham. Hinihintay ni Abraham sa pamamagitan ng pananampalataya ang araw ni Cristo.

Hindi ito naintindihan ng mga Judio. Idinahilan nila na si Jesus ay **wala pang limampung taon.** (Ang totoo, tatlumpu't tatlong taong gulang pa lamang Siya sa panahong ito.) Paano Niya **nakita si Abraham?**

**8:58** Muling nagpahayag dito ang Panginoong Jesus ng pagiging Diyos. Hindi Niya sinabi, **"Bago pa man si Abraham, Ako** *na*." Maaaring ang ibig sabihin nito na nabuhay Siya bago si Abraham. Sa halip, ginamit Niya ang Pangalan ng Diyos: **AKO NGA.** Nanahan ang Panginoong Jesus sa Diyos Ama mula sa walang hanggan. Walang simula ang Kanyang buhay o walang panahon na hindi Siya nabubuhay. Kaya naman sinabi Niya, **"Bago pa man si Abraham ay AKO NGA."**

**8:59** Agad-agad na tinangka ng mga Judio na patayin si Jesus. **Subalit nagtago si Jesus at lumabas sa templo.** Lubos na naintindihan ng mga Judio ang ibig sabihin ni Jesus nang sinabi Niyang, “Bago pa man si Abraham ay AKO NGA.” Ipinapahayag Niya na Siya si Jehovah! Sa kadahilanang ito kaya Siya ay gusto nilang batuhin. Para sa kanila, ito ay isang kalapastangan sa Diyos. Ayaw nilang tanggapin ang katotohanang nakatayo sa kanilang kalagitnaan ang Mesias. Ayaw nilang Siya ay maghari sa kanila!

## I. Ang Ika-Anim na Tanda: Ang Pagpapagaling sa Lalaking Ipinanganak na Bulag (9:1–12)

**9:1** Maaaring ang pangyayaring ito ay naganap noong umaalis **si Jesus** sa templo, o kaya naman ay nangyari ito ilang panahon matapos ang mga kaganapan sa kabanatang 8. Nakatala na ang lalaki ay **bulag mula pa sa kanyang pagkapanganak** para ipakita ang walang pag-asa niyang kondisyon at ang kahanga-hangang himala na nagbigay sa kanya ng paningin.

**9:2** **Nagtanong ang mga alagad** ng medyo kakaibang tanong. Nagtaka sila kung sariling kasalanan ng lalaki o kasalanan ng kanyang mga magulang ang dahilan ng kanyang pagkabulag. Paanong sariling kasalanan ang dahilan kung siya ay *ipinanganak* na **bulag**? Naniniwala ba sila sa isang uri ng *reincarnation*, ang paniniwala na ang kaluluwa ng namatay ay bumabalik sa mundo sa isang bagong katawan? O sinasabi ba nila na ipinanganak siyang bulag dahil sa mga kasalanang alam ng Diyos na gagawin niya matapos siyang ipanganak? Malinaw na iniisip nila na ang pagkabulag ay direktang konektado sa kasalanan ng pamilya. Alam nating hindi talaga ganito. Kahit na ang lahat ng sakit, pagdurusa, at kamatayan ay dumating sa mundo bilang resulta ng kasalanan, *hindi* totoo na ang lahat ng pagdurusa ng tao ay epekto ng mga kasalanang kanyang ginawa.

**9:3** Hindi sinasabi ni Jesus na hindi nagkasala ang lalaki, o hindi nagkasala ang kanyang mga magulang. Ang ibig Niyang sabihin ay ang pagkabulag ay hindi direktang resulta ng kasalanang nasa sa kanilang buhay. Pinahintulutan ng Diyos na ipanganak na bulag ang lalaking ito para siya ay maging instrumento upang mahayag ang makapangyarihang **mga gawa ng Diyos.** Bago pa ipanganak ang lalaki, alam na ng Panginoong Jesus na bibigyan Niya ng paningin ang mga bulag na matang iyon.

**9:4** Naisip ng Tagapagligtas na mayroon na lamang Siyang tatlong taon ng pampublikong gawain bago Siya ipako sa krus. Bawat sandali ng oras na iyon ay dapat ilaan sa paglilingkod sa Diyos. Narito ang lalaking bulag mula pa sa kanyang pagkapanganak. Dapat pagalingin ng Panginoong Jesus ang lalaking ito sa pamamagitan ng isang himala, kahit na ang araw na iyon ay Sabbath. Malapit nang matapos ang pampublikong ministeryo ni Jesus, at aalis na Siya rito sa lupa. Mataimtim na paalala ito sa bawat

Cristiano na ang araw ng ating buhay ay mabilis na lumilipas, at **dumarating ang gabi** kung kailan ang paglilingkod natin sa mundo ay matatapos na magpakailanman. Kaya naman, dapat nating gamitin ang panahon na ibinigay sa atin para paglingkuran ang Panginoon sa paraang karapat-dapat sa Kanya.

**9:5** Nang si Jesus ay **nasa sanlibutan** bilang Tao, Siya **ang ilaw ng sanlibutan** sa isang tapat at espesyal na paraan. Habang Siya ay nagsasagawa ng mga himala at nagtuturo sa mga tao, nakita mismo ng kanilang mga mata **ang ilaw ng salibutan**. Ang Panginoong Jesus *pa rin* ang Ilaw ng sanlibutan, at ang lahat ng lalapit sa Kanya ay pinangakuan na hindi sila lalakad sa kadiliman. Gayunman, sa talatang ito ang sinasabi ng Panginoon ay tungkol sa pampubliko Niyang gawain sa lupa.

**9:6** Hindi sinabi sa atin kung bakit pinaghalo ni Jesus ang **putik** at **dura** at inilagay ito sa **mga mata ng lalaki.** Iminumungkahi ng ilan na ang lalaki ay walang bahagi ng mata na tinatawag na *eyeballs* at nilikha ng Panginoong Jesus ang mga ito. Iminumungkahi naman ng iba na sa pagbibigay ng paningin sa bulag, gumamit ang Panginoong Jesus ng mga paraan na hamak sa mata ng tao. Gumamit Siya ng mababa at walang saysay na mga bagay para gawin ang Kanyang mga layunin. Kahit sa ngayon, sa pagbibigay paningin sa mga espirituwal na bulag, gumagamit ang Diyos ng mga lalaki at mga babae na likha mula sa alabok ng lupa.

**9:7** Hiningi ng Panginoon na patunayan ng bulag ang kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanya na **humayo** at **maghugas sa imbakan ng tubig ng Siloam.** Kahit na siya ay bulag, maaaring alam niya ang lokasyon ng imbakan ng tubig at nagawa niya ang ipinagawa sa kanya ni Jesus. Itinala ng Banal na Kasulatan na ang salitang **Siloam** ay nangangahulugang **Sinugo.** Maaaring ito ay pagtukoy sa Mesias (Ang Taong "Sinugo"). Ang Taong gumagawa ng himalang ito ay ang Taong sinugo ng Diyos Ama sa mundo. **Humayo at naghugas** ang lalaking bulag sa imbakan ng tubig, at natanggap niya ang kanyang paningin. Hindi ito panunumbalik ng kanyang paningin, dahil kailanman ay hindi siya nakakakita. Mabalis na nangyari ang himala at nakakita agad ang lalaki. Isang kasiya-siyang sorpresa para sa kanya na makita sa unang pagkakataon ang mundo kung saan siya nanirahan!

**9:8, 9** Nagulat **ang mga kapitbahay** ng lalaki. Hindi sila makapaniwala na ito mismo ang lalaki na mahabang panahong **nakaupo at nagpapalimos.** (Ganito rin dapat ang isang taong ligtas. Dapat mapansin ng ating mga kapitbahay ang pagbabago sa atin.) Iginiit ng **iba** na ito nga ang lalaking iyon. Ang **iba**, dahil hindi masyadong sigurado, ay nagsabing kamukha lamang niya ito. Pero pinawi ng lalaki ang lahat ng pagdududa nang sabihin niyang siya nga ang taong ipinanganak na bulag.

**9:10** Tuwing gumagawa ng himala si Jesus, lumilikha ito ng maraming uri ng tanong sa mga puso ng mga tao. Ang mga tanong na ito ay malimit na nagbibigay sa mananampalataya ng isang pagkakataon na magpatotoo para sa Panginoon. Tinanong dito ng mga tao ang lalaki kung **paanong** nangyari ang lahat ng ito.

**9:11** Simple pero kapani-paniwala ang kanyang patotoo. Ipinahayag niya ang mga katotohanan ng kanyang pagpapagaling, na nagbibigay ng karangalan sa Taong gumawa ng himala. Sa panahong ito, hindi nalalaman ng lalaki kung sino ang Panginoong Jesus. Ang tawag lamang niya sa Kanya ay **"ang Taong tinatawag na Jesus."** Pero di nagtagal, lumago ang pagkaunawa ng lalaki at nalaman niya kung sino si Jesus.

**9:12** Kapag tayo ay nagpapatotoo tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo, malimit na lumilikha tayo ng pagnanais sa puso ng iba na makilala rin Siya.

### J. Dumadaming Pagsalungat mula sa mga Judio (9:13–41)

**9:13** Tila sa laking katuwaan nila sa himala, **dinala** ng ilang Judio ang **bulag** na iyon sa **mga Fariseo.** Siguro ay hindi nila naisip na magagalit ang mga pinuno ng relihiyon sa katotohanang pinagaling ang lalaking ito.

**9:14** Naghimala si Jesus sa araw ng **Sabbath.** Hindi nalalaman ng kritikong mga Fariseo na hindi kailanman inilaan ng Diyos ang Sabbath para pigilin ang mga gawang bunga ng awa o ng kabutihan.

**9:15** May isa na namang pagkakataon ang lalaki para magpatotoo tungkol kay Jesus. Nang **muli na naman siyang tinanong ng mga Fariseo kung paano siya nagkaroon ng**

**paningin,** narinig na naman nila muli ang simpleng kuwento. Hindi rito binanggit ng lalaki ang pangalan ni Jesus. Siguro ay hindi dahil natatakot siyang gawin ito, pero kundi dahil naisip niya na nalalaman ng bawat isa kung sino ang gumawa ng makapangyarihang gawaing ito. Sa panahong ito, sikat ang Panginoong Jesus sa Jerusalem.

**9:16** Ngayon ay isa pang **pagkakahati-hati** ang lumitaw tungkol sa kung sino si Jesus. Matapang na ipinahayag ng **ilan sa mga Fariseo** na hindi puwedeng maging banal na Tao si Jesus dahil hindi Niya sinunod ang **Sabbath.** Idinahilan naman **ng iba** na hindi maaaring gumawa ng kamangha-manghang himala ang isang taong makasalanan. Malimit na maging sanhi si Jesus ng pagkakahati-hati sa mga tao. Napilitang pumanig ang mga tao kung sila ay kampi kay Jesus o laban sa Kanya.

**9:17** Tinanong ng mga Fariseo ang **bulag** kung ano ang tingin niya kay Jesus. Hindi pa niya nalalaman na si Jesus ay Diyos. Pero lumago na ang kanyang pananampalataya kaya't handa na niyang tanggapin na si Jesus ay **isang propeta.** Sumampalataya siya na ang Taong nagbigay sa kanya ng paningin ay isinugo ng Diyos, at Siya ay mayroong banal na mensahe.

**9:18, 19** Marami sa **mga Judio** ang ayaw pa ring **maniwala** na may himalang nangyari. Kaya naman **kanilang tinawag ang mga magulang** ng lalaki para malaman kung ano ang kanilang sasabihin.

Sino pa ang higit na makakaalam kung ang isang bata ay ipinanganak na bulag kundi ang mga magulang? Siguradong ang kanilang patotoo ay magiging kapani-paniwala. Kaya **tinanong sila** kung ito nga ang kanilang anak at kung paanong siya ay nakakita na ngayon.

**9:20, 21** Maganda ang patotoo ng **kanyang mga magulang**. **Ito** nga ang kanilang **anak,** at alam nila **na bulag** siya noon pa man dahil maraming taon nilang ikinalungkot ang kanyang kapansanan.

Ayaw nang magbigay ng mga magulang ng iba pang impormasyon na higit pa rito. Sinabi nila na **hindi** nila **alam** kung paano siya nakakita, **o kung sino** ang taong nagpagaling sa kanya.

Itinuro muli nila ang mga Fariseo pabalik sa kanilang anak. Kaya niyang **magsalita para sa kanyang sarili.**

**9:22, 23** Ipinapaliwanag ng talatang 22 na mahina ang loob ng **mga magulang.** Narinig nila na ang sinumang magpahayag na si Jesus ang Mesias **ay palalayasin mula sa sinagoga.** Isang napakaseryosong bagay para sa isang Judio ang matiwalag sa relihiyon. Hindi nila ito kaya. Kapag nangyari ito, mawawalan sila ng pinagkukunan ng hanapbuhay at mawawala rin ang lahat ng kanilang karapatan sa relihiyon ng Judio.

**Sapagkat** takot sila sa mga pinuno ng mga Judio, binaling muli ng **mga magulang** ang patotoo pabalik sa kanilang anak.

**9:24** Maaaring may dalawang ibig sabihin ang **"Luwalhatiin mo ang Diyos."** Una sa lahat, maaaring isang klase ito ng panunumpa. Siguro ay sinasabi ng mga Fariseo, "Sabihin mo ngayon ang totoo. **Nalalaman naming makasalanan ang Taong ito."** O kaya naman ay ibig sabihin nito na hinihingi ng mga Fariseo na ibigay sa Diyos ang kaluwalhatian para sa himala, at walang karangalan ang maibigay kay Jesus dahil itinuturing Siya ng mga Fariseo na taong makasalanan.

**9:25** Palaging bigo ang mga Fariseo sa bawat pagkakataon. Sa bawat sandaling sinusubukan nilang siraan ang Panginoong Jesus, nagbubunga ito ng pagbibigay sa Kanya ng higit na karangalan. Maganda ang patotoo rito ng lalaki. **Hindi** niya **alam** ang maraming bagay tungkol sa Persona ni Jesus, pero **nalalaman** niya na **bagaman** siya ay **dating bulag, ngayo'y** nakakakita na siya. Patotoo ito na walang sinumang makakatanggi.

Ganoon din naman sa mga ipinanganak na muli. Maaaring magduda, manlibak at mangutya ang mundo pero walang sinumang makakatanggi ng ating patotoo kapag sinabi nating tayo ay dating mga ligaw, pero ngayon ay iniligtas na tayo ng biyaya ng Diyos.

**9:26, 27** **Muli** nilang binalikan ang pagtatanong. Hiniling nila na ulitin niya ang mga detalye. Halatang yamot na ang lalaking bulag. Sila ay pinaalalahanan ng lalaking bulag na **sinabi na** niya ang mga katotohanan, at **hindi** sila **nakinig. Bakit** nila **ibig marinig uli?** Interesado ba silang maging **mga alagad** ni Jesus? Walang dudang itinanong niya ito ng may pangungutya. Tunay na nalalaman

niya na sila ay napopoot kay Jesus, at walang pagnanais na sumunod sa Kanya.

**9:28** May kasabihan na, "Kapag mahina ang kaso, abusuhin mo ang nagsasakdal." Ganito ang nangyari dito. Lubos na nabigo ang mga Fariseo na sirain ang patotoo ng taong ito, kaya sinimulan nilang siya ay abusuhin. Inakusahan ng mga Fariseo ang lalaking bulag ng pagiging **alagad** ni Jesus, na tila ba iyon ang pinakamasamang bagay sa mundo! Pagkatapos ay ipinahayag nila ang pagiging **mga alagad ni Moises,** na tila ba iyon ang pinakadakilang bagay.

**9:29** Sinabi ng mga Fariseo na **nagsalita ang Diyos kay Moises.** Pero hindi nila pinahalagahan si Jesus. Kung naniniwala sana sila sa mga sinulat ni Moises, tatanggapin nila si Jesus bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas. Isa pa, kung nag-isip pa sila ng kaunti, malalaman nila na hindi kailanman nagpagaling si Moises ng taong ipinanganak na bulag. Isang mas dakila kay Moises ang nasa kanilang kalagitnaan, at hindi nila ito nalaman.

**9:30** Naging masakit na ang pang-uuyam ng lalaki. Isang bagay ito na hindi inaasahan ng mga Fariseo. Tila sinabi sa kanila ng lalaki, "Kayo ang mga pinuno ng Israel. Kayo ang mga guro ng mga Judio. At ngayon ay narito ang isang Tao sa inyong kalagitnaan na may kapangyarihang magbigay ng paningin sa mga matang bulag, at **hindi ninyo alam kung saan Siya nagmula.** Nakakahiya kayo!"

**9:31** Mas nagiging matapang ngayon ang lalaki sa kanyang patotoo. Lumalago ang kanyang pananampalataya. Sila ay kanyang pinaalalahanan na bilang karaniwang prinsipyo, **hindi pinapakinggan ng Diyos ang mga makasalanan** o gumagawa ng mga himala sa pamamagitan nila. Hindi sinasang-ayunan ng Diyos ang mga taong masasama, at hindi nagbibigay ng kapangyarihan sa ganoong mga tao para magsagawa ng makapangyarihang mga gawa. Sa kabilang banda, ang mga tagasamba **ng Diyos,** ay nakakatanggap ng parangal ng Diyos at nakakatiyak na sasang-ayunan sila ng Diyos.

**9:32, 33** Naisip ng lalaki na siya ang pinakaunang tao sa buong kasaysayan ng daigdig na **ipinanganak na bulag** at nakatanggap ng kanyang paningin. Hindi niya maintindihan kung

bakit matapos makita ng mga Fariseo ang ganoong uri ng himala ay hinahanapan pa rin nila ng kapintasan ang Taong gumawa nito.

**Kung** ang Panginoong Jesus ay **hindi galing sa Diyos, hindi Siya** kailanman **makakagawa** ng ganitong uri ng himala.

**9:34** Bumaling muli ang mga Fariseo sa pang-aabuso. Ipinarinig nila na ang pagkabulag ng lalaking ito ay direktang bunga ng kanyang **kasalanan.** Anong karapatang mayroon siya para **turuan** sila? Ang totoo ay nasa kanya ang lahat ng karapatan sa mundo, dahil gaya ng sinabi ni Ryle, "Mas malimit na nakikita ang katuruan ng Banal na Espiritu sa mga taong may mababang antas kaysa mga taong may ranggo at edukasyon." Nang sinabing **siya'y pinalayas nila,** marahil tumutukoy ito higit pa sa pagpapalayas sa kanya sa templo. Marahil ibig sabihin nito na siya ay itiniwalag nila mula sa relihiyon ng Judio. Gayunman, ano ang batayan sa pagtitiwalag? Ang lalaking ipinanganak na bulag ay nabigyan ng kanyang paningin sa araw ng Sabbath. Siya ay itiniwalag dahil ayaw niyang magsabi ng masama laban sa Taong gumawa ng himala.

**9:35** Hinanap ngayon ni **Jesus** ang lalaking ito. Tila ba sinabi ni Jesus, "Kung ayaw nila sa iyo, Ako ang tatanggap sa iyo." Hindi kawalan ang palayasin ng dahil kay Jesus sapagkat magkakamit siya ng isang dakilang pagpapala mula sa personal na pagtanggap at pakikipag-isa ni Jesus sa kanya. Pansinin natin kung paanong inakay ng Panginoong Jesus ang lalaki sa personal na pananampalataya sa Kanya bilang Anak ng Diyos. Tinanong lamang niya ang katanungang, **"Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Tao?"**[31]

**9:36** Kahit na tinanggap niya ang kanyang pisikal na paningin, kailangan pa rin ng lalaki ng paninging espirituwal. Tinanong niya ang Panginoon kung **sino** ang Anak ng Diyos, para siya ay **sumampalataya sa Kanya.** Sa paggamit ng salitang **"Panginoon"** dito, sinasabi lamang ng lalaki na "Ginoo."

**9:37** Ipinakilala ngayon ni **Jesus** ang Kanyang sarili sa lalaki bilang Anak ng Diyos. Hindi pangkaraniwang tao ang nagbigay sa kanya ng paningin at gumawa ng imposibleng bagay sa kanyang buhay. Ito ang Anak ng Diyos, ang Taong kanyang nakita at ngayon ay **nakikipag-usap sa** kanya.

**9:38** Dito ay simple at masayang inilagak ng lalaki ang kanyang pananampalataya sa Panginoong Jesus at yumukod at **sumamba sa Kanya.** Siya ngayon ay isa nang ligtas na kaluluwa at katawang pinagaling. Anong dakilang araw ito sa kanyang buhay! Pareho niyang natanggap ang pisikal at espirituwal na paningin.

Pansinin na sinamba lamang ng lalaking bulag ang Panginoon pagkatapos niyang malaman na si Jesus ang Anak ng Diyos. Bilang isang Judiong may kaalaman, hindi siya sasamba sa ordinaryong tao. Pero nang malaman niya na ang Taong nagpagaling sa kanya ay ang Diyos Anak, **siya'y sumamba sa Kanya** − hindi dahil sa ginawa ni Jesus kundi sa kung sino Siya.

**9:39** Sa unang tingin, parang sinasalungat ng talatang ito ang Juan 3:17, "Sapagkat hindi sinugo ng Diyos ang Anak sa sanlibutan upang hatulan ang sanlibutan … ." Pero walang pagsalungat na nangyari dito. Ang layunin ng pagdating ni Cristo sa sanlibutan ay hindi para humatol, kundi iligtas ang mga tao. Gayunman, ang kahatulan ang tiyak na mararanasan ng mga hindi tumanggap sa Kanya.

May dalawang epekto ang pagkakarinig ng ebanghelyo. **Ang mga** umaamin na **hindi** sila **nakakakita** ay bibigyan ng paningin. Pero maliwanag na totoong bulag **ang mga** nagpupumilit na sila ay **nakakakita** nang lubos ngunit di naman tinatanggap sa kanilang buhay ang Panginoong Jesus.

**9:40** Naisip ng **ilan sa mga Fariseo** na nagsasalita ang Panginoong Jesus tungkol sa kanila at sa kanilang pagkabulag. Kaya lumapit sila sa Kanya at walang galang na itinanong kung ibig ba Niyang ipahiwatig na **bulag din** sila. Negatibong sagot ang inaasahan nilang tugon sa kanilang tanong.

**9:41** Puwede nating sabihin na ang sagot ng Panginoon ay gaya ng sumusunod: "**Kung** aaminin ninyo na **bulag** at makasalanan kayo, at kailangan ninyo ng Tagapagligtas, mapapatawad ang inyong mga kasalanan, at maliligtas kayo. Pero ipinapahayag ninyo na wala kayong kailangan. Ipinapahayag ninyo na matuwid kayo at wala kayong kasalanan. Kaya walang kapatawaran ng mga kasalanan para sa inyo." Nang **sinabi ni Jesus, " … hindi kayo magkakaroon ng kasalanan,"** hindi Niya ibig sabihin na sila ay lubos na walang kasalanan. Ang ibig sabihin ni Jesus ay kung

paghahambingin, sila ay maaaring maging walang kasalanan. Kung aaminin lamang nila ang kanilang pagkabulag sa pagiging Mesias ni Jesus, ang kanilang kasalanan ay halos walang halaga kung ikukumpara sa napakalaking kasalanan ng pagsasabing sila ay nakakakita, pero hindi naman nila nakikilala si Jesus bilang Anak ng Diyos.

**K. Si Jesus, ang Pintuan ng mga Tupa (10:1–10)**

**10:1** Ang mga talatang ito ay karugtong ng huling bahagi ng kabanatang 9. Nakikipag-usap doon ang Panginoong Jesus sa mga Fariseo, na nagpipilit na sila ay makatarungang pastol ng mga Judio. Sila ang pinapatungkulan ni Jesus dito. Ipinapahiwatig ng pahayag na **"Katotohanang sinasabi Ko sa inyo"** ang taimtim na katangian ng Kanyang sasabihin.

Isang bakod ang **kulungan ng mga tupa** kung saan sumisilong ang mga tupa tuwing gabi. Isa itong lugar na napapalibutan ng bakod at may isang puwang na ginagamit na pintuan. Sa mga talatang ito, **ang kulungan ng mga tupa** ay tumutukoy sa bansa ng mga Judio.

Maraming tao ang pumunta sa mga Judio na nagpapakilalang mga espirituwal na pinuno at mga gabay. Hinirang nila ang kanilang mga sarili bilang mga mesias ng bansa. Pero hindi sila dumating sa paraang hinulaan ng LT tungkol sa pagdating ng Mesias. **Ibang daan** ang kanilang inakyatan. Ipinakilala nila ang kanilang sarili sa Israel sa paraang kanilang pinili. Hindi tunay na mga pastol ang mga taong ito. Sila ay mga tulisan at magnanakaw. Ang mga tulisan ay mga taong kumukuha ng mga bagay na hindi kanila. Ang mga magnanakaw naman ay mga gumagamit ng dahas sa paggawa nito. Tulisan at magnanakaw ang mga Fariseo. Hinahangad nilang mamuno sa mga Judio, at ginagawa ang lahat sa kanilang kapangyarihan para hadlangan sila sa pagtanggap sa tunay na Mesias. Pinag-uusig nila ang mga sumusunod kay Jesus. Hindi magtatagal ay papatayin nila si Jesus.

**10:2** Tumutukoy ang talatang 2 kay Jesus mismo. Pumunta Siya para sa mga nawawalang tupa ng sambahayan ng Israel. Siya ang tunay na **pastol ng mga tupa.** Pumasok Siya **sa pintuan.** Ang ibig nitong sabihin ay dumating Siya sa eksaktong paraan na tumutupad sa mga propesiya ng LT patungkol sa Mesias. Hindi hinirang ni Jesus ang Kanyang sarili bilang Tagapaglitas. Pumarito Siya sa perpektong pagsunod sa kalooban ng Kanyang Ama. Ginanap Niya lahat ng kondisyon.

**10:3** May malaking hindi pagkakasundo sa pagpapakahulugan ng kung sino ang **bantay sa pinto** sa talatang ito. Iniisip ng ilan na tumutukoy ang pahayag na ito sa mga propeta ng LT na humula sa

pagdating ng Cristo. Naniniwala naman ang iba na tumutukoy ito kay Juan Bautista, dahil siya ang tagapagpauna ng tunay na Pastol. Natitiyak din ng iba na ang **bantay sa pinto** sa talatang ito ay ang Banal na Espiritu na nagbubukas ng pinto para sa pagpasok ng Panginoong Jesus sa mga puso at mga buhay ng mga tao.

Pinakinggan ng **mga tupa ang tinig** ng pastol. Nakikilala nila ang tinig ng tunay na pastol. Kung paanong nakikilala ng literal na mga tupa ang tinig ng kanilang pastol ay ganoon din naman na mayroong mga Judio na nakakilala sa Mesias nang Siya ay dumating. Mababasa natin sa Ebanghelyo na tinatawag ng Pastol ang **Kanyang mga tupa sa pangalan.** Tinawag ni Jesus ang ilang apostol sa kabanatang 1 at nakinig sila sa Kanyang tinig at tumugon sa Kanyang pagtawag. Tinawag din Niya ang lalaking bulag sa kabanatang 9. Patuloy na tumatawag ang Panginoong Jesus sa mga taong tatanggap sa Kanya bilang Tagapagligtas at ang Kanyang pagtawag ay personal at para sa bawat indibidwal.

Puwedeng tumukoy ang pahayag na **sila'y inihahatid papalabas** sa katotohanang inaakay ng Panginoong Jesus ang mga nakarinig ng Kanyang tinig palabas sa kulungan ng Israel. Doon sila ay nasarhan at nakulong. Walang kalayaan sa ilalim ng kautusan. **Inihahatid** ng Panginoon ang Kanyang mga tupa sa kalayaan ng Kanyang biyaya. Sa huling kabanata, pinalayas ng mga Judio ang lalaki mula sa sinagoga. Dahil dito, tumutulong sila sa gawain ng Panginoon nang hindi nila nalalaman.

**10:4** **Kapag nailabas na** ng tunay na pastol **ang lahat ng Kanya,** sila ay hindi Niya pinipilit. Siya ay nagiging gabay sa **kanila.** Hindi Niya sila inuutusang pumunta sa mga lugar na hindi Niya mismo unang napuntahan. Palagi Siyang nasa harapan ng mga tupa bilang kanilang Tagapagligtas, kanilang Gabay, at Halimbawa. Ang tunay na **mga tupa** ni Cristo ay **sumusunod sa Kanya.** Hindi sila *nagiging* mga tupa dahil sumusunod sila sa Kanyang halimbawa. Naging tupa sila dahil ipinanganak silang muli. Pagkatapos kapag sila ay ligtas na, gusto na nilang pumunta sa kung saan man sila inaakay ni Jesus.

**10:5** Ang kalikasang ito na nagbibigay kakayahan sa isang tupa na makilala ang tinig ng tunay na pastol ay siya ring nag-uudyok sa mga tupa na **lumayo sa iba** na hindi nila kilala. Ang mga estrangherong ito ay ang mga Fariseo at ang ibang mga pinuno ng

mga Judio na interesado lamang sa mga tupa dahil sa sariling personal na kapakinabangan. Ipinapakita ito ng lalaking nabigyan ng kanyang paningin. Nakilala niya ang tinig ng Panginoong Jesus pero nalaman niya rin na ibang tao ang mga Fariseo. Dahil dito, tumanggi siyang sumunod sa kanila, kahit na ang ibig sabihin nito ay matitiwalag siya sa kanilang relihiyon.

**10:6** Ngayon ay mariing ipinahayag na **sinabi ni Jesus** na **ang paghahambing** na ito ay para sa mga Fariseo, **subalit hindi nila naunawaan** − ang dahilan ay hindi sila tunay na mga tupa. Kung tunay silang tupa, papakinggan nila ang Kanyang tinig at susunod sila sa Kanya.

**10:7 Kaya't** muling gumamit si **Jesus** ng bagong paghahambing. Hindi na Siya nagsasalita tungkol sa pintuan ng kulungan, gaya sa talatang 2. Ipinapakilala Niya ngayon ang Kanyang sarili bilang **pintuan ng mga tupa.** Hindi na pagpasok sa kulungan ng Israel ang pinag-uusapan. Sa halip, ang larawan ay nagpapakita na lumalabas ang mga hinirang na mga tupa ng Israel mula sa Judaismo at lumalapit kay Cristo, **ang pintuan.**

**10:8** Maraming tao nang **nauna** kay Cristo na nagsasabing sila ay may awtoridad at posisyon. Pero hindi nakinig ang hinirang na mga tupa ng Israel sa mga taong ito dahil inaangkin nila ang hindi naman sa kanila.

**10:9** Isa ang talatang 9 sa magagandang mga talata na napakasimple at madaling maintindihan ng mga mag-aaral ng *Sunday School*. Pero hindi kailanman ito maunawaan ng mga pinakamarunong na mga iskolar. Si Cristo **ang pintuan.** Hindi isang relihiyon o iglesya ang Cristianismo. Kundi ito ay isang Persona, at ang Personang ito ay ang Panginoong Jesu-Cristo. **"Ang sinumang pumasok sa pamamagitan Ko."** Ang kaligtasan ay makakamit lamang sa pamamagitan ni Cristo. Hindi ito matatanggap sa pamamagitan ng bautismo at hindi rin sa pamamagitan ng Banal na Hapunan. Dapat tayong pumasok sa pamamagitan ni Cristo, at sa pamamagitan ng kapangyarihang Kanyang ipinagkakaloob. Ang imbitasyon ay para sa lahat. Si Cristo ang Tagapagligtas ng Judio at maging ng mga Hentil. Pero para maligtas, ang isang tao ay dapat na pumasok. Dapat niyang tanggapin si Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya. Isa itong personal na gawain. Kung wala ito, wala

ring kaligtasan. Ang mga pumapasok ay **maliligtas** mula sa parusa, sa kapangyarihan, at sa huli ay mula sa presensya ng kasalanan.

Pagkatapos maligtas, **papasok** sila **at lalabas.** Marahil ang ibig sabihin ay papasok sila sa presensya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya para sumamba. Pagkatapos ay lalabas sila sa sanlibutan para magpatotoo para sa Panginoon. Gayunman, isa itong larawan ng ganap na katiyakan at kalayaan sa paglilingkod sa Panginoon. **Makakatagpo ng pastulan** ang mga papasok. Hindi lamang Tagapagligtas at nagbibigay ng kalayaan si Cristo. Siya rin ang Taga-alalay at Tagapagkaloob ng kasiyahan. **Makakatagpo ng pastulan** ang Kanyang mga tupa sa Salita ng Diyos.

**10:10** Ang layunin ng **magnanakaw ay upang magnakaw, pumatay, at pumuksa.** Kasakiman ang kanyang tanging motibo. Para makamit lamang ang kanyang pansariling mga hangarin, gagawin niya kahit ang **pumatay** ng mga tupa. Pero hindi dumating ang Panginoong Jesus sa puso ng tao dahil sa anumang makasariling layunin. Dumating Siya para magbigay, at hindi para kumuha. Dumating Siya para ang mga tao ay **magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan.** Tumanggap tayo ng buhay nang tinanggap natin Siya bilang ating Tagapagligtas. Gayunman, pagkatapos nating maligtas, makikita natin na mayroong iba't ibang lebel ang kasiyahan sa buhay na ito. Habang lalo nating isinusuko ang ating mga sarili sa Banal na Espiritu, lalo nating natatamasa ang buhay na ipinagkaloob Niya sa atin. Hindi lamang tayo nagkaroon ng **buhay,** kundi **nagkaroon** tayo **nito nang may kasaganaan.**

### L. Si Jesus, ang Mabuting Pastol (10:11-18)

**10:11** Maraming beses na ginamit ng Panginoong Jesus ang mga salitang **"Ako ang"** o "Ako nga", na isa sa mga titulo ng Diyos. Ipinapahayag ni Jesus sa mga pagkakataong ito ang Kanyang pagkakapantay sa Diyos Ama. Dito ay ipinakilala Niya ang Kanyang sarili bilang **ang mabuting pastol** na ibinigay **ang Kanyang buhay para sa mga tupa.** Kalimitan, ginagamit ang mga tupa para ialay ang kanilang mga buhay para sa pastol. Pero namatay ang Panginoong Jesus para sa kawan.

> Nang kinailangan na ang dugo mula sa biktima ay tumulo,
> Ang Pastol dahil sa habag ay tumayo,
> Pumagitan sa atin at sa kaaway,

Sa halip na tayo, minabuting Siya ang mamatay.

— *Thomas Kelly*

**10:12** Naglilingkod para sa pera ang isang **upahan**. Halimbawa, puwedeng umupa ang isang pastol ng ibang tao para alagaan ang kanyang mga tupa. Mga upahan ang mga Fariseo. Ang tangi nilang interes sa mga tao ay ang perang kanilang matatanggap bilang kapalit ng kanilang paglilingkod. Ang **upahan** ay **hindi may-ari ng mga tupa.** Kapag dumating ang panganib, tumatakbo siya papalayo at iniiwan ang mga tupa sa kapangyarihan **ng asong-gubat.**

**10:13** Ginagawa natin ang ating ginagawa dahil sa kung sino tayo. Naglilingkod ang upahan para sa bayad. **Wala** siyang **malasakit sa mga tupa.** Mas interesado siya sa kanyang sariling kapakanan kaysa sa makakabuti sa mga tupa. Maraming mga upahan sa mga iglesya ngayon − mga taong pinipili ang gawain bilang isang marangyang hanapbuhay. Wala silang tunay na pag-ibig para sa mga tupa ng Diyos.

**10:14** Muling sinabi ng Panginoon na Siya **ang mabuting pastol.** Ang ibig sabihin ng **mabuti** (Gk., *kalos)* rito ay "uliran, karapat-dapat, pinili, at mahusay." Siya ang lahat ng ito. Pagkatapos ay nagsalita si Jesus tungkol sa tunay na malapit na relasyon na namamagitan sa Kanya at sa Kanyang **mga tupa.** Kilala ni Jesus ang sariling Kanya, at kilala Siya ng **sariling** Kanya. Isang napakagandang katotohanan ito.

**10:15** Hindi tama na ang talatang ito ay nabigyang diin bilang isang bagong pangungusap. Ang totoo, mas mabuting basahin ito sa ganitong paraan: "…kilala Ko ang sariling Akin, at kilala Ako ng sariling Akin, **gaya ng pagkakilala sa akin ng Ama,** at **pagkakilala ko sa Ama."** Tunay na nakakatuwang katotohanan ito! Ikinumpara ng Panginoon ang Kanyang relasyon sa mga tupa sa relasyong namamagitan sa Kanya at sa Kanyang Ama. Ang kaisahan, pakikipag-isa, pagkakapalagayang-loob, at kaalaman na mayroon sa pagitan ng Ama at ng Anak ay katulad ng namamagitan din sa Pastol at mga tupa. **"At ibinibigay Ko ang Aking buhay para sa mga tupa,"** ito ang sinabi ni Jesus. Mayroon muli tayong isang pahayag mula sa maraming mga salita ng Panginoong Jesus na kung saan ay tinutukoy Niya ang panahong mamamatay Siya sa krus bilang Kapalit ng mga makasalanan.

**10:16** Ang talatang 16 ay ang susi ng buong kabanatang ito. Ang mga Hentil ang **ibang mga tupa** na pinapatungkulan ng Panginoon dito. Ang pagdating ni Jesus sa sanlibutan ay may espesyal na koneksyon sa mga tupa ng Israel. Pero nasa Kanya ring isipan ang kaligtasan ng mga Hentil. **Wala** ang mga tupang Hentil sa **kulungan** ng mga Judio. Pero ang mahabaging puso ng Panginoong Jesus ay umabot din sa mga tupang ito, at itinutulak Siya ng banal na pagnanais na kupkupin sila. Nalalaman ni Jesus na mas **papakinggan** nila ang Kanyang **tinig** higit sa mga Judio.

May napakaimportanteng pagbabago sa huling bahagi ng talata mula sa **kulungan** ng Judaismo patungo sa **kawan** ng Cristianismo. Nagbibigay ang talatang ito ng paglalantad ng katotohanan na na kay Cristo. Magiging isa ang mga Judio at mga Hentil, at mawawala ang dating mga pagtatangi sa pagitan ng mga taong ito.

**10:17** Sa talatang 17 at 18, ipinapaliwanag ng Panginoong Jesus kung ano ang Kanyang gagawin para madala sa Kanyang piling ang mga hinirang na mga Judio at Hentil. Tumitingin Siya sa panahon ng Kanyang kamatayan, pagkalibing at pagkabuhay muli. Tunay na hindi Niya puwedeng sabihin ang mga salitang ito kung ordinaryong tao lamang ang Panginoong Jesus. Ipinahayag Niya ang **pagbibigay** ng Kanyang **buhay** at pagkuha **nito muli** sa pamamagitan ng Kanyang sariling kapangyarihan. Magagawa Niya ito dahil Siya ay Diyos. Minamahal ng **Ama** ang Panginoong Jesus **sapagkat** handa Siyang mamatay at mabuhay muli para maligtas ang mga tupang naligaw.

**10:18** **Walang** makakapag-alis ng buhay ng Panginoon **mula** sa Kanya. Siya ay Diyos. Mas makapangyarihan Siya kaysa lahat ng masasamang balak ng Kanyang mga nilikha. May sarili Siyang **kapangyarihan** na **ibigay** ang Kanyang buhay, **at** may **kapangyarihan** din Siyang **kunin itong muli.** Pero hindi ba't pinatay ng mga tao ang Panginoong Jesus? Oo, ginawa nila ito. Maliwanag itong ipinahayag sa Mga Gawa 2:23 at sa 1 Tesalonica 2:15. Pinayagan sila ng Panginoong Jesus na gawin iyon, at pagpapamalas ito ng Kanyang **kapangyarihang ibigay** ang Kanyang buhay. Isa pa, "isinuko Niya ang Kanyang Espiritu" (Juan 19:30). Nagawa Niya ito sa pamamagitan ng sarili Niyang lakas at kalooban.

Sinabi Niya, **"Tinanggap Ko ang utos na ito mula sa Aking Ama."** Inatasan o inutusan ng Ama ang Panginoong Jesus na ibigay ang Kanyang buhay at bumangon muli mula sa mga patay. Mahalagang mga pangyayari ang Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay sa katuparan ng kalooban ng Ama. Kaya nga, naging masunurin Siya hanggang kamatayan, at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon sa Banal na Kasulatan.

### M. Pagkabahagi-bahagi sa mga Judio (10:19–21)

**10:19** Nagdulot ng **muling pagkakabaha-bahagi sa mga Judio** ang mga salitang ito ng Panginoong Jesus. Ang pagpasok ni Cristo sa sanlibutan, sa mga tahanan at sa mga puso ay nagdudulot ng tabak at hindi kapayapaan. Malalaman lamang nila ang kapayapaan ng Diyos kung tatanggapin Siya ng mga tao bilang Panginoon at Tagapagligtas.

**10:20, 21** Tanging ang Panginoong Jesus ang perpektong Tao na nabuhay. Hindi Siya kailanman nagsabi ng isang maling salita o gumawa ng isang masamang gawain. Lubhang masama ang puso ng tao dahil nang dumating si Jesus na nagsasabi ng mga salita ng pag-ibig at karunungan, pinagbintangan **Siyang demonyo** at **nauulol,** at hindi karapat-dapat pakinggan. Ito nga ay isang maruming dungis sa talaan ng sangkatauhan. Naiiba naman ang dating sa **iba.** Nakita nila **ang mga salita** at mga gawa ng Panginoong Jesus na galing sa isang mabuting Tao at hindi ng **isang demonyo.**

### N. Pinatunayan ni Jesus na Siya ang Cristo sa pamamagitan ng Kanyang mga Gawa (10:22–39)

**10:22** Mayroong patlang sa salaysay sa puntong ito. Hindi na nakikipag-usap ang Panginoong Jesus sa mga Fariseo, kundi sa lahat ng mga Judio. Hindi natin alam kung gaano kahaba ang panahong lumipas sa pagitan ng talatang 21 at talatang 22. Sa katunayan, hindi lamang ito ang natatanging pagbanggit sa Biblia ng **Kapistahan ng Pagtatalaga**, o sa Hebreo, *Hanukkah*. Malawak ang paniniwala na pinasimulan ang pistang ito ni Judas Macabeo nang muling ialay ang templo matapos itong dungisan ni Antiochus Epiphanes noong 165 B.C. Taunang pista ito na itinatag ng mga Judio, at hindi isa sa mga pista ng Panginoon. Hindi lamang **tagginaw noon** ayon sa kalendaryo ng mga Judio, kundi panahon ng kalamigan din pati sa espirituwal nilang buhay.

**10:23, 24** Halos patapos na ang pampublikong ministeryo ng Panginoon, at ipapakita na Niya ang kabuuan ng Kanyang pag-aalay sa Diyos Ama sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus. Isang lugar na may bubong ang **portiko ni Solomon** na kadugtong ng templo ni Herodes. Malaki ang lugar doon na tamang-tama para sa mga Judio na magtipon sa paligid ni Jesus.

**Pinalibutan Siya ng mga Judio, at sinabi sa Kanya, "Hanggang kailan Mo kami ilalagay sa alanganin** (o pagkabalisa)**? Kung Ikaw ang Cristo, sabihin Mong maliwanag sa amin."**

**10:25, 26** Pinaalala muli ni **Jesus** sa kanila ang Kanyang mga salita at Kanyang **mga gawa**. Madalas Niyang sinasabi sa kanila na Siya ang Mesias, at pinapatunayan ng mga himalang ginawa Niya ang Kanyang mga pahayag. Muling pinaalalahanan ni Jesus ang mga Judio na ginagawa Niya ang Kanyang mga himala sa kapangyarihan ng Kanyang Ama at para sa kaluwalhatian ng Kanyang Ama. Sa paggawa nito, ipinakita ni Jesus na tunay na Siya nga ang isinugo ng Ama sa sanlibutan.

Dahil ayaw nilang tanggapin ang Mesias, nagiging maliwanag na sila ay **hindi kabilang** sa **mga tupa** ni Jesus. Kung sila nga ay itinalaga para kay Jesus, mayroon dapat silang pagnanais na maniwala sa Kanya.

**10:27** Ang sumusunod na mga talata ay maliwanag na nagtuturo na walang tunay na mga tupa ni Cristo ang mapapahamak. Isang maluwalhating katotohanan ang katiyakan ng kaligtasan ng isang mananampalataya. **Pinapakinggan ng mga** tunay na **tupa** ni Cristo ang Kanyang **tinig. Pinapakinggan** nila ito kapag ang ebanghelyo ay ipinapangaral, at tumutugon sila sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanya. Pagkatapos, **pinapakinggan** nila ang Kanyang tinig sa bawat araw at sinusunod ang Kanyang Salita. Kilala ng Panginoong Jesus ang Kanyang mga tupa. Kilala Niya ang bawat isa sa pangalan. Walang ni isa man ang hindi mabibigyan ng atensyon. Walang mawawala sa pamamagitan ng pagkakamali o kapabayaan Niya. **Sumusunod** kay Cristo ang Kanyang mga tupa. Una ay sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanya, at pagkatapos ay ang paglakad ng may pagsunod sa Kanya.

**10:28** Binibigyan ni Cristo ng **buhay na walang hanggan** ang Kanyang mga tupa. Ibig sabihin nito ay buhay na hanggang sa magpakailanman. *Hindi* ito buhay na *kondisyonal* batay sa kanilang pag-uugali. **Buhay na walang hanggan** ito. Ibig sabihin nito ay buhay na walang katapusan. Pero isa ring katangian ng buhay ang **buhay na walang hanggan.** Ito ang buhay ng Panginoong Jesus mismo. Isa itong buhay na may kasiyahan sa mga bagay na may kinalaman sa Diyos dito sa lupa. Isa rin itong buhay na magiging angkop din sa ating tahanan sa langit. Bigyang pansin mabuti ang sumusunod na mga salita. **"Kailanma'y**[32] **hindi sila mapapahamak."** Kung mapapahamak ang sinuman sa mga tupa ni Cristo, lalabas na may kasalanan ang Panginoong Jesus dahil hindi Siya tumupad sa isang pangako. Pero imposible ito at hindi maaaring mangyari. Diyos si Jesu-Cristo, at hindi Siya maaaring mabigo. Ipinangako Niya sa talatang ito na wala Siyang tupa na mananatili sa impiyerno magpakailanman.

Ibig bang sabihin nito na puwedeng maligtas ang isang tao at pagkatapos ay mamuhay sa paraang gusto niya? Puwede ba siyang maligtas at pagkatapos ay magpatuloy sa makasalanang pita ng mundong ito? Siyempre hindi. Ayaw na niya ang mga bagay na ito. Gusto na niyang sumunod sa Pastol. Hindi tayo nagpapaka-Cristiano para maging Cristiano o para mapanatili ang ating kaligtasan. Ipinapamuhay natin ang buhay Cristiano dahil *tayo ay* mga Cristiano. Hinahangad nating mamuhay ng may kabanalan, hindi dahil takot tayong mawala ang ating kaligtasan, kundi dala ng ating pasasalamat sa Taong namatay para sa atin. Hindi hinihikayat ng doktrina ng katiyakan ng kaligtasan ang pabayang buhay, kundi isa itong malakas na motibo para sa banal na pamumuhay.

Walang sinuman ang may kakayahang **agawin** ang isang mananampalataya mula sa **kamay** ni Cristo. Makapangyarihan ang Kanyang kamay. Nilikha nito ang sanlibutan; at ito ang nagpapanatili sa sanlibutan. Walang kapangyarihang makaka-**agaw** sa isang tupa mula sa Kanyang kapit.

**10:29** Hindi lamang nasa kamay ni Cristo ang isang mananampalataya; siya rin ay nasa **kamay ng Ama.** Dobleng katiyakan ito ng kaligtasan. **Higit na dakila kaysa lahat** ang Diyos Ama; **at walang makakaagaw** sa isang mananampalataya **sa kamay ng Ama.**

**10:30** Sinabi ngayon ng Panginoong Jesus ang karagdagang pahayag ng pagkakapantay sa Diyos. **“Ako at ang Ama ay iisa.”** Maaaring ang kaisipan dito ay si Cristo at ang **Ama ay iisa** *sa kapangyarihan.* Kakasabi lamang ni Jesus ang kapangyarihan na nagpoprotekta sa mga tupa ni Cristo. Kaya, idinagdag Niya ang paliwanag na ang Kanyang kapangyarihan ay katulad ng kapangyarihan ng Diyos Ama. Gayon din sa lahat ng ibang katangian ng pagka-Diyos. Diyos ang Panginoong Jesus sa ganap na katotohanan at kapantay ang Ama sa bawat paraan.

**10:31** Maliwanag sa mga isipan ng **mga Judio** kung ano ang ibig sabihin ng Tagapagligtas. Naisip nila na malinaw na inilalahad ni Jesus ang Kanyang pagka-Diyos. Kaya **dumampot** sila **ng mga bato** para **Siya’y batuhin.**

**10:32** Bago sila magkaroon ng pagkakataon na ihagis ang mga bato, pinaalalahanan sila ni **Jesus** ng **maraming mabubuting gawa** na Kanyang ipinakita sa pag-uutos **mula** sa Kanyang **Ama.** Kaya sila ay tinanong Niya kung **alin sa mga gawang** iyon ang nagpasiklab ng kanilang galit kaya Siya ay gusto nilang **batuhin**.

**10:33** Hindi raw dahil sa alinman sa mga himala ni Jesus kaya Siya ay gustong patayin ng **mga Judio**. Gusto nilang batuhin si Jesus dahil sa palagay nila ay nagsalita Siya ng **paglapastangan.** Sinasabi kasi ni Jesus na kapantay Niya ang **Diyos** Ama. Ayaw nilang tanggapin na higit Siya sa isang tao. Pero napakalinaw para sa kanila na inaangkin ni Jesus na Siya ay **Diyos** batay sa Kanyang mga pahayag. Hindi nila papayagan ito.

**10:34** Binanggit ng Panginoong Jesus dito sa mga Judio ang Awit 82:6. Tinawag Niya itong bahagi ng kanilang **kautusan**. Sa ibang salita, kinuha ito mula sa LT na kinikilala nila na kinasihang Salita ng Diyos. Ganito ang kumpletong talata: “Aking sinasabi, ‘Kayo’y mga diyos, kayong lahat ay mga anak ng Kataas-taasan.’” Sa mga hukom ng Israel nakapatungkol ang Awit. Tinawag silang **“mga diyos”** hindi dahil tunay silang banal, kundi dahil kinakatawan nila ang Diyos kapag naghuhukom sila sa mga tao. Literal na “mga makapangyarihang tao” ang salitang Hebreo para sa “mga diyos” (*elohim*) at puwedeng gamitin sa mga mahahalagang tao tulad ng mga hukom. (Malinaw sa ibang bahagi ng Awit na mga tao lamang sila at hindi mga diyos dahil hindi sila makatarungang

humatol, nagpapakita sila ng pagtatangi sa tao at sa baluktot nilang klase ng katarungan.)

**10:35** Ginamit ng Panginoon ang talatang ito mula sa Awit para ipakita na ginamit ng Diyos ang salitang **mga diyos** para ilarawan ang mga tao na **dinatnan ng salita ng Diyos**. Sa ibang salita, tagapagsalita ng Diyos ang mga taong ito. Nakikipag-usap ang Diyos sa bansang Israel sa pamamagitan nila. “Ipinahayag nila ang Diyos sa Kanyang lugar ng awtoridad at paghatol, at sila ay mga kapangyarihan na itinalaga ng Diyos.” **“At hindi maaaring masira ang Kasulatan,”** ang sabi ng Panginoon. Ipinapahayag ni Jesus dito ang Kanyang paniniwala na kinasihan ang Banal na Kasulatan ng LT. Kasulatang walang mali at tiyak na magaganap ang turing Niya sa mga ito, at walang makakatanggi rito. Ang totoo, kinasihan ang mismong salita ng Banal na Kasulatan, hindi lamang ang mga kaisipan nito at mga ideya. Nakabase ang Kanyang buong argumento sa salitang **mga diyos.**

**10:36** Nilatag ng Panginoon ang Kanyang punto sa pamamagitan ng paggamit ng argumento mula sa mababa patungo sa mas dakila. Kung tinawag sa LT ang mga hindi makatarungang hukom na “mga diyos”, gaano pa kayang tama na sabihin ni Jesus na Siya ang Anak ng Diyos. *Dumating* sa kanila ang salita ng Diyos; Siya *ang* Salita ng Diyos. *Tinawag* silang mga diyos; Siya *ay* Diyos. Hindi kailanman sinabi tungkol sa kanila na **hinirang** sila ng **Ama at sinugo** sila **sa sanlibutan.** Ipinanganak sila sa sanlibutan gaya ng lahat ng mga anak ng nagkasalang si Adan. Pero hinirang si Jesus ng Diyos **Ama** mula sa walang hanggan para maging Tagapagligtas ng sanlibutan, at **sinugo** Siya **sa sanlibutan** mula sa langit kung saan nananahan Siyang magpakailanman kasama ang Kanyang Ama. Kaya naman, mayroong karapatan si Jesus na ipahayag ang pagkakapantay sa Diyos. Hindi Siya lumalapastangan nang ipinahayag Niya na Siya ang **Anak ng Diyos,** kapantay ang Ama. Ginamit mismo ng mga Judio ang katawagang “mga diyos” para gamitin sa masasamang mga tao na mga tagapagsalita o hukom lamang para sa Diyos. Hindi ba marapat lamang na angkinin ni Jesus ang titulo dahil totoong Siya *ay* Diyos. Malinaw na ipinahayag ito ni Samuel Green.

> Ang paratang ng mga Judio ay sinasabi ni Jesus na Siya ay Diyos. Hindi itinatanggi ni Jesus na sa Kanyang pagsasalita ay sinasabi Niyang Diyos Siya. Pero itinatanggi ni Jesus na nilapastangan Niya ang Diyos, at ito ay para matuwid Niyang ariin ang karangalan ng

pagka-Diyos; ito ay ang mga katotohanang Siya ang Mesias, ang Anak ng Diyos, Immanuel. Dahil patuloy silang nakipag-alitan kay Jesus, malinaw sa mga Judio na hindi Niya inurong ang Kanyang pag-aangkin sa pagiging Diyos. Tingan ang talatang 39.[33]

**10:37** Muling umapila ang Panginoon sa mga himalang Kanyang ginawa bilang patunay ng Kanyang banal na pagkakahirang. Gayunman, pansinin ang pahayag na **"mga gawa ng Aking Ama."** Hindi katunayan ng pagiging Diyos ang mga himala mismo. Mababasa natin sa Biblia ang mga masasamang tao na may kapangyarihan minsan na gumawa ng mga himala. Pero ang mga himala ng Panginoon ay **mga gawa ng** Kanyang **Ama.** Katunayan ang mga ito na Siya ang Mesias sa dalawang paraan. Una, ang mga himalang ito ang hinulaan ng LT na gagawin ng Mesias. Pangalawa, ang mga ito ay mga himala ng awa at pagkahabag, mga gawa na makikinabang sa mga tao at hindi magagawa ng masamang tao.

**10:38** Mainam ang *paraphrase* ni Ryle sa talatang 38:

> Kung ginagawa Ko ang mga gawa ng aking Ama, kahit hindi kayo mahikayat ng Aking mga sinasabi, mahikayat kayo ng Aking ginagawa. Kahit na tinatanggihan ninyo ang mga ebidensiyang sinasabi Ko, maniwala kayo sa ebidensiya ng Aking mga gawa. Ito ang paraan para matuto kayo at maniwala na tunay na Ako at ang aking Ama ay iisa, Siya ay nasa akin at Ako ay nasa Kanya, at dahil sinasabi Kong Ako ay Kanyang Anak, hindi Ako nagsasabi ng paglapastangan.

**10:39** Muling naisip ng mga Judio na sa halip na bawiin ni Jesus ang Kanyang mga nakaraang pahayag ay pinagtibay pa Niya ito. Kaya tinangka muli nila na arestuhin Siya. Pero minsan pa ay nakatakas muli si Jesus. Hindi magtatagal ay hahayaan na ni Jesus na Siya ay kanilang dakpin. Pero sa ngayon, hindi pa dumadating ang Kanyang panahon.

## VI. ANG IKATLONG TAON NG MINISTERYO NG ANAK NG DIYOS: PEREA (10:40–11:57)

### A. Ang Pagtakas ni Jesus Papuntang Jordan (10:40-42)

**10:40** **Muling pumunta** ang Panginoon **sa kabila ng Jordan, sa pook na** kung saan Siya nagsimula ng Kanyang pampublikong gawain. Malapit nang matapos ang Kanyang tatlong taon ng nakakamanghang mga salita at gawa. Tinapos ni Jesus ang gawain

Niya sa lugar kung saan Niya ito sinimulan − sa labas ng itinatag na relihiyon ng Judaismo, kung saan Siya hindi tinanggap at may kalungkutan.

**10:41** Marahil ang mga **pumunta sa Kanya** ay mga totoong mananampalataya. Handa silang pasanin ang mga kahihiyang natanggap ni Jesus, at sumama sa Kanya sa labas ng kampo ng Israel. Maningning ang kanilang pagpapahalaga sa alaala ng paglilingkod ni **Juan** Bautista. Naaalala nila na ang gawain ni Juan ay hindi kahanga-hanga o nakakagulat, pero ito ay **totoo.** Natupad sa Tagapagligtas ang lahat ng sinabi ni Juan Bautista tungkol sa Panginoong Jesus. Dapat nitong palakasin ang loob ng bawat Cristiano. Hindi man tayo makakagawa ng makakapangyarihang mga himala o makakuha ng atensyon ng publiko, pero puwede tayong maging tunay na patotoo para sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. Malaking bagay ito sa paningin ng Diyos.

**10:42** Magandang pansinin na sa kabila ng pagtalikod sa Kanya ng bansang Israel, nakatagpo ang Panginoong Jesus ng ilang mababang-loob, at bukas na mga puso. Nalaman natin na **marami ang sumampalataya sa Kanya roon.** Gayon din sa bawat panahon. Palaging mayroong nalalabi na mga tao na handang sumama sa Panginoong Jesus, pinalayas ng mundo, kinasuklaman at hinamak, pero tinatamasa ang matamis na pakikisamang alay ng Anak ng Diyos.

### B. Ang Karamdaman ni Lazaro (11:1–4)

**11:1** Ngayon ay dumating tayo sa huling dakilang himala sa *pampublikong* ministeryo ng Panginoong Jesus. Kung ating iisipin, ito ang pinakadakila sa lahat − ang pagbuhay sa isang taong patay. Nakatira si **Lazaro** sa maliit na nayon ng **Betania**, humigit-kumulang dalawang milya sa silangan ng Jerusalem. Kilala rin ang **Betania** na tirahan nina **Maria at Marta na kanyang mga kapatid**. Binanggit ni Pink ang sinabi ni Bishop Ryle:

> Dapat nating pansinin na nagiging mahalaga sa paningin ng Diyos ang mga nayon at bansa dahil naroroon ang mga anak ng Diyos na Kanyang hinirang. Ang nayon nina Marta at Maria ay napansin, samantalang ang Memphis at Thebes ay hindi binanggit sa Bagong Tipan.[34]

**11:2** Ipinaliwanag ni Juan na **si Maria** ng Betania **ang siyang nagbuhos sa Panginoon ng pabango at pinunasan ang mga paa**

**Nito ng kanyang buhok.** Binigyang-diin ng Banal na Espiritu ang natatanging pagpapakita ng katapatang ito. Kinagigiliwan ng Panginoon ang masugid na pagmamahal ng Kanyang mga mananampalataya.

**11:3** Nang magkasakit si Lazaro, ang Panginoong Jesus ay tila nasa silangang bahagi ng Ilog Jordan. Kaagad **nagbalita ang magkapatid na babae kay Jesus** na si Lazaro, na Kanyang minamahal, ay **may sakit.** Mayroong isang bagay na nakakabagbag-damdamin sa paraan ng pagpapahayag ng magkapatid na ito ng kanilang katayuan sa Panginoon. Umapila sila sa pag-ibig ng Panginoon sa kanilang kapatid bilang isang mahalagang dahilan kung bakit kailangan Siyang pumunta at tumulong.

**11:4 Nang sinabi ni Jesus…, "Ang sakit na ito'y hindi tungo sa kamatayan,"** hindi Niya ibig sabihin na hindi mamamatay si Lazaro, kundi, hindi **kamatayan** ang pangwakas na kalalabasan ng **sakit na ito.** Mamamatay si Lazaro, pero muli siyang bubuhayin mula sa kamatayan. Ang tunay na layunin ng sakit ay **sa ikaluluwalhati ng Diyos, upang ang Anak ng Diyos ay luwalhatiin sa pamamagitan nito.** Pinayagan ng Diyos na mangyari ito para pumunta roon si Jesus at buhayin si Lazaro mula sa kamatayan, at sa gayon ay muling mahayag Siya bilang tunay na Mesias. Luluwalhatiin ng mga tao ang Diyos sa makapangyarihang himalang ito.

Tunay na walang ebidensiya na resulta ng kasalanan sa kanyang buhay ang sakit ni Lazaro. Sa halip, ipinakilala siya bilang isang matapat na disipulo at espesyal na pinagtutuunan ng pag-ibig ng Tagapagligtas.

### C. Ang Paglalakbay ni Jesus Patungong Betania (11:5–16)

**11:5** Kapag may nagkakasakit sa ating mga tahanan, huwag nating ipalagay na galit sa atin ang Diyos. Sa pangyayaring ito, may koneksyon ang karamdaman sa pag-ibig ni Jesus at hindi sa Kanyang galit. "Dinidisiplina ng Panginoon ang Kanyang minamahal."

**11:6, 7** Maaari nating idahilan na kung tunay na mahal ng Panginoon ang tatlong mananampalatayang ito, ititigil Niya ang lahat ng Kanyang ginagawa at magmamadaling pumunta sa kanilang

tahanan. Sa halip, **nang mabalitaan** ni Jesus ang nangyari, **Siya'y nanatili ng dalawang araw pa… sa kinaroroonan Niya.** Ang pagkaantala ng Diyos ay hindi pagtanggi ng Diyos. Kung hindi sinasagot kaagad ang ating mga panalangin, maaaring tinuturuan Niya tayong maghintay. Dapat tayong maghintay nang may pagtitiis, at makikita natin na sasagutin ng Diyos ang ating mga panalangin sa mas kamangha-manghang paraan kaysa ating inaasahan. Kahit ang pagmamahal ni Jesus kina Marta, Maria, at Lazaro ay hindi makakapilit kay Cristo na kumilos nang hindi ayon sa takdang panahon. Bawat ginagawa ni Jesus ay naaayon sa pagsunod sa kalooban ng Diyos Ama para sa Kanya, at naaayon sa banal na pagkasunod-sunod ng mga mangyayari.

**Pagkatapos** ng dalawang araw na tila nasayang na panahon, iminungkahi ng Panginoong Jesus **sa mga alagad** na **pumunta** silang **muli sa Judea.**

**11:8** Masakit na nababatid pa rin ng **mga alagad** kung paanong **pinagsikapang batuhin ng mga Judio** si Cristo matapos Niyang bigyan ng paningin ang lalaking bulag. Nagulat sila dahil nagbabalak pa rin si Jesus na pumunta sa Judea kahit na may naghihintay na panganib sa Kanyang buhay.

**11:9** **Sumagot** sa kanila **si Jesus** ng ganito: Sa ordinaryong kurso ng mga kaganapan, mayroong **labindalawang oras** ng liwanag **samantalang araw**, kung kailan puwedeng magtrabaho ang tao. Hangga't nagtatrabaho ang tao sa nakalaang oras na ito, walang panganib na madadapa o mahuhulog siya **sapagkat nakikita niya** kung saan siya papunta at kung ano ang ginagawa niya. **Ang ilaw ng sanlibutan,** o liwanag ng araw, ang naglalayo sa kanya mula sa pagkakadapa o anumang aksidente.

Ang espirituwal na kahulugan ng mga salita ng Panginoon ay ang sumusunod: Lumalakad ang Panginoong Jesus sa lubos na pagsunod sa kalooban ng Diyos. Kaya walang panganib na mapapatay Siya bago ang takdang panahon. Mapapangalagaan Siya hanggang matapos na ang Kanyang gawain.

Sa isang banda, totoo ito sa bawat mananampalataya. Kung lumalakad tayo na kasama ang Panginoon at ginagawa ang Kanyang kalooban, walang kapangyarihan sa mundo ang puwedeng magwakas ng ating buhay bago ang itinakdang oras ng Diyos.

**11:10** Ang taong **lumalakad samantalang gabi** ay taong hindi tapat sa Diyos, sa halip ay namumuhay sa kanyang sariling kalooban. Madaling **natitisod** ang taong ito **sapagkat** wala siyang patnubay ng Diyos para mailawan ang kanyang landas.

**11:11** Sinabi ng Panginoon na gaya ng *pagtulog* ang kamatayan ni Lazaro. Pero, dapat nating pansinin na sa BT, ang pagtulog ay *hindi kailanman* ginamit sa kaluluwa kundi sa katawan lamang. Walang katuruan sa Banal na Kasulatan na sa oras ng kamatayan, ang kaluluwa ay nasa kalagayan ng pagtulog. Sa halip, pumupunta ang kaluluwa ng mananampalataya sa piling ni Cristo, at ito ay higit na mas mabuti. Ipinakita ng Panginoong Jesus sa pahayag na ito na nalalaman Niya ang lahat. Nalalaman Niya na namatay na si Lazaro, kahit na ang balita na narinig Niya ay maysakit pa lamang si Lazaro. Nalalaman Niya ito dahil Siya ay Diyos. Samantalang ang sinuman ay maaaring gisingin ang iba mula sa pagkakatulog, tanging ang Panginoon ang makakagising kay Lazaro mula sa kamatayan. Ipinahayag dito ni Jesus ang Kanyang intensyon na gawin ang bagay na iyon.

**11:12** Hindi naunawaan ng **Kanyang mga alagad** ang pagtukoy ng Panginoon sa pagtulog. Hindi nila naintindihan na nagsasalita Siya tungkol sa kamatayan. Siguro ay naniwala sila na ang pagtulog ay sintomas ng paggaling, at ipinalagay na kung nakatulog ng mahimbing si Lazaro, nakalagpas **siya** sa panganib at **gagaling** na. Maaari ding ang kahulugan ng talata ay kung ang pisikal na pagtulog lamang ang tanging nangyari kay Lazaro, hindi na kailangang pumunta sa Betania para tulungan siya. Posible na natatakot ang mga agalad para sa sarili nilang kaligtasan at ginagawa nila itong dahilan para hindi na pumunta sa tahanan nina Maria at Marta.

**11:13, 14** Malinaw na mababasa dito na nang **sinasabi ni Jesus** ang pagtulog, tinutukoy Niya ang **pagkamatay** pero hindi ito naunawaan ng Kanyang mga alagad. Malinaw ang pahayag dito ni Jesus kaya madali itong mauunawaan. **Maliwanag** na ipinabatid ni **Jesus** sa Kanyang mga alagad na, **"Namatay si Lazaro."** Mahinahong tinanggap ng mga alagad ang balita. Hindi man lamang nila tinanong ang Panginoon, "Paano mo nalaman?" Nagsalita Siya nang may lubos na awtoridad, at hindi nila pinagdudahan ang Kanyang pagkaalam.

**11:15** Hindi ikinagalak ng Panginoong Jesus na namatay si Lazaro. Pero **ikinagagalak** Niya na **wala** Siya sa Betania sa oras na iyon. Kung naroroon Siya, hindi mamamatay si Lazaro. Wala kahit saang nakatala sa BT na namatay ang isang tao sa presensiya ng Panginoon. Makakakita ang mga alagad ng mas dakilang himala kaysa pagpigil sa kamatayan. Makakakita sila ng isang taong binuhay mula sa kamatayan. Sa paraang ito, mapapatatag ang kanilang pananampalataya. Kaya, sinabi ng Panginoong Jesus na **ikinagagalak** Niya para sa kanilang kapakanan na wala Siya sa Betania.

Idinagdag Niya, **“upang kayo’y sumampalataya.”** Hindi ipinapahiwatig ng Panginoon na hindi pa sumasampalataya ang mga alagad. Siyempre sumampalataya na sila. Pero ang himalang makikita nila sa Betania ay mas magpapatatag pa ng kanilang pananampalataya sa Kanya. Kaya, sila ay hinimok ni Jesus na **pumunta** kasama Siya.

**11:16** Idinahilan ni **Tomas** na kung pupunta ang Panginoong Jesus sa lugar na iyon, papatayin Siya ng mga Judio. Kung sasama ang mga alagad kay Jesus, sigurado si Tomas na papatayin din sila. Kaya't sa espiritu ng kawalang pag-asa at lungkot ay hinikayat sila ni Tomas na samahan si Jesus. Ang mga salita niya ay hindi halimbawa ng dakilang pananampalataya o tapang, kundi ng kawalang pag-asa.

### D. Si Jesus: Ang Muling Pagkabuhay at ang Buhay (11:17–27)

**11:17, 18** Ang katotohanang **apat na araw** nang nasa libingan si Lazaro ay karagdagang katunayan na patay na talaga siya. Pansinin kung gaano kaingat ang Banal na Espiritu sa pagpapakita na ang muling pagbuhay kay Lazaro ay isang tunay na himala. Maaaring patay na si Lazaro matapos umalis ang mga mensahero para hanapin si Jesus. Isang araw na paglalakbay iyon mula sa Betania patungong Bethabara, kung nasaan si Jesus. Matapos mabalitaang may karamdaman si Lazaro, nanatili pa Si Jesus ng dalawang araw. Pagkatapos ay isang araw pa ng paglalakbay patungong Betania. Ibig sabihin ay apat na araw nang nasa libingan si Lazaro.

Tulad ng nabanggit dati, **may layong dalawang milya** (labinlimang stadia) ang **Betania** sa silangan ng **Jerusalem.**

**11:19** Ang pagiging malapit ng Betania sa Jerusalem ang naging dahilan kaya naging posible na **maraming mga Judio** ang **pumunta kina Marta at Maria, upang sila ay aliwin**. Hindi nila napagtanto na sa maikling panahon, hindi na kakailanganin ang kanilang pag-aliw at ang tahanan na ito ng pagdadalamhati ay magiging tahanan ng dakilang kagalakan.

**11:20 Nang marinig ni Marta na si Jesus ay dumarating, pumunta** si Marta para salubungin **Siya.** Nangyari ang pagsalubong sa labas lamang ng nayon. Hindi sinabi sa atin kung bakit nanatili si **Maria sa bahay.** Hindi niya siguro natanggap ang balita ng pagdating ni Jesus. Nalugmok siguro siya sa kalungkutan, o naghihintay lamang habang nananalangin at nagtitiwala. Naramdaman kaya niya kung ano ang mangyayari dahil sa kanyang pagiging malapit sa Panginoon? Hindi natin alam.

**11:21** Tunay na pananampalataya ang nagtulak kay **Marta** na maniwalang maaaring mapigilan ni Jesus ang pagkamatay ni Lazaro. Gayunman, hindi perpekto ang kanyang pananampalataya. Akala niya na kaya lamang gawin ito ng Panginoong Jesus kung Siya ay naroroon mismo. Hindi niya naisip na kaya Niyang magpagaling ng isang tao kahit na Siya ay nasa malayo, at lalo pa ang bumuhay ng isang patay. Malimit sa panahon ng kalungkutan, nagsasalita tayo ng gaya ni Marta. Iniisip natin na kung nadiskubre lamang ang isang gamot o lunas, hindi sana mamamatay ang isang minamahal natin. Pero ang lahat ng bagay na ito ay nasa kamay ng Panginoon. Walang nangyayari sa sinumang na kay Jesus na walang pahintulot Niya.

**11:22** Muling lumiwanag ang pananampalataya ng tapat na kapatid na ito. Hindi alam ni Marta kung *paano* makakatulong ang Panginoong Jesus, pero nanampalataya siya na ito ay gagawin Niya. Naniniwala si Marta na ipagkakaloob ng **Diyos** ang kahilingan ni Jesus at may kabutihang magmumula sa tila trahedyang ito. Gayunman, hanggang sa ngayon, hindi nangahas si Marta na isiping bubuhayin ang kanyang kapatid mula sa mga patay. Ang salitang ginamit ni Marta para sa “hingin” ay ang salitang normal na ginagamit para ilarawan ang isang nilalang na nagsusumamo o nagdarasal sa Manlilikha. Tila malinaw mula rito na hindi pa nakikilala ni Marta ang pagka-Diyos ng Panginoong Jesus.

Napagtanto ni Marta na dakila at hindi pangkaraniwang Tao si Jesus. Pero ang palagay siguro ni Marta ay hindi kasing dakila ni Jesus ng mga propeta noon.

**11:23** Para mas lalong mapaibayo ang pananampalataya ni Marta, ipinahayag ng Panginoong Jesus ang kagulat-gulat na pahayag na **muling mabubuhay** si Lazaro. Kahanga-hanga ang tagpong ito kung saan ay nakitungo ang Panginoon sa nagdadalamhating babaeng ito. Hinangad din ni Jesus na unti-unting akayin si Marta sa pananampalataya sa Kanya bilang Anak ng Diyos.

**11:24** Naisip ni **Marta** na muling mabubuhay si Lazaro mula sa mga patay sa darating na panahon. Pero hindi niya inisip na mangyayari ito sa mismong araw na iyon. Naniniwala siya sa **muling pagkabuhay** ng mga patay at nauunawaan na mangyayari ito sa tinatawag niyang **"huling araw."**

**11:25** Tila sinabi ni Jesus na, "Hindi mo Ako naiintindihan, Marta. Hindi ko sinasabing muling mabubuhay si Lazaro sa huling araw. Diyos Ako, at nasa Aking kamay ang kapangyarihan ng **muling pagkabuhay** at **buhay.** Kaya Kong buhayin si Lazaro sa mga patay ngayon, at gagawin Ko ito."

Pagkatapos ay bumaling ang Panginoon sa darating na panahon kung kailan bubuhayin ang lahat ng tunay na mananampalataya. Mangyayari ito kapag bumalik na muli ang Panginoong Jesus para dalhin sa langit na tahanan ang mga Kanya.

Sa panahong iyon magkakaroon ng dalawang klase ng mga mananampalataya. Naroon ang mga namatay na nanampalataya, at naroon din ang mga nabubuhay pa sa Kanyang Pagbabalik. Darating Siya para sa unang grupo bilang *Muling Pagkabuhay* at sa pangalawa bilang *Buhay*. Inilarawan ang unang grupo sa huling bahagi ng talatang 25 − **"Ang sumasampalataya sa Akin, bagama't siya'y mamatay, ay mabubuhay."** Ibig sabihin nito na muling mabubuhay mula sa mga patay ang mga mananampalataya na namatay bago ang pagdating ni Cristo.

Sinabi ni Burkitt:

> O pag-ibig, mas makapangyarihan kaysa kamatayan! Hindi mapapaghiwalay ng libingan si Cristo at ang Kanyang mga kaibigan. Sinamahan tayo ng ibang mga kaibigan sa bingit ng libingan, at

> pagkatapos ay iniiwan tayo. Hindi kaya ng buhay ni ng kamatayan ang ihiwalay tayo sa pag-ibig ni Cristo.[35]

Kinomento ni Bengel, “Kay ganda ng pag-ayon nito sa banal na kawastuan, na wala tayong nababasang namatay habang naroroon ang Prinsipe ng Buhay.”

**11:26** Inilarawan ang pangalawang grupo sa talatang 26. **Hindi mamamatay magpakailanman** ang mga mananampalatayang nabubuhay sa panahon ng pagdating ng Tagapagligtas. Babaguhin sila, sa isang saglit, sa isang kisapmata, at dadalhin sa tahanan sa langit kasama ang mga binuhay mula sa mga patay. Kay yaman ng mga katotohanang napasaatin bilang resulta ng kamatayan ni Lazaro! Nagdudulot ang Diyos ng tamis mula sa kapaitan at nagbibigay ng kagandahan mula sa mga abo. Pagkatapos ay tuwirang tinanong ng Panginoon si Marta para subukin ang kanyang pananampalataya, **“Pinaniniwalaan mo ba ito?”**

**11:27** Buong ningning na nagliwanag ang pananampalataya ni Marta. Ipinahayag niya na si Jesus nga **ang Cristo, ang Anak ng Diyos,** na ipinahayag ng mga propeta sa kanilang mga propesiya **na darating sa sanlibutan.** Dapat nating mapansin na ipinahayag ito ni Marta *bago* buhayin ni Cristo ang kanyang kapatid mula sa mga patay at hindi pagkatapos mangyari ito.

### E. Umiyak si Jesus sa Libingan ni Lazaro (11:28–37)

**11:28, 29** Pagkatapos ng pahayag na ito, kaagad tumakbo nang mabilis si **Marta** pabalik sa nayon at sinalubong si Maria na humihingal sa pagbalita, **“Ang Guro ay narito at tinatawag ka.”** Pumunta sa Betania ang Manlilikha ng sansinukob at ang Tagapagligtas ng sanlibutan at **tinatawag** siya. Katulad pa rin ito sa ngayon. Tumatayo at tumatawag ang mismong kahanga-hangang Taong ito sa mga tao sa pamamagitan ng mga salita ng ebanghelyo. Iniimbitahan ang bawat isa na buksan ang pintuan ng kanyang puso at papasukin ang Tagapagligtas. Mabilis ang pagsagot ni Maria. Hindi siya nag-aksaya ng oras, **dali-dali** siyang **tumayo** at pinuntahan si Jesus.

**11:30, 31** Pagkatapos ay sinalubong ni **Jesus** sina Marta at Maria sa labas ng nayon ng Betania.

Hindi alam ng **mga Judio** na naroon si Jesus dahil palihim ang pagbalita ni Marta kay Maria. Natural lang na isipin nilang pupunta si **Maria sa libingan upang doo'y umiyak.**

**11:32** **Si Maria…** ay **lumuhod sa paanan** ng Tagapagligtas. Maaaring kilos ito ng pagsamba, o maaaring dulot ng lubhang kalungkutan. Gaya ni Marta, sinabi niya ang kanyang panghihinayang na wala noon si Jesus sa Betania, dahil kung hindi nagkagayon, **hindi sana namatay ang** kanilang **kapatid**.

**11:33** Naghinagpis at **nabahala** si Jesus nang makita si Maria at ang kanyang mga kaibigan na namimighati. Walang dudang naisip ni Jesus ang lahat ng kalungkutan, paghihirap, at kamatayan na dumating sa mundo bilang resulta ng kasalanan ng tao. Naging dahilan ito para makadama Siya ng kalungkutan ng kalooban.

**11:34** Siyempre nalalaman ng Panginoon kung **saan** inilibing si Lazaro. Pero nagtanong pa rin Siya para buhayin ang pag-asa, hikayatin ang pananampalataya, at himukin ang pagkilos ng tao. Walang dudang may matinding sigasig at taimtim na pagnanais ang mga taong nagdadalamhati kaya inihatid nila ang Panginoon sa libingan.

**11:35** Ang pinakamaiksing talata sa Bibliang Ingles ay ang talatang 35.[36] Isa ito sa tatlong mga pagkakataon sa BT kung saan sinabing **umiyak** ang Panginoon. (Umiyak si Jesus sa kalungkutan dahil sa lungsod ng Jerusalem at pati rin sa hardin ng Getsemani.) Ebidensya ng Kanyang tunay na pagkatao ang katotohanang **umiyak si Jesus.** Lumuha Siya ng tunay na luha ng kalungkutan nang masaksihan Niya ang kakila-kilabot na mga epekto ng kasalanan sa sangkatauhan. Ipinapakita ng katotohanang **umiyak si Jesus** sa harap ng kamatayan na hindi mali para sa mga Cristiano na umiyak kapag kinuha na ang kanilang mga mahal sa buhay. Gayunman, hindi nalulungkot ang mga Cristiano gaya ng iba na walang pag-asa.

**11:36** Nakita ng **mga Judio** sa mga luha ng Anak ng Tao ang katunayan ng Kanyang pagmamahal kay Lazaro. Siyempre, tama sila rito. Pero *sila* ay lubos at walang hanggan ding minamahal ni Jesus, at hindi ito naintindihan ng marami.

**11:37** Muling nagdulot ng mga katanungan sa mga tao ang presensiya ng Panginoong Jesus. Natandaan nila na Siya ang Taong

nagbigay ng paningin sa lalaking **bulag.** Nagtaka sila kung bakit hindi Niya **napigilan sana na mamatay** si Lazaro. Siyempre, kayang gawin ito ni Jesus. Pero gumawa Siya ng mas makapangyarihang himala, na nagdulot ng mas dakilang pag-asa sa mga kaluluwang sumasampalataya sa Kanya.

### F. Ang Ikapitong Tanda: Ang Pagbuhay Kay Lazaro (11:38–44)

**11:38** Tila ang **libingan** ni Lazaro ay **isang yungib** sa ilalim ng lupa. Kailangang bumaba ang isang tao sa pamamagitan ng isang hagdan. **Isang bato** ang nakalagay sa ibabaw ng bukana ng yungib. Hindi ito katulad ng libingan ng Panginoong Jesus. Ito ay inukit mula sa isang bato at ang isang tao ay puwedeng pumasok dito nang hindi na umaakyat o bumaba gaya ng sa gilid ng isang burol.

**11:39** Iniutos ni Jesus sa mga nanonood na **alisin ang bato** mula sa bukana ng libingan. Kaya ni Jesus na Siya mismo ang gumawa nito sa pamamagitan ng pagsabi lamang ng salita. Pero, hindi karaniwan sa Diyos na gawin ang mga bagay kung kaya rin namang gawin ito ng tao para sa kanyang sarili.

Nagpahayag si **Marta** ng pagkatakot sa kaisipang bubuksan ang libingan. Naisip niya na ang katawan ng kanyang kapatid ay **apat na araw** nang naroroon. Natatakot siyang nagsimula na itong mabulok. Tila walang ginawang pagtangka na embalsamuhin ang katawan ni Lazaro. Inilibing siya sa araw ding siya ay namatay, gaya ng nakaugalian noon. Mahalaga ang katotohanang **apat na araw** nang nasa libingan si Lazaro. Walang posibilidad na siya ay natutulog o nawalan ng malay. Nalalaman ng mga Judio na siya ay **patay** na. Tanging himala lamang ang paliwanag sa kanyang muling pagkabuhay.

**11:40** Hindi malinaw kung kailan sinabi ni **Jesus** ang mga mababasa sa talatang 40. Sa talatang 23, sinabi ni Jesus kay Marta na mabubuhay muli ang kapatid niya. Malinaw na ang sinabi rito ni Jesus ay katulad ng sinabi Niya sa nakaraang talata. Pansinin ang pagkakasunod-sunod ng mga salita sa talatang ito, **"Sasampalataya … makikita."** Tila sinabi ng Panginoong Jesus, "Kung sasampalataya ka lamang, makikita mo Akong gagawa ng isang himala na tanging Diyos lamang ang makakagawa. Makikita mo ang **kaluwalhatian ng Diyos** na nahayag sa Akin. Pero dapat munang **sumampalataya** ka, at pagkatapos ay **makikita** mo."

**11:41** Pagkatapos ay inalis **ang bato** mula sa libingan. Bago gawin ang himala, nagpasalamat si **Jesus** sa Kanyang **Ama** dahil **pinakinggan** ang Kanyang panalangin. Walang nakatalang naunang panalangin ng Panginoong Jesus sa kabanatang ito. Pero alam ng lahat na palagi Siyang nakikipag-usap sa Kanyang Ama sa buong pangyayaring ito at pinanalangin Niya na maluwalhati ang Pangalan ng Diyos sa muling pagkabuhay ni Lazaro. Pinasalamatan ni Jesus ang Diyos Ama dahil mangyayari ito.

**11:42** Nanalangin si Jesus nang naririnig para **sumampalataya ang maraming tao na sinugo** Siya ng Ama. Sinabi sa Kanya ng Ama kung ano ang gagawin at sasabihin. Palagi Siyang kumikilos na may lubos na pagtitiwala sa Diyos Ama. Sa tagpong ito ay makikita muli na binigyang diin ang lubos na pagkakaisa ng Diyos Ama at ng Panginoong Jesu-Cristo.

**11:43** Isa ito sa ilang mga pagkakataon sa BT kung saan sinabing **sumigaw ng malakas na tinig** ang Panginoong Jesus. May ibang nagmungkahi na kung hindi Niya binanggit ang pangalan ni **Lazaro**, baka lahat ng mga patay sa libingan ay lumabas!

**11:44** Paano **lumabas** si Lazaro? Iniisip ng ilan na paika-ika siyang lumabas mula sa libingan. Iniisip naman ng iba na gumapang siya palabas gamit ang kamay at mga tuhod. Sabi naman ng iba na mahigpit na nababalot ng damit na pamburol ang kanyang katawan at magiging imposible para sa kanya na lumabas sa pamamagitan ng kanyang sariling kakayahan. Iminumungkahi rin ng iba na lumutang sa hangin ang katawan niya mula sa libingan hanggang umapak ang kanyang paa sa lupa sa harap ng Panginoong Jesus. Ang katotohanang **ang kanyang mukha ay may balot na tela** ay idinagdag bilang karagdagang patunay na siya ay namatay. Walang sinumang mabubuhay ng apat na araw na ang **kanyang mukha** ay nababalutan ng ganoong **tela.** Muling pinatulong ng Panginoon ang mga tao sa pag-uutos sa kanila na **kalagan** si Lazaro at **hayaan siyang makaalis.** Tanging si Cristo ang makakabuhay ng patay. Pero binibigyan Niya tayo ng gawain na alisin ang mga bato ng pagkakatisod, at alisin ang mga damit na pamburol ng duda at pamahiin.

**G. Sumasampalataya at Hindi Sumasampalatayang mga Judio (11:45–57)**

**11:45, 46** Para sa **maraming** mga nakakita, walang dudang ipinapahayag ng himalang ito ang pagka-Diyos ng Panginoong Jesu-Cristo, at **sumampalataya** sila **sa Kanya.** Tanging Diyos lamang ang kayang mag-utos sa isang tao na lumabas mula sa libingan apat na araw matapos itong mamatay.

Pero ang epekto ng isang himala sa buhay ng isang tao ay nakabatay sa kanyang moral na kalagayan. Kung masama ang puso ng isang tao, mapanghimagsik, at hindi naniniwala, hindi siya sasampalataya kahit na makakita siya ng isang taong binuhay mula sa kamatayan. Ganoon ang nangyari dito. Ayaw tanggapin ng **ilan** sa mga Judio na nakasaksi sa himala na ang Panginoong Jesus ay ang kanilang Mesias sa kabila ng isang hindi mapagkakailang katunayan. Kaya **pumunta** sila **sa mga Fariseo** para ibalita kung ano ang nangyari sa Betania. Ito ba ay para pumunta rin sila at sumampalataya kay Jesus? Sa halip, ito ay maaaring para mas mapukaw ang mga Fariseo laban sa Panginoon at hangarin na patayin Siya.

**11:47 Kaya't ang mga punong pari at ang mga Fariseo ay nagpatawag** ng kanilang opisyal na **pagpupulong** para pag-usapan kung anong aksyon ang dapat nilang gawin. Ang ibig sabihin ng tanong na **"Ano ang gagawin natin?"** ay "Ano ang gagawin natin tungkol dito? Bakit napakabagal nating umaksyon? Gumagawa ng maraming himala ang **Taong ito,** at wala tayong ginagawa para patigilin Siya." Ang mga salitang ito ng mga pinuno ng Judio ang naging sarili nilang kahatulan. Inamin nila na gumagawa ang Panginoong Jesus ng **maraming tanda.** Bakit nga ba ayaw nilang sumampalataya sa Kanya? Hindi nila *gustong* sumampalataya dahil mas gusto nila ang kanilang mga kasalanan kaysa ang Tagapagligtas.

Mabuting sinabi ni Ryle:

> Isa itong kamangha-manghang pag-amin. Kahit ang pinakamasamang kaaway ng ating Panginoon ay naniwalang gumawa ang ating Panginoon ng maraming himala. Kaya nga ba nilang itanggi ang katotohanan ng Kanyang mga himala kung hinihingi ng pagkakataon? Pero tila hindi nila sinubukang itanggi ito. Masyadong marami ang mga himala. Masyadong marami ang nakakita. Labis na nahayag sa napakaraming tao na hindi na nila kayang itanggi ang mga ito. Paano nga ba, na sa harap ng mga katotohanang ito, ay nakakayanan pa ring ipagpilitan ng mga modernong taong ayaw sa relihiyon at mga mapangduda na ang mga himala ng ating Panginoon

> ay mga pagpapanggap lamang at kahibangan? Dapat nila itong ipaliwanag! Kung ang mga Fariseo na nabuhay sa panahon ng ating Panginoon, na halos baliktarin ang langit at lupa para labanan ang paglaganap ng Kanyang kasikatan, ay hindi nangahas na itanggi ang katotohanang gumawa Siya ng mga himala, walang kabuluhan na simulang itanggi ngayon ang mga himala ni Jesus, makalipas ang labingwalong siglo.[37]

**11:48** Naiintindihan ng mga pinuno na hindi na puwedeng manatili silang walang ginagawa. Kung hindi sila kikilos, mahihikayat ni Jesus ang maraming tao dahil sa Kanyang mga himala. Kung kikilalanin ng mga tao si Jesus bilang kanilang Hari, magugulo ang Roma. Ang ibig sabihin nito ay iisipin ng mga Romano na dumating si Jesus para ibagsak ang kanilang imperyo. Kikilos ngayon sila at paparusahan ang mga Judio. Ibig sabihin ng pahayag na **"wawasakin ang ating Templo at ang ating bansa"** ay wawasakin ng mga Romano ang templo at ikakalat ang mga Judio. Nangyari ang mga bagay na ito noong A.D. 70 — hindi dahil *tinanggap* ng mga Judio ang Panginoon, kundi dahil Siya ay *hindi* nila *tinanggap.*

Ang ganda ng pagkasabi ni F.B. Meyer:

> Inilalagay sa panganib ng Cristianismo ang mga negosyo, inaalis ang mga pinagkakakitaang masasamang kalakalan, inaakit palayo ang mga mamimili mula sa dambana ng demonyo, inaatake ang mga nais nilang gawin, at binabaligtad ang kanilang mundo. Ito ay isang bagay na nakakainis, nakakabuwisit, at nakakasira ng negosyo. [38]

**11:49, 50** **Pinakapunong pari si Caifas** mula A.D. 26 hanggang 36. Namuno siya sa paglilitis ng Panginoon at naroroon siya nang dalhin sina Pedro at Juan sa harap ng Sanhedrin sa Mga Gawa 4:6. Hindi siya mananampalataya ng Panginoong Jesus, kahit na sa mga salitang kanyang sinabi rito.

Ayon kay Caifas, mali ang mga punong pari at ang mga Fariseo sa pag-iisip na mamamatay ang mga Judio dahil sa mga ginagawa ni Jesus. Sa halip, hinulaan niya na mamamatay si Jesus para sa mga Judio. Sinabi niya na mas mabuti na **mamatay** si Jesus **alang-alang sa bayan,** kaysa magkaroon ng hidwaan sa gitna ng mga Romano at ng **buong bansa.** Tila parang tunay na naunawaan ni Caifas ang dahilan ng pagdating ni Jesus sa sanlibutan. Halos puwede na nating isipin na tinanggap na ni Caifas ang katotohanang si Jesus ay ang

Kahalili ng mga makasalanan — ang pinakasentrong doktrina ng Cristianismo. Pero sa kasamaang-palad, hindi ito ganito. Totoo ang kanyang sinabi, pero siya mismo ay hindi sumampalataya kay Jesus para sa ikakaligtas ng kanyang kaluluwa.

**11:51, 52** Ito ang dahilan kung bakit sinabi iyon ng Caifas. **Hindi niya ito** sinabi **mula sa kanyang sarili.** Ibig sabihin ay hindi niya gawa-gawa lamang ang mga bagay na ito. Hindi ito galing sa sarili niyang kalooban. Ang totoo, ibinigay ng Diyos kay Caifas ang mensaheng ito, at may mas malalim itong kahulugan higit sa nais niyang sabihin. Iyon ay isang banal na propesiya **na si Jesus ay mamamatay para sa bansang** Israel. Ibinigay ito kay Caifas dahil siya ang **pinakapunong pari nang panahong iyon.** Nagsalita ang Diyos sa pamamagitan niya dahil sa katungkulan niya. Hindi ito dahil sa sariling kabanalan ni Caifas sapagkat makasalanan din siyang tao.

Ang propesiya ni Caifas ay **hindi** mamamatay ang Panginoon para sa **bansang** Israel **lamang, kundi upang tipunin Niya** ang Kanyang mga hinirang na mga Hentil ng sanlibutan. Iniisip ng iba na tinutukoy ni Caifas ang mga Judiong nagkalat sa sanlibutan. Pero mas malamang na tinutukoy niya ang mga Hentil na sasampalataya kay Cristo sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo.

**11:53, 54** Hindi nahikayat ang mga Fariseo ng himala sa Betania. Sa halip, mas naging laban sila sa Anak ng Diyos. **Kaya't mula nang araw na iyon ay binalak nila** ang Kanyang **kamatayan** nang may mas matinding sigasig.

Dahil nalalaman ni Jesus ang nadadagdagang poot ng mga Judio, pumunta Siya **sa isang bayan na tinatawag na Efraim.** Hindi natin alam sa ngayon kung nasaan ang Efraim maliban na ito ay nasa lugar na tahimik, liblib, at **malapit sa ilang.**

**11:55** Ang pagsabi na **ang Paskuwa ng mga Judio ay malapit na** ay nagpapaalala sa atin na dumarating na tayo sa pagtatapos ng pampublikong gawain ng Panginoon. Sa *Paskuwang ito* Siya ipapako. Ang mga tao ay kinakailangang **umahon tungo sa Jerusalem upang linisin ang kanilang mga sarili.** Halimbawa, kapag nakahawak ang isang Judio ng isang patay na katawan, kailangan niyang dumaan sa isang ritwal para malinis siya sa karumihang seremonyal. Isinasagawa ang paglilinis na ito sa

pamamagitan ng iba’t ibang uri ng mga paglilinis at paghahandog. Ang nakakalungkot ay gusto ng mga Judio na linisin ang kanilang mga sarili, habang pinaplano nila ang kamatayan ng Korderong Pampaskuwa. Anong kakila-kilabot na pagpapakita ito ng kasamaan ng puso ng tao!

**11:56, 57** Habang natitipon ang mga tao **sa templo,** nagsimula silang mag-isip tungkol sa taong gumagawa ng himala na nagngangalang Jesus na napasakanilang bansa. Isang diskusyon ang nangibabaw kung **pupunta** nga ba Siya **sa pista.** Kaya naisip ng ilan na hindi Siya pupunta ay dahil sa mababasa sa talatang 57.

Nag-utos **ang mga punong pari at mga Fariseo** na arestuhin si Jesus. Nagkaroon din ng kautusan na kung mayroong sinumang nakakaalam sa kinaroroonan Niya ay dapat na ipagbigay-alam ito sa mga awtoridad para **Siya’y kanilang madakip** at patayin.

## VII. ANG MINISTERYO NG ANAK NG DIYOS SA KANYANG KINIKILALANG MGA ANAK (Kab. 12–17)

### A. Pinahiran ng Pabango si Jesus sa Betania (12:1–8)

**12:1** Ang tahanan sa **Betania** ang isa sa mga lugar na nais puntahan ni Jesus. Ikinatutuwa Niya roon ang magandang pakikisama kina **Lazaro,** Maria, at Marta. Sa pagpunta sa Betania sa panahong ito, inilalapit Niya sa panganib ang Kanyang sarili dahil malapit sa Jerusalem ang himpilan ng mga taong nakahanda laban sa Kanya.

**12:2** Sa kabila ng maraming laban kay Jesus, mayroon pa ring ilang mga pusong totoo sa Kanya. **Si Lazaro ay isa sa nakaupo sa may hapag-kainan na kasalo** ng Panginoon, **at si Marta ay naglilingkod.** Walang anumang sinabi ang Banal na Kasulatan kung ano ang nakita o narinig ni Lazaro mula sa panahon na namatay siya hanggang sa binuhay siyang muli. Pinagbawalan siguro siya ng Diyos na ibunyag ang anumang impormasyon.

**12:3** May mga pagkakataon na naitala sa mga Ebanghelyo kung saan pinahiran ng pabango ang Panginoong Jesus ng isang babae. Hindi tiyak kung magkatulad ang dalawang pagkakataon na ito. Pero ang nangyari dito ay karaniwang iniisip na katulad sa Marcos 14:3–9. Ang debosyon ni Maria kay Cristo ang nagtulak sa kanya na kunin **itong isang libra ng mamahaling pabango mula sa purong nardo** at pahiran ang Kanyang **mga paa.** Tila sinasabi niya na nararapat ibigay kay Jesus ang mahahalagang bagay. Karapat-dapat Siya ng lahat ng mayroon tayo at ng kung ano tayo.

Sa bawat pagkakataon na nakikilala natin si Maria ay nasa paanan siya ni Jesus. Pinupunasan niya rito **ng kanyang mga buhok ang mga paa** ni Jesus. Dahil itinuturing na ang buhok ng isang babae ang kanyang kaluwalhatian, tila inilalagay ni Maria ang kanyang kaluwalhatian sa paanan ni Jesus. Hindi na kailangan pang sabihin na dadalhin ni Maria ang samyo ng kanyang ginawa. Kaya naman, kapag sinamba si Cristo, dinadala ng mga mananamba ang anumang samyo ng pagkakataong iyon. Napupuno ng mabangong samyo ang isang tahanan kung saan si Jesus ay nabibigyan ng Kanyang marapat na lugar.

**12:4,5** Makikita rito na nakikialam ang nais ng isang tao sa pinakabanal na okasyon. Hindi maaatim ng **isa** na **magkakanulo** sa

Panginoon na makita ang pinakamamahal na **pabango** na ginagamit sa ganitong paraan.

Hindi itinuring ni **Judas** si Jesus na kasinghalaga ng **tatlong daang denario.** Naisip niya na dapat **ipinagbili** na lamang ang pabango at **ibinigay sa mga dukha.** Pero ito ay lubos na pagpapaimbabaw. Hindi siya nagmamalasakit sa mga mahihirap gaya ng hindi niya pagmalasakit sa Panginoon. Malapit na niyang ipagkanulo si Jesus. Hindi para sa **tatlong daang denario,** kundi para sa ikasampung bahagi lamang ng halagang iyon. Mabuting sinabi ni Ryle:

Sa unang tingin, lumilitaw na ang lahat ng ito ay hindi kapani-paniwala at imposible. Pero ipinapakita ni Judas na puwedeng mangyari na ang sinumang sumunod kay Cristo bilang disipulo sa loob ng tatlong taon, nakita ang lahat ng Kanyang mga himala, narinig ang lahat ng Kanyang mga katuruan, tinanggap sa Kanyang kamay ng may paulit-ulit na kagandahang-loob, at ibinilang na apostol ay mapatunayang masama ang puso sa huli. Hindi natin lubos na mauunawaan ang hangganan ng pagkahulog ng tao sa kasamaan.[39]

**12:6** Mabilis na idinagdag ni Juan na hindi ito sinabi ni Judas dahil may tunay siyang pagmamahal sa mga mahihirap, kundi dahil magnanakaw siya at sakim. Na kay Judas ang kanilang lagayan ng pera, at kinukuha niya ang inilalagay roon.

**12:7** Tila ganito ang sagot ni Jesus, “Huwag ninyong pagbawalan siya na gawin ito. **Inilaan niya** ang pabangong **ito sa araw ng paglilibing sa Akin.**[40] Gusto niya ngayong ibuhos ito sa Akin bilang pagmamahal at pagsamba. Dapat hayaan siyang gawin ito.”

**12:8** Hindi kailanman mawawala ang mga taong **dukha** para maibuhos ng iba ang kanilang kabutihang-loob. Pero malapit nang matapos ang gawain ng Panginoon sa sanlibutan. *Hindi* **laging** magkakaroon si Maria ng pagkakataon na gamitin ang pabangong ito para sa Kanya. Hindi natin dapat ipagpaliban ang anumang puwede nating gawin para sa Tagapagligtas.

**B. Sabwatan Laban kay Lazaro (12:9–11)**

**12:9** Mabilis na kumalat ang balita na malapit si Jesus sa Jerusalem. Hindi na ngayon posible na maging lihim ang Kanyang presensiya. Maraming mga Judio ang pumunta sa Betania para

makita Siya, at ang iba ay pumunta para **makita si Lazaro, na muling binuhay mula sa mga patay.**

**12: 10, 11** Muling ipinakita sa talatang ito ang matinding galit sa puso ng tao. **Kaya't pinanukala ng mga punong pari na kanilang patayin din si Lazaro.** Tila ba isang pagtataksil ang pagkabuhay muli ni Lazaro sa mga patay. Hindi kayang kontrolin ni Lazaro ang nangyaring pagbuhay muli sa kanya. Pero para sa kanila, dapat mamatay si Lazaro.

**Dahil** kay Lazaro, **marami sa mga Judio…ang naniwala kay Jesus.** Itinuring na kalaban si Lazaro ng relihiyong itinatatag ng mga Judio, kaya naman dapat siyang patayin. Ang mga taong nagdadala ng iba sa Panginoon ay palaging nagiging dahilan ng pag-uusig at pati ng pagmamartir.

Ipinapahiwatig ng ilang mga komentarista na dahil Saduseo ang mga punong pari, gusto nilang alisin ang katibayan sa pamamagitan ng pagpatay kay Lazaro. Hindi kasi naniniwala ang mga Saduseo sa muling pagkabuhay.

**C. Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem (12:12–19)**

**12: 12, 13** Tungkol naman ito sa matagumpay na pagpasok ni **Jesus** sa **Jerusalem.** Ito ang araw ng Linggo bago ang Kanyang pagkapako.

Mahirap maunawaan kung ano ang iniisip ng **maraming taong** ito tungkol kay Jesus. Tunay ba nilang nauunawaan na Siya ang Anak ng Diyos at ang Mesias ng Israel? O isang Hari lamang ang tingin nila sa Kanya na magliligtas sa kanila mula sa pagmamalupit ng mga Romano? Nadadala lamang ba sila sa takbo ng mga pangyayari? Walang dudang tunay na mga mananampalataya ang ilang mga tao dito. Pero sa kabuuan, marami sa mga taong ito ang walang totoong interes sa Panginoon.

Ang mga sanga ng puno ng **palma** ay tanda ng kapahingahan at kapayapaan pagkatapos ng kalungkutan (Pah. 7:9). Ibig sabihin ng salitang **"Hosanna"** ay "Nagsusumamo kaming iligtas mo." Kung pagsasamahin ang mga kaisipang ito, tila kinikilala ng mga tao si Jesus bilang Siyang sinugo ng Diyos para iligtas sila sa kalupitan ng mga Romano, at bigyan sila ng kapahingahan at kapayapaan

matapos ang kanilang mahabang taong kapighatian sa pagpapahirap mula sa mga Hentil.

**12:14, 15** Sumakay si Jesus sa **isang batang asno** papasok sa lungsod. Ito ang karaniwang paraan ng transportasyon dati. Gayunman, sa pagsakay ng Panginoon sa ganitong paraan, tinutupad Niya ang nakasulat na propesiya.

Kinuha ang pahayag na ito sa Zacarias 9:9. Hinulaan ng propeta roon na kapag dumating ang **Hari** sa Israel, **nakasasakay** Siya **sa isang anak ng asno.** Ang **anak na babae ng Zion** ay isang matalinghagang pahayag na tumutukoy sa mga Judio. Ang **Zion** ay isang burol sa lungsod ng Jerusalem.

**12:16** **Hindi** naunawaan ng **mga alagad** sa puntong ito na ang nangyayari ay tumpak na katuparan ng propesiya ni Zacarias. Pumapasok si Jesus sa Jerusalem bilang nararapat na Hari ng Israel. **Ngunit** matapos bumalik ng Panginoon sa langit para **maluwalhati** sa kanang kamay ng Ama, ay tsaka pa lamang naisip ng mga alagad na ang mga pangyayaring ito ay katuparan ng Banal na Kasulatan.

**12:17, 18** Karamihan sa mga taong nanunuod sa pagpasok ni Jesus sa Jerusalem ay ang mga **taong** nakakita sa Kanya nang buhayin Niya si **Lazaro … mula sa mga patay.** Sila ang nagsabi sa mga taong nasa paligid na ang Taong nakasakay sa asno ay ang parehong Taong muling bumuhay kay Lazaro. Sa pagkalat ng sikat na **tandang** ito, maraming **tao** ang lumabas para salubungin si Jesus. Sa kasamaang-palad, ang motibo nila ay pag-uusisa kaysa tunay na pananampalataya.

**12: 19** Nagalit ang mga Fariseo habang dumarami ang mga tao at nagkakaroon ng interes sa Tagapagligtas. Walang anumang epekto sa mga tao ang anumang sasabihin o gagawin ng mga Fariseo. Sinabi nila nang may masugbong damdamin na **ang** buong **sanlibutan** ay **sumusunod** na kay Jesus. Hindi nila naisip na lilipas din ang pagkakaroon ng interes ng mga tao sa Tagapagligtas at napakakaunti lamang ang bilang ng mga tunay na gustong sumamba kay Jesus bilang Anak ng Diyos.

**D. Hinanap ng Ilang Griyego si Jesus (12:20–26)**

**12:20** Ang mga **Griyego** na lumapit kay Jesus ay mga Hentil na naging mga mananampalataya ng Judaismo. Ang katotohanang

**umahon** sila **upang sumamba sa kapistahan** ay nagpapakita na hindi na nila isinasagawa ang mga relihiyosong kaugalian ng kanilang mga ninuno. Ang paglapit nila sa Panginoong Jesus sa okasyong ito ay naglalarawan ng katotohanang kapag hindi tinanggap ng mga Judio ang Panginoong Jesus, maririnig ng mga Hentil ang ebanghelyo at marami sa kanila ang sasampalataya.

**12:21** Walang ibinigay na dahilan kung bakit **ang mga ito'y lumapit kay Felipe.** Maaaring dahil salitang Griyego ang pangalan ni Felipe at dahil siya ay taga-**Bethsaida ng Galilea** kaya lumapit ang mga mananampalatayang Hentil sa kanya. Marangal ang kanilang pakiusap. **"Ginoo, ibig sana naming makita si Jesus."** Walang sinuman na may ganitong matapat na pagnanais sa kanyang puso ang aalis na walang ganti.

**12:22** Maaaring hindi sigurado si Felipe kung haharapin ng Panginoon ang mga Griyegong ito. Matatandaang sinabi dati ni Cristo sa mga alagad na huwag pumunta sa mga Hentil na dala ang ebanghelyo. Kaya pumunta si **Felipe** kay **Andres,** at magkasama silang **nagsabi kay Jesus.**

**12:23** Bakit gustong makita ng mga Griyego si Jesus? Kung babasahin nating mabuti, puwede nating ipalagay na humanga sila sa karunungan ni Jesus at nais nilang gawin Siyang sikat na tagapagturo. Alam ng mga Griyegong ito na ayaw ng mga pinunong Judio kay Jesus. Gusto ng mga Griyego na iligtas ni Jesus ang Kanyang buhay sa kapahamakan. Isang paraan siguro ay sa pamamagitan ng pagpunta sa Gresya kasama sila. Ang pilosopiya nila ay "Kaawaan mo ang iyong sarili," pero sinagot **sila** ni **Jesus** na direktang salungat ang pilosopiyang ito sa kautusan ng pag-aani. **Maluluwalhati** Siya sa Kanyang sakripisyong kamatayan at hindi sa komportableng buhay.

**12:24** Hindi kailanman nagiging trigo ang butil hangga't hindi muna ito **mahulog sa lupa at mamatay.** Tinutukoy rito ng Panginoong Jesus ang Kanyang sarili bilang **butil ng trigo**. Kung hindi Siya mamamatay, mananatili Siyang **nag-iisa.** Tatamasahin Niya nang mag-isa ang kaluwalhatian ng langit. Wala Siyang makakasama roon na mga makasalanan na naligtas para makihati sa Kanyang kaluwalhatian. Pero kung Siya'y mamamatay, magbibigay Siya ng daan ng kaligtasan para maligtas ang marami.

Naaangkop din sa atin ito, gaya ng sinabi ni T.G. Ragland;

Kung tatanggi tayong maging butil ng trigo—nahuhulog sa lupa, at namamatay; kung hindi tayo magsasakripisyo ng mga nais natin, o kung hindi natin isusuko ang ating pagkatao, ari-arian, at kalusugan; o, kapag tayo ay tinawag, at hindi natin iiwan ang ating tahanan, at hindi tatalikdan ang relasyon natin sa ating pamilya para kay Cristo; *kung magkaganoon man, mananatili tayong nag-iisa*. Pero kung nais nating maging mabunga, dapat nating sundin ang ating Banal na Panginoon, sa pamamagitan ng pagiging butil ng trigo at kung magsasakripisyo tayo, *magkakaroon tayo ng maraming bunga.*[45]

**12:25** Iniisip ng maraming tao na ang pinakamahalagang mga bagay sa buhay ay pagkain, damit, at kasiyahan. Nabubuhay sila para sa mga bagay na ito. Pero sa pagmamahal nila sa kanilang mga buhay, hindi nila naiisip na mas mahalaga ang kaluluwa kaysa katawan o pisikal na buhay. Nasasayang ang kanilang mga buhay kung hindi nila bibigyang halaga ang kanilang kaluluwa. Sa kabilang banda naman, mayroong mga taong inaaring kalugihan ang lahat ng mga bagay para kay Cristo. Pinapalipas nila ang mga bagay na lubos na pinapahalagahan ng mga tao para mapaglingkuran Siya. Ang mga taong ito ang **maiingatan** ang kanilang mga buhay para sa **buhay na walang hanggan.** Ang ibig sabihin ng mapoot sa kanyang buhay ay ang ibigin si Cristo ng higit pa sa pagmamahal niya sa sarili niyang buhay at mga nais.

**12:26** Dapat **sumunod** kay Cristo ang sinumang nais maglingkod sa Kanya. Nais ni Cristo na sumunod sa Kanyang mga itinuro ang Kanyang mga lingkod at gayahin ang Kanyang kagandahang-loob. Dapat nilang tularan ang halimbawa ng Kanyang kamatayan. Nangako ang Panginoon na sasamahan Niya at aalagaan palagi ang Kanyang bawat lingkod. Hindi lamang ito sa buhay dito sa lupa, kundi pati na rin sa buhay na walang hanggan. Ang paglilingkod natin ngayon ay makakatanggap ng gantimpala ng Diyos sa darating na araw. Kung ano man ang tiniis dito ng isang tao na kahihiyan at kasiraan ay maliit na bagay lamang ito kung ikukumpara sa kaluwalhatian ng pagbibigay gantimpala ng Diyos **Ama** sa langit.

**E. Hinarap ni Jesus ang Nalalapit na Kamatayan (12:27–36)**

**12 :27** Iniisip ng Panginoon ang mga mangyayari sa hinaharap. Iniisip Niya ang krus, at pinagbubulayan ang oras na magiging Tagtubos Siya ng Kasalanan, at titiisin ang galit ng Diyos sa ating

mga kasalanan. Sa pagbubulay ni Jesus sa “oras ng dalamhati ”, **nababagabag** ang Kanyang **kaluluwa.** Paano Siya mananalangin sa ganitong pagkakataon ? Dapat ba Niyang hilingin sa Kanyang **Ama** na **iligtas** Siya **sa oras** na ito? Hindi Siya puwedeng manalangin ng ganoon dahil ang **dahilan** ng Kanyang pagdating sa sanlibutan ay ang mamatay sa krus. Ipinanganak Siya para mamatay.

**12:28** Sa halip na ipanalangin na mailigtas Siya sa krus, idinalangin ng Panginoong Jesus na maluwalhati ang **pangalan** ng Kanyang Ama. Mas gusto ni Jesus na ang karangalan ay mapunta sa Ama kaysa sa Kanyang sariling kaginhawaan o kaligtasan. Nagsalita ngayon ang Diyos mula sa langit, na nagsasabi na **niluwalhati** *na* ni Jesus ang Pangalan ng Diyos at **muli** itong **luluwalhatiin.** Naluwalhati ang Pangalan ng Diyos noong panahon ng ministeryo ni Jesus sa lupa. Ang tatlumpung taon sa Nazaret, ang tatlong taon ng pampublikong gawain, ang kahanga-hangang mga salita at mga gawa ng Tagapagligtas—lahat ng ito ay lubhang nagluwalhati sa Pangalan ng Ama. Pero mas dakilang kaluwalhatian ang maibibigay sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan, pagkalibing, pagkabuhay-muli, at pag-akyat ni Cristo sa langit.

**12:29** Inakala ng mga nakatayo roon na ang tinig ng Diyos ay ang kulog. Laging sinusubukan ng mga taong ito na magbigay ng pisikal na paliwanag sa mga bagay na espirituwal. Ang mga taong ayaw tanggapin ang katotohanan ng mga himala ay sinusubukang ipaliwanag ang mga himala sa pamamagitan ng mga natural na pangyayari sa paligid. Alam ng iba na hindi iyon kulog, pero hindi nila ito kinilala na tinig ng Diyos. Dahil iniisip nila na ito ay higit sa tao, nagpalagay na lamang sila na tinig ito ng **isang anghel.** Maririnig lamang at mauunawaan ang tinig ng Diyos ng mga taong tinutulungan ng Banal na Espiritu. Puwedeng paulit-ulit na makinig ang mga tao sa ebanghelyo, pero puwedeng wala itong kabuluhan para sa kanila hangga’t hindi nangungusap sa kanila ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng ebanghelyo.

**12:30** Ipinaliwanag ng Panginoon sa mga tao na **hindi** kailangang naririnig **ang tinig na ito** para marinig *ni Jesus*. Sa halip, naririnig ang tinig na ito para sa kapakanan ng mga taong naroroon.

**12:31** Sinabi ni Jesus, **“Ngayon ang paghatol sa sanlibutang ito.”** Malapit nang ipako ng sanlibutan ang Panginoon ng buhay at kaluwalhatian. Dahil dito, paparusahan ng mundo ang kanyang sarili

sa paggawa nito. Paparusahan ang mundo dahil sa kakila-kilabot na pagtanggi nito sa Cristo. Ito ang ibig sabihin dito ng Tagapagligtas. Malapit nang ipasa ang kaparusahan sa makasalanang sangkatauhan. Si Satanas **ang pinuno ng sanlibutan ito.** Ang totoo, ganap na natalo si Satanas sa Kalbaryo. Akala niya ay lubos na nagtagumpay siya sa kamatayan ng Panginoon. Sa halip, nagbigay ng paraan si Jesus para sa kaligtasan ng lahat ng tao. Sa parehong pagkakataon ay natalo si Satanas at lahat ng kasama niya. Hindi pa nangyayari ang parusa sa demonyo. Pero sigurado na ang kanyang wakas. Patuloy pa rin niyang ginagawa sa sanlibutan ang kanyang masasamang gawain. Pero hindi na magtatagal bago siya **palalayasin** patungo sa lawa ng apoy.

**12:32** Tumutukoy ang unang bahagi ng talatang ito sa kamatayan ni Cristo sa krus. Ipinako Siya sa krus na kahoy at **itinaas mula sa lupa.** Sinabi ng Panginoon na kapag ipinako Siya, **papalapitin** Niya **ang lahat ng mga tao** sa Kanyang sarili. Iba-ibang paliwanag ang ibinigay tungkol dito. Sabi ng ilan na nilalapit ni Cristo ang lahat ng tao sa kaligtasan o sa kahatulan. Sabi naman ng iba na kapag itinaas si Cristo sa pangangaral ng ebanghelyo, magkakaroon ng dakilang kapangyarihan ang mensahe, at mailalapit ang mga kaluluwa sa Kanya. Pero marahil ang tamang paliwanag ay nagbunga ang pagkapako sa krus ng Panginoong Jesus para mailapit sa Kanya ang **lahat** ng *uri* ng tao sa bawat bansa, sa bawat tribo, at sa bawat wika.

**12:33** Nang sabihin ng Panginoong Jesus na itataas Siya, ipinapahiwatig Niya ang uri ng **kamatayan** na **ikamamatay Niya.** Ito ay sa pamamagitan ng pagkapako sa krus. May patunay muli tayo rito na alam ng Panginoon ang lahat ng bagay. Alam Niya na hindi Siya mamamatay na nakaratay sa kama o sa aksidente, kundi na Siya ay mapapako sa krus.

**12:34** Naguluhan **ang mga tao** sa pahayag ng Panginoon tungkol sa kailangan Siyang **itaas.** Alam nila na ipinapahayag Niya na Siya ang Mesias. Alam nila mula sa LT na mabubuhay magpakailanman ang Mesias (tingnan ang Isa. 9:7; Aw. 110:4; Dan. 7:14; Mic. 4:7). Pansinin na binanggit ng mga tao ang sinabi ni Jesus na, **"Ang Anak ng Tao ay kailangang itaas."** Ang totoo, sinabi ni Jesus na, "Kapag Ako'y itinaas na mula sa lupa." Siyempre, maraming beses na tinukoy ng Panginoong Jesus ang Kanyang sarili bilang Anak ng Tao. Marahil nasabi na Niya dati na itataas ang Anak ng Tao, kaya

hindi mahirap para sa mga tao na pagsamahin ang dalawang kaisipang ito.

**12:35** Nang tanungin ng mga tao si Jesus kung nasaan ang Anak ng Tao, sinabi muli Niya tungkol sa Kanyang sarili na Siya **ang ilaw** ng sanlibutan. Sila ay pinaalalahanan Niya na **ang ilaw** ay makakasama lamang nila ng kaunting panahon. Dapat silang lumapit sa Ilaw at lumakad sa Ilaw. Kung hindi, **aabutin** sila ng **dilim,** at hindi nila malalaman ang katotohanan.

Tila inihalintulad ng Panginoon ang Kanyang sarili sa araw at sa liwanag na ibinibigay nito. Sumisikat ang araw sa umaga. Mataas ang sikat nito tuwing tanghali, at lumulubog ito tuwing gabi. Limitadong oras lamang natin ito nakikita. Dapat nating sulitin ang oras habang nariyan pa ang araw dahil kapag dumating na ang gabi ay hindi na natin ito mapapakinabangan. Sa espirituwal na pananaw naman, ang taong sumasampalataya sa Panginoong Jesus ay ang taong lumalakad sa ilaw. Si Jesus ay hindi tinatanggap ng **taong lumalakad sa dilim** at **hindi** niya **nalalaman kung saan siya tutungo.** Ang taong ito ay walang pamamatnubay na galing sa Diyos, at nahihirapan siya sa kanyang buhay.

**12:36** Muling binalaan ng Panginoong Jesus ang Kanyang mga tagapakinig na **sumampalataya** sa Kanya **samantalang** mayroon pang pagkakataon. Kung sasampalataya sila, **magiging mga anak** sila **ng ilaw.** Magkakaroon ng direksyon ang kanilang buhay dito sa lupa hanggang sa walang hanggan. Matapos itong sabihin ng Panginoon, **umalis** Siya at nanatili munang mag-isa.

### F. Ang Kabiguang Sumampalataya ng Karamihan sa mga Judio (12:37–43)

**12:37** Tumigil sa pagkakataong ito si Juan para magpahayag ng pagtataka na **bagama't gumawa** ang Panginoong Jesus ng **maraming mga** makakapangyarihang **tanda, hindi** pa rin **naniwala sa Kanya** ang mga tao. Gaya ng sinabi natin dati, ang kanilang hindi pagsampalataya ay hindi dahil sa kawalan ng ebidensya. Nagbigay ang Panginoon ng kapani-paniwalang mga patunay ng Kanyang pagka-Diyos, pero ayaw pa rin maniwala ng mga tao. Gusto nilang may hari na mamuno sa kanila, pero ayaw naman nilang magsisi.

**12:38** Ang hindi pagsampalataya ng mga Judio ay kaganapan ng propesiya sa Isaias 53:1. “Kakaunti lamang” ang sagot sa tanong na, **“Panginoon, sino ang naniwala sa aming balita?”** Sa Biblia, tumutukoy ang salitang bisig sa kapangyarihan o kalakasan. Kaya naman, ang **bisig ng Panginoon** ay tumutukoy sa kapangyarihan at kalakasan ng Diyos. **Nahayag** lamang ang kapangyarihan ng Diyos sa mga sumampalataya sa mensahe tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo. Samakatuwid, dahil kaunti lamang ang tumanggap sa pahayag tungkol sa Mesias, hindi nahayag ang kapangyarihan ng Diyos sa marami.

**12:39** Hindi tinanggap si Jesus ng bansang Israel nang ipakilala Niya ang Kanyang sarili sa kanila. Paulit-ulit Niyang inaalok sa kanila ang kaligtasan, pero palagi silang tumatanggi. Kapag lalong tinatanggihan ng mga tao ang ebanghelyo, mas lalong nagiging mahirap para sa kanila na tanggapin ito. Kapag tinatanggihan ng mga tao ang Ilaw, mas ginagawang mahirap ng Diyos para sa kanila na makita ang Ilaw. Hinahayaan sila ng Diyos na mahatulan dahil hindi nila tinanggap ang Kanyang Anak.

**12:40** Mula sa Isaias 6:9, 10 ang pahayag na ito. **Binulag** ng Diyos **ang mga mata** ng mga Judio **at pinatigas ang kanilang mga puso.** Hindi Niya ito ginawa sa simula. Nangyari ito noong nagpasya silang isara ang kanilang mga mata at patigasin ang kanilang mga puso. Bilang resulta ng katigasan ng ulo ng Israel at hindi nila pagtanggap sa Mesias, inilayo nila ang kanilang mga sarili mula sa pagkaalam at pagkaunawa ng katotohanan, pagbabalik-loob, at pagpapagaling.

**12:41** Inilarawan sa Isaias 6 na nakita ng propeta ang **kaluwalhatian** ng Diyos. Idinagdag ngayon ni Juan ang paliwanag na ang **kaluwalhatian** ni *Cristo* ang **nakita** ni Isaias, at tungkol kay Cristo ang **sinabi** niya. Kaya naman, isa pang mahalagang patunay ang talatang ito na nagpapatotoong Diyos si Jesu-Cristo.

**12:42** **Marami** sa **mga pinuno** ng mga Judio ang nahikayat na si Jesus ang Mesias. Gayunman, hindi sila naglakas-loob na ibahagi sa iba ang kanilang pananampalataya dahil baka matiwalag sila sa kanilang relihiyon. Gusto nating isipin na tunay na mananampalataya ng Panginoong Jesus ang mga taong ito, pero nakakapagduda ito. Kapag mayroong tunay na pananampalataya ang isang tao kay Cristo, ipapahayag niya ang pananampalatayang ito.

Kapag tunay na tinanggap si Cristo bilang Tagapagligtas, hindi mag-aatubili ang isang tao na ipaalam at ibahagi ang kanyang natutunan at nalaman kahit ano pa man ang maging hadlang.

**12:43** Halatang mas interesado ang mga taong ito **sa papuri ng** kapwa nila **tao** kaysa **papuri ng Diyos.** Mas iniisip nila ang pagsang-ayon ng tao kaysa ng Diyos. Puwede bang ang taong katulad nito ay maging tunay na mananampalataya ni Cristo? Tingnan ang kabanatang 5, talatang 44 para sa sagot.

**G. Ang Panganib ng Hindi Pagsampalataya (12:44–50)**

**12:44** Ganito ang tila sinasabi ng talatang 44: "Ang taong **sumasampalataya sa Akin** ay tunay na sumasampalataya hindi lamang sa Akin, **kundi** sa Aking Ama rin **na nagsugo sa Akin.**" Muling itinuro dito ng Panginoon ang Kanyang lubos na pagkakaisa sa Diyos Ama. Imposibleng sumampalataya sa Diyos Ama na hindi sumasampalataya kay Jesus. Ang pagsampalataya kay Cristo ay pagsampalataya rin sa Diyos Ama. Hindi puwedeng sumampalataya ang isang tao sa Ama hangga't hindi siya nagbibigay ng pantay na karangalan at pagkilala sa Anak.

**12:45** Ang totoo, walang nakakakita sa Diyos Ama. Espiritu Siya kaya naman hindi Siya nakikita. Pero dumating ang Panginoong Jesus sa sanlibutan para malaman natin kung ano ang Diyos. Hindi ibig sabihin dito na hinayaan Niyang malaman natin kung ano ang Diyos sa pisikal na paraan, kundi sa moral na paraan. Ipinahayag ni Jesus sa atin ang katangian ng Diyos. Samakatuwid, kung sinuman ang nakakita kay Cristo ay nakita na rin ang Diyos Ama.

**12:46** Ang **ilaw** ang isa sa mga paboritong ilustrasyon ng ating Panginoon tungkol sa Kanyang sarili. Muli Niyang tinukoy ang Kanyang sarili **na isang ilaw** na dumating **sa sanlibutan** para ang mga sumampalataya sa Kanya **ay huwag manatili sa kadiliman.** Ang mga tao ay nasa kadiliman kapag hiwalay kay Cristo. Wala silang tamang pagkaunawa tungkol sa buhay, kamatayan, o sa walang hanggan. Pero ang mga sumampalataya kay Cristo ay hindi na maghahanap ng katotohanan dahil natagpuan na nila ang katotohanan sa Kanya.

**12:47** Ang layunin ng Unang Pagparito ni Cristo ay **hindi upang humatol sa sanlibutan, kundi upang iligtas ang sanlibutan.** Hindi Siya humatol sa mga tumangging pakinggan ang Kanyang mga

salita o sumampalataya sa Kanya. Hindi nito ibig sabihin na hindi Niya paparusahan sa darating na araw ang mga hindi sumampalataya sa Kanya. Hindi Niya layunin na humataol sa Kanyang Unang Pagdating.

**12:48** Sinasabi naman ngayon ng Panginoon ang tungkol sa darating na araw kung kailan ang mga tumanggi sa Kanyang mga salita ay tatayo sa harap ng hukuman ng Diyos. Sa panahong iyon, ang **mga salita** o katuruan ng Panginoong Jesus ay magiging sapat para parusahan sila.

**12:49** Ang mga bagay na itinuro ni Jesus ay mga bagay na hindi Niya inimbento o natutuhan sa paaralan. Sa halip, bilang masunuring Lingkod at Anak, sinabi lamang Niya ang mga bagay na iniutos ng Kanyang Ama na **sabihin** Niya. Ito ang katotohanan na magpaparusa sa mga tao sa huling araw. Ang salita na sinabi ni Jesus ay ang Salita ng Diyos, at tinanggihang pakinggan ito ng mga tao. Hindi lamang sinabi sa Kanya ng Ama kung **ano** ang **sasabihin** kundi kung **ano** ang dapat Niyang **bigkasin.** Magkaiba ang dalawang ito. Tumtukoy sa laman ng mensahe ang pahayag na **"kung ano ang dapat Kong sabihin";** ang ibig sabihin naman ng **"kung ano ang dapat Kong bigkasin"** ay ang mismong mga salita na dapat gamitin ng Panginoon sa pagtuturo ng katotohanan ng Diyos.

**12:50** Nalalaman ni Jesus na inutusan Siya ng Ama na magbigay ng **buhay na walang hanggan** sa mga sasampalataya sa Kanya. **Kaya't,** ipinahayag ni Cristo ang mensahe ayon sa ibinigay sa Kanya **ng Ama**

Natapos nang magsalita si Jesus sa pagkakataong ito. Ipinakilala ng Panginoon ang Kanyang sarili sa Israel hanggang sa puntong ito. Pitong natatanging mga tanda o mga himala ang naitala. Ipinapakita ng bawat himala ang magiging bunga kapag inilagak ng isang makasalanan ang kanyang pananampalataya kay Cristo. Ang mga tanda ay ang mga sumusunod:

1. Ginawang alak ang tubig sa kasalan sa Cana ng Galilea (2:1–12). Inilalarawan nito ang makasalanang hindi pa nakakaranas ng tunay na kagalakan, pero nagbago ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Cristo.

2. Pagpapagaling sa anak ng isang pinuno (4:46–54). Inilalarawan nito ang makasalanan bilang maysakit at nangangailangan ng espirituwal na kalakasan at kagalingan.
3. Pinagaling ang isang lumpo sa Betesda (kabanatang 5). Ang kawawang makasalanan ay walang kalakasan. Mahina siya at wala siyang magawa para malunasan ang kanyang kondisyon. Pinagaling siya ni Jesus sa kanyang kahinaan at karamdaman.
4. Pagpapakain sa limang libo (kabanatang 6). Ang makasalanan ay walang makain, nagugutom, at nangangailangan ng magbibigay ng kalakasan. Nagbibigay ang Panginoon ng pagkain para sa kanyang kaluluwa para hindi na siya magutom.
5. Pagpapayapa ng Dagat ng Galilea (6:16–21). Nakikita ang makasalanan sa lugar ng panganib. Iniligtas siya ng Panginoon mula sa bagyo.
6. Pagpapagaling sa lalaking bulag mula sa kapanganakan (kabanatang 9). Inilalarawan ng lalaking ito ang pagkabulag ng puso ng tao hanggang sa hipuin ito ng kapangyarihan ni Cristo. Sa tulong ng Banal na Espiritu ay makikita ng tao ang kanyang sariling kasalanan, o ang kagandahan ng Tagapagligtas..
7. Pagbuhay muli kay Lazaro (kabanatang 11). Pinapaalala nito sa atin na ang makasalanan ay patay sa mga kasalanan at kailangan ng buhay mula sa Diyos.

Ang layunin ng mga tandang ito ay para patunayang si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos.

### H. Hinugasan ni Jesus ang mga Paa ng Kanyang mga Alagad (13:1–11)

Sa kabanatang 13 ay nagsimula ang pakikipag-usap ni Jesus sa Kanyang mga alagad sa Silid na nasa Itaas. Hindi na ngayon lumalakad si Jesus sa gitna ng mga masasamang Judio. Nagpahinga na si Jesus kasama ang Kanyang mga alagad sa Jerusalem sa isang silid na nasa itaas. Ito ay para sa huling panahon na makasama sila ni Jesus bago Siya litisin at ipako sa krus. Isa sa pinakapaboritong bahagi sa BT ang Juan 13 hanggang 17.

**13:1** Isang araw bago ang pagkapako, **alam na** ng Panginoong **Jesus na dumating na** ang oras para mamatay Siya, mabuhay muli, at bumalik sa langit**. Minamahal** Niya **ang sariling Kanya** o ang mga tunay na mga mananampalataya. **Sila ay Kanyang minahal hanggang sa katapusan** ng Kanyang gawain sa lupa, at patuloy na

mamahalin hanggang sa walang hanggan. At ipapakita na Niya ngayon kung gaano **Niya sila minahal**.

**13:2** Hindi sinabi ni Juan kung anong **hapunan** ang tinutukoy rito, kung ito ba ay ang Paskuwa, ang Hapunan ng Panginoon, o isang karaniwang pagkain. Inilagay ng **diyablo sa puso ni Judas** na dumating na ang panahon para **ipagkanulo si Jesus.** Matagal nang may planong masama si Judas sa Panginoon bago pa man nangyari ito. Pero binigyan na siya ng hudyat para gawin ang masama niyang mga plano.

**13:3** Binibigyang diin ng talatang 3 kung *sino* ang gumagawa ng gawain ng isang alipin—hindi lang isang rabi o guro, kundi si **Jesus** na nalalaman na Siya ay Diyos. Alam Niya ang gawaing ipinagkatiwala sa Kanya. Alam Niya **na Siya'y nanggaling sa Diyos** at babalik na Siya **sa Diyos.**

**13:4** Yumukod si Jesus at hinugasan ang mga paa ng mga alagad dahil nalalaman Niya kung sino Siya, kung ano ang Kanyang misyon, at kung ano ang mangyayari sa Kanya, Tumindig ang Panginoon **pagkatapos maghapunan,** at **itinabi** Niya **ang Kanyang** mahabang panlabas na **damit.** Pagkatapos ay kumuha Siya ng **tuwalyang** ibinigkis sa Kanyang katawan at ginawa niya ang gawain ng isang alipin. Puwede nating asahan na ang pangyayaring ito ay nasa Ebanghelyo ni Marcos na itinuturing na Ebanghelyo ng Perpektong Alipin. Pero kapansin-pansin na ang pangyayaring ito ay mababasa natin dito sa Ebanghelyo ni Juan na itinuturing na Ebanghelyo ng Anak ng Diyos.

Ipinapaalala sa atin ng paghuhugas ni Jesus sa paa ng mga alagad kung paano Niya iniwan ang magandang tahanan Niya sa langit, bumaba rito sa sanlibutan bilang isang Alipin, at naglingkod sa Kanyang mga nilikha.

**13:5** Sa mga bansa dati na nasa Silangan, kailangang **hugasang** madalas ng isang tao ang kanyang **mga paa** dahil sandalyas ang gamit nila. Kapag may inimbitahang panauhin ang isang tao, may alipin na nakatalaga na dapat maghuhugas ng mga paa ng panauhin. Ginawa ni Jesus ang mapagkumbabang gawaing ito ng isang alipin. "Si Jesus na naghuhugas ng paa ng taong nagtaksil sa Kanya—isang pambihirang larawan ito. Napakaraming aral ang matutuhan natin dito."

**13:6** Nagulat si Pedro nang **huhugasan** ng Panginoong ang ***kanyang* mga paa**. Hindi siya sumang-ayon na ang Taong napakadakila gaya ng Panginoon ay dapat magpakababa para sa taong hindi karapat-dapat tulad niya. “Nakakabagabag na makita ang Diyos sa gawain ng isang alipin.”

**13:7** Itinuro ngayon ni **Jesus** kay Pedro na mayroong espirituwal na kahulugan ang ginagawa Niya. Ang paghuhugas ng paa ay isang larawan ng espirituwal na paghuhugas. Alam ni Pedro na hinuhugasan ni Jesus ang kanyang mga paa. Pero **hindi** niya **nauunawaan** ang espirituwal na *kahulugan* nito. **Malalaman** niya ito mamaya dahil ipapaliwanag ito ng Panginoon. At **malalaman** pa niya ito nang patawarin si Pedro ng Panginoon matapos niyang ipagkaila Siya.

**13:8** Inilarawan ni **Pedro** ang kasamaan ng kalikasan ng tao. Sinabi niya na **hindi kailanman huhugasan** ng Panginoon ang kanyang **mga paa**—at dito ang “hindi kailanman” ay literal na nangangahulugang “hindi mangyayari kahit sa walang hanggan.” Sinagot ng Panginoon si Pedro na kung hindi Niya huhugasan ang kanyang mga paa, wala siyang pakikiisa kay Jesus. Inilahad na ngayon ang kahulugan ng paghuhugas ng paa. Nakakagawa pa rin ng kasalanan ang mga Cristiano. Nakakapakinig sila ng masasamang usapan, nakakatingin sila sa mga bagay na hindi banal, at nakikisalamuha sa mga hindi mananampalataya. Ito ang kalimitang nagiging kasalanan ng isang Cristiano na nagpapadumi sa kanya kaya kailangan niya ang patuloy na paglilinis.

Nagaganap ang paglilinis na ito sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Makikita natin na nililinis tayo ng Biblia mula sa masamang nakakaimpluwensya sa atin tuwing binabasa, pinapakinggan at pinag-aaralan natin ito. Sa kabilang banda naman, kapag lalo nating hindi pinapahalagahan ang Biblia, mas lalong mananatili sa ating mga isipan at mga buhay ang masasamang mga impluwensiya nang hindi nagdudulot sa atin ng matinding pagkabahala. Nang sabihin ni Jesus, **“hindi ka magkakaroon ng bahagi sa Akin,”** hindi Niya ibig sabihin na hindi maaaring maligtas si Pedro kung siya ay hindi Niya huhugasan. Sa halip, ang pakikisama sa Panginoon ay mapapanatili lamang sa pamamagitan ng patuloy na paglilinis ng Banal na Kasulatan sa kanyang buhay.

**13:9, 10** Iba naman ngayon ang sinasabi ni **Pedro**. Kanina lamang, sinabi niya, “Hindi kailanman.” Ngayon naman sinabi niya, “Hugasan mo ako ng buo.”

Muling dumudumi ang mga paa ng isang tao pagkatapos niyang maligo. Hindi niya kailangang maligo muli, pero kailangan niyang hugasan muli ang kanyang mga paa. **“Ang napaliguan na ay hindi na kailangang hugasan maliban ang kanyang mga paa, sapagkat malinis nang lubos.”** May pagkakaiba sa pagitan ng paliligo at sa paghuhugas ng paa sa palanggana. Tumutukoy ang *paliligo* sa paglilinis na natanggap sa oras ng kaligtasan ng isang tao. Isang beses lamang nagaganap ang paglilinis mula sa *parusa* ng kasalanan at sa pamamagitan ito ng dugo ni Cristo. Tumutukoy naman ang paghuhugas sa *palanggana* sa paglilinis mula sa *karumihan* sa kasalanan at dapat patuloy na maganap sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Minsan lang natin tatanggapin ang pagpapatawad sa lahat ng ating mga kasalanan. Samantala, ang pagpapatawad sa mga kasalanang nagagawa natin bawat araw ay palagi nating matatanggap mula sa Diyos. **“Kayo’y malinis na, ngunit hindi ang lahat”** ay nangangahulugan na natanggap ng mga alagad ang pagkapangank muli—lahat ng mga alagad maliban kay Judas. Hindi kailanman siya naligtas.

**13:11** Dahil alam ni Jesus ang lahat ng mga bagay, **nalalaman** Niya na si Judas ang **magkakanulo sa Kanya.** Kaya naman sinabi niya na may isa na hindi kailanman tumanggap ng pagtutubos sa kasalanan.

**I. Tinuruan ni Jesus ang Kanyang mga Alagad na Sundin ang Kanyang Halimbawa (13:12–20)**

**13:12** **Hinugasan** ni Cristo ang **mga paa** ng *lahat* ng mga alagad. Pagkatapos ay isinuot Niya ang **Kanyang** mga panlabas na **damit at muling naupo** para ipaliwanag sa kanila ang espirituwal na kahulugan ng Kanyang ginawa. Sinimulan Niya ang pagpapaliwanag sa pamamagitan ng isang tanong. May mapupulot tayong aral sa mga tanong ni Jesus. Ang pagtatanong ang isa sa pinakamabisang paraan Niya ng pagtuturo.

**13:13, 14** Kinilala ng mga alagad si Jesus bilang kanilang **Guro at Panginoon,** at tama sila doon. Pero ipinakita ng Kanyang halimbawa na ang pagiging alipin ang pinakamataas na posisyon sa kaharian ng Diyos.

**Kung hinugasan** ng **Panginoon at Guro** ang **mga paa** ng mga alagad, anong dahilan ang mayroon sila para hindi nila hugasan ang **mga paa ng isa’t isa?** Ibig bang sabihin ng Panginoon na *literal* na kailangan nilang hugasan ng tubig ang mga paa ng bawat isa?[42] Nagsasabi ba Siya dito ng isang utos para sa iglesia? Ang sagot dito ay hindi, dahil espirituwal ang kahulugan nito. Sinasabi Niya sa kanila na dapat nilang panatilihing malinis ang bawat isa sa pamamagitan ng patuloy na pagsasama-sama sa pag-aaral ng Kanyang Salita. Kapag nakikita ng isa ang kanyang kapatid na lumalayo sa Panginoon o nagiging makamundo, dapat niyang payuhan siya ng may pagmamahal at pagpapaalala ng mga turo mula sa Biblia.

**13:15, 16** **Binigyan** sila ng Panginoon ng halimbawa. Isang aral ito kung ano ang **dapat** nilang **gawin** sa isa’t isa sa espirituwal na paraan.

Kung nagiging hadlang ang pagiging mayabang natin o ang ating galit para magpakumbabang paglingkuran ang ating mga kapatid, dapat nating tandaan na **hindi** tayo **higit na dakila kaysa** ating **Panginoon.** Nagpakumbaba Siya para hugasan ang mga hindi karapat-dapat at mga walang utang na loob, at alam Niya na ipagkakanulo Siya ng isa sa kanila. Maglilingkod ka ba sa isang tao kung nalalaman mong ipagkakanulo ka niya dahil sa pera? Dapat hindi mataas ang turing ng mga **sinugo** (ang mga alagad) sa kanilang mga sarili para gawin ang anuman na ginawa ng Taong **nagsugo** (ang Panginoong Jesus) sa kanila.

**13:17** Magandang **malaman ang mga** katotohanan tungkol sa pagpapakumbaba, pagiging mapagbigay at paglilingkod. Puwedeng malaman ng isang tao ang mga ito pero hindi naman niya isinasabuhay. Ang mahalaga ay ang *pagsasabuhay* ng mga ito.

**13:18** **Hindi** kasama si Judas sa kung anuman ang itinuturo ni Jesus tungkol sa paglilingkod. Hindi siya isa sa mga isusugo ng Panginoon sa mundo upang ipangaral ang ebanghelyo. Alam ni Jesus na dapat **matupad** ang Banal na Kasulatan tungkol sa Kanyang pagkakanulo—gaya ng nasusulat sa Awit 41:9. Isa si Judas na kasama ng Panginoon sa loob ng tatlong taon. Pero **itinaas niya ang kanyang sakong laban** sa Kanya. Isa itong pahayag na tumutukoy na ipinagkanulo niya ang Panginoon. Inilarawan ng

Panginoon ang nagtaksil sa Kanya sa Awit 41 bilang “ang matalik kong kaibigan.”

**13:19** Nauna nang sinabi ng Panginoon sa kanyang mga alagad na ipagkakanulo Siya para **kapag ito ay mangyari**, malalaman ng mga alagad na tunay na Diyos si Jesus. Puwedeng alisin ang salitang Ako sa hulihan ng talatang ito. **“Maniwala kayo na Ako Nga.”** Ang Jesus ng Bagong Tipan ay ang Jehovah ng Lumang Tipan. Kaya naman, ang pagkakatupad ng propesiya ang isa sa mga dakilang patunay ng pagka-Diyos ni Cristo at inspirasyon ng Banal na Kasulatan.

**13:20** Nalalaman ng Panginoon na ang Kanyang pagkakanulo ay puwedeng maging dahilan para matisod o magduda ang ibang mga alagad. Kaya idinagdag Niya ang salitang ito na magbibigay ng lakas ng loob at pag-asa sa kanila. Dapat nilang alalahanin na isinusugo sila para sa isang banal na misyon. Dapat silang makilala na sila ay kay Cristo para ang pagtanggap sa *kanila* ay katulad ng pagtanggap sa *Kanya*. Isa pa, ang mga tumanggap kay Cristo ay tumanggap din sa Diyos Ama. Sa gayon, gagaan ang loob nila dahil sa malapit nilang relasyon sa Diyos Anak at Diyos Ama.

**J. Hinulaan ni Jesus ang Pagkakanulo sa Kanya (13:21–30)**

**13:21, 22** Labis na **nabagabag** ang Panginoon dahil nalalaman Niyang isa sa Kanyang mga alagad ang magkakanulo sa Kanya. Tila binibigyan dito ni Jesus ng huling pagkakataon ang magtataksil sa Kanya para talikuran ang kanyang masamang plano. Sinabi ng Panginoon na **isa sa** labindalawa ay **ipagkakanulo** Siya. Hindi Niya direktang sinasabi kung sino ito. Gayunpaman, hindi ito nagpabago sa isipan ni Judas.

Hindi pinaghinalaan ng ibang mga alagad si Judas. Nagulat sila na isa sa kanila ang gagawa ng bagay na ito at napaisip sila kung sino ito.

**13:23** Noong mga panahong iyon, hindi sa isang mataas na mesa kumakain ang mga tao, kundi umuupo sila sa mababang mga upuan. Si Juan ang alagad **na minamahal ni Jesus** ang sumulat ng Ebanghelyong ito. Hindi niya binanggit ang sarili niyang pangalan. Pero hindi siya nag-atubiling banggitin ang katotohanang espesyal siyang minamahal ng Tagapagligtas. Mahal ng Panginoon ang lahat

ng mga alagad. Pero tinamasa ni Juan ang isang espesyal na pakikisama sa Kanya.

**13:24, 25** **Humudyat si Pedro** kaysa magsalita ng naririnig. Siguro sa pamamagitan ng pagtango ng kanyang ulo, hiniling niya kay Juan na alamin ang pangalan ng magtataksil sa Panginoon.

**Kayat' yamang nakahilig malapit kay Jesus,** tinanong ni Juan nang pabulong si Jesus at maaaring sinagot din siya sa mahinang tinig.

**13:26** **Sumagot si Jesus** na **bibigyan** Niya **ng tinapay …na isinawsaw** sa alak o katas ng karne ang magtataksil sa Kanya. Sinasabi ng ilan na ang isang nakatira sa bansang Silangan na nag-imbita ng isang kainan ay nagbibigay ng tinapay sa kanyang bisita. Si **Judas** ang pinarangalang bisita at sinusubukan ng Panginoon na hikayatin siya sa pagsisisi sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at pag-ibig. Sinasabi ng iba na karaniwang ipinapasa ang tinapay tuwing hapunan ng Paskuwa. Kung totoo ito, umalis na si Judas habang hapunan ng Paskuwa at bago sinimulan ang Banal na Hapunan ng Panginoon.

**13:27** Inilagay na ng diyablo sa puso ni Judas na ipagkanulo ang Panginoon. **Pumasok** na ngayon **si Satanas sa kanya.** Tukso lamang ito sa pasimula. Pero isinaisip ito ni Judas, nagustuhan niya ito, at sumang-ayon siya rito. Kinontrol ngayon siya ng diyablo. Dahil nalalaman ni Jesus na desidido na si Judas, sinabi ng Panginoon sa kanya na **gawin** ito nang **mabilis.** Malinaw na hindi hinihikayat ni Jesus si Judas na gumawa ng masama kundi nagpapahayag lamang Siya ng kalungkutan sa gagawin ni Judas.

**13:28, 29** Pinatunayan ng talatang ito na hindi narinig ng ibang mga alagad ang nakaraang pag-uusap nina Jesus at Juan tungkol sa tinapay. Hindi pa rin nila alam na ipagkakanulo ni Judas ang kanilang Panginoon.

**Iniisip ng ilan** na sinabi lamang ni Jesus kay Judas na mabilis na umalis at **bumili** ng anumang kailangan **sa pista.** Dahil si Judas ang nagtatago ng kanilang pera, inisip nila na inutusan siya ng Tagapagligtas na magbigay ng donasyon **sa mga dukha.**

**13:30** **Tinanggap** ni Judas **ang tinapay** bilang isang tanda ng espesyal na pabor, at pagkatapos ay iniwan ang Panginoon at ang ibang mga alagad. Idinagdag ng Banal na Kasulatan ang makabuluhang mga salitang **noon ay gabi na.** Hindi lamang literal na **gabi na noon**. Kundi **noon ay gabi na** sa espirituwal na buhay ni Judas. Naglalarawan ito ng isang gabi ng kalungkutan at pagsisisi na hindi matatapos kailanman. Palaging kalungkutan ang mararamdaman kapag tinalikuran ng mga tao ang Tagapagligtas.

**K. Ibinigay ang Bagong Utos (13:31–35)**

**13:31** Nang makaalis na si Judas, nagsimula nang kausapin ni **Jesus** ang mga alagad sa mas malaya at masinsinang paraan. Nawala na ang tensyon. Sinabi ni Jesus, **"Ngayon ay niluwalhati ang Anak ng Tao."** Inaasam ng Panginoon ang pagsasakripsyo na gagawin Niya. Tila pagkatalo ang kamatayan Niya, pero ito ang magiging paraan upang mailigtas ang mga makasalanang mapapahamak. Sinundan ito ng Kanyang muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit, at lubos Siyang pinarangalan sa lahat ng ito. **At ang Diyos ay niluwalhati sa** gawain ng Tagapagligtas. Dahil sa ginawang pagliligtas ni Jesus, ipinakita ang Diyos bilang Diyos na *banal* na hindi pinapalagpas ang kasalanan. Pero *mapagmahal* din ang Diyos na hindi nais ang kamatayan ng makasalanan. Ipinakita nito kung paano Siya maaaring maging *makatarungang* Diyos, pero kayang *ipawalang-sala* ang mga makasalanan. Ang bawat katangian ng Diyos ay lubos na ipinakita sa Kalbaryo.

**13:32** **"Kung ang Diyos ay niluwalhati sa Kanya,"** at naluwalhati nga ang Diyos,[43] **"Luluwalhatiin din Siya ng Diyos sa Kanya."** Makikita ng Diyos na mabibigyan ng angkop na karangalan ang minamahal Niyang Anak. **"At luluwalhatiin Siya kaagad"**—nang walang pagpapaliban. Ginanap ng Diyos Ama ang hulang ito ng Panginoong Jesus sa pamamagitan ng pagbuhay sa Kanya mula sa mga patay at pag-upo sa Kanya sa langit. Hindi hihintayin ng Diyos na maluwalhati ang Anak hanggang maitayo ang kaharian. **Luluwalhatiin** Niya **kaagad** ang Kanyang Anak.

**13:33** Sa unang pagkakataon, tinukoy ng Panginoong Jesus ang Kanyang mga alagad bilang **maliliit na mga anak**—isang katawagan ng pagmamahal. At ginamit lamang Niya ito matapos umalis ni Judas. **Makakasama** na lamang nila Siya **nang kaunting panahon.** Pagkatapos ay mamatay na Siya sa krus. **Hahanapin** nila Siya, pero hindi nila Siya masusundan dahil babalik na Siya sa

langit. Ganito din ang sinabi ng Panginoon sa **mga Judio**. Pero iba ang ibig Niyang sabihin noon. Para sa mga alagad, hindi permanente ang Kanyang pag-alis. Babalik si Jesus para sa kanila (kabanata 14). Pero para sa **mga Judio,** ang pag-iwan Niya sa kanila ay tiyak na. Babalik na Siya sa langit, at hindi nila Siya masusundan dahil sa kanilang hindi pagsampalataya.

**13:34** Sa pag-alis ni Jesus, pamumunuan sila ng **utos** ng **pagmamahalan.** Hindi bago ang utos na ito dahil itinuturo ng Sampung Utos ang pagmamahal sa Diyos at sa kapwa. Pero **bago** ang **utos** na ito sa ibang paraan. **Bago** ito dahil bibigyan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu ang mga mananampalataya na sundin ito. **Bago** ito sa paraang *nakakahigit* ito sa dating utos. Sinabi ng dating utos na, "Mahalin mo ang iyong *kapwa,*" pero sinabi naman ng bagong utos na, "Mahalin mo ang iyong mga *kaaway*."

Malinaw na ipinaliwanag ngayon ang utos ng pag-ibig sa iba. Ipinatupad ito ng may bagong mga motibo at obligasyon, ipinakita ito ng bagong halimbawa, at sinunod sa bagong paraan.

Gaya ng ipinaliwanag sa talata, bago rin ito dahil humihikayat ito para sa *mas mataas na antas* ng pag-ibig: **"Kung paanong minahal Ko kayo, magmahalan din kayo sa isa't isa."**

**13:35** Ang sagisag ng pagiging isang Cristiano ay hindi isang krus na ikinukuwintas sa leeg, o pagsusuot ng natatanging uri ng pananamit. Kahit sino ay puwedeng ipahayag ang pagiging Cristiano sa pamamagitan ng mga ito. Pero ang tunay na tanda ng pagiging isang Cristiano ay **pag-ibig** sa kanyang kapwa Cristiano. Nangangailangan ito ng banal na kapangyarihan, at ang kapangyarihang ito ay ibinibigay lamang sa mga pinananahanan ng Espiritu.

**L. Hinulaan ni Jesus ang Pagkakaila ni Pedro (13:36–38)**

**13:36** Hindi naunawaan ni **Simon Pedro** na nagsalita si Jesus tungkol sa Kanyang kamatayan. Akala niya ay may pupuntahan lamang si Jesus at hindi niya naunawaan kung bakit hindi siya makakasama. Ipinaliwanag ni Jesus na **makakasunod** si Pedro sa Kanya pagkatapos. Iyon ay kapag namatay na Siya, pero hindi pa sa ngayon.

**13:37** Ipinahayag ni **Pedro** ang kagustuhang mamatay para sa Panginoon. Akala niya ay kaya niyang tiisin ang kamatayan ng pagiging isang martir sa sarili niyang kalakasan. Namatay si Pedro para sa Panginoon. Pero ito ay dahil binigyan siya ng natatanging kalakasan at katapangan ng Diyos.

**13:38** Siniyasat ni **Jesus** ang "sigasig na walang karunungan" ni Pedro sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanya ng isang bagay na mismong siya ay hindi niya nalalaman—na bago matapos ang gabi, ipagkakaila ni Pedro ang Panginoon ng **tatlong beses.** Kaya naman, napaalalahanan si Pedro ng kanyang kahinaan at kawalan ng kakayahang sundin ang Panginoon sa pamamagitan ng sarili niyang kalakasan kahit ilang oras lamang.

**M. Si Jesus: ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay (14:1–14)**

**14:1** Iniuugnay ng iba ang talatang 1 sa huling talata ng kabanatang 13 at ipinapalagay na sinabi ito kay Pedro. Kahit na ipapagkaila niya ang Panginoon, may sinabi naman ang Panginoon na makakapagpalakas ng kanyang loob. Pero ang salitang "ye" sa lumang Ingles o "inyo" sa Tagalog ay nagpapakita na sinabi ito sa *lahat* ng mga alagad, kaya dapat huminto na tayo sa kabanatang 13. Tila ganito ang sinasabi ng talata: "Aalis ako, at hindi ninyo Ako makikita. Pero **huwag mabagabag ang inyong puso; sumampalataya kayo sa Diyos,** kahit na hindi ninyo Siya nakikita. **Sumampalataya** din **kayo sa Akin** sa ganoong paraan." Narito muli ang isang mahalagang pahayag ng pagkakapantay ni Jesus sa Diyos.

**14:2** Ang **bahay ng Aking Ama** ay tumutukoy sa langit, kung saan maraming lugar na tahanan. May lugar doon para sa lahat ng mga tinubos. **Kung hindi gayon, sasabihin** ng Panginoon sa kanila; hindi Niya sila papaniwalain sa maling pag-asa. Maaaring may dalawang kahulugan ang **"Ako'y paparoon upang ihanda Ko ang lugar para sa inyo"** Pumunta ang Panginoong Jesus sa Kalbaryo para maghanda ng lugar para sa mga taong sasampalataya sa Kanya. Ang mga mananampalataya ay nakakatiyak ng lugar doon dahil sa Kanyang kamatayang tumutubos. Pero bumalik rin ang Panginoon sa langit para maghanda ng lugar. Wala tayong masyadong nalalaman sa lugar na ito. Pero alam natin na ginagawa ito para sa bawat anak ng Diyos—"isang lugar na inihanda para sa inihandang mga tao."

**14:3** Tumutukoy ang talatang 3 sa panahon kung kailan **babalik muli** ang Panginoon sa alapaap, kung kailan ang mga namatay sa pananampalataya ay muling bubuhayin, kung kailan babaguhin ang mga nabubuhay, at kung kailan ang lahat ng taong binili ng Kanyang dugo ay dadalhin sa langit (1 Tes. 4:13–18; 1 Cor. 15:51–58). Personal at literal ito na pagdating ni Cristo. Kung paanong tiyak Siyang umalis, tiyak din Siyang **babalik.** Ang nais Niya ay makasama ang sariling Kanya hanggang sa walang hanggan.

**14:4, 5** Pupunta Siya sa langit, at nalalaman nila **ang daan** papuntang langit, dahil maraming beses na Niyang sinabi ito sa kanila.

Tila hindi naintindihan ni **Tomas** ang ibig sabihin ng sinabi ng Panginoon. Katulad ni Pedro, siguro ay iniisip niya na may pupuntahan lamang si Jesus na isang lugar dito sa lupa.

**14:6** Malinaw na sinabi ng magandang talatang ito na ang Panginoong Jesu-Cristo ang mismong **daan** sa langit. Hindi lamang Niya ipinapakita ang daan; Siya *ang* **daan.** Nasa Tao ang kaligtasan. Tanggapin ang Taong iyon bilang sariling iyo, at magkakaroon ka ng kaligtasan. Si Cristo ang Cristianismo. Hindi isa ang Panginoong Jesus sa maraming paraan. Siya lamang ang *tanging* Daan. **Sinuman ay hindi makakarating sa Ama kundi sa pamamagitan** Niya. Ang daan sa Diyos ay hindi sa pamamagitan ng Sampung Utos, ng "*Golden Rule*", mga ordinansa, at pagiging miyembro ng iglesya. Ito ay sa pamamagitan ni Cristo at ni Cristo lamang. Marami ang nagsasabi ngayon na hindi mahalaga ang pinaniniwalaan mo basta't matapat ka. Sinasabi nila na mayroong kabutihan ang lahat ng relihiyon at tumutungo din naman ang lahat ng ito sa langit. Pero sinabi ni Jesus, **"Sinuman ay hindi makakarating sa Ama kundi sa pamamagitan Ko."**

Ang Panginoon din ay **ang katotohanan.** Hindi lamang Siya Taong nagtuturo ng katotohanan. Siya *ang* **katotohanan.** Siya ang larawan ng Katotohanan. Ang mga taong mayroong Cristo sa buhay ay mayroong Katotohanan. Hindi ito matatagpuan kahit saan man.

Si Cristo **ang buhay.** Siya ang pinagmumulan ng buhay, parehong espirituwal at walang hanggan. Ang mga tumanggap sa Kanya ay mayroong buhay na walang hanggan dahil Siya *ang* Buhay.

**14:7** Muling itinuro ng Panginoon ang mahiwagang pagkakaisa na mayroon sa pagitan Niya at ng Ama. Kung nakilala ng mga alagad kung sino talaga si Jesus, **makikilala rin** nila ang **Ama,** dahil ipinahayag ng Panginoon ang Ama sa mga tao. **Mula ngayon,** at lalo na pagkatapos mabuhay muli ni Cristo, mauunawaan ng mga alagad na si Jesus ang Anak ng Diyos. Maiisip nila kung gayon na ang makilala si Cristo ay ang **makilala** din ang Ama, at ang makita ang Panginoong Jesus ay ang makita din ang Diyos. Hindi itinuturo ng talatang ito na ang Diyos at ang Panginoong Jesus ay magkatulad na Persona. May tatlong tiyak na *Persona* sa pagka-Diyos o *Trinity* sa wikang Ingles. Pero may *iisa* lamang *Diyos*.

**14:8** Gusto ni **Felipe** na magbigay ang **Panginoon** ng ilang natatanging pahayag ng **Ama**, at iyon lamang ang kanyang hihingin. Hindi niya naunawaan na ang lahat ng kung ano ang Panginoon, kung ano ang Kanyang ginawa at sinabi ay kapahayagan ng Ama.

**14:9** Malumanay na itinama siya ni Jesus. Nakasama ni Felipe ang Panginoon sa **mahabang** panahon. Isa siya sa mga unang alagad na tinawag (Juan 1:43). Pero ang kabuuang katotohanan ng pagka-Diyos ni Cristo at ng Kanyang pagiging isa sa Ama ay hindi pa lubos na nauunawaan ni Felipe. Hindi niya alam na kapag tumingin siya kay Jesus, tumitingin din siya sa Taong perpektong ipinapakita ang **Ama.**

**14:10, 11** Inilalarawan ng mga salitang **"Ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin?"** ang malapit na pagkakaisa sa pagitan ng **Ama** at ng Anak. Magkahiwalay Sila na Persona, pero iisa Sila sa katangian at kalooban. Hindi dapat tayong panghinaan ng loob kung hindi natin ito maunawaan. Walang sinuman ang lubos na mauunawaan ang tungkol sa pagka-Diyos. Dapat nating ibigay sa Diyos ang kapurihan sa pagkakaalam ng mga bagay na kailanman ay hindi natin mauunawaan. Kung lubos natin Siyang nauunawaan, magiging kasingdakila natin Siya. May kapangyarihan si Jesus na sabihin ang mga pananalita at gawin ang mga himala. Pero pumarito Siya sa mundo bilang Alipin ni Jehovah at nagsalita Siya at gumawa sa perpektong pagsunod sa Ama.

Dapat **sumampalataya** ang mga alagad na kaisa ni Jesus ang **Ama** dahil sa Kanyang sariling patotoo sa katotohanang iyon. Pero kung hindi naman, dapat silang **sumampalataya** dahil sa **mga gawang** ginawa Niya.

**14:12** Hinulaan ng Panginoon na ang mga sumampalataya sa Kanya ay gagawa ng mga himala gaya ng ginagawa Niya, at **lalong dakilang mga gawa** pa nga. Sa aklat ng mga Gawa, mababasa nating gumawa ang mga apostol ng mga himala na pagpapagaling sa katawan kagaya ng mga ginawa ng Tagapaglitas. Pero mababasa rin natin ang lalong dakilang mga himala—kagaya ng pagbabalik-loob ng tatlong libo sa araw ng Pentekostes. Walang dudang sa pagpapahayag ng ebanghelyo sa buong mundo, sa kaligtasan ng napakaraming kaluluwa, at sa pagtatayo ng iglesya ang tinutukoy ng Panginoon sa pahayag na **lalong dakilang mga gawa.** Mas **lalong dakila** ang magligtas ng mga kaluluwa kaysa ang magpagaling ng mga katawan. Nang bumalik ang Panginoon sa langit, niluwalhati Siya, at ipinadala ang Banal na Espiritu sa mundo. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu kaya nakagawa ang mga apostol ng lalong dakilang mga himalang ito.

**14:13** Nakakapagpalakas ng loob sa mga alagad na malaman nila na kahit na iiwan sila ng Panginoon ay puwede silang manalangin sa Ama sa Kanyang Pangalan at matatanggap nila ang kanilang mga kahilingan. Hindi ibig sabihin ng talatang ito na makukuha ng isang mananampalataya mula sa Diyos ang anumang nais niya. Ang susi para maunawaan ang pangako ay nasa mga salitang **sa Aking pangalan—anumang hingin ninyo sa Aking pangalan.** Ang paghiling sa Pangalan ni Jesus ay hindi lamang pagsabi ng Kanyang Pangalan sa hulian ng ating panalangin. Paghiling ito alinsunod sa Kanyang isipan at kalooban. Paghiling ito sa mga bagay na magluluwalhati sa Ama, magpapala sa sangkatauhan, at para sa ating sariling kabutihang espirituwal.

Para makahiling tayo sa Pangalan ni Cristo, dapat mamuhay tayong may malapit na pakikiisa sa Kanya. Kung hindi ay hindi natin malalaman ang Kanyang saloobin. Kung mas malapit tayo sa Kanya, mas magiging katulad ng sa Kanya ang ating mga pagnanais. **Naluwalhati ang Ama sa Anak** dahil ninanais lamang ng Anak ang mga bagay na nakakalugod sa paningin ng Diyos. Kapag inilahad at ipinagkaloob ang mga panalanging ganito, nagdudulot ito ng lalong dakilang kaluwalhatian sa Diyos.

**14:14** Inulit ang pangako para mabigyang diin ito at para mapalakas ang loob ng mga mananampalataya ng Diyos. Mamuhay nang naaayon sa kalooban ng Diyos, lumakad sa pakikipag-isa sa

Kanya, **humingi** ng **anuman** na nanaisin ng Panginoon, at sasagutin ang iyong mga panalangin.

**N. Ang Pangakong Isa Pang Katulong (14:15–26)**
**14:15** Malapit nang iwan ng Panginoong Jesus ang Kanyang mga alagad, at mababalot sila ng kalungkutan. Paano nila ipapahayag ang kanilang **pagmamahal** sa Kanya? Ang sagot ay sa pamamagitan ng pagtupad ng Kanyang mga utos. Hindi sa pamamagitan ng mga luha, kundi sa pamamagitan ng pagsunod. Ang **mga utos** ng Panginoon ay ang mga tagubilin na ibinigay Niya sa atin sa mga aklat ng Ebanghelyo, at maging sa iba pang aklat ng Bagong Tipan (BT).

**14:16** Ang salitang isinalin na **hihingin** na ginamit dito ng ating Panginoon ay hindi katulad na salitang ginagamit para humiling ang isang mababang tao sa mas nakakataas sa kanya. Kundi isa itong paghiling sa taong kapantay niya. **Hihingin** ng Panginoon **sa Ama** na magpadala ng **isa pang Katulong.** Ibig sabihin ng salitang Katulong (Mang-aaliw) ay isang tinawag para tumulong sa iba. Isinalin din itong Tagapagtanggol (1 Jn. 2:1). Ang Panginoong Jesus ay ang ating Tagapagtanggol o Katulong, at ang Banal na Espiritu ang **isa pang Katulong**—hindi isa pa na naiibang uri, kundi isa pa na katulad sa kalagayan. **Makakasama** ng Banal na Espiritu ang mga mananampalataya **magpakailanman.** Sa Lumang Tipan (LT), pumasok ang Banal na Espiritu sa mga tao sa iba't ibang panahon, pero iniiwan silang madalas. Pero ngayon ay darating Siya para manatili **magpakailanman.**

**14:17** Tinawag ang Banal na Espiritu na **Espiritu ng katotohanan** dahil ang Kanyang katuruan ay totoo at niluluwalhati Niya si Cristo na Siyang katotohanan. **Hindi kayang tanggapin ng sanlibutan** ang Banal na Espiritu dahil hindi Siya nakikita nito. Gusto munang makakita ng mga hindi mananampalataya bago sila sumampalataya sa isang bagay. Halimbawa, kahit na hindi naman nila nakikita ang hangin at elektrisidad, naniniwala sila dito. Hindi nalalaman o nauunawaan ng hindi ligtas ang Banal na Espiritu. Maaaring mangusap sa kanila ang Banal na Espiritu na kasalanan ang ginagawa nila, pero hindi nila nalalaman na Siya ang nangungusap sa kanila. Nakikilala ng mga alagad ang Banal na Espiritu. Nakilala nila Siya na kumilos sa sarili nilang mga buhay at nakita Siyang kumilos sa pamamagitan ng Panginoong Jesus.

**“Siya’y nananatiling kasama ninyo at mapapasa inyo.”** Bago ang Pentecostes, pumasok ang Banal na Espiritu sa mga tao at nanahan **kasama** nila. Pero simula ng Pentecostes, kapag sumampalataya ang isang tao sa Panginoong Jesus, mananatili ang Banal na Espiritu sa buhay ng taong iyon magpakailanman. Ang panalangin ni David na, “Huwag Mong alisin ang Banal na Espiritu sa akin,” ay hindi na angkop sa ngayon. Hindi kailanman aalisin ang Banal na Espiritu mula sa isang mananampalataya, kahit na maaaring malungkot o mahadlangan ang Banal na Espiritu.

**14:18** **Hindi iiwan** ng Panginoon ang Kanyang mga alagad nang **nag-iisa**, o ulila. Muli Siyang **darating** para sa kanila. Ang isang kahulugan ng talatang ito ay dumating Siya sa kanila pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay. Pero nakakapagduda na iyon ang ibig sabihin dito ng talata. Ang isa pang kahulugan ay dumating Siya sa kanila sa Persona ng Banal na Espiritu sa araw ng Pentecostes. Ang espirituwal na pagdating na ito ay ang tunay na kahulugan dito. “May isang bagay tungkol sa Pentecostes kaya naging pagdating ito ni Jesus.” Ang ikatlo pang kahulugan ay literal Siyang darating muli sa kanila sa katapusan ng panahong ito, kung kailan dadalhin Niya sa langit ang Kanyang mga pinili.

**14:19** Puro mananampalataya ang nakakita sa Panginoong Jesus pagkatapos ng Kanyang libing. Matapos Siyang buhaying muli, nakita lamang Siya ng mga nagmamahal sa Kanya. Pero kahit na pagkatapos ng Kanyang pag-akyat sa langit o *Ascension* sa wikang Ingles, patuloy Siyang nakita ng Kanyang mga alagad sa pamamagitan ng pananampalataya. Walang dudang ito ang ibig sabihin sa mga salitang **“ngunit makikita ninyo Ako.”** Kapag hindi na Siya nakikita ng sanlibutan, patuloy Siyang makikita ng Kanyang mga alagad. **“Sapagkat Ako ay nabubuhay ay mabubuhay rin kayo.”** Dito ay inaasahan ni Jesus ang muli Niyang pagkabuhay. Ito ang ipinangakong buhay para sa lahat na nagtiwala sa Kanya. Kahit na mamatay sila, muli silang bubuhayin para hindi na muling mamatay.

**14:20** Maaaring tumutukoy muli ang **“sa araw na iyon”** sa pagbaba ng Banal na Espiritu. Tuturuan Niya ang mga mananampalataya sa katotohanan na gaya ng pagkakaroon ng mahalagang ugnayan sa pagitan ng Anak at ng Ama, nang sa gayon ay magkakaroon ng kahanga-hangang pagkakaisa sa pagitan ni Cristo at ng Kanyang mga banal. Mahirap ipaliwanag kung paanong

si Cristo ay **nasa** mananampalataya, at ang mananampalataya ay **na kay** Cristo. Ang karaniwang larawan ay ang *poker* o isang metal na ginagamit sa apoy. Kapag ginagamit ang *poker* sa apoy, hindi lamang inilalagay ang *poker* sa apoy, kundi ang apoy ay napupunta din sa *poker*.[44] Pero hindi nito ipinapaliwanag ang buong kuwento. Si Cristo ay nasa mananampalataya sa kaisipan na ang buhay Niya ay may kaugnayan sa mananampalataya. Tunay na nananahan Siya sa mananampalataya sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ang mananampalataya ay na kay Cristo sa katotohanang nakatayo siya sa harapan ng Diyos dahil sa lahat ng kabutihan ng katangian at ginawa ni Cristo.

**14:21** Ang tunay na katibayan ng pagmamahal ng isang tao sa Panginoon ay ang pagsunod sa Kanyang mga **utos.** Walang saysay na magsabi tayo na mahal natin ang Panginoon kung ayaw naman natin Siyang sundin. Sa isang banda, mahal ng Ama ang buong sanlibutan. Pero mayroon espesyal na pagmamahal ang Diyos Ama sa mga nagmamahal sa Kanyang Anak na si Jesus. Mahal din ni Cristo ang mga nagmamahal sa Kanya at ipinapahayag Niya ang Kanyang sarili sa kanila sa isang natatanging paraan. Kapag mas lalo nating minamahal ang Tagapagligtas, mas lalo natin Siyang makikilala.

**14:22** Ang **Judas** na binanggit dito ay hindi mapalad dahil kapangalan niya ang nagtaksil kay Jesus. Pero mabuting kinilala siya ng Espiritu ng Diyos na hindi siya ang Judas mula sa **Iscariote.** Hindi niya maunawaan kung paano magpapakita ang Panginoon sa mga alagad na hindi rin nakikita ng **sanlibutan.** Walang duda na ang iniisip niyang pagdating ng Tagapagligtas ay katulad ng isang Hari o isang sikat na bayani. Hindi niya naunawaan na **ihahayag** ng Panginoon ang Kanyang sarili sa mga kinikilala Niyang mga anak sa espirituwal na paraan. Makikita nila Siya sa pamamagitan ng pananampalataya sa Salita ng Diyos.

Sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, tunay nating mas makikilala si Cristo ngayon kaysa sa pagkakilala ng mga alagad sa Kanya noong narito pa Siya sa lupa. Noong narito si Jesus, ang mga nasa unahan ng maraming tao ay mas malapit sa Kanya kaysa sa mga nasa likod. Pero ngayon, sa pamamagitan ng pananampalataya, matatamasa ng bawat isa sa atin ang pinakamalapit na pakikipag-isa sa Kanya. Ipinapakita ng sagot ni Cristo sa tanong ni Judas na ang ipinangakong paghahayag sa Kanyang mga tagasunod ay may

kaugnayan sa Salita ng Diyos. Magreresulta ang pagsunod sa Salita sa pananahan ng Ama at ng Anak sa buhay ng isang tao.

**14:23** Kung tunay na **nagmamahal** ang isang tao sa Panginoon, nanaisin niyang **tuparin** ang lahat ng Kanyang mga katuruan, at hindi ilang utos lamang. Minamahal ng **Ama** ang mga nakahandang sumunod sa Kanyang Anak nang walang mga tanong o pasubali. Lubos na malapit ang Ama at Anak sa mapagmahal at masunuring mga puso.

**14:24** Sa kabilang banda naman, ang mga **hindi nagmamahal** sa Kanya ay **hindi tumutupad** ng Kanyang mga salita. At hindi lamang nila tinatanggihan ang mga salita ni Cristo, kundi maging ang sa Ama.

**14:25** Nang Siya ay **kasama** nila, tinuruan ng ating Panginoon ang Kanyang mga alagad hanggang sa kaya nilang maunawaan. Hindi Siya makapagpahayag ng mas maraming katotohanan sa kanila dahil baka hindi na nila ito maunawaan.

**14:26** Pero mas lalong maghahayag ang **Espiritu Santo.** Isinugo Siya ng **Ama** sa **pangalan** ni Cristo sa Araw ng Pentecostes. Dumating ang Espiritu sa **pangalan** ni Cristo sa katotohanang dumating Siya para kumatawan sa pagmamalasakit ni Cristo sa mundo. Hindi Siya dumating para luwalhatiin ang Kanyang sarili kundi para ilapit ang mga tao sa Tagapagligtas. Sinabi ng Panginoon, **"Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay."** Ginawa ito ng Banal na Espiritu una sa lahat sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga alagad; pagkatapos ay sa pamamagitan ng nakasulat na Salita ng Diyos na mayroon tayo ngayon. Ang banal na Espiritu ang **magpapaalala ng lahat ng mga bagay** na itinuro ng Tagapagligtas. Ang totoo, tila sinimulan lamang ipakilala ng Panginoong Jesus ang lahat ng mga katuruan dahil ang Banal na Espiritu ang nagpaliwanag sa ibang bahagi ng BT.

**O. Ibinigay ni Jesus ang Kanyang Kapayapaan sa Kanyang mga Alagad (14:27–31)**

**14:27** Karaniwang sumusulat ng huling habilin at testamento ang isang taong malapit nang mamatay. Nagsasaad ito na iniiwan niya ang kanyang mga ari-arian sa kanyang mga mahal sa buhay. Ginawa ng Panginoong Jesus dito ang mismong bagay na iyon. Gayunman, hindi materyal na mga bagay ang Kanyang ipinamana kundi isang

bagay na hindi mabibili ng pera—**kapayapaan,** panloob na **kapayapaan** ng konsensya. Nagmumula ang kapayapaang ito sa pagkaunawa na pinatawad na ang ating mga kasalanan at naipagkasundo na tayo sa Diyos. Kayang ibigay ito ni Cristo dahil binili Niya ito ng Kanyang sariling dugo sa Kalbaryo. **Hindi** ito **gaya ng ibinibigay ng sanlibutan**—kaunti lamang, para sa sarili lamang, at sa maikling panahon lamang. Magpakailanman ang regalong **kapayapaan** ni Jesus. Bakit dapat **mabagabag** o **matakot** ang isang Cristiano?

**14:28** Sinabi na ni Jesus kung paano Niya sila iiwan. Sinabi rin ni Jesus kung paano Siya babalik para dalhin sila sa langit kasama Siya. **Kung minamahal** ng mga alagad si Jesus, magdudulot ito sa kanila para **magalak.** Siyempre, sa isang banda, minahal nila si Jesus. Pero hindi nila lubos na pinahalagahan kung sino Siya. Kaya naman ang kanilang pag-ibig ay hindi ganoon kalaki.

"**Kayo'y magagalak sapagkat sinabi ko, 'Ako'y pupunta sa Ama'; sapagkat ang Ama ay higit na dakila kaysa Akin."** Sa una, tila sinasalungat ng talatang ito ang lahat ng itinuro ni Jesus tungkol sa Kanyang pagkakapantay sa Diyos Ama. Pero walang pagkakasalungat dito at ipinapaliwanag ng talata ang kahulugan nito. Nang narito sa mundo si Jesus, kinasuklaman Siya, itinaboy, inusig, at tinugis. Nilapastangan Siya ng mga tao, nilait, at sinampal Siya. Tiniis Niya ang kakila-kilabot na paghamak mula sa mga kamay ng Kanyang mga nilikha.

Hindi kailanman nagdusa ang Diyos Ama ng ganoong marahas na pagtrato mula sa mga tao. Nanahan Siya sa langit, malayo sa kasamaan ng mga makasalanan. Nang bumalik ang Panginoong Jesus sa langit, tumungo Siya sa lugar kung saan wala nang pag-alipusta. Kaya dapat magalak ang mga alagad nang sabihin ni Jesus na **tutungo Siya sa Ama**, dahil *ang ibig Niyang sabihin* ay **higit na dakila ang Ama kaysa** Kanya. Hindi higit na dakila ang Ama *bilang Diyos.* Pero mas dakila ang Diyos Ama dahil hindi kailanman Siya pumunta sa sanlibutan bilang Tao para pagmalupitan. Magkapantay ang Anak at Ama kapag tungkol sa katangian ng pagka-Diyos ang pag-uusapan. Pero kapag inisip natin ang mababang posisyon na ginawa ni Jesus bilang Tao dito sa mundo, maiisip natin na *sa puntong iyon*, **higit na dakila** ang Diyos **Ama** kaysa Kanya. Higit na dakila Siya sa Kanyang *posisyon,* pero hindi ang Kanyang *Persona*.

**14:29** Dahil sa pagmamalasakit ni Jesus sa natatakot na mga alagad, ipinahayag Niya sa kanila ang mga kaganapang ito sa hinaharap. Sinabi ito ni Jesus para hindi masaktan ang kanilang damdamin, hindi sila mawalan ng pag-asa o matakot, kundi ay **maniwala** sila**.**

**14:30** Nalalaman ng Panginoon na ang oras para ipagkanulo Siya ay dumarating na at wala na Siyang sapat na oras para **magsalita** sa mga alagad. Lumalapit na rin si Satanas, pero alam ng Tagapagligtas na walang makikita ang kaaway na bahagyang kasalanan sa Kanya. Walang anumang na kay Cristo para tumugon sa masasamang tukso ng diyablo. Si Jesus lamang ang makakapagsabi na **walang** kasalanang makikita si Satanas sa Kanya.

**14:31** Puwede nating ipagpakahulugan ang talatang ito na gaya ng sumusunod: "Dumating na ang oras para ipagkanulo Ako. Kusang-loob Akong tutungo sa krus. Ito ang kalooban ng Ama para sa Akin. Ipapahayag nito sa sanlibutan kung gaano **Ko minamahal** ang Aking **Ama.** Ito ang dahilan kung bakit tutungo Ako doon nang hindi tumatanggi." Dahil dito, inanyayahan ng Panginoon ang mga alagad na **tumindig** at **umalis** kasama Siya. Hindi malinaw sa puntong ito kung umalis na sila sa kuwarto sa itaas. Marahil ang iba pang pakikipag-usap ng Panginoon sa Kanyang mga alagad ay nangyari habang naglalakad sila.

**P. Si Jesus, ang Tunay na Puno ng Ubas (15:1–11)**

**15:1** Sa LT, inilarawan ang bansang Israel bilang puno ng ubas na itinanim ni Jehovah. Pero pinatunayan ng bansang ito na hindi ito tapat sa Diyos kaya hindi ito nagbunga. Kaya naman, ipinakilala na ngayon ng Panginoong Jesus ang *Kanyang sarili* bilang **tunay na puno ng ubas**. Siya ang tunay na kaganapan ng lahat ng nakasulat sa LT. Ang Diyos **Ama ang tagapag-alaga.**

**15:2** Nagkakaiba ang mga opinyon kung ano ang ibig sabihin ng **ang bawat sanga** sa Kanya **na hindi nagbubunga.** Iniisip ng ilan na hindi ito tunay na mananampalataya. Nagkukunwari siyang Cristiano, pero hindi pa siya kailanman nakikiisa kay Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya. Iniisip naman ng iba na tunay na Cristiano ito na nawala ang kanyang kaligtasan dahil sa kabiguan niyang mamunga. Malinaw na imposible ito dahil sinasalungat nito ang maraming talata na nagtuturo na hindi nawawala ang kaligtasan

ng isang mananampalataya. Iniisip naman ng iba na tunay na Cristiano ito na nanumbalik sa dati niyang ginagawang kasalanan, o kung tawagin ay *backslider*. Lumayo siya sa Panginoon at naging interesado sa mga bagay ng mundong ito. Nabigo siyang ipakilala ang bunga ng Espiritu—pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili.

Kung ano ang tumpak na ginagawa ng Panginoon sa mga hindi nagbubungang sanga ay nakadepende sa pagkakasalin ng salitang Griyegong *airo*. Puwede itong mangahulugang **"inaalis"** gaya ng nakasulat sa King James version (ganoon din ang pagkasalin sa Juan 1:29). Kung gayon man, tumutukoy ito sa disiplina ng pisikal na kamatayan (1 Cor. 11:30). Pero ang salita ring iyon ay puwedeng mangahulugang "buhatin" (gaya sa Juan 8:59). Kung ganoon man, ito ay magiging *positibong gawain* ng pagtulong sa hindi nagbubungang sanga sa pamamagitan ng pagtulong ditong makakuha ng liwanag at hangin, at umaasang magbunga ito.

Ang **sanga na nagbubunga** ay ang Cristianong lalong lumalago sa pagkakatulad sa Panginoong Jesus. Kahit ang mga ganoong puno ng ubas ay kailangang putulin o linisin. Kung paanong ang tunay na puno ng ubas ay kailangang linisin mula sa mga insekto, amag, at halamang-singaw, ganoon din naman, ang isang Cristiano ay dapat linisin mula sa makamundong mga bagay na lumalapit sa kanya.

**15:3** Ang **salita** ng Panginoon ang naglilinis. Una nang nilinis ng **salita** ang mga alagad sa panahon ng kanilang pagsampalataya. Simula nang kausapin sila ng Tagapagligtas, mayroon nang epekto ng paglilinis ang Kanyang Salita sa kanilang mga buhay. Kaya naman, maaaring tumukoy ang talatang ito sa pagpapawalang-sala *at* pagpapabanal.

**15:4** Ang ibig sabihin ng **manatili** ay manatili kung saan ka naroroon. Ang katayuan ng Cristiano ay siya ay na kay Cristo na. Dapat siyang manatili sa malapit na pakikipag-isa sa Panginoon sa bawat araw ng kanyang buhay. Nananatili ang **sanga** sa puno ng ubas sa pamamagitan ng pagkuha ng buhay at pagkain nito mula sa puno. Kaya naman, nananatili tayo kay Cristo sa pamamagitan ng paglalaan ng oras sa pananalangin, pagbabasa at pagsunod ng Kanyang Salita, pakikisama sa kapwa mananampalataya, at patuloy na pakikipag-isa sa Panginoon. Kung pinapanatili natin ang patuloy

na pakikisama sa Kanya, nararamdaman natin ang Kanyang pananatili sa ating buhay at pagbibigay sa atin ng kalakasanag espirituwal at pagpapala. **Magbubunga** lamang **ang sanga kapag nakakabit sa puno.** Ang tanging paraan para mamunga ang mga mananampalataya ng katangiang kagaya ni Cristo ay sa pamamagitan ng pamumuhay nang malapit sa Kanya bawat sandali.

**15:5** Si Cristo mismo ang **puno ng ubas** at ang mga mananampalataya naman ang **mga sanga.** Hindi ito paglalaan ng buhay ng sanga para sa Puno, kundi ang pagbibigay ng Puno ng buhay na dumadaloy sa mga sanga. Minsan idinadalangin natin, "Panginoon, tulungan mo akong mabuhay para sa Iyo." Mas mabuting ipanalangin na, "Panginoong Jesus, ipamuhay Mo po ang Iyong sarili sa aking buhay." Kapag **hiwalay** tayo kay Cristo, **wala** tayong **magagawa.** May isang dakilang layunin ang sanga ng puno ng ubas—ito ay ang mamunga. Hindi ito ginagamit para sa paggawa ng kasangkapan o para sa pagtatayo ng mga bahay. Hindi rin ito mabuting gawing kahoy na panggatong. Pero mabuti ito para sa pamumunga—hangga't nananatili ito sa puno.

**15:6** Nagdulot ang talatang 6 ng maraming magkakaibang opinyon. Naniniwala ang ilan na ang taong inilalarawan dito ay isang mananampalatayang nahulog sa pagkakasala at pagkatapos ay napahamak. Ang ganitong paliwanag ay salungat sa maraming talata ng Banal na Kasulatan na nagtuturo na hindi mapapahamak kailanman ang isang tunay na anak ng Diyos. Naniniwala naman ang iba na ang taong ito ay mapagpanggap. Sinasabi niyang Cristiano siya, pero hindi naman naipanganak muli. Malimit na ginagamit si Judas bilang ilustrasyon.

Naniniwala tayo na ang taong ito ay isang tunay na mananampalataya dahil may kinalaman ang bahaging ito sa mga tunay na Cristiano. Hindi kaligtasan ang paksa dito kundi pananatili sa Diyos at *pamumunga*. Pero dahil sa kapabayaan at hindi pananalangin, nawalay ang mananampalatayang ito sa Panginoon. Dahil dito, nakagawa siya ng kasalanan, at nasira ang kanyang patotoo. Dahil sa kabiguang manatili kay Cristo, **itatapon** siya **katulad ng sanga**—hindi si Cristo ang magtatapon, kundi ang ibang tao. Titipunin ang mga sanga at ihahagis **sa apoy, at sila ay masusunog.** Hindi ang Diyos ang gumagawa nito, kundi ang mga tao. Ano ang ibig sabihin nito? Ibig sabihin ay hinahamak ng mga tao ang tumalikod na Cristianong ito. Kinakaladkad nila ang

kanyang pangalan sa putik. Itinatapon nila sa apoy ang kanyang patotoo bilang Cristiano. Inilarawan itong mabuti sa buhay ni David. Tunay siyang mananampalataya, pero naging pabaya siya para sa Panginoon at nakagawa ng mga kasalanan ng pangangalunya at pagpatay. Dahil dito, nilapastangan ng mga kaaway ang Panginoon. Hanggang ngayon, nililibak ng mga ateista ang pangalan ni David (at ng Diyos ni David). Itinatapon nila si David, na tila sa apoy.

**15:7** Ang pananatili ang sikreto ng matagumpay na buhay panalangin. Habang nagiging mas malapit tayo sa Panginoon, lalo nating nalalaman ang Kanyang kalooban. Habang patuloy natin Siyang nakikilala sa pamamagitan ng Kanyang Salita, lalo nating mauunawaan ang Kanyang kalooban. Kapag umaayon ang ating kalooban sa Kanyang nais, lalo tayong makakatiyak na masasagot ang ating mga panalangin.

**15:8** **Naluluwalhati ang Ama** habang ipinapakita sa mundo ng mga anak ng Diyos ang pagkakatulad nila kay Cristo. Nakikita at ipinapahayag ng mga tao na tunay na dakila Siyang Diyos dahil kaya Niyang baguhin ang mga makasalanan para sila'y maging banal. Pansinin ang mga salita sa kabanatang ito: magbunga (t. 2), lalong magbunga (t.2), **magbunga ng marami** (t. 8).

**"At maging mga alagad Ko."** Ibig sabihin nito na *pinapatunayan* nating tayo ay mga **alagad** Niya kung nananatili tayo sa Kanya. Kung gayon, makikita ng iba na tayo ay tunay na mga alagad na tumutulad sa ating Panginoon.

**15:9** Ang pagmamahal na mayroon ang Tagapagligtas para sa atin ay katulad ng pagmamahal ng **Ama** sa Anak. Mapapasamba ang ating mga puso kapag nabasa natin ang mga salitang ito. Magkatulad ito sa katangian at antas. Ang pag-ibig na ito ay "malawak, malaki, malalim, hindi masusukat, higit sa kaalaman, at hindi kailanman lubos na mauunawaan ng tao." Ito ay "malalim at hindi mauunawaan ng ating isipan." **"Manatili kayo sa Aking pagmamahal,"** sinabi ng Panginoon. Ibig sabihin nito na dapat nating patuloy na makita ang Kanyang pag-ibig at tamasahin ito sa ating mga buhay.

**15:10** Sinasabi sa atin ng unang bahagi ng talatang 10 kung paano tayo makakapanatili sa Kanyang pag-ibig; sa pamamagitan ito ng pagtupad sa Kanyang **mga utos.** "Walang ibang paraan para maging masaya kay Jesus, kundi ang magtiwala at sumunod sa Kanya."

Ipinapakita sa atin ng sumunod na bahagi ng talata ang ating Perpektong Halimbawa. **Tinupad** ng Panginoong Jesus **ang mga utos ng** Kanyang **Ama.** Lahat ng Kanyang ginawa ay nasa pagsunod sa kalooban ng Diyos. Nanatili Siya sa patuloy na kasiyahan sa **pag-ibig** ng Ama. Walang anumang naging hadlang para sumira sa Kanyang pakikipag-isa sa Ama.

**15:11** Natagpuan ni Jesus ang sarili Niyang **kagalakan** sa pakikipag-isa Niya sa Kanyang Diyos Ama. Nais Niyang magkaroon ng ganoong kagalakan ang Kanyang mga alagad na nagmumula sa pagtitiwala sa Kanya. Nais Niyang ang *Kanyang* **kagalakan** ay mapasakanila. Ang kaisipan ng tao ng kagalakan ay ang maging masaya na wala ang Diyos sa kanyang buhay. Itinuro ng Panginoon na ang tunay na kagalakan ay nagmumula sa pagtanggap sa Diyos sa buhay ng isang tao hangga't maaari. **"At ang inyong kagalakan ay malubos,"** o "maganap". Magaganap ang kanilang kagalakan sa pananatili kay Cristo at sa pagtupad ng Kanyang mga utos. Marami ang gumamit ng Juan 15 para magturo ng hindi katiyakan ng kaligtasan ng mananampalataya. Ginamit nila ang mga naunang talata para ipakita na ang isang tupa ni Cristo ay maaaring mapahamak. Pero hindi layunin ng Panginoon na "ang inyong pagdududa ay malubos," sa halip **ang inyong kagalakan ay malubos.**

**Q. Ang Utos na Magmahalan ang Isa't Isa (15:12–17)**
**15:12** Malapit nang iwan ng Panginoon ang Kanyang mga alagad. Maiiwan sila sa isang masamang mundo. Maaaring magkakaroon ng pagkakataon na mag-away ang mga alagad sa isa't isa. Kaya naman iniwan ng Panginoon ang dakilang utos na ito, **"Kayo'y magmahalan sa isa't isa, gaya ng pagmamahal Ko sa inyo."**

**15:13** Ang kanilang pagmamahal ay dapat gaya ng nakahanda silang ibigay ang kanilang buhay para sa isa't isa. Ang mga taong nakahandang gawin ito ay hindi nakikipag-away sa isa't isa. Ang pinakadakilang halimbawa ng sakripisyo ng isang tao ay ang ibigay niya ang kanyang buhay **dahil sa kanyang mga kaibigan.** Tinawag ang mga alagad ni Cristo sa ganitong uri ng dedikasyon. Ibinibigay ng iba ang kanilang buhay sa literal na paraan. Inilalaan naman ng iba ang kanilang buong buhay sa walang kapagurang paglilingkod para sa mga anak ng Diyos. Ang Panginoong Jesus ang ating Halimbawa. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga kaibigan. Noong una, sila ay itinuturing na mga kaaway Niya.

Pero nang mamatay Siya para sa kanila at nang sila ay maligtas, naging kaibigan nila Siya. Kaya tama na sabihin na namatay Siya para sa Kanyang mga kaibigan at para sa Kanyang mga kaaway.

**15:14** Ipinapakita natin na mga **kaibigan** tayo ni Jesus sa pamamagitan ng paggawa ng **mga bagay** na iniuutos Niya sa atin. Ang pagsunod sa Kanya ay hindi ang paraan para maging mga kaibigan Niya tayo, sa halip, ito ay ang paraan para ipakita natin sa mundo na tayo ay mga kaibigan Niya.

**15:15** Binigyang diin dito ng Panginoon ang pagkakaiba sa pagitan ng **mga alipin** at **mga kaibigan.** Inaasahan ang mga alipin na gawin ang mga bagay na iniutos sa kanila. Ang **mga kaibigan** naman ay pinili para pagkatiwalaan. Sinasabi natin sa ating kaibigan ang mga plano natin sa hinaharap. Ibinabahagi din natin sa kanya ang ating mga lihim. Sa isang banda, patuloy na magiging mga alipin ng Panginoon ang mga alagad, pero magiging higit sila rito—magiging mga kaibigan sila ng Panginoon. Ipinapahayag na ngayon ng Panginoon sa kanila ang mga bagay na **narinig** Niya sa Kanyang **Ama.** Sinasabi Niya sa kanila ang Kanyang pag-alis, ang pagdating ng Banal na Espiritu, ang pagbalik Niyang muli, at ang dapat nilang gawin para sa Panginoon sa sandaling iyon. May nagsabi na bilang mga sanga, *tumatanggap* tayo (t.5); bilang mga alagad, *sumusunod* tayo (t.8); at bilang mga kaibigan, *nakikipag-isa* tayo (t.15).

**15:16** Dahil baka magkaroon ng pagkakataon na panghinaan ng loob at sumuko ang mga alagad, pinaalalahanan sila ni Jesus na Siya ang **pumili** sa kanila. Maaaring ibig nitong sabihin na **pinili** Niya sila para sa walang hanggang kaligtasan, para maging alagad sila, o para maging mabunga. Itinalaga Niya ang mga alagad para sa gawaing naghihintay sa kanila. **Humayo** tayo **at magbunga.** Maaaring ang **bunga** ay tumutukoy sa mga biyaya ng pamumuhay Cristiano, gaya ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, atbp. O maaari itong mangahulugan na mga kaluluwang nadala para sa Panginoong Jesu-Cristo. Mayroong pagkakaugnayan ang dalawang ito. Kapag nagaganap natin ang unang uri ng bunga ay saka lamang natin magagawa ang ikalawa.

Ang pahayag na **"at ang mga bunga ninyo'y mananatili"** ay nagdudulot sa atin na isipin na ang ibig sabihin ng bunga rito ay ang kaligtasan ng mga kaluluwa. Pinili ng Panginoon ang mga alagad na humayo at magdulot ng *walang hanggang* **bunga**. Hindi nais ng

Panginoon ang hindi totoong pagpapahayag ng pananampalataya sa Kanya, kundi ang nais Niya ay tunay na pagtanggap ng kaligtasan. Sinabi ni L.S. Chafer na sa kabanatang ito, mayroon tayong mabungang panalangin (t. 7), kagalakang makalangit (t. 11), at walang hanggang bunga (t. 16). **"Upang ang anumang inyong hingin … ."** Panalangin ang sikreto sa mabisang paglilingkod. Pinahayo ang mga alagad na may katiyakang bibigyan sila ng **Ama** ng **anuman** ang kanilang hingin sa **pangalan** ni Cristo.

**15:17** Babalaan na ngayon ng Panginoon ang mga alagad tungkol sa pagkapoot ng sanlibutan. Sinimulan Niya itong sabihin sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanila na **magmahalan sa isa't isa,** manatiling magkakasama, at tumayong nagkakaisa laban sa kaaway.

**R. Hinulaan ni Jesus ang Pagkapoot ng Sanlibutan (15:18–16:4)**

**15:18, 19** Hindi dapat magulat o panghinaan ng loob ang mga alagad **kung kinapopootan** sila **ng sanlibutan.** (Hindi ipinapahayag ng salitang **kung** ang anumang pagdududa na mangyayari ito; kundi, na tiyak itong mangyayari.) **Kinapootan** ng sanlibutan ang Panginoon, at kapopootan nito ang lahat ng tutulad sa Kanya.

Iniibig ng mga taga-sanlibutan ang mga namumuhay na gaya nila. Sila ang mga taong gumagamit ng napakasamang pananalita at nagpapasasa sa nais ng laman, o mga taong may pinag-aralan pero nabubuhay para sa kanilang sarili lamang. Hahatulan sila ng mga Cristiano ng kanilang banal na pamumuhay, **kaya napopoot** sa kanila **ang sanlibutan.**

**15:20** "Alipin" ang literal na kahulugan ng salitang **alipin** dito. Hindi dapat maghangad ang isang alagad ng mas mabuting pagtrato mula sa sanlibutan dahil hindi ito natanggap ng **kanyang Panginoon.** Uusigin siya gaya ni Cristo. Tatanggihan ang kanyang salita gaya ng pagtanggi sa Tagapagligtas.

**15:21** Ang pagkapoot at pag-uusig na ito ay **"dahil sa Aking pangalan."** Ito ay dahil sa ang mananampalataya ay may kaugnayan kay Cristo; dahil inihiwalay na siya mula sa sanlibutan sa pamamagitan ni Cristo; at dahil dala niya ang pangalan ni Cristo at pagkakatulad sa Kanya. Walang nalalaman ang sanlibutan tungkol sa Diyos. **Hindi nila nakikilala** na **isinugo** ng Ama sa sanlibutan ang Panginoon para maging Tagapagligtas. Pero hindi puwedeng idahilan ang kamangmangan.

**15:22** Hindi itinuturo dito ng Panginoon na kung hindi Siya dumating, hindi sana magiging makasalanan ang mga tao. Mula pa sa panahon ni Adan, naging makasalanan na ang lahat ng tao. Pero hindi sana naging mas matindi ang kanilang kasalanan kumpara ngayon. Nakita ng mga taong ito ang Anak ng Diyos at narinig ang Kanyang kahanga-hangang mga salita. Wala silang matagpuang anumang kasalanan sa Kanya, pero hindi nila Siya tinanggap. Ito ang nagpatindi ng kanilang kasalanan. Kaya naman isa itong paghahambing. Ang iba nilang kasalanan ay walang halaga kumpara sa kanilang kakila-kilabot na kasalanan na hindi pagtanggap sa Panginoon ng kaluwalhatian. **Wala** silang **maidadahilan sa kanilang kasalanan.** Hindi nila tinanggap ang Ilaw ng sanlibutan.

**15:23** Dahil napopoot sila kay Cristo kaya napopoot **din** sila sa Kanyang **Ama.** Ang Dalawang Ito ay Iisa. Hindi nila maaaring sabihin na mahal nila ang Diyos, dahil kung gayon man, dapat nais din nilang mahalin si Jesus na isinugo ng Ama.

**15:24** Hindi lamang nila pananagutan na napakinggan nila ang katuruan ni Cristo. Nakita rin nila ang Kanyang mga himala. Nakadagdag ito sa kanilang kahatulan. Nakakita sila ng **mga gawang hindi** kailanman **ginawa ng sinuman.** Ang hindi pagtanggap kay Cristo sa harap ng katibayang ito ay hindi mapapatawad. Kinumpara ng Panginoon ang lahat ng iba pa nilang mga kasalanan sa nag-iisang kasalanang ito. At sinabi Niya na ang nauna nilang kasalanan ay walang halaga kapag inihambing sa ikalawa. Dahil **kinapootan** nila ang Anak, kinapootan nila ang Kanyang **Ama,** at ito ang kanilang kakila-kilabot na kahatulan.

**15:25** Naisip ng Panginoon na ang saloobin ng tao sa Kanya ay eksaktong katuparan ng propesiya. Hinulaan ito sa Awit 69:4 na **kapopootan** si Cristo … **nang walang dahilan.** Ngayon na **natupad** na ito, sinabi ng Panginoon na hinulaan ng mismong LT na pinapahalagahan ng mga taong ito ang kanilang walang saysay na pagkapoot sa Kanya. Hindi ibig sabihin ng katotohanan na hinulaan ito sa LT ay *kailangang* kapootan ng mga taong ito si Cristo. Kinapootan nila Siya dahil sa *sarili nilang pagpili na gawin ito*. Nalalaman ng Diyos na mangyayari ito, at idinulot Niya si David na isulat ito sa Awit 69.

**15:26** Sa kabila ng hindi pagtanggap ng tao, magkakaroon ng patuloy na patotoo kay Cristo. Gagawin ito ng **Mang-aaliw**—ang Banal na Espiritu. Sinabi rito ng Panginoon na **susuguin** *Niya* ang **Espiritu mula sa Ama.** Sa Juan 14:16, ang *Ama* ang Siyang nagsugo ng Espiritu. Hindi ba't isa na namang patunay ito ng pagkakapantay ng Anak sa Ama? Tanging ang Diyos lamang ang makakapagsugo ng Banal na Espiritu. **Ang Espiritu ng katotohanan … na mula sa Ama.** Ibig sabihin nito na patuloy Siyang isinusugo ng Ama, at ang pagdating Niya sa araw ng Pentecostes ay isang natatanging pagkakataon. Nagpapatotoo ang Espiritu tungkol kay Cristo. Ito ang Kanyang dakilang misyon. Hindi Niya hinahangad na sakupin Niya ang mga tao, kahit na Isa Siya sa miyembro ng Trinidad. Pero pinapatnubayan ng Banal na Espiritu na matuon ang atensyon ng makasalanan at ng mananampalataya sa Panginoon ng kaluwalhatian

**15:27** Direktang magpapatotoo ang Espiritu sa pamamagitan ng mga alagad. **Nakasama** nila ang Panginoon **buhat pa nang simula** ng Kanyang pampublikong ministeryo at sila ang talagang karapat-dapat na magsabi ng Kanyang Pagkatao at gawa. Kung may sinumang nakakita ng anumang kasalanan sa Panginoon, maaaring iyon ang mga nakasama Niya palagi. Pero alam nilang hindi gumawa si Jesus ng anumang uri ng kasalanan. Makakapagpatotoo sila na Siya ang walang kasalanang Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas ng sanlibutan.

**16:1** Maaaring ninanais ng mga alagad ang inaasam ng marami sa mga Judio—na itatayo ng Mesias ang Kanyang kaharian at wawasakin ang kapangyarihan ng Roma. Sa halip na ganoon, sinabi ng Panginoon sa kanila na Siya ay mamamatay, mabubuhay muli, at babalik muli sa langit. Darating ang Banal na Espiritu, at hahayo ang mga alagad bilang mga saksi para kay Cristo. Kasusuklaman sila at uusigin. Pauna nang sinabi sa kanila ng Panginoon ang lahat ng ito para hindi magbago ang kanilang isip dahil sa mali nilang akala, at para **huwag** silang **matisod,** o magulat.

**16:2, 3** Itinuturing ng marami sa mga Judio na ang pagpapalayas sa **mga sinagoga** ay isa sa mga pinakamasamang puwedeng mangyari sa kanila. Pero mangyayari ito sa mga Judio na mga alagad ni Cristo. Lubos na kasusuklaman ang pananampalatayang Cristiano at ang mga maghahangad na pumaksa dito ay mag-aakalang nilulugod nila ang **Diyos.** Ipinapakita nito kung paano ang isang tao ay puwedeng

maging lubos na matapat, tunay na masigasig, pero talagang *mali* ang paniniwala.

Ang hindi pagkilala sa pagka-Diyos ni Cristo ang ugat nito. Dahil hindi tinanggap ng mga Judio si Jesus, hindi rin nila tinanggap ang **Ama**.

**16:4** Nagbigay na agad ng babala ang Panginoon sa mga alagad para hindi sila panghinaan ng loob kapag nangyari na ang mga kapighatiang ito. **Maaalala** nila na hinulaan ng Panginoon ang pag-uusig. Malalaman nila na bahagi ito ng Kanyang plano sa kanilang mga buhay. Hindi masyadong nagsabi ang Panginoon sa kanila dati ng tungkol sa mga ito dahil Siya ay kasama nila. Hindi sila dapat mabagabag o matuon sa ibang bagay ang isip nila maliban sa mga dapat na ituro ni Jesus sa kanila. Pero ngayon na iiwan na ni Jesus ang Kanyang mga alagad, dapat sabihin Niya ang mga mangyayari sa kanila sa hinaharap.

**S. Ang Pagdating ng Espiritu ng Katotohanan (16:5–15)**

**16:5** Tila nagpapahayag ang talatang 5 ng pagkadismaya na hindi interesado ang mga alagad sa kung ano ang mangyayari sa Panginoon. Kahit na tinanong nila si Jesus kung **saan** Siya **pupunta,** tila wala sila masyadong pakialam.

**16:6** Mas inaalala nila ang mangyayari sa kanila sa hinaharap kaysa sa mangyayari kay Jesus. Ipapako si Jesus at mamamatay. Sila naman ay uusigin dahil sa paglilingkod kay Cristo. **Napuno** ng **lungkot** ang mga alagad dahil sa mga mangyayari sa kanila kaysa sa mangyayari kay Jesus.

**16:7** **Gayunman,** hindi sila maiiwan nang walang tulong at kaaliwan. Isusugo ni Cristo ang Banal na Espiritu bilang kanilang **Mang-aaliw. Makakabuti** sa mga alagad ang pagdating ng **Mang-aaliw.** Bibigyan sila ng Banal ng Espiritu ng kapangyarihan at ng katapangan. Tuturuan sila, at gagawing mas totoo si Cristo sa kanilang buhay kaysa noong dati. Hindi darating **ang Mang-aaliw** hangga’t hindi pa bumabalik ang Panginoong Jesus sa langit at niluluwalhati. Siyempre, nasa sanlibutan na ang Banal na Espiritu bago pa ang lahat ng ito. Pero darating Siya sa bagong paraan—ang hatulan ang sanlibutan at maglingkod sa mga tinubos.

**16:8 Susumbatan** ng Banal na Espiritu **ang sanlibutan** tungkol **sa kasalanan, sa katuwiran, at sa kahatulan.** Ang ibig sabihin nito ay kumikilos ang Banal na Espiritu sa buhay ng isang taong makasalanan para malaman niya ang mga bagay na ito. Totoo ito, pero hindi ito ang eksaktong itinuturo sa bahaging ito. Hinahatulan ng Banal na Espiritu **ang sanlibutan** sa katotohanang Siya ay naririto sa mundo. Hindi Siya dapat naririto dahil dapat ang Panginoong Jesus ang naririto na naghahari sa sanlibutan. Pero hindi tinanggap si Jesus ng sanlibutan, at bumalik Siya sa langit. Narito ang Banal na Espiritu kapalit ng Cristong hindi tinanggap, at ipinapakita nito ang pagkakasala ng sanlibutan.

**16:9** Hinahatulan ng Espiritu ang sanlibutan **sa kasalanan** ng hindi **pagsampalataya** kay Cristo. Karapat-dapat sampalatayanan si Jesus. Lahat ng dapat paniwalaan ng tao ay na kay Jesus. Pero tumanggi ang mga tao. At ang presensiya ng Banal na Espiritu sa sanlibutan ay patotoo sa kanilang kasalanan.

**16:10** Ipinapahayag ng Tagapagligtas na makatuwiran Siya. Pero sinasabi ng mga tao na mayroon siyang demonyo. Ang Diyos ang nagsabi ng huling salita. Tila sinabi Niya, "Makatuwiran ang Aking Anak, at papatunayan Ko ito sa pagbuhay sa Kanya mula sa mga patay at pagkuha sa Kanya pabalik muli sa langit." Pinapatotohanan ng Banal na Espiritu ang katotohanang matuwid si Cristo at mali ang sanlibutan.

**16:11** Hinahatulan rin ng Banal na Espiritu ang sanlibutan **tungkol** sa darating na **kahatulan.** Ibig sabihin ng katotohanang narito ang Banal na Espiritu sa mundo ay nahatulan na ang diyablo sa krus at ang lahat ng tumanggi sa Tagapagligtas ay makikihati sa kakila-kilabot na kahatulan sa diyablo sa hinaharap.

**16:12** Mayroon **pang maraming** ibang **bagay** na sasabihin ang Panginoon sa mga alagad. Pero hindi nila kayang maunawaan ang mga ito. Isa itong mahalagang prinsipyo sa pagtuturo. Nauunawaan muna dapat ang mga unang itinuturo bago ipaliwanag ang iba pang malalalim na mga katotohanan. Hindi kailanman pinagod ng Panginoon ang isipan ng mga alagad tungkol sa Kanyang mga itinuro. Ibinigay Niya ang mga ito "linya bawat linya, utos bawat utos."

**16:13** Ipagpapatuloy ng **Espiritu ng katotohanan** ang gawaing sinimulan ng Panginoon. **Papatnubayan Niya** sila **sa buong katotohanan.** Ipinagkatiwala ang **buong katotohanan** sa mga alagad habang sila'y nabubuhay. Bilang ganti, isinulat nila ang mga katotohanang ito, at nababasa natin ito ngayon sa ating BT. Kapag idinagdag pa ang LT, kumpleto na ang nakasulat na pahayag ng Diyos sa tao. Pero totoo rin na sa mga nakalipas na panahon ay pinatnubayan ng Espiritu sa buong katotohanan ang mga pinili ng Diyos. Ginawa ito ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan. **Magsasalita** lamang **Siya** ng mga bagay na ipinagkaloob sa Kanyang sabihin ng Ama at ng Anak. **"Ipahahayag Niya ang mga bagay na darating."** Nangyari ito sa BT at partikular na sa aklat ng Pahayag kung saan ipinahayag ang mangyayari sa hinaharap.

**16:14** Ang pangunahing gawain ng Banal na Espiritu ay ang **luwalhatiin** si Cristo. Masusuri natin sa pamamagitan nito ang lahat ng katuruan at mga pangaral. Kung may resulta ito ng pagluwalhati sa Tagapagligtas, mula ito sa Banal na Espiritu. Ang ibig sabihin ng **"Kanyang tatanggapin ang sa Akin"** ay tatanggapin ng Banal na Espiritu ang dakilang mga katotohanan tungkol kay Cristo. Ang mga bagay na ito ang ipinapahayag Niya sa mga mananampalataya. Hindi kailanman mauubos ang mga paksang ipapahayag Niya sa mananampalataya.

**16:15** **Ang lahat** ng katangian ng **Ama** ay nasa Anak rin. Ang kasakdalang ito ang sinasabi ni Cristo sa talatang 14. Inihayag ng Espiritu sa mga alagad ang maluwalhating kasakdalan, ang gawain, tungkulin, biyaya, at kapuspusan ng Panginong Jesus.

**T. Naging Kagalakan ang Kalungkutan (16:16–22)**

**16:16** Hindi tiyak ang tumpak na panahon ng talatang 16. Maaaring ibig sabihin nito na mawawalay ang Panginoon sa kanila sa loob ng tatlong araw, pagkatapos ay muli Siyang magpapakita sa kanila matapos Niyang mabuhay muli. Maaari din itong mangahulugang muli Siyang babalik sa Kanyang Ama sa langit, at pagkatapos ng **sandali** (ang kasalukuyang Panahon), babalik Siya sa kanila (Ang Kanyang Ikalawang Pagdating). O puwede rin naman itong mangahulugan na sa isang **sandali**, hindi nila makikita si Jesus ng kanilang mga mata. Pero matapos ipagkaloob ang Banal na Espiritu sa araw ng Pentecostes, makikita nila si Jesus sa pamamagitan ng pananampalataya sa paraang hindi nila Siya nakita dati.

**16:17** Nalito ang **Kanyang mga alagad.** Ang dahilan ng kanilang pagkalito ay dahil sa talatang 10. Sinabi ng Panginoon, "Ako'y pupunta sa Ama, at hindi na ninyo Ako makikita." Ngayon naman ay sinabi Niya, **"Sandali na lamang, at Ako'y hindi na ninyo makikita, at muling sandali pa, at Ako'y inyong makikita."** Hindi nila mapagtugma ang mga pahayag na ito.

**16:18** Nagtanungan ang mga alagad kung ano ang ibig sabihin ng mga salitang **"sandali na lamang."** Hindi nakakagulat na ganito rin ang tanong natin sa ngayon. Hindi natin alam kung ito ba ay tumutukoy sa tatlong araw bago ang Kanyang muling pagkabuhay, ang apatnapung araw bago ang Pentecostes, o ang mahigit 1900 na taon bago ang Kanyang Pagbalik muli.

**16:19, 20** Bilang Diyos, nababasa ng Panginoong Jesus ang kanilang mga isipan. Sa pamamagitan ng Kanyang mga tanong, ipinahayag Niya na lubos Niyang nalalaman ang mga tanong sa kanilang isapan.

Hindi Niya diretsong sinagot ang kanilang tanong pero nagbigay Siya ng karagdagang kaalaman tungkol sa "sandali na lamang." **Magagalak ang sanlibutan** dahil nagtagumpay sila sa pagpako sa Panginoong Jesus, pero **iiyak at tatangis** ang mga alagad. Pero sandali lamang ito. Ang **kalungkutan** nila ay **magiging kagalakan,** at ito ay nangyari—una ay sa pagkabuhay muli, at ikalawa ay sa pagdating ng Espiritu. Pagkatapos nito, magiging kagalakan ang kalungkutan ng lahat ng magiging alagad ni Jesus kapag bumalik Siyang muli.

**16:21** Walang maikukumpara sa bilis ng pagkalimot ng isang ina sa **paghihirap** matapos niyang ipanganak ang kanyang **sanggol.** Ganoon din naman sa mga alagad. Mabilis na makakalimutan ng mga alagad ang kalungkutan sa pagkawala ng kanilang Panginoon kapag nakita na nila Siyang muli.

**16:22** Hindi pa rin natin alam ang tinutukoy na panahon sa mga sinabi ng Panginoon na **"muli Ko kayong makikita."** Tumutukoy ba ito sa Kanyang Pagkabuhay muli, sa Kanyang pagsugo sa Espiritu sa Pentecostes, o sa Kanyang Muling Pagdating? Alin man sa tatlong ito, kagalakan ang bunga nito, at **kagalakan** itong hindi maaalis.

**U. Pagdalangin sa Ama sa Pangalan ni Jesus (16:23–28)**

**16:23** Hanggang sa puntong ito, nagtatanong at humihiling pa rin ang mga alagad sa Panginoon. **Sa araw na iyon** (ang panahon kung kailan bababa ang Espiritu sa Pentecostes), hindi na nila makakasama si Jesus sa pisikal na paraan, kaya hindi na nila Siya matatanong. Pero ibig ba nitong sabihin na wala silang malalapitan? Hindi ang sagot dito. Dahil **sa araw na iyon**, magiging pribilehiyo nila na **humingi sa Ama.** Ibibigay Niya ang kanilang mga kahilingan dahil kay Jesus. Ipagkakaloob ang mga kahilingan, hindi dahil karapat-dapat tayo, kundi dahil karapat-dapat ang Panginoong Jesus.

**16:24** Bago ito, hindi pa kailanman dumadalangin ang mga alagad sa Diyos Ama sa **pangalan** ng Panginoon. Inaanyayahan sila ngayon na **humingi.** Kapag sinagot ang kanilang panalangin, malulubos ang kanilang **kagalakan.**

**16:25** Ang kahulugan ng marami sa katuruan ng Panginoon ay hindi palaging nauunawaan. Gumagamit Siya ng mga talinghaga at nagtuturo sa **paraang patalinghaga.** Kahit sa kabanatang ito ay hindi tayo makakasiguro ng tiyak na kahulugan. Sa pagdating ng Banal na Espiritu, mas naging lalong malinaw ang katuruan **tungkol sa Ama.** Sa Aklat ng mga Gawa at sa Mga Sulat ni Pablo, hindi na ipinahayag ang katotohanan sa pamamagitan ng mga talinghaga kundi sa pamamagitan na ng tuwirang pagpapaliwanag.

**16:26** Muli, **"ang araw na iyon"** ay ang Panahon ng Banal na Espiritu, kung saan tayo nabubuhay sa ngayon. Ang ating pribilehiyo ay ang dumalangin sa Ama sa **pangalan** ng Panginoong Jesus. **"Hindi Ko sinasabi sa inyo na Ako'y hihingi sa Ama para sa inyo."** Ang ibig sabihin nito ay hindi kailangang pilitin ang Ama para sagutin ang ating mga panalangin. Hindi Siya kailangang pilitin ng Panginoon. Pero dapat pa rin nating tandaan na ang Panginoong Jesus ang Tagapamagitan sa Diyos at tao. Namamagitan Siya sa ngalan ng Kanyang mga anak sa harapan ng trono ng Diyos.

**16:27** Minamahal ng **Ama** ang mga alagad dahil tinanggap nila si Cristo, **minahal** nila Siya at **nanampalataya** sila sa Kanyang pagka-Diyos. Ito ang dahilan kung bakit hindi na kailangang pilitin ng Panginoon ang Ama. Sa pagdating ng Banal na Espiritu, tatamasahin ng mga alagad ang bagong paraan ng pagiging malapit sa Ama.

Malalapitan nila Siya ng may kompiyansa, at dahil ito sa **pagmamahal** nila sa Kanyang Anak.

**16:28** Muli ritong inulit ng Panginoon ang Kanyang pahayag ng pagkakapantay sa Diyos Ama. Hindi Niya sinabi na "Ako'y nagbuhat sa *Diyos*" na tila isa lamang Siyang Propetang isinugo ng Diyos. Kundi sinabi Niya na **"Ako'y nagbuhat sa Ama."** Ibig nitong sabihin na Siya ang walang hanggang Anak ng walang hanggang Ama, at kapantay Niya ang Diyos Ama. Dumating Siya **sa sanlibutan** bilang Taong nabuhay na bago pa man ang Kanyang Pagdating. Sa Kanyang Pag-akyat sa langit, iniwan Niya ang sanlibutan at bumalik sa **Diyos**. Isa itong maikling salaysay tungkol sa buhay ng Panginoon ng kaluwalhatian.

**V. Pagdurusa at Kapayapaan (16:29–33)**

**16:29, 30** Naisip ng **mga alagad** na naiintindihan na nila ngayon si Jesus sa unang pagkakataon. **Sinabi** nila na hindi na Siya ngayon gumagamit ng paraang patalinghaga.

Naisip nila na **ngayo'y** nalaman nila ang hiwaga ng Kanyang Persona. **Ngayon** ay **nalalaman** nila na may kaalaman Siya sa lahat ng bagay at **na Siya ay nagbuhat sa** *Diyos.* Sinabi ni Jesus na nagbuhat Siya sa *Ama*. Naintindihan kaya ng mga alagad ang ibig sabihin nito? Naintindihan ba nila na si Jesus ay isa sa Persona ng Pagka-Diyos?

**16:31** Ipinahiwatig ni **Jesus** sa tanong na ito na hindi pa lubos ang kanilang pananampalataya. Nalalaman ni Jesus na minamahal at pinaniniwalaan Siya ng mga alagad. Pero alam ba talaga nila na Siya ay Diyos na nagkatawang-tao?

**16:32** Malapit nang dakpin, litisin, at ipako sa krus si Jesus. Tatalikuran Siya ng lahat ng Kanyang mga alagad at tatakas sila sa kani-kanilang mga tahanan. Pero hindi Siya pababayaan dahil **kasama** Niya ang **Ama.** Ang pakikipag-isang ito sa Diyos Ama ang hindi nila maunawaan. Ang bagay na ito ang tutulong sa Kanya kapag tumakas na silang lahat para sa kanilang mga buhay.

**16:33** Ang layunin ng pakikipag-usap na ito sa mga alagad ay **upang magkaroon** sila ng **kapayapaan.** Kapag kinapootan sila, tinugis, inusig, maling pinaratangan, at kapag pinahirapan man sila,

maaari silang magkaroon ng **kapayapaan** *sa Kanya.* Napagtagumpayan ni Jesus **ang sanlibutan** sa krus ng Kalbaryo. Sa kabila ng mga pagdurusang mararanasan nila, mapapanatag sila na magtatagumpay sila.

Isa pa, sa pagdating ng Banal na Espiritu, magkakaroon sila ng bagong kapangyarihan na maging matatag at matapang para harapin ang kaaway.

**W. Nanalangin si Jesus para sa Kanyang Gawain (17:1–5)**

Dumating na tayo ngayon sa kilalang panalangin ng Panginoon Jesus bilang Siya'y Punong Saserdote. Sa panalanging ito, namagitan Siya para sa Kanyang kinikilalang mga anak. Larawan ito ng Kanyang kasalukuyang gawain sa langit kung saan nananalangin Siya para sa Kanyang mga anak. Maganda ang sinabi ni Marcus Rainsford:

Ang buong panalangin ay isang magandang larawan na namamagitan ang ating banal na Panginoon sa kanang kamay ng Diyos. Walang ni isang salita laban sa Kanyang mga anak. Walang pagtukoy sa kanilang mga pagkabigo, o sa kanilang mga pagkukulang. … Walang mga ganito. Nagsasalita lamang Siya tungkol sa layunin ng Ama sa kanilang buhay dahil sa kanilang kaugnayan kay Jesus. At tatanggap sila ng kapunuang ipagkakaloob sa kanila sa pagbaba Niya sa langit. … May kaugnayan sa espirituwal na mga bagay ang lahat ng natatanging kahilingan ng Panginoon para sa Kanyang mga anak; may kaugnayan ang lahat ng ito sa mga pagpapalang makalangit. Hindi humihingi ang Panginoon para sa kanila ng mga kayamanan, karangalan, impluwensiya sa mundo, o dakilang pag-asenso sa buhay. Pero pinakataimtim Niyang idinalangin na malayo sila mula sa masama, mahiwalay mula sa mundo, maging marapat sa tungkulin, at madalang ligtas sa tahanan sa langit. Ang kasaganaan ng kaluluwa ang pinakamagandang kasaganaan; palatandaan ito ng tunay na kasaganaan. [45]

**17:1 Dumating** na **ang oras.** Maraming beses na hindi nahuli si Jesus ng Kanyang mga kaaway dahil *hindi* pa dumating ang Kanyang oras. Pero ngayon ay dumating na ang oras para patayin ang Panginoon. Ipinanalangin ng Tagapagligtas, **"Luwalhatiin Mo ang Iyong Anak."** Tinutukoy Niya ang Kanyang kamatayan sa krus. Kung mananatili Siya sa libingan, malalaman ng sanlibutan na isa rin lamang Siyang ordinaryong tao. Pero kung luluwalhatiin Siya ng

Ama sa pagbuhay sa Kanya mula sa mga patay, magiging patunay iyon na Anak Siya ng Diyos at Tagapagligtas ng sanlibutan. Sinagot ng Diyos ang kahilingang ito sa pagbuhay sa Panginoong Jesus sa ikatlong araw at pagkatapos ay ang pagkuha sa Kanya pabalik sa langit at pagpaparangal sa Kanya ng kaluwalhatian at kapurihan.

Ipinagpatuloy ng Panginoon, **"Upang luwalhatiin Ka ng Anak."** Ipinaliwanag ang kahulugan nito sa sumunod na dalawang talata. Niluluwalhati ni Jesus ang Ama sa pamamagitan ng pagbibigay ng buhay na walang hanggan sa mga taong sumasampalataya sa Kanya. Nabibigyan ng lalong dakilang kaluwalhatian ang Diyos kapag sumampalataya ang makasalanang mga tao at kapag isinasabuhay nila ang buhay ng Panginoong Jesus sa sanlibutang ito.

**17:2** Bilang bunga ng Kanyang ginawang pagtubos sa krus, binigyan ng Diyos ang Kanyang Anak **ng awtoridad sa lahat** ng sangkatauhan. Ang **awtoridad** na ito ang nagbigay kay Jesus ng karapatan na **bigyan ng buhay na walang hanggan** ang mga **ibinigay sa Kanya** ng Ama**.** Muli tayong pinaalalahanan dito na bago pa man itinatag ang sanlibutan, minarkahan na ng Diyos ang ilang mga taong magiging pag-aari ni Cristo. Gayunman, tandaan natin na iniaalok ng Diyos ang kaligtasan sa sinumang tatanggap kay Jesu-Cristo. Maliligtas ang kahit sino man sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Tagapagligtas.

**17:3** Narito ang simpleng paliwanag kung paano nagkakaroon ng **buhay na walang hanggan.** Sa pamamagitan ito ng pagkilala sa **Diyos at** kay **Jesu-Cristo.** Ang **iisang Diyos na tunay** ay may pagkakaiba sa mga diyus-diyusan, na hindi naman tunay na mga diyos. Hindi ibig sabihin ng talatang ito na si Jesu-Cristo ay hindi tunay na Diyos. Ang katotohanang binanggit ang Pangalan ni Jesus kasama ng sa Diyos Ama bilang pinagmumulan ng buhay na walang hanggan ay nangangahulugan na pantay Sila. Tinawag dito ng Panginoon ang Kanyang sarili na **Jesu-Cristo.** Ang **Cristo** ay katulad ng salitang Mesias. Pinabubulaanan ng talatang ito ang paratang na hindi kailanman ipinahayag ni Jesus na Siya ang Mesias.

**17:4** Habang binibigkas ng Panginoon ang mga salitang ito, nagsasalita Siya na tila namatay na Siya, nailibing, at nabuhay muli. **Niluwalhati** Niya ang Ama sa Kanyang buhay na banal, sa Kanyang mga himala, sa Kanyang paghihirap at kamatayan, at sa Kanyang

pagkabuhay muli. **Natapos** na Niya ang **gawain** ng kaligtasan na **ibinigay** sa Kanya ng Ama**.** Gaya ng sinabi ni Ryle:

> Nagbigay ng kaluwalhatian sa Ama ang pagkapako ni Cristo sa krus. Niluwalhati nito ang Kanyang karunungan, katapatan, kabanalan, at pag-ibig. Ipinakita nito na marunong ang Diyos sa paggawa ng plano kung saan magiging makatarungan Siya at tagapagwalang-sala rin ng makasalanan. —Ipinakita nito na tapat Siya sa Kanyang pangako, na ang binhi ng babae ang dudurog sa ulo ng ahas. —Ipinakita nito na banal Siya, dahil binayaran ng ating dakilang Kapalit ang hinihingi ng Kanyang kautusan. —Ipinakita nito na mapagmahal Siya, sa pagkakaloob ng Kanyang walang hanggang Anak na maging isang Tagapamagitan, Tagapagligtas, at Kaibigan ng makasalanang tao.
>
> Nagbigay ng kaluwalhatian kay Jesus ang Kanyang pagkapako sa krus. Niluwalhati nito ang Kanyang pagkahabag, Kanyang pagtitiis, at Kanyang kapangyarihan. Ipinakita nito na pinakamahahabagin Siya, sa pagkamatay Niya para sa atin, sa paghihirap Niya bilang ating kapalit, sa pagpayag Niya na ibilang Siyang kasalanan at sumpa para sa atin, at sa pagbili ng ating katubusan sa halaga ng Kanyang sariling dugo. —Ipinakita nito na pinakamatiisin Siya, sa pagkamatay Niya sa paraang hindi karaniwan. Maluwag sa kalooban na sumuko Siya sa ganoong pagdurusa at hindi Niya batid ang matinding paghihirap na hindi mauunawaan ng ating isipan, na sa isang salita lamang ay maaari naman Niyang ipatawag ang mga anghel ng Kanyang Ama, at mapalaya.—Ipinakita nito na pinakamakapangyarihan Siya, sa pagdala ng bigat ng lahat ng kasalanan ng sanlibutan, sa pagtalo at pagwasak kay Satanas. [46]

**17:5** Bago dumating si Cristo sa sanlibutan, nanahan Siya sa langit kasama ang Ama. Nang tumingin ang mga anghel sa Panginoon, nakita nila ang buong kaluwalhatian ng Diyos. Para sa mga anghel, walang pagdududang Siya ay Diyos. Pero nang dumating Siya sa mga tao, natalukbungan ang kaluwalhatian ng Diyos. Kahit na Diyos pa rin si Jesus, hindi ito maliwanag sa mga tao. Nakita lamang nila Siya bilang Anak ng karpintero. Ipinapanalangin dito ng Tagapagligtas na mapanumbalik ang nakikitang kapahayagan ng Kanyang kaluwalhatian sa langit. Ang mga salitang **"luwalhatiin Mo Ako sa Iyong harapan,"** ay nangangahulugan na "luwalhatiin Mo Ako sa Iyong presensiya sa langit. Hayaan nawang manumbalik ang dating kaluwalhatiang kabahagi Ko sa Iyo bago ang Aking Pagkakatawang-tao." Malinaw na itinuturo dito na si Cristo ay nabubuhay kahit noon pa man (o *pre-existence* sa wikang Ingles).

**X. Nanalangin si Jesus para sa Kanyang mga Alagad (17:6–19)**
**17:6** **Ipinahayag** ni Jesus **sa** mga alagad ang **pangalan** ng Ama. Ang ibig sabihin ng salitang "pangalan" sa Banal na Kasulatan ay ang Persona, ang Kanyang mga katangian, at pag-uugali. Lubos na ipinahayag ni Cristo ang tunay na kalikasan ng Ama. **Ibinigay** sa Anak ang mga alagad **mula sa sanlibutan.** Inihiwalay sila mula sa hindi naniniwalang mga tao at ibinukod para maging pag-aari ni Cristo. Isinulat ni J.G. Bellett na, "Sila ay *pinili* ng Ama bago pa man ang sanlibutan, at naging kay Cristo bilang regalo ng Ama, at ayon sa pagtubos ng dugo ni Cristo."

Sinabi ng Panginoon **"Tinupad nila ang Iyong salita."** Sa kabila ng kanilang mga pagkabigo at mga pagkukulang, pinarangalan ni Jesus ang Kanyang mga alagad dahil sa pagsampalataya at pagsunod nila sa Kanyang mga itinuro. Isinulat ni Rainsford na, "Walang salita laban sa Kanyang mga pinili. Walang pagtukoy sa kung ano ang kanilang nagawa o gagawin—ang talikuran Siya."

**17:7, 8** Ganap na kinatawan ng Tagapagligtas ang Kanyang Ama. Ipinaliwanag Niya sa Kanyang mga alagad na hindi Siya nagsalita o kumilos sa Kanyang sariling awtoridad, kundi ayon lamang sa itinuro sa Kanya ng Ama. Kaya **naniwala** sila na **sinugo** ng Ama ang Anak.

Higit pa rito, hindi *nilikha* ni Cristo ang Kanyang sariling misyon. Sumunod Siya sa kalooban ng Ama. Siya ang perpektong Lingkod ni Jehovah.

**17:9** Bilang Punong Saserdote, nanalangin Siya para sa mga alagad; **Hindi ang sanlibutan ang idinadalangin** Niya. Pero hindi dapat itong ipakahulugan na hindi kailanman nanalangin si Cristo para sa sanlibutan. Idinalangin Niya sa krus, "Ama, patawarin Mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."

Pero dito, nanalangin si Jesus bilang Taong kumakatawan sa mga mananampalataya sa harapan ng trono ng Diyos. Ang panalangin Niya dito ay para lamang sa Kanyang kinikilalang mga anak.

**17:10** Ipinakita rito ang perpektong pagkakaisa sa pagitan ng Ama at ng Anak. Walang karaniwang tao ang matapat na masasabi ang mga salita ito. Maaari nating sabihin sa Diyos, **"Ang lahat ng sa**

**Akin ay Iyo,"** pero hindi natin masasabing, **"Ang sa Iyo ay Akin."** Dahil pantay ang Anak sa Ama kaya puwede sabihin ito ni Jesus. Sa mga talatang ito (6–19), ipinakilala ni Jesus ang Kanyang mahihirap at mahiyaing kawan, at sinusuotan Niya ang bawat tupa ng damit na maraming kulay at sinabi Niya, **"Ako'y naluluwalhati sa kanila."**

**17:11** Muling inasam ng Panginoong Jesus ang Kanyang pagbalik sa langit. Nanalangin Siya na tila nakabalik na Siya roon. Pansinin ang titulong **Amang Banal.** Tumutukoy ang salitang **Banal** sa Taong *dakila magpakailanman.* Tumutukoy naman ang salitang **Ama** sa Taong *kilalang-kilala.*

Ang panalangin ni Jesus na **"upang sila'y maging isa"** ay tumutukoy sa pagkakaisa ng katangian ng mga Cristiano. Dahil ang Ama at Anak ay magkatulad sa moral na paraan, gayon din naman, dapat nagkakaisa ang mga mananampalataya sa bagay na ito—na sila ay katulad ng Panginoong Jesus.

**17:12** **Habang kasama** ni Jesus ang mga alagad, **iningatan sila** ng Tagapagligtas sa **pangalan** ng Ama. Sa pamamagitan ito ng kapangyarihan at awtoridad ni Jesus at sa Kanyang pagiging tapat sa Ama. Sinabi ni Jesus, **"Isa man sa kanila ay walang napahamak, maliban sa anak ng kapahamakan."** Ang tinutukoy dito ay si Judas. Pero hindi nito ibig sabihin na isa si Judas sa mga ibinigay ng Ama sa Anak o na siya ay isang tunay na mananampalataya. Ito ang ibig sabihin ng pangungusap: "Iningatan Ko ang mga ibinigay Mo sa Akin, at walang isa man sa kanila ang napahamak. Pero ang anak ng kapahamakan ay napahamak, para matupad ang sinasabi sa Banal na Kasulatan." Ang titulong **"anak ng kapahamakan"** ay nangangahulugan na si Judas ay ipinagkatiwala sa walang hanggang pagkawasak at kapahamakan. Hindi pinilit si Judas na ipagkanulo si Cristo para matupad ang propesiya. Pero pinili ni Judas na ipagkanulo ang Tagapagligtas at sa paggawa nito ay **natupad ang kasulatan.**

**17:13** Ipinaliwanag ng Panginoon kung bakit Siya nananalangin sa presensiya ng Kanyang mga alagad. Tila sinabi Niya sa kanila: "Mga panalangin ito na hindi Ko kailanman ititigil na gawin sa langit sa harap ng Diyos. Pero ginagawa Ko ngayon ang mga ito **sa sanlibutan** na naririnig ninyo, para mas tiyak ninyong maunawaan kung paano Akong naroroon sa langit para itaguyod ang inyong kapakanan at para maging kahati kayo sa **Aking kagalakan.**"

**17:14** Ibinigay ng Panginoon ang **salita** ng Diyos sa mga alagad, at tinanggap nila ito. Bilang resulta, tinalikuran sila ng **sanlibutan** at **napoot sa kanila.** Mayroon silang katangian ng Panginoong Jesus kaya hinamak sila ng **sanlibutan.** Hindi sila angkop sa sistema ng nangyayari sa sanlibutan.

**17:15** **Hindi hiniling** ng Panginoon **na alisin** ng Ama ang mga mananampalataya at dalhin agad sa langit. Kailangan silang maiwan dito para sila ay lumago sa biyaya, at magpatotoo para kay Cristo. **Kundi** ang panalangin ni Cristo ay na sila ay ingatan **mula sa masama.** Hindi pagtakas sa masama, kundi pag-iingat mula rito.

**17:16** **Hindi taga-sanlibutan** ang mga Cristiano, katulad ni Cristo na **hindi taga-sanlibutan.** Kailangan nating alalahanin ito kapag natutukso tayong maakit sa makamundong gawain o sumama sa makamundong mga samahan kung saan hindi tanggap ang pangalan ni Jesus.

**17:17** Ang ibig sabihin ng **pabanalin** ay ilaan. May pagpapabanal na epekto ang Salita ng Diyos sa mga mananampalataya. Sa pagbasa at pagsunod nila sa Biblia, inilaan sila bilang mga sisidlan na nababagay na gamitin ng Panginoon. Ito ang eksaktong idinadalangin dito ng Panginoong Jesus. Nais Niya ng mga taong inihiwalay mula sa sanlibutan na inilaan para sa Diyos at nagagamit ng Diyos. Sinabi ni Jesus, **"Ang salita Mo ay katotohanan"**. Hindi Niya sinabi ang katulad ng sinasabi ng marami sa ngayon na, "Ang salita Mo *ay may* katotohanan." Sa halip, ang sinabi ni Jesus ay, **"Ang salita Mo AY katotohanan."**

**17:18** **Sinugo** ng Ama ang Panginoong Jesus **sa sanlibutan** para ipahayag ang katangian ng Diyos sa tao. Habang nananalangin ang Panginoon, napagtanto Niya na malapit na Siyang bumalik sa langit. Pero ang mga susunod na henerasyon ay mangangailangan pa rin ng mga patotoo tungkol sa Diyos. Ang gawaing ito ay dapat isagawa ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Siyempre, hindi kailanman perpektong maikakatawan ng mga Cristiano ang Diyos gaya ng ginawa ni Cristo. Hindi sila kailanman magiging kapantay ng Diyos. Pero narito ang mga mananampalataya para kumatawan din sa Diyos sa sanlibutan. Ito ang dahilan kaya **sinugo sila** ni Jesus **sa sanlibutan.**

**17:19** Hindi *gawing banal* ang tiyak na ibig sabihin ng *pabanalin.* Si Jesus *ay* banal ayon sa Kanyang personal na katangian. Ang kaisipan dito ay *inilaan ng Panginoon ang Kanyang sarili* para sa gawaing ipinapagawa sa Kanya ng Ama—iyon ay ang Kanyang sakripisyong kamatayan sa krus. Puwede ring ibig sabihin nito na inilaan ni Jesus ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pag-alis Niya sa sanlibutan at pagpasok sa kaluwalhatian. Sinabi ni Vine "Ang Kanyang pagiging banal ay ang ating huwaran, at ang ating kapangyarihan." Dapat tayong ibukod mula sa sanlibutan at hanapin ang ating bahagi sa Kanya.

### Y. Nanalangin si Jesus para sa Lahat ng Mananampalataya (17:20–26)

**17:20** Nanalangin ngayon ang Punong Saserdote para sa iba at bukod sa mga alagad. Nanalangin Siya para sa mga henerasyong hindi pa ipinapanganak. Ang totoo, puwedeng sabihin ng bawat mananampalataya na nagbabasa ng talatang ito na, "Ipinanalangin ako ni Jesus 1900 taon na ang nakakalipas."

**17:21** Ang panalangin ay para sa pagkakaisa ng mga mananampalataya. Pero ang layunin sa pagkakataong ito ay para sa kaligtasan ng mga makasalanan. Ang pagkakaisa na ipinanalangin ni Cristo ay hindi ang pagkakaisa ng iglesya. Sa halip, pagkakaisa ito na batay sa pagkakatulad sa pag-uugali ng mga Cristiano. Ipinapanalangin ni Jesus na **maging isa** ang mga mananampalataya sa pagpapakita ng katangian ng Diyos at ni Cristo. Ito ang magiging dahilan **para sumampalataya ang sanlibutan na sinugo** Siya ng Diyos. Ito ang pagkakaisa na magdudulot sa sanlibutan na magsabing, "Nakikita ko si Cristo sa buhay ng mga Cristianong iyon gaya nang kung paanong nakita ang Diyos Ama sa buhay ni Cristo."

**17:22** Sa talatang 11, dumalangin ang Panginoon ng pagkakaisa sa pagsasama. Sa talatang 21, pagkakaisa ito sa pagpapatotoo. Ngayon naman ay pagkakaisa sa **kaluwalhatian.** Tumutukoy ito sa panahon kung kailan tatanggapin ng mga mananampalataya ang kanilang mga katawang niluwalhati. **"Ang kaluwalhatiang ibinigay Mo sa Akin"** ay ang kaluwalhatian ng muling pagkabuhay at pag-akyat muli sa langit.

Wala pa tayo ng kaluwalhatiang ito. **Ibinigay** ito sa atin ayon sa layunin ng Diyos, pero hindi pa natin ito tatanggapin hanggang sa bumalik ang Tagapagligtas para dalhin tayo sa langit. Mahahayag ito

sa sanlibutan kapag bumalik si Cristo para itayo ang Kanyang kaharian sa mundo. Sa panahong iyon, malalaman ng sanlibutan ang mahalagang pagkakaisa sa pagitan ng Ama at ng Anak, pati ang pagkakaisa ng Anak at Kanyang mga pinili. Sasampalataya ang sanlibutan (pero huli na ang lahat) na si Jesus Ang Isinugo ng Diyos.

**17:23** Hindi lamang malalaman ng **sanlibutan** na si Jesus ang Diyos Anak. Malalaman din nito na minahal ng Diyos ang mga mananampalataya gaya ng pagmamahal ng Diyos kay Cristo. Halos hindi kapani-paniwala na dapat tayong mahalin, pero iyon talaga ang totoo.

**17:24** Ninanais ng Anak na makasama Niya sa kaluwalhatian ang mga ibinigay sa Kanya. Tuwing mamamatay ang isang mananampalataya, sa isang banda, ito ay sagot sa panalanging ito. Kung malalaman natin ito, isa itong kaaliwan sa atin kapag nalulungkot tayo. Ang mamatay ay ang makasama si Cristo at **makita** ang Kanyang **kaluwalhatian.** Ang **kaluwalhatiang** ito ay hindi lamang ang kaluwalhatian ng Kanyang pagka-Diyos na mayroon Siya bago pa man nagsimula ang sanlibutan. Kaluwalhatian din ito na nakamit ni Jesus bilang Tagapagligtas at Tagatubos. Patunay ang **kaluwalhatiang** ito na **minahal** ng Diyos si Cristo **bago pa natatag ang sanlibutan.**

**17:25** Nabigo ang **sanlibutan** na makita ang Diyos na nahayag kay Jesus. Pero nakita ito ng ilang mga alagad, at sumampalataya sila **na sinugo** ng Diyos si Jesus. Sa bisperas ng Kanyang pagkapako, mayroon lamang kaunting tapat na mga puso sa buong sangkatauhan—at pati ang mga ito ay tatalikod pa sa Kanya.

**17:26** **Ipinakilala** ng Panginoong Jesus ang **pangalan** ng Ama sa Kanyang mga alagad noong kasama nila Siya. Ibig nitong sabihin na ipinahayag ni Jesus ang Ama sa kanila. Ang Kanyang mga salita at mga gawa ay ang mga salita at mga gawa ng Ama. Nakita nila kay Cristo ang ganap na kapahayagan ng Ama. Patuloy na **ipinakilala** ni Jesus ang Pangalan ng Ama sa pamamagitan ng gawain ng Banal na Espiritu. Magmula noong araw ng Pentecostes, tinuturuan ng Espiritu ang mga mananampalataya tungkol sa Diyos Ama. Malalaman natin kung sino ang Diyos lalo na sa pamamagitan ng Biblia. Kapag tinanggap ng mga tao ang Ama kung paano Siya ipinahayag ng Panginoong Jesus, nagiging espesyal silang mga pakay ng **pag-ibig** ng Ama. Dahil pinananahanan ng Panginoong

Jesus ang lahat ng mananampalataya, itinuturing sila ng Ama gaya ng pagturing Niya sa Kanyang Anak. Sinabi ni Reuss:

> Bago pa man likhain ang mundo, ang pag-ibig ng Diyos ay nasa Kanyang Anak na at napunta rin ang pag-ibig na ito sa mga sumampalataya at nakipagkaisa sa Kanyang Anak.[47]

At idinagdag pa ni Godet:
Ang layunin ng Diyos sa pagsugo Niya sa Kanyang Anak sa mundo ay upang bumuo ng mga taong katulad ng Kanyang Anak.

Dahil ang Panginoong Jesus ay nasa mananampalataya kaya puwede siyang mahalin ng Diyos gaya ng pag-ibig Niya kay Cristo.

Tunay na mahal na mahal ako ng Diyos. Ang pag-ibig Niya sa akin ay tulad ng Kanyang pag-ibig sa Kanyang Anak na si Jesus.
—Catesby Paget

Ang mga kahilingang ginawa ni Cristo para sa Kanyang mga Anak, gaya ng itinala ni Rainsford,
…ay tumutukoy sa mga bagay na espirituwal, at sa mga pagpapalang makalangit. Hindi ito tumutukoy sa mga kayamanan, o karangalan, o makamundong impluwensiya. Sa halip, tumutukoy ang mga kahilingang ito sa kaligtasan mula sa masama, pagkahiwalay mula sa mundo, pagiging marapat sa tungkulin, at ligtas na pagpunta sa langit. [48]

## VIII. ANG PAGDURUSA AT KAMATAYAN NG ANAK NG DIYOS (Mga Kab. 18, 19)

### A. Ipinagkanulo ni Judas ang Panginoon (18:1–11)

**18:1** Sa Jerusalem sinabi ang mga nakasulat sa mga kabanatang 13–17. Iniwan na ngayon ni **Jesus** ang siyudad at naglakad pasilangan patungong Bundok ng mga Olibo. Para makarating doon, tumawid Siya **sa libis ng Cedron** at dumating sa Hardin ng Getsemani na nasa kanlurang bahagi ng Olibo.

**18:2, 3** Alam ni **Judas** na naglalaan si Jesus ng mahabang oras ng pananalangin sa hardin. **Alam** niya na ang **lugar** kung saan puwedeng matagpuan ang Panginoon ay kung saan Siya nananalangin.

Marahil ang **pulutong ng mga kawal** ay mga sundalong Romano. Samantala, ang mga **punong kawal** naman ay mga opisyal na Judio

na kumakatawan sa **mga punong pari at mga Fariseo. Pumunta** sila **na may mga ilawan, mga sulo, at mga sandata.** "Pumunta sila na may mga ilawan para hanapin ang Ilaw ng sanlibutan."

**18:4** **Lumabas** ang Panginoon para salubungin sila. Hindi na hinihintay ni Jesus na hanapin nila Siya. Ipinapakita nito ang Kanyang kagustuhang pumunta sa krus. Puwede namang iwan na lamang ng mga kawal ang mga sandata nila sa kanilang bahay dahil hindi lalaban ang Tagapagligtas. Ang tanong na **"Sino ang inyong hinahanap"** ay nakalagay para sila mismo ang magsabi kung ano ang kanilang misyon.

**18:5** Hinahanap nila **si Jesus na taga-Nazaret.** Hindi nila napagtanto na Siya ang kanilang Tagapaglikha at kanilang Tagapagkaloob—ang matalik na Kaibigan na mayroon sana sila. Sinabi ni Jesus, **"Ako nga iyon."** (Ang salitang **"He"** ay hindi matatagpuan sa orihinal, pero kailangan ito sa wikang Ingles.) Ibig sabihin ng Panginoon na hindi lamang Siya si Jesus na taga-Nazaret kundi pati na rin na Siya si Jehovah. Gaya ng nabanggit dati, ang AKO NGA ay isa sa mga Pangalan ni Jehovah sa LT. Nagdulot kaya ito kay **Judas** na muling mapaisip habang **nakatayo** siya **kasama** ang ibang mga tao?

**18:6** Sa sandaling ito, ipinahayag sa kanila ng Panginoong Jesus ang Kanyang sarili bilang si Ako Nga, ang Makapangyarihang Diyos. Lubos na makapangyarihan ang kapahayagang ito kaya **umurong sila at bumagsak sa lupa.**

**18:7** **Muli silang tinanong** ng Panginoon para sabihin sa Kanya kung **sino** ang kanilang **hinahanap**. At ganoon muli ang kanilang sagot—sa kabila ng naging epekto sa kanila kanina ng sagot ni Cristo.

**18:8, 9** Muling **sumagot si Jesus** na Siya ang Taong iyon, at na Siya si Jehovah. **"Sinabi Ko sa inyo na 'AKO NGA.'"** Dahil hinahanap nila si Jesus, sinabi Niya sa kanila na dapat nilang **hayaang makaalis** ang mga alagad. Kamangha-manghang makita rito na iniisip pa rin ni Jesus ang kapakanan ng iba samantalang nasa panganib ang sarili Niyang buhay. Dahil dito, natupad din ang nakasulat sa Juan 17:12

**18:10** Naisip ni **Simon Pedro** na dumating na ang oras para gumamit ng dahas sa pagsisikap na mailigtas ang kanyang Panginoon mula sa mga taong ito. **Hinugot** niya ang kanyang **tabak** at **tinaga ang alipin ng pinakapunong pari.** Kumilos siya nang walang tagubilin mula sa Panginoon. Walang dudang tinangka ni Pedro na patayin ang alipin. Pero napalihis ang tabak dahil sa hindi nakikitang kamay, kaya **natigpas** lamang **ang kanyang kanang tainga.**

**18:11** Pinagsabihan ni Jesus si **Pedro** sa mali niyang ginawa**. Ang kopa** ng pagdurusa at kamatayan ay **ibinigay** sa Kanya ng Kanyang **Ama,** at kailangan Niyang **inumin** ito. Sinulat ng manggagamot na si Lucas kung paanong hinawakan ng Panginoon at pinagaling sa puntong ito ang tainga ni Malco (22:51).

**B. Inaresto at Iginapos si Jesus (18:12–14)**

**18:12, 13** Ito ang unang pagkakataon na hinawakan si **Jesus** ng masasamang mga tao at itinali ang Kanyang mga braso.

Naging pinakapunong pari si **Anas** dati. Hindi malinaw kung bakit dapat dalhin **muna** si Jesus kay Anas na biyenan ni Caifas. Dapat ay kay **Caifas** dinala si Jesus **na pinakapunong pari** noong panahong iyon. Ang mahalagang makita dito ay nilitis muna si Jesus sa harapan ng mga Judio sa pagtatangkang patunayang nagkasala Siya ng kalapastanganan sa Diyos at maling pananampalataya. Ito ang maaari nating tawaging *relihiyosong* paglilitis. Pagkatapos ay dinala naman Siya para litisin sa harapan ng mga opisyal na Romano. Ang sakdal kay Jesus dito ay para patunayang kalaban Siya ni Cesar. Ito naman ang *sibil* na paglilitis. Dahil ang mga Judio ay nasa ilalim ng pamumuno ng mga Romano, kailangan nilang sumailalim sa korte ng Romano. Hindi nila maaaring isagawa ang parusang kamatayan. Dapat si Pilato ang magsagawa nito.

**18:14** Ipinaliwanag ni Juan na ang pinakapunong pari ay si **Caifas** din na humula **na dapat na ang isang tao'y mamatay alang-alang sa** bansa (tingnan ang Juan 11:50). Magkakaroon na ngayon si Caifas ng bahagi sa kaganapan ng propesiyang iyon. Isinulat ni James Stewart:

Ang taong ito ang pinagkakatiwalaan para sa buhay espirituwal ng bansa. Inilaan siya para maging kataas-taasang tagapagturo at kinatawan ng Kabanal-banalang Dios. Ipinagkatiwala

sa kanya ang maluwalhating pribilehiyo ng pagpasok sa dakong kabanal-banalan isang beses kada taon. Pero ang taong ito ang sumumpa sa Anak ng Diyos. Ipinapakita ng pangyayaring ito ang isang larawan ng katotohanan na ang itinuturing na pinakamaayos na relihiyon sa sanlibutan at ang inaakalang pinakamagandang posisyon ay hindi maggagarantiya ng kaligtasan ng isang tao at ng kanyang kaluluwa. Sinulat ni John Bunyan sa hulihang bahagi ng kanyang aklat, "At nakita ko na mayroong daan patungong impyerno, kahit na sa may tarangkahan pa ng langit." [49]

**C. Ipinagkaila ni Pedro ang Kanyang Panginoon (18:15–18)**

**18:15** Naniniwala ang marami sa mga mag-aaral ng Biblia na si Juan **ang isa pang alagad** na binanggit dito. Pero maaaring dahil sa kababaang-loob kaya hindi na niya binanggit ang kanyang pangalan dito. Maaaring dahil din sa susunod na mangyayari tungkol sa pagkabigo ni Pedro. Hindi sinabi sa atin kung paanong naging **kilala ng pinakapunong pari** si Juan. Pero dahil sa katotohanang ito kaya natamo niya ang karapatang pumasok **sa patyo.**

**18:16, 17** Hindi nakapasok agad si **Pedro** hanggang sa lumabas si Juan at kinausap ang babaing tanod sa pinto. Magtataka tayo kung tama ba na gamitin ni Juan ang kanyang impluwensiya sa ganitong paraan. Mahalagang mapansin na ang unang pagkakaila ni Pedro sa Panginoon ay hindi sa harapan ng isang makapangyarihan o nakakasindak na kawal. Ito ay sa harapan ng isang simpleng **babaing tanod sa pinto.** Ipinagkaila niyang alagad siya ni Jesus.

**18:18** Nakikisalamuha na ngayon si Pedro sa mga kaaway ng kanyang Panginoon, at sinubukang itago ang kanyang pagkakakilanlan. Gaya ng maraming alagad, **nagpapainit** siya sa **siga** ng sanlibutang ito.

**D. Si Jesus sa Harapan ng Pinakapunong Pari (18:19–24)**

**18:19** Hindi malinaw kung si Anas o si Caifas ang **pinakapunong pari** na tinutukoy rito. Kung si Anas man ito, at malamang na siya nga, marahil tinawag siyang pinakapunong pari bilang paggalang dahil minsan niyang ginampanan ang tungkuling ito. **Tinanong ng pinakapunong pari si Jesus tungkol sa Kanyang mga alagad at Kanyang** itinuturo, na tila nagiging banta ang mga ito sa Kautusan ni Moises at sa pamahalaan ng Romano. Halatang walang tunay na maisasakdal ang mga taong ito laban sa Panginoon, kaya naman sinusubukan nilang gumawa nito.

**18:20 Sinagot siya ni Jesus** na ang Kanyang gawain ay ginawa Niya nang **hayagan.** Wala Siyang itinago. Nagturo Siya sa presensiya ng **mga Judio, sa mga sinagoga at sa templo.** Walang lihim sa Kanyang mga ginawa.

**18:21** Hinamon sila ni Jesus na maglabas sila ng ilang mga Judio na nakinig sa Kanya. Hayaan ang mga nakapakinig sa Kanya ang gumawa ng paratang laban sa Kanya. Kung may ginawa o sinabi man Siyang mali, hayaang magsabi ang mga saksi.

**18:22** Halatang nainis ang mga Judio sa paghamon na ito ni Jesus. Wala silang magawang sakdal laban sa Kanya. Kaya naman, inabuso na lamang nila si Jesus. Sinampal Siya ng **isa sa mga punong kawal** dahil sa pagsagot **ng ganoon sa pinakapunong pari.**

**18:23** Ipinakita ng Tagapagligtas ang kawalang-katarungan ng kanilang posisyon. Hindi nila Siya puwedeng paratangan ng pagsasalita ng masama. Gayon pa man, sinampal nila si Jesus sa pagsasabi ng katotohanan.

**18:24** Ipinakita ng nauunang mga talata ang pagtatanong sa harapan ni Anas. Hindi inilarawan ni Juan ang paglilitis sa harap ni Caifas. Tugma ito sa pagitan ng 18:24 at 18:28.

**E. Ang Ikalawa at Ikatlong Pagkaila ni Pedro (18:25–27)**

**18:25** Bumalik ngayon ang kuwento kay **Simon Pedro.** Sa malamig na madaling araw, **nagpapainit** siya ng kanyang **sarili** sa may apoy. Walang dudang ipinapahiwatig ng kanyang pananamit at punto ng pagsasalita na mangingisda siya sa Galilea. Tinanong ng taong nakatayo kasama niya kung siya ba ay alagad ni Jesus. Pero muling **niyang ikinaila** ang Panginoon ng ikalawang beses.

**18:26** Ngayon ay **kamag-anak** naman ni Malchus ang kumausap kay Pedro. Nakita niyang **tinagpas ni Pedro ang tainga** ng kanyang kamag-anak. **"Hindi ba ikaw ang nakita kong kasama sa halamanan** ng Jesus na ito?"

**18:27 Ikinaila** muli ni **Pedro** sa ikatlong pagkakataon si Jesus. **Kaagad** niyang narinig ang pagtilaok ng **isang manok**. Napaalalahanan siya ng sinabi ng Panginoon. "Hindi titilaok ang manok hanggang ipagkaila mo Ako ng tatlong beses." Nalaman

natin mula sa ibang mga Ebanghelyo na lumabas si Pedro sa puntong ito at umiyak nang buong pait.

**F. Si Jesus sa Harapan ni Pilato (18:28–40)**

**18:28** Natapos na ang relihiyosong paglilitis, at magsisimula na ang sibil na paglilitis. Ang eksena ay sa bulwagan o sa palasyo ng gobernador. Ayaw pumunta ng mga Judio sa palasyo ng isang Hentil. Naramdaman nila na **marurumihan** sila at mapipigilang kumain ng **kordero ng Paskuwa.** Tila hindi nila alintana na pinaplano nila ang kamatayan ng Anak ng Diyos. Isang trahedya para sa kanila ang pumasok sa bahay ng isang Hentil, pero maliit na bagay lamang ang pagpatay. Ipinahayag ni Agustin:

> O makasalanang pagkabulag! Lubha silang marurumihan sa pagtahan sa iba, at hindi marurumihan sa sarili nilang krimen. Natatakot silang marumihan ng pretorio ng dayuhang hukom, at hindi natatakot na marumihan ng dugo ng isang inosenteng kapatid.[52]

Kinomento ni Hall:

> Kahabag-habag kayong mga pari, mga eskriba, mga matatanda, mga ipokrito! Mayroon pa bang mas maruming lugar kaysa inyong sariling mga puso? Hindi ang mga pader ni Pilato, kundi ang sarili ninyong mga puso ang marumi. Pagpatay ba ang sadya ninyo, at ayaw ninyong mahawaan kayo? Uusigin kayo ng Diyos, kayong mga nagbabanal-banalan! Ninanais ninyo bang mabahiran ng dugo—ng dugo ng Diyos? At natatakot ba kayong marumihan na mahipo ang palitada ni Pilato? Isang maliit na niknik ang nakadikit sa inyong mga lalamunan, samantalang nilulunok ninyo ang isang kamelyo ng tampalasang kasamaan? Umalis kayo sa Jerusalem, kayong kunwaring mga mananamapalataya, nang kayo ay hindi marumihan! Mas lalong dapat matakot si Pilato, na ang kanyang mga pader ay marurumihan ng masasamang tao ng katampalasanan.[53]

Pinuna ni Poole, "Walang mas karaniwan pa kaysa mga taong sobrang sigasig sa mga ritwal na gawain para mapabayaan naman ang tungkol sa moralidad."[54] Ang pahayag na **"upang sila'y makakain ng kordero ng Paskuwa"** ay maaaring mangahulugan nang pista na *sinusundan* ng Paskuwa. Ang mismong Paskuwa ay naganap na noong nakaraang gabi.

**18:29** Ang gobernador ng Romano na si **Pilato** ay bumigay sa hiling ng mga relihiyosong Judiong ito sa pamamagitan ng **paglabas** kung nasaan sila. Sinimulan niya ang paglilitis sa pagtatanong sa kanila na ipahayag ang paratang **laban sa** Bilanggo.

**18:30** Mapangahas at bastos ang kanilang sagot. Tila sinabi nila na nilitis na nila ang kaso at natagpuang may kasalanan si Jesus. Ang nais lamang nilang gawin ni Pilato ay ang ipahayag ang parusa.

**18:31** Sinubukan ni **Pilato** na umiwas sa responsibilidad at ibalik ito muli sa mga Judio. Kung nilitis na nila si Jesus at natagpuan Siyang may kasalanan, bakit ngayon hindi nila **Siya** hinatulan **ayon sa** kanilang **batas?** Napakahalaga ng sagot ng mga Judio. Tila ganito ang sagot nila: "Hindi kami malayang bansa. Nasa ilalim kami ng kapangyarihan ng Romano. Inalis mula sa aming mga kamay ang pamahalaang sibil, at wala na kaming awtoridad **na ipapatay ang sinumang tao."** Ang kanilang sagot ay katunayan ng kanilang pagkaalipin at pagpapasakop sa kapangyarihan ng Hentil. Isa pa, nais nilang ilipat kay Pilato ang responsibilidad ng kamatayan ni Cristo.

**18:32** Puwedeng may dalawang magkaibang kahulugan ang talatang 32: (1) Sa Mateo 20:19, hinulaan ni Jesus na ibibigay Siya sa mga Hentil para patayin. Ginagawa dito ng mga Judio ang bagay na iyon sa Kanya. (2) Sa maraming pagkakataon, sinabi ng Panginoon na "itataas" Siya (Juan 3:14; 8:28; 12:32, 34). Tumutukoy ito sa kamatayan sa pamamagitan ng pagpapapako sa krus. Ginagamit ng mga Judio ang pagbato sa mga kaso ng parusang kamatayan; samantalang paraan naman ng mga Romano ang pagpapapako. Kaya naman, sa pagtanggi nila na isagawa ang parusang kamatayan, walang malay ang mga Judio na tinupad nila ang dalawang propesiyang ito na may kinalaman sa Mesias (tingnan rin ang Awit 22:16)

**18:33** Dinala ngayon ni **Pilato** si Jesus sa **palasyo ng gobernador** para sa pribadong pakikipag-usap at tahasan Siyang tinanong—**"Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?"**

**18:34** **Sumagot si Jesus** ng tila ganito, "Bilang gobernador, narinig mo ba na sinubukan kong pabagsakin ang kapangyarihan ng Romano? Ibinalita ba sa iyo na ipinahayag Ko ang Aking sarili na

Hari na sisira sa emperyo ni Cesar? Ang paratang ba na ito ay alam mo batay sa personal mong karanasan, o narinig mo lamang na sinasabi ng mga Judiong ito?

**18:35** May tunay na paghamak sa tanong ni Pilato, **“Ako ba’y Judio?”** Ipinahiwatig niya na masyado siyang importante para magambala ng ganoong problema ng mga Judio. Pero ang sagot niya ay pag-amin din na wala siyang nalalaman na tunay na paratang laban kay Jesus. Alam lamang niya kung ano ang sinabi ng mga pinuno ng mga Judio.

**18:36** Ipinahayag ngayon ng Panginoon na Siya *ay* Hari. Pero hindi Siya ang uri ng hari na inaakusa sa Kanya ng mga Judio. At hindi rin ang uri ng hari na magbabanta sa Roma. Hindi isinusulong ng mga sandata ng tao ang **kaharian** ni Cristo. Kung magkagayon man, **makikipaglaban** ang mga alagad Niya para mapigilan ang pagkakahuli sa Kanya ng mga Judio. **Hindi mula rito ang kaharian** ni Cristo. Hindi ito mula sa sanlibutang ito. Hindi nito tinatanggap ang kapangyarihan o awtoridad mula sa sanlibutan; hindi makalaman ang mga layunin nito.

**18:37** Nang tanungin Siya ni **Pilato** kung Siya ay **hari, … Sumagot si Jesus, “Ikaw ang nagsasabing Ako’y hari.”** May kinalaman sa **katotohanan** ang kaharian ni Jesus at hindi ng mga tabak at mga kalasag. Ang Kanyang layunin sa pagpunta Niya rito **sa sanlibutan** ay para **magpatotoo sa katotohanan**. Ang ibig sabihin ng **katotohanan** dito ay ang katotohanan tungkol sa Diyos, tungkol kay Cristo, sa Banal na Espiritu, sa tao, sa kasalanan, sa kaligtasan, at sa lahat ng iba pang dakilang mga doktrina ng Cristianismo. **Ang bawat isang panig sa katotohanan ay nakikinig sa** Kanyang **tinig,** at ganoon kung paano lumalago ang Kanyang kaharian.

**18:38** Mahirap sabihin kung ano ang ibig sabihin ni **Pilato** nang **sinabi** niya **sa Kanya, “Ano ang katotohanan?”** Nalilito ba siya, nanunuya, o interesado siya? Ang alam lamang natin ay si Jesus na Siyang katotohanang nagkatawang-tao ay nakatayo sa harapan niya, at hindi Siya nakilala ni Pilato. Nagmadali ngayon si Pilato papunta sa mga Judio na umaamin na wala siyang makitang **anumang kasalanan** kay Jesus.

**18:39** **Kaugalian** ng mga Judio **sa Paskuwa** na humiling mula sa mga Romano na palayain ang ilang bilanggong Judio. Pinanghawakan ni Pilato ang kaugaliang ito sa pagsisikap na bigyang lugod ang mga Judio at **pakawalan** si Jesus sa pagkakataong iyon.

**18:40** Nabigo ang plano. Ayaw ng mga Judio kay Jesus; si **Barabas** ang gusto nila. **Si Barabas ay isang tulisan.** Mas gusto ng masamang puso ng tao ang isang tulisan kaysa ang Manlilikha.

**G. Ang Hatol ni Pilato: Inosente Pero Pinarusahan (19:1–16)**

**19:1** Hindi makatarungan para kay **Pilato** na hagupitin ang isang inosenteng Tao. Umasa siguro siya na makokontento ang mga Judio sa parusang ito at hindi na nila hihingin ang *kamatayan* ni Jesus. Ang paghagupit ay isang paraan ng parusa ng mga Romano. Hinahampas ang bilanggo ng latigo o pamalo. May mga piraso ng metal o buto ang latigo, at nagdudulot ito ng malalim na hiwa sa laman.

**19:2, 3** Nilibak ng **mga kawal** ang pahayag ni Jesus na Siya'y Hari. Gumawa sila ng isang korona para sa Hari. Pero **koronang tinik** ito. Magdudulot ito ng malubhang sakit dahil idiniin ito sa Kanyang ulo. Sumisimbolo ang mga tinik sa sumpa na dinala ng kasalanan sa sangkatauhan. May larawan tayo rito ng Panginoon na dinadala ang sumpa ng ating mga kasalanan para magsuot tayo ng korona ng kaluwalhatian. Ginamit din ang **balabal na kulay-ube** sa panlilibak. **Kulay-ube** ang kulay ng pagkahari. Pero muli tayong pinapaalalahanan nito kung paanong inilagay ang ating mga kasalanan kay Jesus para madamitan tayo ng balabal ng katuwiran ng Diyos.

Gaano kalungkot isipin na ang walang hanggang Anak ng Diyos ay **pinagsusuntok** ng Kanyang mga nilikha. Ang mga bibig na Kanyang nilikha ay ginagamit ngayon para libakin Siya.

**19:4** **Si Pilato ay muling lumabas** sa mga tao at ipinahayag na **ilalabas** niya si Jesus sa kanila, at sasabihin na inosente Siya. Kaya hinatulan ni Pilato ang kanyang sarili sa pamamagitan ng sarili niyang mga salita. Wala siyang nakitang kasalanan kay Cristo; pero hindi niya Siya pinalaya.

**19:5** Sa **paglabas ni Jesus** na may **koronang tinik at balabal na kulay-ube,** ipinahayag ni Pilato na Siya **"ang Tao."** Mahirap malaman kung sinabi niya ito ng may panunuya, may simpatiya, o walang kahit anong emosyon.

**19:6** Napansin ng **mga punong pari** na nanginginig si Pilato, kaya matindi silang sumigaw na dapat ipako sa krus si Jesus. Mga *relihiyosong* tao ang mga pinuno sa kamatayan ng Tagapagligtas. Sa nakalipas na mga siglo, malimit na mga opisyal ng iglesya ang pinakaumuusig sa tunay na mga mananampalataya. Tila nainis sa kanila si **Pilato** at sa kanilang walang dahilang pagkamuhi kay Jesus. Tila sinabi niya: "Kung iyan ang nararamdaman ninyo, bakit ayaw ninyo **Siyang kunin at ipako Siya sa krus?** Sa abot ng makakaya ko, inosente Siya." Pero alam ni Pilato na hindi mapatay ng mga Judio si Jesus dahil puwede lamang isagawa ng mga Romano ang kapangyarihang ito noong panahong iyon.

**19:7** Nang makita nila na nabigo silang patunayan na isang banta si Jesus sa pamahalaan ni Cesar, inilabas nila ang kanilang paratang na panrelihiyon laban sa Kanya. Ipinapahayag ni Cristo ang pagkakapantay sa Diyos sa pagsasabi na **Anak** Siya **ng Diyos.** Para sa mga Judio, paglapastangan ito sa Diyos at dapat parusahan ng kamatayan.

**19:8,9** Bumagabag kay **Pilato** ang posibilidad na Anak ng Diyos si Jesus. Hindi na siya mapalagay tungkol sa buong pangyayari, pero ito ang mas **lalong nagpatakot** sa kanya.

Dinala ni Pilato si Jesus **sa palasyo ng gobernador** o sa bulwagan ng hukuman at tinanong Siya kung **taga-saan** Siya. Sa lahat ng ito, ipinakita ni Pilato ang isang kalunos-lunos na anyo. Ipinahayag ng sarili niyang mga labi na walang ginawang masama si Jesus, pero wala siyang katapangan na palayain Siya dahil natatakot si Pilato sa mga Judio. Bakit hindi siya **sinagot ni Jesus?** Maaaring dahil alam ni Jesus na ayaw ni Pilato na kumilos ayon sa kaliwanagan o katotohanang alam niya. Pinalagpas ni Pilato ang araw ng kanyang pagkakataon. Hindi siya bibigyan ng lalong kaliwanagan kapag hindi siya tumugon sa liwanag na mayroon siya.

**19:10** Sinubukang puwersahin ni **Pilato** na sumagot ang Panginoon sa pamamagitan ng pagbabanta sa Kanya. Pinaalalahanan niya si

Jesus, na bilang gobernador ng Roma, may **kapangyarihan** siya o awtoridad na **pakawalan** Siya o **ipako** Siya **sa krus.**

**19:11** Kahanga-hanga ang pagtitimpi ng Panginoong Jesus. Mas kalmado Siya kaysa kay Pilato. Mahina Niyang sinagot na ang anumang **kapangyarihang** mayroon si Pilato ay **ibinigay** sa kanya ng Diyos. Itinalaga ng Diyos ang lahat ng pamahalaan at awtoridad. Sibil man ito o espirituwal na pamahalaan, lahat ng ito ay mula sa Diyos.

Maaaring tumukoy ang mga salitang **"ang nagdala sa Akin sa iyo"** kay: (1) *Caifas*, ang pinakapunong saserdote; (2) *Judas*, ang taksil, o (3) sa mga *Judio* sa kabuuan. Ang kaisipan dito ay may mas nalalaman ang mga Judio. Mayroon silang Banal na Kasulatan na hinulaan ang pagdating ng Mesias. Dapat nakilala nila si Jesus nang dumating Siya. Pero hindi nila Siya tinanggap at nais pa Siyang patayin. Itinuturo ng talatang ito sa atin na mayroong antas ang pagkakasala. May kasalanan si Pilato, pero si Caifas, si Judas, at ang lahat ng masasamang Judio ay *lalong* may kasalanan.

**19:12** Ngayong determinado na si **Pilato na pakawalan** si Jesus, ginamit ng mga Judio ang kanilang huli at pinakamabigat na argumento. **"Kung pakakawalan mo ang Taong ito ay hindi ka kaibigan ni Cesar."** (Cesar ang opisyal na titulo ng Emperador ng Roma). Sinabi nila ito na tila ba may pakialam sila kay Cesar. Ang totoo, galit sila kay Cesar. Gusto nilang wasakin siya, at palayain ang kanilang mga sarili sa kanyang pamamahala. Pero dito ay nagkukunwari silang poprotektahan nila ang emperyo ni Cesar mula sa sinasabi nilang banta ni Jesus na nagpapahayag na hari Siya. Natamo nila ang parusa ng kakila-kilabot na pagpapaimbabaw na ito nang magmartsa ang mga Romano sa Jerusalem noong A.D. 70, at lubusang winasak ang siyudad at pinatay ang mga naninirahan dito.

**19:13** Hindi kaya ni **Pilato** na akusahan siya ng mga Judio ng pagtataksil kay Cesar, kaya pagpapakumbaba siyang sumuko sa mga tao. **Inilabas** niya ngayon si **Jesus** sa pampublikong lugar na **tinatawag na Plataporma,** kung saan kalimitang isinasagawa ang gayong mga bagay.

**19:14** Ang totoo, ginanap na ang Paskuwa noong nakaraang gabi. Ibig sabihin ng **Paghahanda ng Paskuwa** ay ang paghahanda para sa susunod na pista. Marahil ika-6 nang umaga ang **"mag-iikaanim**

**na oras",** pero may mga hindi maresolbang isyu tungkol sa paraan ng pagtutuos ng oras sa mga Ebanghelyo. **"Narito ang inyong Hari!"** Walang dudang sinabi ito ni Pilato para inisin at ibunsod sa galit ang mga Judio. Walang dudang sinisisi niya sila sa pagbitag sa kanya na parusahan si Jesus.

**19:15** Mapilit ang mga Judio na dapat ipako sa krus si Jesus. Nilibak sila ni Pilato ng tanong na, "Ibig ninyo bang sabihin na gusto ninyong **ipapako** ang sarili **ninyong Hari?"** Pagkatapos ay yumuko ang mga Judio at sinabing, **"Wala kaming hari liban kay Cesar!"** Taksil na bansa! Tinatanggihan ninyo ang inyong Diyos kapalit nang isang masama at paganong emperador.

**19:16** Gusto ni Pilato na malugod ang mga Judio, kaya ibinigay niya si Jesus sa mga kawal **upang maipako sa krus.** Mas gusto niya ang papuri ng mga tao kaysa papuri ng Diyos.

### H. Ang Pagpako sa Krus (19:17–24)

**19:17** Ang salitang isinalin na **krus** ay maaaring tumukoy sa isang pirasong kahoy, o puwede itong dalawang pirasong krus. Gayunman, ang laki nito ay kayang dalhin ng isang tao. Dinala ni Jesus ang Kanyang **krus** ng ilang distansya. Pagkatapos, ayon sa ibang Ebanghelyo, ibinigay ito sa lalaking nagngangalang Simon na taga-Cirene para kanyang dalhin. Maaaring pinangalanan ang **Pook ng Bungo** ayon sa isa sa dalawang dahilan: (1) Maaaring ang mismong lugar ay may pagkakatulad sa bungo, lalo na kung isa itong burol na mayroong mga kweba sa gilid nito. Ang lugar na ito ay katulad sa *Gordon's Calvary* sa Israel ngayon. (2) Lugar ito kung saan pinapatay ang mga kriminal. Maaaring matatagpuan sa lugar ang mga buto at bungo, pero kung titingnan sa Kautusan ni Moises tungkol sa paglilibing ay malamang na hindi ito ang dahilan.

**19:18** Ipinako sa krus ang mga kamay at mga paa ng Panginoong Jesus. Pagkatapos ay itinaas ang krus at ipinasok sa isang butas sa lupa. Ang tanging Taong perpektong nabuhay, at ito ang natanggap Niya mula sa sariling Kanya! Kung hindi mo pa pinagtitiwalaan si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas, ayaw mo bang gawin ito ngayon, habang binabasa mo itong simpleng salaysay kung paano Siya namatay para sa iyo? Dalawang magnanakaw ang ipinako kasama Niya, **isa sa bawat tagiliran.** Katuparan ito ng propesiya sa Isaias 53:12 "Ibinilang Siya na kasama ng mga lumalabag."

**19:19** Kaugalian na maglagay ng **pamagat** sa itaas ng ulo ng ipinako, at ipakita ang krimeng ginawa. Iniutos ni Pilato na ang pamagat na **JESUS NA TAGA-NAZARET, ANG HARI NG MGA JUDIO** ang dapat ilagay sa gitna ng krus.

**19:20** Maganda ang pagkakasabi ni Alexander:

Hebreo ang banal na wika ng mga patriyarka at mga propeta. Griyego ang wika ng musika at pilosopiya. Latin ang diyalekto ng mga taong makakapangyarihan. Kinakatawan ng tatlong wika ang tatlong lahi at kanilang mga ideya—kapahayagan, sining, literatura, pag-unlad, digmaan, at batas. Mayroong mensahe ang Krus sa anumang wika ng tao, sa pusong nagkakasala, sa bibig na nagsasalita, at sa matang bumabasa.[53]

**Ang dakong pinagpakuan kay Jesus ay malapit sa lunsod.** Ipinako ang Panginoong Jesus sa labas ng lungsod. Hindi na sigurado sa panahon ngayon ang eksaktong lugar nito.

**19:21** Hindi gusto ng **mga punong pari** ang pagkakagamit ng mga salita. Gusto nilang mabasa ito bilang *pahayag* na ginawa ni Jesus, pero hindi bilang isang *katotohanan* (pero iyon naman talaga ang katotohanan).

**19:22** Hindi na babaguhin ni **Pilato** ang naisulat na. Nayayamot na siya sa mga Judio at hindi na siya magpapadala sa kanila. Pero dapat ay kanina pa niya ipinakita ang determinasyong ito.

**19:23** Sa mga ganitong pagbitay, pinapayagan ang **mga kawal** na makibahagi sa personal na mga pag-aari ng mga namatay. Nakita natin dito na hinahati nila para sa kanilang mga sarili ang **mga kasuotan** ni Cristo. Tila may limang piraso lahat. Hinati nila ito sa apat. Pero mayroon pang **tunika** na **walang tahi** at hindi puwedeng hatiin ito dahil mawawalan ito ng saysay.

**19:24** **Nagpalabunutan** sila para sa tunika, at ibinigay ito sa hindi pinangalanang nanalo. Hindi nila alam na sa paggawa nito, tinutupad nila ang isang propesiyang isinulat isanlibong taon na ang nakakaraan (Awit 22:18). Ipinapaalala sa atin ng natupad na mga propesiyang ito na ang Biblia ay ang kinasihang Salita ng Diyos, at tunay na si Jesu-Cristo ang ipinangakong Mesias.

**I. Inihabilin ni Jesus kay Juan ang Kanyang Ina (19:25–27)**
**19:25** Ipinapalagay ng maraming mag-aaral ng Biblia na mayroong apat na babaeng pinangalanan sa talatang ito, gaya ng sumusunod: (1) Si Maria, ang **ina** ni Jesus; (2) si Salome na **kapatid** ni Maria at ina ni Juan; (3) Si **Maria na asawa ni Cleopas**; at (4) si **Maria Magdalena.**

**19:26, 27** Sa kabila ng sariling pagdurusa ni Jesus, inaalala pa rin Niya ang kapakanan ng iba. Nang makita Niya ang **Kanyang ina**, at **ang alagad** Niyang si Juan, ipinakilala Niya si Juan sa kanyang ina bilang taong papalit ng Kanyang papel bilang isang anak. Sa pagtawag sa Kanyang ina na **"Babae,"** hindi nagpakita ang Panginoon ng kawalan ng paggalang. Pero kapansin-pansin na hindi Niya siya tinawag na "Ina." Mayroon kayang aral ito sa mga taong niluluwalhati at pinupuri si Maria? Tinagubilinan dito ni Jesus si Juan na alagaan si Maria na tila siya ay sarili niyang **ina.** Sumunod si Juan at pinatira na si Maria **sa kanyang sariling tahanan.**

**J. Natupad na ang Gawain ni Cristo (19:28–30)**
**19:28** Walang duda na sa pagitan ng mga talatang 27 at 28 ay ang tatlong oras ng kadiliman —mula tanghali hanggang ika-3 ng hapon. Sa mga oras na ito tinalikuran ng Diyos si Jesus samantalang nagdurusa Siya sa kaparusahan ng ating mga kasalanan. Nang sumigaw si Jesus nang, **"Nauuhaw Ako",** talagang nakakaramdam Siya ng matinding uhaw dahil sa pagkakapako Niya sa krus. Pero pinapaalalahanan din tayo nito na higit pa sa Kanyang pisikal na pagkauhaw, nauuhaw din ang Panginoon sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao.

**19:29** Binigyan Siya ng mga kawal ng **maasim na alak** para inumin. Siguro ay nagtali sila ng **isang espongha** sa dulo ng isang sanga na may **isopo** at idiniin ito sa Kanyang mga labi. (Isang halaman ang **isopo** na ginagamit din sa Paskuwa—Ex. 12:22). Hindi dapat ito magbigay ng kalituhan sa alak na may kahalong apdo na nauna nang ibinigay sa Kanya (Mat. 27:34). Hindi Niya iyon ininom dahil magiging pampamanhid ang alak. Dapat Niyang akuin ng may buong malay ang lahat ng ating kasalanan.

**19:30** **"Natupad na!"** Tapos na ang gawaing ibinigay sa Kanya ng Ama na dapat Niyang gawin. Ang pagbububo ng Kanyang buhay bilang hain para sa ating kasalanan. Ang gawain ng pagtubos at pagbabayad ng kasalanan. Totoo na hindi pa namamatay si Jesus sa

puntong ito. Pero tiyak ang Kanyang kamtayan, pagkalibing, at pag-akyat muli sa langit. Kaya puwede nang ipahayag ng Panginoong Jesus na ibinigay na ang paraan kung paano maliligtas ang mga makasalanan. Pasalamatan mo ngayon ang Diyos para sa natapos na gawain ng Panginoong Jesus sa krus ng Kalbaryo!

Maraming mag-aaral ng Biblia ang nagsasabi sa atin na ang ibig sabihin ng **pagtungo ng Kanyang ulo** ay isinandal Niya ang Kanyang ulo. Sinabi ni Vine, “Hindi ito ang kaawa-awang pagbagsak ng ulo pagkatapos ng kamatayan, kundi ang sadyang paglagay ng Kanyang ulo sa posisyon ng pagpapahinga.”

Binibigyang diin ng katotohanang **ibinigay** ni Jesus **ang Kanyang espiritu** na ang kamatayan Niya ay kusang-loob. Ipinasya Niya ang oras ng Kanyang kamatayan. Habang may buong kontrol ng Kanyang kakayahan, *ibinigay* **Niya ang Kanyang espiritu**—isang gawain ito na hindi magagawa ng kahit sinong karaniwang tao.

**K. Inulos ang Tagiliran ng Tagapagligtas (19:31–37)**

**19:31** Muli nating nakita kung gaano kaingat sa mga detalye ang relihiyosong mga **Judiong** ito kapag gumagawa sila ng malupit na pagpatay. “Sinasala nila ang niknik, ngunit nilulunok ang kamelyo.” Naisip nila na hindi tama na hayaang **manatili** ang mga katawan **sa krus sa araw ng Sabbath** (Sabado)**.** Magkakaroon ng pistang panrelihiyon sa lungsod. Kaya hiniling nila kay Pilato na **baliin ang mga binti** ng tatlong nakapako para mapadali ang kamatayan.

**19:32** Hindi inilarawan ng Banal na Kasulatan kung paano babaliin ang mga binti. Gayunman, dapat baliin sa iba’t ibang bahagi ang binti dahil hindi hahantong sa kamatayan kapag isang bahagi lamang ang babaliin nila.

**19:33** Marami nang karanasan ang mga kawal na ito sa ganoong mga bagay. Alam nila na si **Jesus … ay patay na.** Walang posibilidad na nawalan Siya ng malay o nahimatay. **Hindi na nila binali ang Kanyang binti.**

**19:34** Hindi sinabi sa atin kung bakit **tinusok ng sibat ng isa sa mga kawal ang Kanyang tagiliran.** Marahil iyon ang pinakahuling silakbo ng kasamaan ng kanyang puso. “Iyon ang masamang pagtusok ng natalong kalaban matapos ang labanan. Ipinapakita nito ang malalim na pagkapoot ng tao sa Kanyang Diyos at sa Kanyang

Cristo." Walang pagkakasundo sa kahulugan ng **dugo at tubig.** Sinasabi ng ilan na indikasyon iyon na namatay si Cristo dahil sa atake sa puso. Pero nabasa na natin na ang kamatayan Niya ay kusang loob. Sinasabi naman ng iba na tumutukoy ito sa bautismo at sa Hapunan ng Panginoon, pero tila malayo ito dito. Tumutukoy ang **dugo** sa paglilinis mula sa pagkakasala. Samantalang sumasagisag naman ang **tubig** sa paglilinis sa pamamagitan ng Salita mula sa pagkadungis sa kasalanan. Ipinahayag ito sa tula:

Hayaang ang tubig at ang dugo,
Na dumaloy mula sa Iyong nawasak na tagilirin
Maging dobleng lunas ng kasalanan,
Iligtas ako mula sa *pagkakasala* nito at *kapangyarihan*.
—*Augustus Toplady*

**19:35** Maaaring tumukoy ang talatang 35 sa katotohanang hindi binali ang mga binti ni Jesus, na tinusok ang tagiliran ni Jesus, o ang kabuoang senaryo ng pagpako sa krus. Ang **siya na nakakita nito** ay walang dudang tumutukoy kay Juan, na siyang sumulat ng salaysay.

**19:36** Walang dudang may kinalaman ang talatang ito sa talatang 33 bilang katuparan sa Exodo 12:46: "Ni huwag ninyong babaliin kahit isang buto niyon." Tumutukoy ang talatang iyon sa kordero ng Paskuwa. Ang utos ng Diyos ay panatilihing walang bali ang mga buto ng tupa. Si Cristo ang tunay na Kordero ng Paskuwa. Tinupad Niya ito ng may lubos na pagkakatulad.

**19:37** May kinalaman ang talatang 37 sa talatang 34. Kahit hindi iyon naisip ng kawal, ang ginawa niya ay isa pang kamangha-manghang katuparan ng **Kasulatan** (Zac. 12:10). "May angking kasamaan ang tao, pero mayroong paraan ang Diyos." Tumutukoy ang propesiya ni Zacarias sa darating na araw kung kailan makikita ng mga Judiong mananampalataya ang Panginoon na bumabalik sa sanlibutan. "Sila'y titingin sa Akin na kanilang inulos. Oo, kanilang tatangisan Siya, na gaya ng pagtangis sa kaisa-isang anak."

**L. Ang Paglibing sa Libingan ni Jose (19:38–42)**

**19:38** Sinimulan dito ang salaysay ng paglibing kay Jesus. Hanggang sa puntong ito, si **Jose na Taga-Arimatea**, ay isa pa ring lihim na alagad ni Jesus. **Dahil sa takot sa mga Judio** kaya hindi niya maipahayag ang pagtitiwala niya kay Cristo. Ngayon ay matapang siyang lumabas para kunin ang **bangkay ni Jesus** para sa

paglilibing. Sa paggawa nito, inilantad niya ang kanyang sarili sa pagkatiwalag sa relihiyon, pag-uusig, at karahasan. Nakakapanghinayang lamang na ayaw niyang manindigan para sa Panginoon habang naglilingkod pa si Jesus sa mga tao.

**19:39, 40** Pamilyar na sa ngayon kay Nicodemo ang mga mambabasa ng aklat ni Juan dahil nakilala na siya noong nakaraan nang **lumapit** siya **kay Jesus noong gabi** (kab. 3), at nang nakiusap siya na bigyan si Jesus ng patas na paglilitis sa harap ng Sanhedrin (Juan 7:50,51). Sinamahan niya ngayon si Jose, na may dala-dalang **isandaang libra ang timbang** na **mira at mga aloe.** Siguro ay nasa anyong pulbos ang mga **pabangong** ito at ipinapahid sa katawan. Pagkatapos ay **binalot** ang **bangkay** sa **mga telang lino**.

**19:41** Halos bawat detalye sa bahaging ito ay isang katuparan ng propesiya. Hinulaan ni Isaias na pagpaplanuhan ng mga tao na ilibing ang Mesias kasama ang masasama pero kasama Niya ang mayayaman sa Kanyang kamatayan (Isa. 53:9). Ang **isang bagong libingan** sa **halamanan** ay walang dudang pagmamay-ari ng isang mayamang tao. Sa aklat ng Mateo ay nalaman natin na pagmamay-ari ito ni Jose na taga-Arimatea.

**19:42** Inilagay ang bangkay ni **Jesus** sa libingan. Nababahala ang mga Judio na alisin na ang bangkay dahil sa kanilang pista na nagsimula sa paglubog ng araw. Pero ang lahat ng ito ay bahagi ng pagpapasya ng Diyos na ang bangkay ay dapat nakalibing na sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi. Bilang kaugnayan dito, dapat bigyang pansin na sa pagbilang ng mga Judio ng araw, ang anumang bahagi ng isang araw ay ibinibilang na isang araw. Kaya ang katotohanang nasa libingan ang Panginoon sa *loob* ng tatlong araw ay katuparan pa rin ng Kanyang hula sa Mateo 12:40.

## IX. ANG TAGUMPAY NG ANAK NG DIYOS (Kab. 20)

### A. Ang Libingang Walang Laman (20:1–10)

**20:1** Linggo ang **unang araw ng sanlinggo. Pumunta sa libingan si Maria Magdalena** bago magmadaling araw. Marahil ang libingan ay isang maliit na lugar na nasa tabi ng isang burol o talampas. Walang dudang **ang bato** ay hugis barya—bilog at patag. Maaaring iginugulong ito sa isang kanal na nasa harap ng libingan para masarhan ito. Nang makarating doon si Maria, **ang bato** ay **naalis na.** Nangyari ito *pagkatapos* ang pagkabuhay muli ni Cristo gaya ng nalaman natin sa Mateo 28.

**20:2** **Pumunta** agad si Maria kina **Pedro** at Juan para ibalita na may kumuha ng bangkay ng Panginoon **sa libingan.** Hindi niya sinabi kung sino ang gumawa noon. Pero sinabi lang niya na "**kinuha nila"** para ipahiwatig na iyon lamang ang kanyang nalalaman. Dapat pansinin ang katapatan at debosyon ng mga kababaihan sa pagpapapako at pagkabuhay muli ng ating Panginoon. Tinalikuran ng mga alagad ang Panginoon at tumakas sila. Nanindigan ang mga kababaihan na hindi nila alintana ang sarili nilang kaligtasan. Ang mga bagay na ito ay may kabuluhan.

**20:3, 4** Mahirap isipin kung ano ang nasa isip nina **Pedro** at Juan habang nagmadali silang **tumakbo** mula sa lungsod papuntang hardin malapit sa Kalbaryo. Maaaring mas bata si Juan kaysa kay Pedro at **naunang** dumating sa **libingan.**

**20:5** Maaaring mayroong mababang butas sa libingan, kaya puwedeng yumuko ang sinuman para pumasok o sumilip. **Nakita** ni Juan **ang nakalatag na mga telang lino.** Inalis ba ang mga ito sa bangkay, o ganoon pa rin ang pagkakaayos ng mga ito nang nakabalot pa ang mga ito sa bangkay? Ang suspetsa natin ay ang ikalawa. **Subalit hindi siya pumasok sa loob** ng libingan.

**20:6, 7** Dumating na ngayon si **Pedro** at walang alinlangang **pumasok** sa libingan. May pabigla-biglang katangian si Pedro at minsan ay katulad natin siya. **Nakita** rin **niya** na **nakalatag ang mga telang lino,** pero wala roon ang katawan ng Tagapagligtas.

Idinagdag ang detalye tungkol sa **damit na inilagay sa Kanyang ulo** para ipakita na maayos ang paglisan ng Panginoon at hindi minadali. Kung may sinumang nagnakaw ng katawan, hindi na sana niya maayos pang **itiniklop** ang tela.

**20:8** Pumasok si Juan sa libingan at **nakita** ang maayos na pagkakaayos ng tela at ng damit na inilalagay sa ulo. Pero nang sabihin na **kanyang nakita at siya'y naniwala,** ibig sabihin nito ay naunawaan na niya ang mga nangyari. Nasa harapan niya ang mga patotoo ng pagkabuhay na muli ni Cristo. Ipinakita ng mga ito kung ano ang mga nangyari, **at siya'y … naniwala.**

**20:9** Hanggang ngayon, hindi pa rin lubos na nauunawaan ng mga alagad ang **Kasulatan** ng Lumang Tipan na nagpahayag na ang

Mesias ay **kailangang bumangon sa mga patay.** Paulit-ulit na sinabi ito sa kanila ng Panginoon, pero hindi nila ito naunawaan. Si Juan ang unang nakaunawa.

**20:10 At ang mga alagad** ay bumalik na sa kani-kanilang mga tahanan—marahil sa Jerusalem. Walang dudang ipinalagay nila na walang kabuluhan na maghintay pa sa libingan. Mas mabuti na umalis at sabihin sa ibang mga alagad kung ano ang kanilang natagpuan.

**B. Ang Pagpapakita kay Maria Magdalena (20:11–18)**

**20:11** Kapansin-pansin ang unang mga salita ng talata—**Ngunit si Maria.** Bumalik sa tahanan ang dalawang alagad, *ngunit si Maria* ... . Mayroon muli tayo ritong pag-ibig at debosyon ng isang babae. Labis ang pagpapatawad sa kanya, kaya labis ang pag-ibig niya. Mag-isa siyang nagbabantay sa labas ng libingan na umiiyak dahil gaya ng naisip niya, ninakaw marahil ng mga kaaway ng Panginoon ang katawan.

**20:12** Sa pagkakataong ito, nang tumingin siya sa loob, **nakita niya ang dalawang anghel** na nakaupo **sa hinigaan ng katawan ni Jesus.** Kapansin-pansin kung paano inilarawan ang kamangha-manghang mga katotohanang ito.

**20:13** Tila hindi natakot o nagulat si Maria. Sinagot niya ang kanilang tanong na tila isang ordinaryong karanasan lamang ito. Halata sa kanyang sagot na hindi pa niya nalalaman na nabuhay muli si Jesus.

**20:14** Sa puntong ito, may kung anong nagdulot sa kanya na lumingon sa likod niya. Si **Jesus** mismo ito, pero hindi niya Siya nakilala. Madaling araw pa lamang niyon, at maaaring hindi pa sumisikat ang liwanag. Patuloy siyang umiiyak, at walang dudang ang kanyang paningin ay lumabo dahil sa pag-iyak niya. Isa pa, posibleng hinadlangan siya ng Diyos na makilala ang Panginoon hanggang dumating na ang tamang oras.

**20:15** Nalalaman ng Panginoon ang mga sagot sa mga tanong na ito. Pero nais Niyang marinig ang mga ito mula kay Maria. Inakala **niyang Iyon ay ang hardinero.** Maaaring napakalapit ng Tagapagligtas ng sanlibutan sa mga tao, pero hindi Siya nakikilala. Malimit Siyang nagpapakilala sa isang mababang anyo, at hindi

bilang isa sa mga dakilang tao sa mundo. Hindi pinangalanan ni Maria ang Panginoon sa kanyang sagot. Tatlong beses niyang tinukoy si Jesus na **Siya.** May isang Tao lamang na kanyang inaalala, at para sa kanya ay hindi na kailangan pang tukuyin kung sino Siya.

**20:16** Narinig ngayon ni Maria ang pamilyar na boses na tumawag sa kanya. Walang pagdududang si **Jesus** iyon. Tinawag niya Siyang **Rabboni,** na ang ibig sabihin ay "ang aking Dakilang **Guro."** Ang totoo, itinuturing pa rin ni Maria si Jesus bilang Dakilang Gurong kanyang nakilala. Hindi niya naisip na higit na Siya ngayon bilang kanyang Guro—Siya ang kanyang Panginoon at Tagapagligtas. Kaya ipinaliwanag sa kanya ng Panginoon ang bago at mas lubos na paraan kung paano Siya kikilalanin ni Maria simula ngayon.

**20:17** Personal na kilala ni Maria si Jesus bilang Tao. Nakakita si Maria ng mga himala nang nabubuhay pa si Jesus. Kaya ipinalagay niya na kung hindi niya kasama at hindi niya nakikita si Jesus, wala na siyang pagpapala na mararanasan. Dapat itama ng Panginoon ang pag-iisip ni Maria. Sinabi Niya, "**Huwag mo Akong hawakan** bilang isang Tao sa laman. **Hindi pa Ako nakakaakyat sa Ama.** Kapag bumalik Ako sa langit, ipapadala ang Banal na Espiritu sa sanlibutan. Kapag dumating Siya, ipapahayag Niya Ako sa iyong puso sa paraang hindi mo Ako nakilala dati. Mas lalo Akong magiging malapit sa iyo kaysa noong nabubuhay Ako dito."

Pagkatapos ay sinabi ni Jesus kay Maria na **pumunta** sa Kanyang **mga kapatid** at sabihin ang bagong utos na Kanyang ipinahayag. Sa unang pagkakataon, tinukoy ng Panginoon ang mga alagad bilang **"Aking mga kapatid."** Malalaman nila na ang Kanyang Ama ay kanilang Ama, at ang Kanyang Diyos ay kanilang Diyos. Dati ay hindi pa ganito pero ngayon ay ginawang "mga anak" at "mga tagapagmana ng Diyos" ang mga mananampalataya.

Hindi sinabi ng Panginoong Jesus na "Ating Ama." Sa halip ay sinabi Niya, **"Aking Diyos at inyong Diyos."** Ang dahilan ay ang Diyos ay Kanyang Ama sa magkaibang paaraan kaysa Siya ay Ama natin. **Ama** ng Panginoong Jesus ang Diyos mula sa walang hanggan. Anak si Cristo mula pa sa walang hanggan. Pantay ang Anak sa Diyos. Mga Anak tayo ng Diyos sa pamamagitan ng pag-aampon. Isa itong relasyon na nagsimula nang tayo ay maligtas at

hindi ito matatapos kailanman. Bilang mga anak ng Diyos, hindi tayo kapantay ng Diyos at hindi ito kailanman mangyayari.

**20:18** Sinunod ni **Maria Magdalena** ang utos sa kanya at siya ay naging “alagad para sa mga alagad” gaya ng sinabi ng isang tao. Maaari kaya nating sabihin na ang dakilang pribilehiyong ito ay ibinigay sa kanya bilang gantimpala sa kanyang debosyon kay Cristo?

**C. Ang Pagpapakita sa Kanyang mga Alagad (20:19–23)**

**20:19** Linggo na noon nang **dapit-hapon.** Magkakasama **ang mga alagad sa kinaroroonan,** marahil ay sa kuwarto sa itaas kung saan sila nagtipon tatlong gabi na ang lumipas. Nakasara **ang mga pinto dahil sa takot sa mga Judio.** Bigla nilang nakita si **Jesus** na nakatayo **sa gitna,** at narinig nila ang Kanyang tinig na nagsasabi ng, **“Kapayapaan.”** Tila malinaw na nakapasok sa kuwarto ang Panginoon nang hindi binubuksan ang mga pinto. Isa itong himala! Dapat alalahanin na ang katawan ni Jesus na nabuhay muli ay tunay na katawan na may laman at mga buto. Pero may kapangyarihan Siyang pumunta sa isang lugar ng walang hadlang, o sa isang hindi pangkaraniwang paraan. Mayroon na ngayong bagong kahulugan ang mga salitang **“Kapayapaan ang sumainyo”** dahil gumawa si Cristo ng kapayapaan sa pamamagitan ng Kanyang dugo sa krus. Ang mga pinawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya ay mayroong kapayapaan sa Diyos.

**20:20** Matapos magpahayag si Jesus ng kapayapaan sa kanila, **Kanyang ipinakita sa kanila** ang mga marka ng Kanyang pagdurusa, kung saan nakamit ang kapayapaan. Nakita nila ang tanda ng mga pako at ang sugat na sanhi ng sibat. Napuno ng kagalakan ang kanilang mga puso nang malaman nilang **ang Panginoon** talaga iyon. Ginawa ni Jesus ang Kanyang sinabi. Nabuhay Siyang muli sa mga patay. Ang ating Panginoon na muling nabuhay ang pinagmumulan ng kagalakan ng isang Cristiano.

**20:21** Napakaganda ng talatang 21. Hindi lamang ang mga mananampalataya ang dapat makisaya sa Kanyang kapayapaan. Dapat nila itong ibahagi sa iba. Kaya sinugo ni Jesus ang mga alagad sa sanlibutan, **kung paanong sinugo** Siya **ng Ama.**

Dumating si Cristo sa sanlibutan bilang isang Taong mahirap.
Dumating Siya bilang isang Alipin.
Winalang kabuluhan Niya ang Kanyang sarili.

May kasiyahan Niyang ginawa ang kalooban ng Ama.
Nakisama Siya sa mga tao.
Gumawa Siya ng mabuti.
Ginawa Niyang lahat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.
Ang krus ang Kanyang layunin.
Sinabi Niya ngayon sa Kanyang mga alagad, **"Sinusugo Ko rin naman kayo."**

**20:22** Isa ito sa pinakamahirap ipaliwanag na mga talata sa buong Ebanghelyo. Mababasa natin na **hiningahan** ni Jesus ang mga alagad at sinabi, **"Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo."** Alam natin na hindi ibinigay ang Banal na Espiritu hanggang sa araw ng Pentecostes. Pero paano nasabi ng Panginoon ang mga salitang ito gayong hindi pa naman nangyayari ang Pentecostes?

Narito ang ilang paliwanag: (1) Iminumungkahi ng ilan na sinasabi lamang ng Panginoon ang pangako ng kung ano ang tatanggapin nila sa araw ng Pentecostes. Marahil ay hindi ito ang tamang paliwanag. (2) Ipinupunto naman ng iba na ang totoong sinabi ng Tagapagligtas ay, "Tumanggap ng Espiritu Santo," sa halip na, "Tanggapin *ang* Espiritu Santo." Ipinapalagay nila rito na hindi pa lubos na tinanggap ng mga alagad *ang* Espiritu Santo sa panahong ito, kundi ilan lamang gawain ng Espiritu, gaya ng kaalaman ng katotohanan, o ng kapangyarihan at gabay para sa kanilang misyon. Sinasabi nila na tumanggap ang mga alagad ng garantiya o unang karanasan ng Espiritu Santo. (3) Ipinapahayag naman ng ilan na mayroon nang lubos na pagkakaloob ng Espiritu Santo sa mga alagad sa panahon ito. Pero tila walang kasiguruhan ito dahil sa mga pahayag sa Lucas 24:49 at Mga Gawa 1:4, 5, 8, kung saan ang pagdating ng Banal na Espiritu ay ipinapahayag pa sa hinaharap. Malinaw sa Juan 7:39 na hindi darating ang Espiritu sa Kanyang kalubusan hangga't naluwalhati na si Jesus o hanggang bumalik na Siya sa langit.

**20:23** Isa rin itong mahirap ipaliwanag na talata kung saan maraming pagtatalo. (1) Ang isang pananaw ay binigyan talaga ni Jesus ang Kanyang mga alagad (at mga pinaniniwalaang sumunod pang mga alagad sa kanila) ng *kapangyarihan* na magpatawad ng kasalanan o magpanatili ng kasalanan. Isa itong direktang pagsalungat sa itinuturo ng Biblia na tanging ang Diyos lamang ang may kakayahang magpatawad ng mga kasalanan (Lucas 5:21). (2) Sinabi ni Gaebelein ang ikalawang pananaw: "Ang ipinangakong

kapangyarihan at ibinigay na awtoridad ay may koneksyon sa pagtuturo ng Ebanghelyo, sa pagpapahayag kung anong mga tuntunin sa kasalanan ang mapapatawad, at kapag hindi tinanggap ang mga tuntuning ito, mapapanatili ang kasalanan." (3) Ang ikatlong pananaw (na katulad din sa ikalawa), at ang ating tinatanggap na paliwanag, ay na binigyan ang mga alagad ng karapatan na *ipahayag* na pinatawad na ang mga kasalanan.

Ilarawan natin ang ikatlong pananaw. Humayo ang mga alagad na ipinapahayag ang ebanghelyo. May mga taong nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at tinanggap ang Panginoong Jesus. Binigyan ng awtoridad ang mga alagad na sabihin sa kanila na ang kanilang **mga kasalanan** ay **ipinatawad.** Ang ilan ay tatangging magsisi at hindi maniniwala kay Cristo. Sasabihin sa kanila ng mga alagad na sila ay nasa kasalanan pa nila, at kapag namatay sila, mapapahamak sila magpakailanman.

Bilang karagdagan sa paliwanag na ito, dapat nating pansinin na binigyan ng Panginoon ang mga alagad ng espesyal na awtoridad tungkol sa ilang kasalanan. Halimbawa, sa Mga Gawa 5:1– 11, ginamit ni Pedro ang kapangyarihang ito, at nagdulot ito ng kamatayan nina Ananias at Safira. Makikita si Pablo na pinananatili ang kasalanan ng isang masamang tao sa 1 Corinto 5:3–5, 12, 13, at pagpapatawad ng kasalanan sa 2 Corinto 2:4–8. Sa mga kasong ito, pagpapatawad ito mula sa kaparusahan ng mga kasalanang ito habang nasa mundo pa tayo.

**D. Ang Pagdududa ay Naging Pananampalataya** (20:24–29)
**20:24** Hindi natin dapat sisihin si **Tomas** dahil wala siya noong nagpakita si Jesus. Walang sinabing dahilan kung bakit wala siya noon.

**20:25** Pero si Tomas *ay* dapat sisihin dahil hindi siya naniniwala. Mayroon siyang dapat na nakikita at nadaramang patunay ng pagkabuhay na muli ng Panginoon. Kung wala ay **hindi** siya **maniniwala.** Ganito ang saloobin ng marami ngayon, pero hindi ito makatwiran. Kahit ang mga siyentipiko ay naniniwala sa maraming bagay na hindi naman nila nakikita o nahahawakan man.

**20:26** Pagkatapos ng isang linggo, nagpakita muli ang Panginoon sa **Kanyang mga alagad. Kasama nila si Tomas.** Muling pumasok

si Jesus sa kuwarto sa isang mahimalang paraan at muli silang binati ng **"Kapayapaan ang sumainyo!"**

**20:27** Maayos na nakitungo ang Panginoon sa Kanyang hindi naniniwalang tagasunod. Inimbitahan Niya si Tomas na patunayan ang katotohanan ng Kanyang pagkabuhay muli sa pamamagitan ng paglagay ng kanyang **kamay** sa Kanyang **tagiliran** na may sugat dahil sa sibat.

**20:28** Nakumbinsi si **Tomas.** Hindi natin alam kung inilagay nga niya ang kanyang kamay sa tagiliran ng Panginoon. Pero sa wakas ay nalaman din niya na nabuhay muli si Jesus at Siya ay **Panginoon** at **Diyos.** Malinaw na sinabi ni John Boys: "Kinilala niya ang pagka-Diyos ni Jesus sa pamamagitan ng mga sugat na nakita niya."

**20:29** Ang mahalagang bagay na mapapansin dito ay tinanggap ni **Jesus** ang pagsamba sa Kanya bilang Diyos. Kung tao lamang si Jesus, hindi Niya ito dapat tinanggap. Pero ang pananampalataya ni Tomas ay hindi ang uri na pinakakalugod-lugod sa Panginoon. Pananampalataya ito na nakabatay sa kung ano ang nakikita. Mas **mapapalad ang hindi nakakita, gayunma'y sumasampalataya.**

Ang Salita ng Diyos ang pinakatiyak na katunayan. Kapag sinabi ng Diyos ang isang bagay, pinararangalan natin Siya sa pamamagitan ng pagsampalataya dito. Pero hindi natin Siya pinararangalan kapag humingi pa tayo ng karagdagang katunayan. Dapat tayong maniwala agad dahil sinabi Niya ito, at dahil hindi Siya maaaring magsinungaling o magkamali.

**E. Ang Layunin ng Ebanghelyo ni Juan (20:30, 31)**
Hindi naitala ang lahat ng mga himalang ginawa ni Jesus sa Ebanghelyo ni Juan. Pinili ng Banal na Espiritu ang mga himalang tutugon sa layunin ni Jesus.

Mababasa natin dito ang layunin ni Juan sa pagsulat ng aklat na ito. Ito ay para **sumampalataya** ang kanyang mga mambabasa **na si Jesus ay ang** tunay na Mesias at **ang Anak ng Diyos. At sa pagsampalataya, magkakaroon** sila ng **buhay** na walang hanggan **sa Kanyang pangalan.**

Naniniwala ka ba?

## X. EPILOGO: ANG ANAK NA NABUHAY NA MULI KASAMA ANG KANYANG MGA PINILI (Kab. 21)

### A. Nagpakita si Cristo sa Kanyang mga Alagad sa Galilea (21:1–14)

**21:1** Ang eksena na ngayon ay sa **Dagat ng Tiberias** (Galilea). Naglakbay pakanluran ang mga alagad para makauwi sa kanilang mga tahanan sa Galilea. Sinalubong sila roon ng Panginoong Jesus. Ibig sabihin ng mga salitang **Siya'y nagpakita sa ganitong paraan** ay ilalarawan ni Juan ang paraan kung paano nagpakita sa kanila si Cristo.

**21:2** Pitong alagad ang **magkakasama** sa oras na ito—sina **Pedro, Tomas, Nathanael,** Santiago at Juan **(ang mga anak ni Zebedeo), at dalawa pa** na hindi natin nalalaman kung sino.

**21:3** Nagpasya si **Simon Pedro** na **mangisda** sa lawa, at sumang-ayon ang iba na sumama sa kanya. Tila ito ang pinakakaraniwan nilang gagawin, kahit na sinasabi ng ilang mag-aaral ng Biblia na wala sa kalooban ng Diyos ang paglalayag nila at pumunta sila nang hindi muna nananalangin. **Nang gabing iyon ay wala silang nahuli.** Hindi sila ang unang mga mangingisda na nangisda magdamag na wala man lang nahuli. Inilalarawan nila ang kawalang saysay ng pagsisikap ng tao na hiwalay sa tulong ng Diyos, lalo na sa bagay ng panghuhuli ng mga kaluluwa.

**21:4** Hinihintay sila ni **Jesus** habang nagsasagwan sila patungong **tabing-dagat nang mag-uumaga na,** kahit na **hindi** nila Siya nakilala. Siguro ay madilim pa noon, o kaya naman ay hinadlangan sila ng kapangyarihan ng Diyos na makilala Siya.

**21:5** Tila ganito ang tanong sa kanila ng Panginoon, "Mga ginoo, may makakain ba kayo?" **Sumagot sila sa Kanya** ng **"Wala".**

**21:6** Ang nalalaman lamang nila ay isa lamang Siyang taong hindi nila kilala na lumalakad sa tabing-dagat. Pero, bilang tugon sa Kanyang payo, **inihulog** nila **ang lambat sa kanang bahagi ng bangka,** at narito't pagmasdan! Isang napakalaking hakot **ng mga isda.** Napakarami nito at hindi na nila mahila ang lambat! Ipinapakita nito na mayroong ganap na kaalaman ang Panginoong Jesus sa lokasyon ng mga isda sa lawa. Itinuturo din sa atin nito na kapag itinuro ng Panginoon kung saan tayo maglilingkod, Siya ang maglalapit sa atin ng mga taong kailangang maligtas. Nalalaman

Niya kung nasaan ang mga kaluluwang handang maligtas, at nakahanda Siyang ituro sila sa atin—kung hahayaan lamang natin Siya.

**21:7** Si Juan ang unang nakakilala sa **Panginoon** at mabilis niyang sinabi ito kay **Pedro. Binigkis** ni Pedro **ang kanyang tunika** at pumunta sa tabing-dagat. Hindi sinabi sa atin kung lumangoy ba siya o lumakad sa tubig (gaya ng ipinapalagay ng iba).

**21:8** Lumipat **ang ibang alagad** sa maliit na bangka mula sa malaking bangka at hinila ang **lambat** na halos tatlong daang talampakan ang layo sa lupa.

**21:9** Inihanda na ng Tagapagligtas ang kanilang agahan—inihaw na **isda** at **tinapay.** Hindi natin alam kung hinuli ng Panginoon ang mga **isdang** ito o nakuha Niya ito sa mahimalang paraan. Pero matututuhan natin na hindi Niya kailangan ang ating walang kabuluhang mga pagsisikap. Walang duda na sa langit ay malalaman natin na habang maraming tao ang naligtas sa pamamagitan ng pagtuturo at personal na patotoo ng ibang tao, naligtas ang marami pang iba sa pamamagitan ng Panginoon lamang at walang anumang tulong ng tao.

**21:10** Inutusan ngayon ni Jesus ang mga alagad na hilahin ang lambat na may **isda**—hindi para lutuin ang mga ito, kundi para bilangin. Sa paggawa nito, mapapaalalahanan sila na "ang sikreto para maging matagumpay ay ang pagsunod sa Kanyang utos at pagsunod sa Kanyang Salita."

**21:11** Ibinigay ng Biblia ang eksaktong bilang ng mga isda sa lambat—**isandaan at limampu't tatlo.** Maraming paliwanag ang ibinigay tungkol sa kahulugan ng bilang na ito: (1) Ang bilang ng mga wika sa mundo noong panahong iyon. (2) Ang bilang ng mga lahi o mga tribo sa mundo, kung saan maipapalaganap ang ebanghelyo. (3) Ang bilang ng iba't ibang uri ng isda sa dagat ng Galilea, o sa mundo. Walang duda na tumutukoy ito sa iba't-ibang klase ng mga maliligtas sa pamamagitan ng pagtuturo ng ebanghelyo—ang ilan ay mula sa bawat tribo at bansa. Nalalaman ng mga mangingisda na hindi pangkaraniwan na **hindi nasira ang lambat.** Karagdagang katibayan ito na "ang gawain ng Diyos na isinagawa sa paraan ng Diyos ay hindi kailanman magkukulang sa

kayang ipagkaloob ng Diyos." Titiyakin Niya na hindi masisira ang lambat.

**21:12** Narinig ng mga alagad ang imbitasyon na **mag-almusal,** at nagtipon sila sa palibot ng baga para makihati sa magagandang mga bagay na ipinagkaloob ng Panginoon. Maaaring may naiisip si Pedro nang makita ang baga. Napaalalahanan ba siya ng apoy kung saan siya nagpainit nang ipagkaila niya ang Panginoon? Nakaramdam ang mga alagad ng pagkamangha at kadakilaan sa presensiya ng Panginoon. Nakatayo Siya roon sa Kanyang katawang muling nabuhay. Maraming mga tanong ang nais nilang itanong sa Kanya. Pero hindi sila nangahas magtanong. Nalalaman nila na **iyon ay ang Panginoon**—kahit na nakaramdam sila ng hiwaga na bumabalot sa Kanyang Persona.

**21:13** Inihain na ngayon ni **Jesus** ang almusal sa kanila. At marahil napaalalahanan sila ng katulad na pangyayari nang pakainin Niya ng mga tinapay at mga isda ang limang libong tao.

**21:14** **Ito ang ikatlong pagkakataong** binanggit ni Juan na nagpakita si Jesus **sa Kanyang mga alagad.** Malinaw sa ibang mga Ebanghelyo na mayroon pang ibang pagkakataon. Sa Ebanghelyong ito, nagpakita Siya sa mga alagad nang gabi ng Kanyang muling pagkabuhay, pagkatapos ay nang makaraan ang isang linggo, at ngayon ay sa tabing-dagat ng Lawa ng Galilea.

**B. Ang Pagpapanumbalik kay Pedro (21:15–17)**

**21:15** Unang binigyang pansin ng Panginoon ang kanilang pisikal na mga pangangailangan. Pagkatapos nang mainitan na sila at nakakain na, bumaling Siya kay **Pedro** at binigyang pansin ang mga bagay na espirituwal. Tatlong beses na ipinagkanulo ni Pedro nang hayagan ang Panginoon. Pagkatapos niyon, nagsisi siya at napanumbalik sa pakikisama sa Panginoon. Sa mga talatang ito, ang pagpapatawad kay Pedro ay hayagang kinilala ng Panginoon.

Malimit na itinuturo na dalawang magkaibang salita ng **pagmamahal** ang ginamit sa mga talatang ito. Puwede nating sabihin nang ganito ang talatang 15: **"Simon, anak ni Juan,**[54] **minamahal mo ba Ako nang higit kaysa** sa pagmamahal sa Akin ng ibang mga alagad?" **Sinabi niya sa Kanya, "Opo, Panginoon, nalalaman Mo na** *ninanais* **Kita."** Hindi na ngayon nagyayabang si Pedro na hindi na niya kailanman tatalikuran ang Panginoon, kahit

na gawin iyon ng ibang mga alagad. Natutuhan na niya ang kanyang aral.

**“Pakainin mo ang Aking mga kordero,”** sinabi ni Jesus. Isang napakapraktikal na paraan ng pagpapakita ng pagmamahal kay Cristo ang pagpapakain sa mga inakay sa Kanyang kawan. Mahalagang bigyang pansin na ang pag-uusap ay nagbago mula sa pangingisda patungo sa pagpapastol. Tumutukoy ang pangingisda sa gawain ng ebanghelismo, samantalang ang pagpapastol ay nagpapahiwatig ng pagtuturo at pangangalaga ng pastor.

**21:16** Sa **ikalawang pagkakataon,** tinanong ng Panginoon si Pedro kung minamahal niya Siya. Sumagot si Pedro sa ikalawang pagkakataon, na may tapat na kompyansa sa kanyang sarili, **“Nalalaman Mo na** *ninanais* **Kita.”** Sa pagkakataong ito **sinabi Niya sa kanya, “Alagaan mo ang Aking mga tupa.”** May mga tupa at kordero sa kawan ni Cristo, at kailangan nila ang mapagmahal na pag-aalaga ng isang taong minamahal ang Pastol.

**21:17** Dahil tatlong beses na ipinagkaila ni Pedro ang Panginoon, kaya naman binigyan siya ng tatlong pagkakataon na magtapat sa Kanya.

Sa pagkakataong ito, nanawagan si Pedro sa katotohanang Diyos si Jesus kaya nalalaman Niya ang **lahat ng mga bagay.** Sinabi niya sa **ikatlong pagkakataon, “Nalalaman mo na** *ninanais* **Kita.”** At sa huling pagkakataon, sinabihan ni Jesus si Pedro na puwede niyang ipakita ito sa pamamagitan ng pagpapakain ng **mga tupa** ni Cristo. Sa mga talatang ito, ang aral na matututuhan natin ay ang pagmamahal kay Cristo ay ang tanging katanggap-tanggap na motibo para paglingkuran Siya.

**C. Hinulaan ni Jesus ang Kamatayan ni Pedro (21:18–23)**

**21:18** **Nang bata pa** si Pedro, nakakagalaw siya nang malaya. Pumupunta siya sa kung **saan** niya **ibig.** Pero sinabi ng Panginoon sa kanya rito na sa katapusan ng kanyang buhay, aarestuhin siya, gagapusin, at papatayin.

**21:19** Ipinapaliwanag nito ang talatang 18. **Luluwalhatiin** ni Pedro **ang Diyos** sa pamamagitan ng kanyang kamatayan bilang isang martir. Siya na nagkaila sa Panginoon ay pagkakalooban ng katapangan na ibigay ang kanyang buhay para sa Diyos. Pinapaalala

sa atin ng talatang ito na puwede nating luwalhatiin ang Diyos sa kamatayan man at maging sa buhay man. Pagkatapos ay sinabi ni Jesus, **“Sumunod ka sa Akin!”** Nang sabihin Niya ito, siguro ay nagsisimula na Siyang lumakad.

**21:20** Tila nagsimulang sumunod si **Pedro** sa Panginoon, at pagkatapos, **pagtalikod niya, nakita** niyang **sumusunod** din si Juan. Huminto rito si Juan para ipakilala ang kanyang sarili bilang ang taong **siya ring nakahilig na malapit kay** Jesus **sa Hapunan** ng Paskuwa, at tinanong ang pangalan ng taksil.

**21:21** Nang makita ni **Pedro** si Juan, maaaring sumagi sa kanyang isipan, **“Paano naman** si Juan? Mamamatay ba siyang isa ring martir? O nabubuhay pa rin siya kapag bumalik na ang Panginoon?” Tinanong niya ang Panginoon tungkol sa mangyayari kay Juan.

**21:22** Ang sagot ng Panginoon ay dapat hindi pakialamanan ni Pedro ang tungkol sa mga huling araw ni Juan. Kahit na manatiling buhay si Juan hanggang sa Ikalawang Pagbabalik ni Cristo, hindi dapat ito magpabago kay Pedro. Maraming pagkabigo sa paglilingkod Cristiano ay nagmumula sa mas pagbibigay pansin ng mga alagad sa bawat isa kaysa sa Panginoon mismo.

**21:23** Mali ang pagkakaintindi sa mga sinabi ng Panginoon. **Hindi** Niya **sinabi** na mananatiling buhay si Juan kapag muli Siyang bumalik. Sinabi lamang Niya na kahit na ganoon man ang mangyayari, bakit maaapektuhan nito si Pedro? Marami ang nakapansin ng kahalagahan ng katotohanan na iniuugnay rito ni Jesus si Juan sa Kanyang Muling Pagbabalik. Si Juan ang nabigyan ng pribilehiyo na isulat ang pahayag ng Panginoong Jesus sa mga mangyayari sa hinaharap. Inilalarawan ni Juan sa aklat ng Pahayag ang mga huling panahon na may malawak na detalye.

**D. Ang Pagtatapos ng Patotoo ni Juan kay Jesus (21:24, 25)**

**21:24** Nagdagdag si Juan ng karagdagang personal na patotoo sa katiyakan ng mga bagay na kanyang isinulat. Sa tingin ng iba, pinatotohanan ng mga matatanda o *elders* sa Efeso ang Ebanghelyo ni Juan.

**21:25** Wala tayong takot na tanggapin nang literal ang talatang 25. Diyos si Jesus at Siya ay walang hanggan. Walang limitasyon sa kahulugan ng Kanyang mga salita o sa bilang ng Kanyang mga

gawa. Nang narito Siya sa mundo, Siya pa rin ang may hawak ng lahat ng mga bagay—ng araw, ng buwan, at mga bituin. Sino ang makakapaglarawan ng lahat ng may kinalaman sa pagpapanatili ng paggalaw ng daigdig? Kahit sa Kanyang mga himala sa mundo, mayroon lamang tayong sapat na paglalarawan sa mga ito. Sa simpleng pagpapagaling, isipin mo na lamang ang mga ugat, mga kalamnan, dugo, at iba pang bahagi ng katawan na kinontrol Niya. Isipin mo ang Kanyang pamamahala sa iba't ibang nilalang, mga isda, at mga hayop. Isipin mo ang Kanyang patnubay sa mga gawain ng mga tao. Isipin mo ang Kanyang kontrol sa *atomic structure* ng bawat bagay ng daigdig. Posible bang **pagkasyahin mismo ng sanlibutan ang mga aklat** para ilarawan ang walang katapusang mga detalyeng ito? Ang sagot ay isang mariin na "Hindi."

At ngayon ay dumating na tayo sa katapusan ng ating komentaryo sa Ebanghelyo ni Juan. Siguro ay naisip na natin kung bakit ito ang naging isa sa mga pinakapaboritong bahagi ng Biblia. Tiyak na sinumang makakabasa nito ay muling mamahalin ang pinagpalang Taong ipinakikilala ng aklat na ito.

# ENDNOTES

**1** (1:18) Sa *critical text* (NU sa NKJV margin) ang nakasulat lamang ay *ang tanging Diyos* (only begotten God). Ang tradisyonal na *tanging Anak ng Diyos* (only begotten Son) ay makikita sa mas maraming manuskrito at sa 3:16.

**2** (1:29) J. Cynddylan Jones, *Studies in the Gospel According to St. John*, p. 103.

**3** (1:45) James S. Stewart, *The Life and Teaching of Jesus Christ*, pp. 66, 67.

**4** (1:51) Tanging sa Juan makikita ang "double amen" (NKJV, *most assuredly*). Ang ibang mga Ebanghelyo ay tila *pinaiksi* itong pahayag ng ating Panginoon, at ang ginamit ay "amen" (NKJV, *assuredly*).

**5** (2:4) George Williams, *The Student's Commentary on the Holy Scriptures*, p. 194.

**6** (2:11) Jones, *Studies*, p. 148.

**7** (3:1) Ang ibig sabihin ng maiksing Greek connective na *de* ay *at (and), ngayon (now), pero (but),* etc. Malimit alisin ito ng Modern English Bibles. Isa ito sa ilang mga talata na tinanggal ito ng KJV, at sinunod ito ng NKJV.

**8** (3:5) Ang isa pang makabuluhang pakahulugan na akma sa konteksto ng pagkakaiba ng espirituwal at pisikal na pagkapanganak ay ang tubig ay tumutukoy sa pisikal na pagkapanganak at ang Espiritu ay tumutukoy sa Banal na Espiritu. Tinuturo ng mga rabi na ang "tubig" ay ang binhi ng lalaki, at puwede ring tumukoy sa tubig na lumalabas kapag ang isang bata ay ipinapanganak.

**9** (3:16) F. W. Boreham, hindi nakasaad ang ibang impormasyon.

**10** (4:42) Sa critical text (NU) ay inalis ang mga salitang *ang Cristo.*

**11** (4:48) Sa Griyego ay may magkahiwalay na anyo sa pagtukoy sa isang tao (cf. Lumang Ingles *thou*, *thee*) at higit sa isa (cf. *ye*, *you*). Ang pagtukoy sa maramihan ang ginamit dito.

**12** (5:2) Ang mga tekstong kritikal ay nagsasabing *Betzatha* pero ang arkeolohiya ay nagpapatunay na ang pangalang ginagamit sa mas maraming manuskrito ay ang tradisyonal na Betesda na ginamit din sa KJV.

**13** (5:3) James Gifford Bellett, *The Evangelists*, p. 50.

**14** (5:18) J. Sidlow Baxter, *Explore the Book*, V:309.

**15** (5:24) Mayroon pang ibang mga talata na nagtuturo na ang isang mananampalataya ay haharap sa hukuman ni Cristo (Rom 14:10 ; 2 Cor 5:10). Pero hindi na mababanggit dito ang kabayaran ng kasalanan at parusa. Ang paksang iyan ay natapos na sa Kalbaryo. Sa hukuman ni Cristo, ang buhay ng mananampalataya at ang kanyang paglilingkod ay susuriin kung siya ay tatanggap ng gantimpala o di kaya ay mawawalan. Hindi na tatalakayin ang kaligtasan ng kaluluwa kundi ang mga ibinunga ng kanyang buhay.

**16** (5:29) Kung ito lamang ang nag-iisang talata tungkol sa muling pagbubuhay, maaari nating isipin na ang lahat ng mga patay ay bubuhaying sabay-sabay. Pero alam natin dahil sa ibang mga nasulat, lalo na sa Pahayag 20, na magkakaroon ng pagitan na isang libong taon ang dalawang pagbubuhay muling ito. Ang Unang Pagkabuhay na muli ay ang pagbangon ng mga ligtas dahil sa pananampalataya kay Cristo. Ang Ikalawang Pagkabuhay na muli ay para sa mga namatay na hindi nanampalataya.

**17** (5:39) Ang anyo ng pandiwang Griyego para sa salitang *sinasaliksik* ay hindi malinaw. Puwede itong *pautos* ("Search," KJV) o *nagpapahiwatig* ("you search," NKJV). Ayon sa konteksto mas tama ang NKJV.

**18** (5:47) Guy King, *To My Son*, p. 104.

**19** (6:11) W. H. Griffith Thomas, *The Apostle John: His Life and Writings*, pp. 173, 74.

**20** (6:15) Frederick Brotherton Meyer, *Tried By Fire*, p. 152.

**21** (6:31) Ang manna ay isang maliit, bilog at puting tinapay na mahimalang ipinagkaloob ng Diyos sa mga Israelita noong sila ay nasa ilang. Namumulot sila ng mga ito tuwing umaga sa loob ng anim na araw.

**22** (6:55) Mababasa sa NU text "tunay na pagkain… tunay na inumin," pero ang kahulugan ay magkatulad (katotohanan).

**23** (6:59) Ang sinagoga ay isang lugar na pinagtitipunan ng mga Judio para sa pagsamba, pero hindi ito katulad ng templo sa Jerusalem kung saan doon lamang puwedeng maghandog ng mga hayop na iaalay.

**24** (6:69) Mababasa sa kritikal na teksto (NU) "Ikaw ang Banal ng Diyos."

**25** (7:1) Makakatulong na malaman na ang salitang Griyego para sa "Judio" (*Ioudaios*) ay maaaring mangahulugang (1) isang *Judio* (bilang paglilinaw na hindi Galileo); (2) isang Judio sa anumang uri (kabilang ang sinumang tumanggap kay Cristo); (3) o kaya naman ay kalaban ng Cristianismo, lalo na bilang pinuno ng relihiyon. Maraming beses na ginamit ito ni Juan sa huling gamit, kahit na siya ay isang Judio sa pangalawang paggamit.

**26** (7:7) Meyer, *Tried*, p.129.

**27** (7:8) Hindi maganda ang pagtanggal ng kritikal (NU) na teksto ng mga salitang "hindi pa". Tila ito ay nagpapahiwatag ng pandaraya sa panig ng Panginoon.

**28** (8:5) J.N. Darby, hindi nakasaad ang ibang impormasyon.

**29** (8:11) Ang mga talatang 7:53 hanggang 8:11 ay wala sa mga pinakamatandang manuskrito ng Juan, pero makikita ito sa halos mahigit 900 na manuskritong Griyego (mas lalong nakakarami). Mayroong mga pagdududa sa kahalagahan ng pagsama nito sa tinatanggap na orihinal na teksto. Naniniwala tayo na nararapat lamang itong isama sa kinasihang kasulatan. Ang itinuturo dito ay ganap na sumasang-ayon sa kabuuan ng Biblia. Sinulat ni Augustine na hindi isinama ng iba ang bahaging ito dahil natatakot sila na magparating ito ng maling paniniwala tungkol sa moralidad.

**30** (8:45) R. C. H. Lenski, *The Interpretation of Colossians, Thessalonians, Timothy, Titus, Philemon*, pp. 701, 02.

**31** (9:35) Ang tekstong NU ay mababasang *"Son of Man",* na hindi bagay sa konteksto ng pagsamba higit sa *majority reading.*

**32** (10:28) Ang Griyego ay gumamit ng *double negative* para magbigay ng diin (hindi ito ginagamit sa Ingles). Katumbas ito marahil sa Tagalog ng mga salitang "hinding-hindi".

**33** (10:36) Samuel Green, "*Scripture Testimony to the Deity of Christ," p.7.*

**34** (11:1) Arthur W. Pink, *Exposition of the Gospel of John,* III:12.

**35** (11:25) Burkitt, hindi nakasaad ang ibang impormasyon.

**36** (11:35) Ang pinakamaiksing talata sa Bagong Tipan na Griyego ay kabaligtaran ng emosyon na ito, "Magalak kayong lagi"(*Pantote chairete,* 1 Thes. 5:16).

**37** (11:47) J.C. Ryle, *Expository Thoughts on the Gospel, St. John,* II:295.

**38** (11:48) Meyer, *Tried,* p.112.

**39** (12:5) Ryle, *John,* II:309, 10.

**40** (12:7) Ang nakalagay sa *critical text* ay "inilaan niya ito." Tila sumasalungat ito sa konteksto rito at sa katotohanang wala si Maria sa libingan ni Jesus noong araw na muli Siyang nabuhay. Sa *NIV version* ay *pinara-phrase* ito para mas maging malinaw.

**41** (12:24) T. G. Ragland, hindi nakasaad ang ibang impormasyon.

**42** (13:13, 14) Siyempre, karaniwan sa mga bansa sa Middle East na hinuhugasan talaga ng isang tao ang paa ng ibang tao. Pero isa lamang itong halimbawa ng mapagpakumbabang paglilingkod.

**43** (13:32) Sa Griyego, ang ginamit na salita dito ay nangangahulugang totoo talaga ito.

**44** (14:20) Ang iba pang ilustrasyon dito ay kung paanong ang isang ibon ay nasa hangin, ganun din naman, ang hangin ay nasa ibon din. At kung paanong ang isda ay nasa tubig, ganun din naman, ang tubig ay nasa isda rin.

**45** (17:1) Marcus Rainsford, *Our Lord Prays for His Own,* p. 173.

**46** (17:4) Ryle, *John,* III:40, 41.

**47** (17:26) F. L. Godet, *Commentary on the Gospel of John,* II:345.

**48** (17:26) Rainsford, *Our Lord Prays,* p. 173.

**49** (18:14) Stewart, *Life and Teaching,* p. 157.

**50** (18:28) Augustine, Quoted by Ryle, *John,* III:248.

**51** (18:28) Bishop Hall, *Ibid.*

**52** (18:28) Poole, *Ibid.*

**53** (19:20) Alexander, wala ang iba pang impormasyon.
**54** (21:15) Sa *critical text* (NU), Juan ang nakalagay na pangalan ng ama ni Simon at hindi Jonas (tingnan din ang mga talatang 16, 17).

## BIBLIOGRAPHY

Godet, F. L. Commentary on the Gospel of John. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, 1969 (Reprint of 1893 ed., 2 vols. in one).

Hole, F. B. The Gospel of John Briefly Expounded. London: The Central Bible Truth Depot, n.d.

Ironside, H. A. Addresses on the Gospel of John. New York: Loizeaux Bros., 1956.

Jones, J. Cynddylan. Studies in the Gospel according to St. John. Toronto: William Briggs, 1885.

Kelly, William. An Exposition of the Gospel of John. London: C. A. Hammond Trust Bible Depot, 1966.

Lenski, R. C. H. The Interpretation of St. John's Gospel. Minneapolis: Augsburg Publishing House, 1942.

Macaulay, J. C. Obedience Unto Death: Devotional Studies in John's Gospel. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1942.

Pink, Arthur W. Exposition of the Gospel of John. Vol. III. Swengel, Pennsylvania: Bible Truth Depot, 1945.

Rainsford, Marcus. Our Lord Prays for His Own. Chicago: Moody Press, 1955.

Ryle, J. C. Expository Thoughts on the Gospels: St. John. London: James Clarke and Co., Ltd., 1957.

Tasker, R. V. G. The Gospel According to St. John. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Company, 1968.

Tenney, Merrill C. JOHN: The Gospel of Belief. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Company, 1948.

Thomas, W. H. Griffith. The Apostle John: Studies in His Life and Writings. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Company, 1968.

Van Ryn, A. Meditations in John. Chicago: Moody Press, 1949.

Vine, W. E. John, His Record of Christ. London: Oliphants, 1957.

Westcott, B. F. The Gospel According to St. John. Grand Rapids: Wm. B. Eerd mans Publishing Co., 1954.

# TALASALITAAN

**SALITA** **KAHULUGAN**

**BT** Bagong Tipan

**Eskritura** Tumutukoy ito sa Biblia o Banal na Kasulatan

**Inapo** Kabilang sa malayong susunod na salinlahi

**kanon** Ang kanon ay salitang Griyego na tumutukoy sa isang “pamantayan” na kung saan ang isang bagay ay sinusukat o sinusuri. Kapag Biblia naman ang pinag-uusapan, ang kanon ng Bagong Tipan ay ang grupo ng mga aklat na kinasihan ng Banal na Espiritu ang pagkakasulat.

**Kinasihan** Salitang tumutukoy sa isang doktrinang Cristiano na nagsasabing ang mga nagsulat ng mga aklat ay ginabayan at pinakilos ng Diyos at dahil dito ang mga nasulat ay kinikilalang Salita ng Diyos.

**LT** Lumang Tipan

**manuskrito** Orihinal na teksto ng ating Biblia

**omnipresent** Pagiging nasa lahat ng dako at panahon ng Diyos

**Pinahiran ng langis** (Juan 3:34) Ang pagpahid o pagbuhos ng langis sa ulo ay isang kagawian ng mga tao noong araw sa mga lugar na nakapalibot sa Israel. Tila isa itong paraan ng pagpapahalaga para sa isang tao. Sa Biblia naman ay ginagawa ito sa pagtatalaga ng tatlong mahahalagang katungkulan sa bayan ng Israel − ang mga propeta (1 Hari 19:16), mga saserdote o pari (Exodo 40:15), at ang mga hari (1 Samuel 9:16). Ang salitang “pinahiran” o “*anointed*” sa Ingles ay isinasalin ding “Mesias” sa Filipino na siyang titulo ng Panginoong Jesus.

**Patriyarka** Pamamahala ng ama sa isang angkan

**Pampublikong ministeryo** *Public ministry* sa wikang Ingles. Ito ang tatlong taong paglilingkod ni Jesus sa mga tao noong nandito pa Siya sa lupa bago Siya ipako sa krus.

**soberanya** Ito ang kapangyarihan at karapatan ng Diyos na gawin ang nais Niya. Ang doktrina ng soberanya ay ang katotohanang pinipili ng Diyos kung sino ang maliligtas ayon sa Kanyang dakilang kalooban (tingnan ang Juan 6:45).